

DOKTRINA AT PAGSASABUHAY NG ISANG BUHAY NA BANAL

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa <https://www.shepherdsglobal.org/courses>

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall D. McElwain

Copyright © 2023 Shepherds Global Classroom

Isinalin sa Tagalog mula sa Ikatlong Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

Apocalipsis tungkol sa pahintulot:

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

Talaan ng Nilalaman

Talaan ng Nilalaman.....	3
Paunang pagtanaw sa Buong Kursoz.....	5
(1) Ang Kagandahan ng Kabanalan	7
(2) Ang Kabanalan Ay Pakikipag-ugnayan.....	25
(3) Ang Kabanalan ay ang Larawan ng Diyos sa Tao.....	35
(4) Ang Kabanalan ay Paghihiwalay/Pagbubukod	49
(5) Ang Kabanalan ay Isang Pusong Hindi Nag-aalinlangan	71
(6) Ang Kabanalan Ay Katwiran.....	83
(7) Ang Kabanalan ay Pagmamahal sa Diyos.....	99
(8) Ang Kabanalan Ay Pagmamahal sa Iyong Kapwa	119
(9) Ang Banal na Buhay ay Ipinapamuhay sa Kapuspusan ng Espiritu.....	145
(10) Ang Kabanalan ay Pagiging Katulad Ni Kristo	161
(11) Ang Kabanalan ay Hindi-putol na Pakikipag Fellowship sa Diyos.....	189
(12) Posible ba ang isang Buhay na Banal?.....	203
(13) Huling Proyekto	221
Mga Iminumungkahing Resources	223
Talaan ng mga Takdang-aralin.....	225

Paunang pagtanaw sa Buong Kursoz

Paglalarawan ng Kurso

Itinuturo sa kursong ito ang banal na pamumuhay na inilalarawan ng Biblia at ginagamit ng Diyos, at inaasahang makita sa buhay ng isang Kristyano.

Mga Direksyon para sa Mga Tagapanguna sa klase

Sinusuri ng kursong ito ang doktrina at pagsasabuhay ng banal na buhay. Dapat kang maglaan ng 90-120 minuto para sa bawat sesyon ng klase, karagdagan sa oras para sa paggawa ng mga takdang-aralin sa labas ng klase.

Istruktura ng Aralin

Sa tuwing darating ka sa tandang ►, itanong ang mga sumusunod na tanong sa mga ito, at hayaang talakayin ng mga mag-aaral ang sagot. Sikaping tiyakin na ang lahat ng mag-aaral sa klase ay makibahagi sa talakayan. Kung kinakailangan, maaari mong tawagin sa pangalan ang mga mag-aaral.

Maraming mga talababa ang tumutukoy sa sanggunian ng banal na Kasulatan. Mangyaring hilingin sa mga mag-aaral na hanapin ang mga talata at basahin ang mga ito habang nasa klase.

Ang bawat aralin ay may kasamang dalawang takdang-aralin.

1. Ang unang takdang-aralin ay isang maikling sanaysay sa isang itinalagang paksa. Sa pagpapasiya ng lider ng klase, ang sanaysay na ito ay maaaring isang nakasulat na sanaysay o ipepresenta sa pamamagitan ng pagsasalita.
2. Ang pangalawang takdang-aralin ay pagsasaulo ng talata ng Banal Kasulatan. Dapat pagbalik-aralan ang mga ito sa bawat sesyon ng klase. Sa pagtatapos ng kurso, dapat na mabigkas ng mga mag-aaral ang lahat ng mga talata na isinaulo sa panahon ng kurso.

Isa sa mga layunin ng kurso ay ihanda ang mga mag-aaral na maging guro. Dapat bigyan ng lider ng klase ang mga mag-aaral ng mga pagkakataon na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagtuturo. Halimbawa, paminsan-minsan ay dapat hayaan ng lider ng klase na magturo ang isang mag-aaral ng isang maikling bahagi ng aralin sa klase.

Ang bawat mag-aaral ay maghahanda ng isang pangwakas na proyekto. Ang proyektong ito ay binubuo ng tatlong pangaral sa paksa ng banal na buhay. Ang mga pangaralg ito ay maaaring tumingin sa alinmang biblikal o praktikal na aspeto ng banal na buhay. Kung maaari, dapat ipangaral ng bawat estudyante ang bawat pangaral at i-rekord ito para sa lider ng klase.

Kung nais ng mag-aaral na makakuha ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom, dapat siyang dumalo sa mga sesyon ng klase at kumpletuhin ang mga takdang-aralin. Ang isang porma ay ibinigay sa dulo ng kurso para i-record ang mga natapos na takdang-aralin.

Aralin 1

Ang Kagandahan ng Kabanalan

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Pahalagahan ang kagandahan ng kabanalan ng Diyos at ang kanyang planong gawin tayong banal.
- (2) Tanggihan ang mga maling konsepto ng kabanalan at kilalanin ang mga biblikal na konsepto patungkol sa kabanalan.
- (3) Magkaroon ng kakayahang ipaliwanag sa isang bagong mananampalataya kung ano ang ibig sabihin ng pagiging banal.
- (4) Maisaulo ang 1 Pedro 1:14-16.

Panimula

Ang kabanalan ay isa sa mga pangunahing sentrong tema ng Biblia. Ang mensaheng ito ay ipinakita sa buong Biblia. Sa Banal na Kasulatan, ipinakita sa atin ng Diyos kung sino siya: siya ay isang banal na Diyos. (Levitico 19:2). Pagkatapos, ipinakita ng Diyos sa atin kung sino tayo maaaring maging sa pamamagitan ng kanyang biyaya: maaari tayong maging taong banal. (1 Pedro 1:15-16).

Sa bawat totoong mananampalataya, mayroong kagutuman para sa kabanalan. Bilang mga anak ng Diyos, naghahangad tayong maging katulad niya. Nakalulungkot, marami sa mga modernong Iglesya ang tumanggap na sa maling ideya na imposible ang kabanalan. Sa halip na maghangad na maging katulad ni Kristo, maraming mga nagsasabing sila ay Kristiyano ang piniling manatili sa talunan, sa makasalanang buhay. Sa halip na isang matagumpay na buhay Kristiyano, maraming Kristiyano ang piniling manatili sa "pamamahala ng kasalanan."

Mahigit sa 100 taon na ang nakalilipas, sinabi ni John Hyde, isang tanyag na misyonero sa India, "Ang kailangan natin ngayon ay ang muling pagpapanumbalik ng kabanalan." Kung totoo ito noon, tiyak na totoo ito sa makasalanang mundo ng ika-21 siglo.

Kung ang kabanalan ay napakahalaga sa Diyos, dapat nating itanong, "Ano ang ibig sabihin ng maging banal?" Kung ang kabanalan ay inuutos sa Banal na Kasulatan, kailangan nating itanong, "Posible bang mabuhay nang may kabanalan?"

Sa kursong ito, matututuhan natin kung ano ang ibig sabihin ng Diyos kapag sinasabi niyang, "Magpakabanal kayo, sapagkat Ako ay banal." Sa ating pagkaunawa sa mensahe

ng kabanalan sa Biblia, makikita natin na ang banal na buhay ay posible para sa bawat Kristiyano. Kabilang sa bawat aralin ang tatlong elemento:

1. Pag-aaralan natin ang kahulugan ng mga biblikal na salita tulad ng “banal,” “pagpapabanal,” at “perpekto/ganap.” Ang bahaging ito ay isang Biblikal na teolohiya ng kabanalan.
2. Pag-aaralan natin ang mga praktikal na aspeto ng banal na buhay. Matututunan natin ang itinuturo ng Biblia tungkol sa isang banal na buhay, isang dalisay na puso, at isang katulad ni Kristo sa espiritu.
3. Titingnan natin ang buhay ng isang Kristiyano na nagpapakita kung ano ang ibig sabihin ng maging banal. Makikita natin kung paano kumikilos ang isang taong banal sa pang-araw-araw na buhay.

Banal na Kasulatan na Basahin at Talakayin

Bago magpatuloy sa araling ito, basahin nang maingat ang bawat sumusunod na talata ng Banal na Kasulatan at talakayin ang mga tanong. Ipakikilala nito ang ilan sa mga paksang ating pag-aaralan sa mga araling ito.¹

- ▶ Basahin ang Levitico 19:2. Ayon sa talatang ito, bakit kailangang maging banal ng Israel?
- ▶ Basahin ang 1 Pedro 1:15-16. Anong uri ng pag-uugali ang dapat taglay ng mga mananampalataya?
- ▶ Basahin ang Hebreo 12:14. Ayon sa talatang ito, anong dalawang katangian ang dapat pagsikapan ng mga Kristiyano kung nais nilang makita ang Panginoon?
- ▶ Basahin ang 1 Mga Taga Tesalonica 4:3-8. Tinatawag ng Diyos ang bawat mananampalataya na umiwas sa anong mga kasalanan? Sa ano tinawag ng Diyos ang kanyang bayan?
- ▶ Basahin ang Apocalipsis 20:6. Ano ang espirituwal na katangian ng mga taong makikibahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli?

Ang Kagandahan ng Kabanalan

- ▶ Kapag naririnig mo ang isang tao na inilarawan bilang “banal,” anong larawan ang pumapasok sa iyong isip? Ang iyo bang larawan ay positibo o negatibo? Bakit?

Isang misyonero ang minsang dumalaw sa isang matandang pinunong Aprikano. Ang pinuno ay nagtanong, “Ano ang isang Kristiyano?” Sumagot ang misyonero, “Ang isang Kristiyano ay isang taong hindi nagnanakaw ng mga hayop ng kanyang kaaway. Ang isang

¹Ang mga tanong na ito ay kinolektani Rev. Timothy Keep.

Kristiyano ay hindi tatakas na kasama ang asawa ng kanyang kaaway. Ang isang Kristiyano ay hindi pumapatay ng kanyang kaaway.”

Sinabi ng pinuno, “Naiintindihan ko. Ang pagiging isang Kristiyano ay kapareho ng pagiging matanda! Noong bata pa ako, sinalakay ko ang aking kaaway at ninakaw ang kanyang asawa at mga baka. Ngayon ako ay sobrang tanda na upang salakayin ang aking kaaway; Ako ay isang Kristiyano!”

Nakalulungkot, ganito ang tingin ng maraming tao sa mensahe ng banal na buhay. Iniisip nila na ang kabanalan ay isang listahan lamang ng mga kasalanan na dapat maiwasan. Nalampasan nila ang kagandahan ng kabanalan gaya ng itinuro sa Salita ng Diyos.

Maling mga Ideya ng Kabanalan

Ang Diyos ay isang banal na Diyos. Ang bayan ng Diyos ay dapat maging banal. Ang mensaheng ito ay sentro ng Biblia. Gayunpaman, maraming mga maling paniniwala tungkol sa kabanalan.

- 1. May mga naniniwala na ilang tao lamang ang maaaring maging banal.** Hinahati nila ang mga Kristiyano sa dalawang grupo. Ang unang grupo ay Kristiyano sa kanilang mga paniniwala, at tinanggap nila si Kristo bilang kanilang Tagapagligtas, ngunit hindi nila tapat na sinusunod ang Diyos sa kanilang mga aksyon at pag-uugali. Ang ikalawang grupo ay binubuo ng mga Kristiyano na nakarating sa mas mataas na antas - mga pari, pastor, o mga banal. Ayon sa ideyang ito, iilan lamang ang mga Kristiyanong banal.
- 2. May mga naniniwala na tayo ay magiging banal sa pamamagitan ng pamumuhay nang hiwalay sa ibang tao.** Maraming taon na ang nakalilipas, ang ilang “taong banal” ay nagpunta sa disyerto upang doon mamuhay. Isang tao ang gumugol ng 37 taon sa isang platform na nakataas sa ibabaw ng lupa. Naniniwala siya na tayo ay magiging banal sa pag-iwas sa ibang tao.
- 3. May mga naniniwala na magiging banal lamang tayo kapag tayo ay namatay.** Naniniwala sila na hindi natin matutupad ang layunin ng Diyos sa buhay na ito, ngunit tayo ay magiging banal kapag tayo ay namatay. Sa paniniwalang ito, ang kamatayan ay hindi ating kaaway kundi ang ating kaibigan. Sa kamatayan, ay nakamit natin sa wakas ang layunin ng Diyos para sa kanyang bayan.
- 4. May mga naniniwala na magiging banal tayo sa pagsunod sa mga alituntunin.** Naniniwala sila na magiging banal tayo sa pagbibihis sa isang estilo o sa pamamagitan ng pagsunod sa isang listahan ng “dapat gawin at hindi dapat gawin.” Naniniwala sila na ang kabanalan ay tungkol sa panlabas na itsura, hindi sa isang nabagong puso.
- 5. May mga naniniwala na ang katibayan kung ang isang tao ay banal ay kung meron siyang isang espesyal na kaloob ng mga wika o mga himala.** Sinusukat

nila ang kabanalan hindi sa pamamagitan ng isang banal na buhay, ngunit sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan.

6. Sa wakas, maraming tao ang naniniwala na ang kabanalan ay imposible!

Naniniwala sila na ang kabanalan ay isang ideya na ibinigay ng Diyos upang hamunin tayo na gawin ang ating makakaya, ngunit hindi ito makatotohanan sa mundong ito. Sa paniniwalang ito, walang makagagawa sa utos ng Diyos na “Maging banal.”

Gayunpaman, ang utos ng Diyos na “maging banal” ay isang utos na nais niyang sundin natin. Ang Diyos ay isang mabuting Ama; hindi niya iniutos sa atin na gumawa ng isang bagay na imposible sa pamamagitan ng kanyang biyaya. Ang pagiging banal ay pagiging kung ano ang plano ng Diyos sa paglikha sa atin. Sa ating sariling kapangyarihan, ang isang banal na puso ay imposible, ngunit sa kapangyarihan ng Diyos, ang isang banal na puso ay posible para sa bawat mananampalataya. Ang kabanalan ay mula sa biyaya ng Diyos, hindi mula sa ating mga pagsisikap.

► Alin sa mga maling ideya ng kabanalang ito ang pinakakaraniwan sa lugar kung saan ka naglilingkod? Ang kabanalan ba ay nakikitang maganda sa mga Kristiyano sa inyong komunidad?

Ang Larawan ng Kabanalan sa Biblia

Hindi tulad ng mga negatibong ideya ng kabanalan na nakalista sa itaas, ang Biblia ay nagpapakita ng kabanalan bilang magandang posibilidad para sa mga anak ng Diyos. Isipin nyo ang mga bagay na tinatawag na banal sa Biblia. Wala sa kanila ang pangit at kasuklam-suklam; ang mga ito ay maganda at kaakit-akit.

- Ang banal na katangian ng Diyos ay maganda at maluwalhati. (Isaias 6:1, 3; Mga Awit 105:3).
- Ang Templo ng Diyos at ang mga banal na gamit na ginamit sa pagsamba ay maganda (Lucas 21:5, Isaias 64:11, Exodo 28:2).
- Ang Israel ay tinawag upang maging banal na bansa na maglalapit ng ibang tao sa Diyos. (Isaias 49:3). Ang kanyang kabanalan ay nakakaakit ng mga tao (1 Mga Hari 8:41-43); hindi nito itinataboy ang mga tao.²
- Ang iglesya ay tinatawag upang maging banal na bayan (1 Mga Taga-Corinto 1:2, 1 Pedro 2:9). Siya ay magiging isang magandang babaing ikakasal na inihanda para sa kanyang Kasintahang Lalaki (Efeso 5:27, Pahayag 19:7, Apocalipsis 21:2).

Ang bawat isa sa mga larawang ito ay kaakit-akit. Ipinapakita ng Biblia na ang tunay na kabanalan ay hindi abusado at nakakatakot. Sa halip, ito ay ang mapagmahal na regalo ng

²Maaari mong sabihin, “Ngunit ano ang tungkol sa mga Pariseo? Sila ay itinuturing na ‘banal’ na mga tao, ngunit pinapalalis/itinataboynila ang iba.” Makikita natin sa mga araling ito na ang “kabanalan” ng Pariseo ay hindi tunay na kabanalan. Ang kanilang pagiging matuwid ay isang panlabas na propesyon, hindi tunay na kabanalan.

ating Ama sa langit. Kung nakita natin ang kabanalan para sa kung ano ito, dapat nating lubos na naising magkaroon ng isang banal na puso at banal na buhay. Kung ipinangangaral natin ang kabanalan gaya ng itinuturo ng Biblia, ang ating mga tao ay dapat magnais na magkaroon ng banal na puso at banal na buhay. Ang kabanalan ay isang magandang regalo mula sa mapagmahal na Ama .

Ang Kagandahan ng Kabanalan ay Nakikita sa Orihinal na Nilikha ng Diyos

Nilikha ng Diyos ang isang Perpektong Mundo

Magsimula sa Eden, isang magandang hardin. Isipin mo ang pinakamatamis na prutas na iyong nakain; ang bunga sa Eden ay mas matamis. Isipin mo ang pinakamagandang bulaklak na iyong nakita; ang mga bulaklak sa Eden ay mas maganda. Nilikha ng Diyos ang isang perpektong mundo, isang mundo na walang mga epekto ng kasalanan. Gumawa siya ng mundo na walang sakit, luha, o kamatayan.

Ang pinakamahalaga, nilikha ng Diyos ang isang mundo ng matalik na pagkakaibigan sa pagitan ng Diyos at tao. Walang naghihiwalay sa tao mula sa kanyang Manlilikha. Bawat araw, binibisita ng Diyos sina Adan at Eba. Walang ibang nilalang ang nagkaroon ng pribilehiyong ito. Nilikha ng Diyos ang tao para sa isang espesyal na kaugnayan sa kanyang sarili. Sa Hardin ng Eden, mayroon itong perpektong kapayapaan sa pagitan ng Diyos at ng tao.

Sinira ni Satanas ang Perpektong Mundo ng Diyos

Nais ni Satanas na sirain ang perpektong mundo. Kinamumuhian ni Satanas ang lahat ng nilikha ng Diyos. Higit sa lahat, kinapootan ni Satanas ang malapit na pagkakaibigan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Determinado siyang sirain ang relasyon ng pagmamahal at pagtitiwala.

Hindi kaya ni Satanas na direktang wasakin ang tao, kaya ninais niyang sirain ang kaugnayan ng Diyos at ng tao. Alam ni Satanas na ang Diyos ay banal at nilikha ng Diyos ang tao sa kanyang larawan. Nais ni Satanas na sirain ang banal na larawan ng Diyos sa tao. Ang Banal na Diyos at taong banal ay magkakaroon sana ng hindi sirang relasyon, ngunit maaaring sirain ni Satanas ang ugnayang ito sa pamamagitan ng pagtukso sa tao na magkasala.

Dumating si Satanas kay Eba sa anyo ng isang ahas. Binatikos ng ahas ang mga utos ng Diyos. Tinanong niya, "Huwag ninyong kakainin ang mula sa alinmang punungkahoy sa halamanan?" Gusto niyang magduda si Eba sa kabutihan ng Diyos. Sumagot si Eba, "Makakain namin ang bunga ng mga punungkahoy sa halamanan; subalit sinabi ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang bunga ng punungkahoy na nasa gitna ng halamanan; huwag din ninyo itong hihipuin, kundi kayo'y mamamatay.'" (Genesis 3:1-6).

Inakusahan ng ahas ang Diyos na ipinagkakait ang mabuti mula kay Adan at Eba. Sinabi ng ahas, "Tiyak na hindi kayo mamamatay."

Sapagkat nalalaman ng Diyos na kapag kayo'y kumain noon ay mabubuksan ang inyong mga mata, at kayo'y magiging kagaya ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama." Tinutukso ng ahas si Eba na maging mapagmataas: "Kayo'y magiging kagaya ng Diyos" (Genesis 3:4-5).

Kumain si Eba ng bunga, ibinigay ito kay Adan, at kumain din siya. Alam nina Adan at Eba na nilabag nila ang utos ng Diyos. Nang dumating ang Diyos sa hardin, nahiya sila at nagtago mula sa kanya. Ang malapit na pagkakaibigan sa pagitan ng Diyos at ng tao ay nasira.

Hindi Sinukuan ng Diyos ang Kanyang Nilikha

Dahil sa kanilang kasalanan, pinalayas ng Diyos sina Adan at Eba sa labas ng Hardin ng Eden. Winasak ng kasalanan ang relasyon ng Diyos at ng tao. Sinira ng kasalanan ang larawan ng Diyos sa tao. Ngunit dahil sa kanyang pagmamahal, hindi iniwan ng Diyos ang tao sa kakila-kilabot na kalagayan. Maaaring sinabi ng Diyos, "Adam, ginawa mo ang kapahamakang ito. Problema mo na ito! Aalis na ako." Sa halip, ang isang mapagmahal na Diyos ay naging bahagi ng ating mundo at nagbigay ng lunas para sa ating kasalanan.

Ang lunas na ito ay may kasamang landas patungo sa kapatawaran. Nagbigay ang Diyos ng paraan upang ibalik ang ugnayan sa pagitan ng isang banal na Diyos at ng taong nagkasala. Palaging ipinangangaral ng Iglesya, "Ang mga makasalanan ay maaaring maging matuwid sa Diyos." Sa pamamagitan ng krus, tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan.

Ito ay kahangahangang balita! Ngunit kung minsan ay nalilimutan ng iglesya ang isa pang bahagi ng lunas ng Diyos. Ang lunas ng Diyos para sa kasalanan ay hindi lamang isang landas patungo sa kapatawaran kundi isang landas sa pagpapanumbalik. Nagbigay ang Diyos ng isang paraan upang ibalik ang kanyang larawan sa tao.

Hindi nasisiyahan ang Diyos na sabihin, "Maaari kang maging malaya mula sa parusa ng kasalanan, ngunit hindi ka magiging malaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan." Hindi! Nagbigay ang Diyos ng paraan sa mga tao upang sila ay maaaring gawing banal. Lumakad ang Diyos sa hardin kasama ng banal na bayan; hindi siya maaaring lumakad kasama ng taong makasalanan. Nais ng Diyos ng kaugnayan sa kanyang bayan, kaya nagbigay siya ng isang paraan upang gawin tayong banal.

Sa buong Banal na Kasulatan, nakita natin ang Diyos ay kumikilos upang gawing banal ang tao kung saan siya maaaring magkaroon ng kaugnayan. Hindi sinasabi ng Diyos, "Alam kong makasalanan ka, ngunit ipipikit ko ang aking mga mata sa iyong kasalanan at magpapanggap na ikaw ay matuwid." Sa halip, ipinangako ng Diyos na gagawin niyang banal ang kanyang bayan.

Itatatag ka ng Panginoon na isang banal na bayan para sa kanya, gaya ng kanyang ipinangako sa iyo, kung iyong gaganapin ang mga utos ng Panginoon mong Diyos, at lalakad ka sa kanyang mga daan. (Deuteronomio 28:9).

Nais ng Diyos na gawing banal ang kanyang bayan. Ito ang layunin ng Diyos para sa kanyang bayan. Ipinapangako ng Diyos na ang kanyang bayan ay "tatawaging Ang Banal na Bayan, Ang Tinubos ng PANGINOON." (Isaias 62:12).

Ang Kagandahan ng Kabanalan ay Nakikita sa Katangian ng Diyos

Dahil sa pagkahulog sa kasalanan, ang tao ay hindi na banal. Agad nating nalimutan ang banal na katangian ng Diyos. Nilikha tayo ng Diyos "sa kanyang larawan." Ngayon, lumilikha tayo ng mga Diyos sa ating larawan - naninibugho, napopoot, at mapagmalaki.

Ang mga taga-Babilonia ay nagkwento tungkol kay Marduk na naging punong diyos sa pamamagitan ng pagpatay sa kanyang ina. Ang mga Griyego ay nagkwento tungkol kay Zeus nagkaroon ng maraming asawa. Ang mga Mga Taga-Romano ay nagkwento tungkol kay Bacchus, ang diyos ng paglalasing at kahalayan.

Ang mga diyos na ito ay hindi banal. Ang mga taong sumasamba sa mga diyos na ito ay katulad ng kanilang mga diyos. Ang mga tao ay nagsisinungaling, nagnanakaw, at nanlilinlang tulad ng kanilang mga diyos na nagsisinungaling, nagnanakaw, at nanlilinlang. Ang makasalanang tao ay gumagawa ng makasalan ang mga diyos. Dahil dito, nagpapatuloy sa kasalanan ang tao dahil sa mga diyos-diyosan. Tayo ay naging katulad ng mga diyos na sinamba natin.

Si Jehova ay hindi katulad ng mga huwad na diyos na ito. Ang Diyos ay banal. Paulit-ulit, ang Banal na Kasulatan ay nagpapatotoo sa kabanalan ng Diyos. Pagkatapos ng pagtawid sa Dagat na Pula, pinuri ng bayan ng Israel ang kanilang banal na Diyos. Inawit nila, "Sinong tulad mo, O Panginoon, sa mga diyos? Sinong gaya mo, dakila sa kabanalan..." (Exodo 15:11).

Ang psalmist ay umawit, "Gayunman ikaw ay banal, nakaluklok sa mga papuri ng Israel." (Mga Awit 22:3). Pinuri ng Israel ang Diyos dahil sa kanyang kabanalan. Tinawag ng psalmist ang Diyos na ang "Banal ng Israel." (Mga Awit 71:22; Mga Awit 78:41, Mga Awit 89:18).

Ang mga propeta ay nagpatotoo na ang Diyos ay banal. Tulad ng psalmist, tinawag nila ang Diyos na ang "Banal ng Israel."³ Pinarangalan ni Isaias "ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal" (Isaias 57:15). Ang kabanalan ay higit sa isang bahagi ng katangian ng Diyos na para sumumpa ang Diyos "sa pamamagitan ng kanyang kabanalan" ay kapareho ng panunumpa "nang sa pamamagitan niya." (Amos 4:2; Amos 6:8). Pinatotohanan ni Habakuk na ang Diyos ay "ikaw ay banal, ayaw mong tumingin sa kasamaan." (Habakuk 1:13). Alam ng mga propeta na ang Diyos ay banal.

Sa langit, ang pagsamba sa Diyos ay pagdiriwang ng kanyang kabanalan. Ang seraphim ay umaawit, "Banal, banal, banal ang Panginoon ng mga hukbo." (Isaias 6:3). Nakita ni Juan

³ Isaias 5:19; Isaias 10:20; Jeremias 50:29; Jeremias 51:5; Ezekiel 39:7

na Tagapaghayag ang apat na nilalang na nagpupuri sa Diyos. Sila ay umaawit, 'Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat, ang noon at ang ngayon at ang darating!' (Apocalipsis 4:8). Ang Diyos ay isang banal na Diyos.

Ang Kagandahan ng Kabanalan ay Nakikita sa Plano ng Diyos para sa Kanyang mga Bayan

Nilikha ng isang banal na Diyos ang sangkatauhan para sa kaugnayan sa kanyang sarili, ngunit ang ating kasalanan ay naghihiwalay sa atin mula sa Diyos. Gayunpaman, ang Diyos ay nagnanais na ibalik ang kaugnayan sa nilikha niyang tao. Yamang ang mga taong banal lamang ang maaaring mabuhay sa presensya ng isang banal na Diyos, nagbigay siya ng isang paraan upang gawin tayong banal. Itinuro ng Diyos ang kahulugan ng kabanalan sa mga taong hindi banal. Mayroong dalawang bahagi sa prosesong ito:

1. Itinuro ng Diyos sa tao ang katangian ng isang banal na Diyos. Sina Marduk, Zeus, at Bacchus ay malakas ngunit imoral. Ipinakilala ng Diyos ang kanyang sarili bilang makapangyarihan at banal.
2. Itinuro ng Diyos sa tao ang katangian ng banal na bayan. Sinabi ng Diyos, "Kayo'y magpakabanal, sapagkat akong Panginoon ninyong Diyos ay banal." (Levitico 19:2). Dahil ang Diyos ay banal, ang kanyang bayan ay dapat maging banal.

Si Isaias ay nangaral sa isang makasalanang bansa. Winasak ng kasalanan ang kagandahan ng bayan ng Diyos. Mula sa mga piniling bayan ng Diyos, ang Israel ay nahulog sa kahiya-hiyang kalagayan ng isang nasakop na bansa na dinala sa pagkabihag. Hindi na siya maganda; siya ay isang kahiya-hiyang alipin. Ngunit nakita ni Isaias na darating ang araw kung saan ang "katuwiran ng Israel ay lalabas na parang liwanag." Sa araw na iyon, ang Israel ay "magiging isang magandang korona sa kamay ng Panginoon." (Isaias 62:1-3).

Ang mga taong hindi maunawaan ang mensahe ng kabanalan sa Biblia ay kadalasang naglalarawan ng kabanalan sa mga tuntunin ng ligalismo, mahigpit na mga panuntunan, at mga seryosong mukha. Ito ay hindi isang Biblikal na pagtingin sa kabanalan. Sa halip, upang maging banal ay ang pagpapakita ng kagandahan ng sariling kabanalan ng Diyos. Ang pagiging banal ay nagbibigay ng maligayang kalayaan upang mabuhay sa matalik na kaugnayan sa isang banal na Diyos. Sa Biblia, ang kabanalan ay hindi kailanman isang madilim na termino; ito ay isang termino ng kagalakan at kagandahan!

Sa Biblia, inihahayag ng Diyos ang kanyang banal na katangian. Pagkatapos, tinuturuan ng Diyos ang kanyang bayan kung paano ipamuhay ang isang buhay na banal. At mas mahalaga pa, ipinakilala ng Diyos na bibigyan niya ng kapangyarihan ang kanyang bayan na maging kung ano ang pagkakatawag niya sa atin. Sa pamamagitan ng kanyang biyaya, maaaring gawin ng Diyos ang isang banal na bayan. Hindi binabalewala ng Diyos ang kasalanan sa kanyang mga anak; sa halip, ginagawa niya tayong banal. Ang isang banal na Diyos ay nagnanais na makipag-ugnayan sa isang banal na bayan.

Ano ang Ibig Sabihin ng Maging Banal?

Sa pamamagitan ng kanyang Salita, tinuruan ng Diyos ang kanyang bayan kung ano ang ibig sabihin ng maging banal. Nang sinimulan ng Diyos na turuan ang kanyang bayan, wala silang alam tungkol sa kabanalan. Hindi pa sila nakakita ng isang banal na Diyos o isang taong banal. Itinuro ng Diyos ang kahulugan ng kabanalan na katulad ng pagtuturo ng wika sa isang bata.

Kapag nagtuturo tayo sa isang bata, itinuturo natin ang isang upuan at sinasabing, "Upuan." Itinuturo natin ang isang kotse at sasabihin, "Kotse." Sa bawat hakbang, ang bata ay natututo ng kahulugan ng mga salita. Natututuhan ng bata ang kahulugan ng salitang "pagmamahal" sa pamamagitan ng karanasan ng pagmamahal sa kanyang ina. Natututuhan ng bata ang kahulugan ng salitang "katarungan" kapag ang isang magulang ay nagbibigay ng matuwid na parusa para sa pagsuway.

Itinuro ng Diyos ang kahulugan ng kabanalan sa parehong paraan. Bilang mga taong nagkasala, hindi natin alam kung ano ang ibig sabihin ng maging banal. Unti-unting inihayag ng Diyos ang kahulugan ng kabanalan sa kanyang bayan sa pamamagitan ng mga salitang naglalarawan at nagpapakita kung ano ang ibig sabihin ng maging banal. Habang binabakas natin ang kahulugan ng salitang kabanalan sa pamamagitan ng Biblia, makikita natin:

- 1. Ang pagiging banal ay pagpapanatili ng isang malapit na kaugnayan sa Diyos** (2 Mga Taga-Corinto 6:16-18). Ang mga taong banal sa Genesis (mga lalaki tulad nina Enoc at Abraham) ay mga lalaking may malapit na kaugnayan sa Diyos. Sila ay "lumakad kasama ng Diyos." Sa pagpapakita ng buhay na may kabanalan, ipinahayag ng Diyos na ang isang taong banal ay isang taong may malapit na kaugnayan sa Diyos.
- 2. Ang pagiging banal ay pagpapakita ng larawan ng Diyos** (Colosas 3:10, 2 Mga Taga-Corinto 3:18). Ang kabanalan ay hindi isang likas na katangian ng tao. Ang kabanalan ay isang katangian ng Diyos lamang. Ang Israel ay tinawag na "maging banal, sapagkat ako ang PANGINOON mong Diyos ay banal." (Levitico 19:22 Mga Taga-Corinto). Ang pagiging banal ay nangangahulugan na maipakita natin ang larawan ng Diyos sa ating buhay. Ang pagiging banal ay nangangahulugang maging katulad ng Diyos.
- 3. Ang pagiging banal ay pagtatalaga nang ating sarili para sa Diyos** (Exodo 29:44, Levitico 20:26). Sa unang pagkakataon na ang salitang "banal" ay ginamit sa Biblia, ito ay tumutukoy sa isang araw na itinakda para sa mga espesyal na layunin ng Diyos. (Genesis 2:3). Ang Araw ng Pamamahinga ay banal; ito ay nakabukod, o itinakda, mula sa iba pang anim na araw. Tulad ng isang bata na natututo ng kahulugan ng "upuan," itinuturo ng Diyosang ikapitong araw at sinabi, "Ito ay banal."
- 4. Ang pagiging banal ay pagkakaroon ng isang hindi nahahating puso** (1 Mga Hari 8:61). Sa Mga Aklat ng Kasaysayan, ginamit ng Diyos ang salitang "sakdal"

upang ilarawan ang mga taong may "hindi nahahati ang puso." Ang pagiging banal ay nangangahulugang pagiging tapat sa ating pagtatalaga ng sarili sa Diyos. Mahal ng isang pusong banal ang Diyos nang walang kahati.

5. Ang pagiging banal ay pamumuhay ng matuwid (Colosas 1:22, Tito 2:12,14). Ang mga propeta ay nangaral sa isang bayang nag-iisip, "Kami ay sumasamba sa Templo at nag-aalay ng mga handog. Kami ay banal." Ipinakita ng mga propeta na hindi sapat ang pagsunod sa mga ritwal. Ang pagiging banal ay nangangahulugang mabuhay nang matuwid tungo sa Diyos at sa iba. Ang mga taong banal ay "makatarungan, at mapagmahal sa kapwa, at lumalakad kasama ng Diyos nang may kababaang-loob." (Mikas 6:8).

6. Ang pagiging banal ay pagkakaroon ng perpektong pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa (Mateo 22:36-40). Ipinakikita ng mga Ebanghelyo ang buong pagpapahayag ng kabanalan ng Diyos sa buhay ni Hesu-Kristo. May banal na puso si Hesus na ganap na nagpapasakop sa kalooban ng Ama. Si Hesus ay may banal na mga kamay na kumilos sa perpektong pagmamahal sa iba. Ipinakita ni Hesus na ang pagiging banal ay nangangahulugang mahal in ang Diyos at mahal in ang ating kapwa tulad ng ating sarili.

7. Ang pagiging banal ay pamumuhay sa kapuspusan ng Banal na Espiritu (Ezekiel 36:27, Efeso 5:18). Sa Mga Gawa, nakita natin ang halimbawa ng mga Kristiyano na napuspos ng Espiritu ng Diyos. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, namuhay sila ng isang buhay na banal. Tayo ay banal lamang habang nabubuhay tayo sa kapuspusan ng Banal na Espiritu.

8. Ang pagiging banal ay pagiging katulad ni Kristo (Mga Taga-Roma 8:29). Si Hesus ang perpektong halimbawa ng isang banal na puso at banal na mga kamay. Ipinapakita ng Mga Sulat na posible para sa mga karaniwang Kristiyano na sundin ang halimbawa ni Hesu-Kristo. Ang Mga Sulat ay nagbibigay ng mga praktikal na alituntunin para sa pamumuhay ng isang buhay na banal sa araw-araw. Itinuturo sa atin ng mga sulat na ito kung paano mamuhay bilang mga taong katulad ni Kristo.

Dapat tayong maging banal, sapagkat ito ay isang dakilang layunin kung bakit dumating si Kristo sa mundo.

Ang pag-uusap ng mga tao na naligtas mula sa konsensya ng kasalanan nang hindi naligtas mula sa kapangyarihan nito sa kanilang mga puso ay salungat sa patotoo ng lahat ng Kasulatan.

Si Hesus ay isang ganap na Tagapagligtas. Hindi lamang niya inaalís ang konsensya ng kasalanan; pinuputol niya ang kapangyarihan nito.

Pakahulugan sa ibang pangungusap mula kay Bishop J.C. Ryle

9. Ang kabanalan ay naghahanda sa atin upang makita ang Diyos (1 Juan 3:2-3, Hebreo 12:14). Sa Eden, naghanda ang Diyos ng hardin kung saan maaaring mabuhay ang isang taong banal sa perpektong kaugnayan sa ating Ama. Dahil sa

kasalanan, tayo ay pinalayas mula sa hardin. Ngunit ang Diyos ay hindi sumuko sa kanyang plano. Sa Apocalipsis , nakita natin na darating ang araw na makikita ng bayang Diyosang kanyang mukha. Walang makasalanan ang makakatingin sa kanya, ngunit naghahanda ang Diyos ng banal na bayan na gugugol sa walang-hanggan sa kanyang presensya. Ito ang layunin ng Diyos para sa kanyang bayan.

Konklusyon: Tinatawag ng Isang Banal na Diyos ang Kanyang Bayan upang maging Banal

Si Dr. John Stott ay isa sa mga tanyag na tagapangunang Kristiyano noong ika-20 siglo. Sa isa sa kanyang mga huling pangaral, nagsalita si Dr. Stott tungkol sa layunin ng Diyos para sa kanyang bayan.⁴ Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya; tayo ay dinala mula sa kamatayan patungo sa buhay. Bakit? Ang layunin ng Diyos sa pagliligtas sa atin ay upang gawin tayong katulad ni Kristo. Sinabi ni Dr. Stott, "Ang pagiging katulad ni Kristo ay ang kalooban ng Diyos para sa kanyang bayan."

Ipinakikita ng tatlong teksto sa Bagong Tipan kung paano ang ating paglago sa pagiging katulad ni Kristo dito sa mundo ay naghahanda sa atin sa buhay na kasama ang Diyos. Ang mga tekstong ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng kabanalan sa buhay ng mananampalataya.

Ang Mga Taga-Roma 8:29 ay tumitingin sa nakaraan at nagpapakita ng walang hanggang layunin ng Diyos para sa kanyang mga anak:

Sapagka't sa simula't simula pa'y alam na ng Diyos kung sino ang sa kanya at sila ay itinakda din niya na maging katulad ng kaniyang Anak, upang siya'y maging panganay sa maraming magkakapatid.

Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay upang tayo'y "sumunod sa larawan ng kanyang Anak." Mula sa pasimula, ang layunin ng Diyos ay upang gawintayong katulad ni Kristo. Ipinangakosa Mga Taga-Roma 8:28 na "Ang lahat ng mga bagay ay para sa ikabubuti ng lahat ng mga umiibig sa Diyos." Ang pangakong ito ay para sa "mga tinawag ayon sa kanyang layunin." Ano ang kanyang layunin? Ang itinakdang layunin ng Diyos ay upang gawing kalarawan ni Kristo ang kanyang mga anak. Iniligtas tayo ng Diyos upang gawin tayong banal.

"Ang Diyos ay may isang nakatakandang wakas para sa sangkatauhan - kabanalan. Ang kanyang layunin ay ang paggawa ng mga banal. Dumating siya upang iligtas ang mga tao sapagkat nilikha Niya sila upang maging banal."
- Oswald Chambers

Pinaalalahanan ni Pablo ang mga Kristiyanong nasa Colosas sa kamangha-manghang pagbabago na ginawa ng Diyos sa kanilang buhay: "At kayo, na nang dati ay hiwalay at mga kaaway sa pag-iisip, sa pamamagitan ng masasamang gawa, ay pinakipagkasundo

⁴ John Stott Address at Keswick. (June 20, 2014). Nakuha mula sa <https://www.leightonfordministries.org/2014/06/20/john-stott-address-at-keswick/> December 20, 2019.

niya ngayon sa kanyang katawang laman." Sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo, ang mga taong ito na naging "kaaway" ng Diyos ay ngayon ay "pinagkasundo" sa kanya. Pinaalalahanan ni Pablo ang mga mananampalataya sa layunin ng Diyos sa pagkakasundo sa kanila sa kanyang sarili: Ipinakipagkasundo niya sila "upang iharap kayo ng banal at walang kapintasan at walang batik sa harapan niya." (Colosas 1:21-22).

Hindi lang sinabi ni Pablo, "Ikaw ay pinagkasundo sa Diyos upang maaari kang manatili ng walang-hanggan sa langit." Ito ay napakagandang balita! Ngunit hindi ito ang kumpletong Mabuting Balita. Sinabi ni Pablo, "Ikaw ay pinagkasundo sa Diyos upang ikaw ay maging banal." Ang layunin ng Diyos ay upang gawing banal at walang kapintasan ang kanyang mga anak.

Ang 2 Mga Taga-Corinto 3:18 ay tumitingin sa kasalukuyan at nagpapakita kung paano ang layuning ito ay naisasagawa sa buhay ng mananampalataya ngayon:

At tayong lahat, na walang talukbong ang mukha, na nakikita ang kaluwalhatian ng Panginoon gaya ng sa isang salamin, ay nababago sa gayunding larawan, mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, sapagkat ito ay mula sa Panginoon na siyang Espiritu.

Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, tayo ay "binago mula sa isang antas ng kaluwalhatian patungo sa isa pa." Ang layunin ng Diyos ay naisasakatuparan sa pagbabago ng kanyang mga anak sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Araw-araw, tayo ay ginagawang mas katulad ni Kristo.

Ang 1 Juan 3:2 ay tumitingin sa hinaharap at nagpapakita ng tunay na katuparan ng layunin ng Diyos:

Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Diyos at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Nalalaman natin na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya, sapagkat siya'y ating makikita bilang siya.

Ang Aklat ng Apocalipsis ay tumitingin sa araw kung kalian makikita natin nang mukhaan ang Diyos. Sa araw na iyon, tayo ay magiging katulad niya. Ang layunin ng Diyos ay matutupad nang ganap at walang hanggan. Bilang pangwakas, sinabi ni John Stott, "Makakasama natin si Kristo, magiging katulad ni Kristo, magpakailanman."

Bilang mga Kristiyano, ang paghahangad na makamitang isang buhay na banal ay naghahanda sa atin para sa araw kung kailan makikita natin ang Diyos at ang


Isang Panalangin ng Kabanalan
Tapusin mo ngayon, ang iyong bagong nilikha;
Gawin mong dalisay at walang dungis;
Ipakita sa amin ang iyong dakilang kaligtasan na
lubusang naibalik sa amin:
Binabago mula sa luwalhati hanggang sa
kaluwalhatian,
Hanggang sa langit kamtin ang aming lugar,
Umawit at ialay ang aming mga korona sa iyong
paanan,
Punong puno ng paghanga, pag-ibig at
pagpupuri.
-Charles Wesley

kanyang layunin ay natupad sa ating buhay. Ito ay dapat magbigay sa atin ng isang maiging pagnanais tungkol sa ating paglago sa kabanalan. Tayo ay patuloy na binabago araw araw para maging higit na katulad ng kanyang larawan.

Habang tayo ay naghahanapna mas lalong maging katulad niya, tayo ay nakikipagtulungan sa walang hanggang layunin ng Diyos. Ang kabanalan ay walang hanggang layunin ng Diyos para sa bawat mananampalataya. Bilang mga anak ng Diyos, dapat tayong magkaroon ng pagnanasang makita ang layuning ito na maganap sa ating mga puso at buhay.

Natagpuan Niya ang Sikreto - Samuel Kaboo Morris

Noong 1873, si Samuel Morris⁵ ay isinilang sa Liberia, West Africa bilang Prinsipe Kaboo, ang anak ng isang pangulo ng tribo. Nang ang kanyang ama ay natalo sa labanan, si Kaboo ay dinakipupang ipatubos. Isang araw, nakakita si Kaboo ng isang nakakasilaw na liwanag at narinig ang isang tinig mula sa langit na nagsasabi sa kanya na tumakbo. Ang mga lubid na nakagapos sa kanya ay nahulog sa lupa, at si Kaboo ay tumakbo sa gubat.



Lumakad siya sa gubat sa loob ng ilang araw hanggang siya ay dumating sa lungsod ng Monrovia. Sa lunsod, isang batang lalaki ang nag-imbita kay Kaboo sa iglesya. Nang bumisita si Kaboo sa iglesya, isang misyonero ang nagkukwento ng pagbabalik-loob ni Pablo. Habang sinasabi niya ang tungkol sa nakakasilaw na liwanag at tinig mula sa langit, nakilala ni Kaboo na ito ang tinig na narinig niya sa gubat! Di nagtagal ay tinanggap niya si Kristo bilang kanyang Tagapagligtas at nabinyagan sa pangalan na Samuel Morris.

Sa sumunod na dalawang taon, nagpintura si Samuel Morris ng mga bahay upang suportahan ang kanyang sarili habang pinag-aaralan niya ang Biblia. Siya ay partikular na interesado sa pag-aaral tungkol sa Banal na Espiritu at buhay sa kapangyarihan ng Espiritu. Pagkatapos sabihin sa kanya ng isang misyonero na itinuro na niya sa kanya ang lahat ng alam niya, itinanong ni Morris, "Sino ang iyong guro?" Sinabi niya sa kanya ang tungkol sa isang tagapangaral sa Amerika na nangganggalang Stephen Merritt. Bagaman walang pera at walang transportasyon, si Morris ay lumakad sa pinakamalapit na daungan upang humanap ng barko patungo sa Amerika. Determinado siyang higit pang matuto tungkol sa pamumuhay sa Espiritu.

Siya ay natulog sa dalampasigan habang naghihintay para sa isang barko. Nang lumapag ang isang barko, hiniling ni Morris sa kapitan na dalhin siya sa Amerika. Tumanggi ang kapitan, ngunit pagkaraan lamang ng maikling panahon, tumakas ang dalawa sa kanyang mga tripulante. Sinabi ng kapitan noon kay Morris na maaari siyang magtrabaho bilang kapalit ng transportasyon patungo sa New York. Sa panahon ng paglalayag, siya ay hindi

⁵ Image: "Samuel Morris", Samuel Morris: A Spirit Filled Life (1921), retrieved from <https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=39596012>, public domain.

pinakitunguhan ng maayos ng ibang tripulante at binigyan ng pinakamapanganib na mga gawain sa barko. Gayunpaman, ipinakita ni Samuel ang pagmamahal ni Kristo sa kanyang mga kasamahan sa barko, hanggang, sa oras na dumating ang barko sa New York, ang kapitan at karamihan ng mga tauhan ay nagbalikloob.

Nang dumating si Morris sa New York, natagpuan niya ang misyon ni Stephen Merritt at sinabi niya ang kanyang pagnanais na higit pangmatuto patungkol sa Banal na Espiritu. Kinailangan ni Mr. Merritt na pumunta sa isang pagpupulong ngunit iniwan si Morris sa misyon para sa gabing iyon. Nang bumalik siya, natagpuan niya si Samuel na nangunguna sa isang samasamang pananalangin. Sa kanyang unang gabi sa Amerika, pinangunahan ni Samuel Morris ang halos 20 tao patungo kay Kristo.

Tinulungan ni Stephen Merritt si Samuel Morris na mag-enroll sa Taylor University upang maihanda siya sa pag-eebanghelyo sa Liberia. Dumating si Morris sa campus sa Indiana nang walang pera, ngunit may lubos na pananampalataya sa ipagkakaloob ng Diyos. Sinabi niya sa pangulo, "Pakiusap bigyan mo ako ng isang silid na walang ibang may nais." Sa kalagitnaan ngabi, naririnig siya ng kanyang mga kapwa mag-aaral na "nakikipag-usap sa kanyang Ama." Ang kanyang lubos na pagtitiwala sa Diyos ay nakaimpluwensya sa kampus pati na rin sa mga nakapaligid na iglesya.

Bagaman nagplano si Morris na bumalik sa Liberia, may ibang plano ang Diyos. Sa loob ng dalawang taon mula sa kanyang pagdating sa Taylor University, namatay si Samuel Morris dahil sa pulmonya. Siya ay 20 taong gulang lamang, ngunit siya ay may kapayapaan sa plano ng Diyos. Sinabi ni Samuel sa pangulo ng unibersidad, "Hindi ko iyon trabaho. Ito ay sa kanya. Natapos ko na ang trabaho ko. Magpapadala siya ng ibang mas mahusay kaysa sa akin upanggawin ang trabaho sa Africa."

Ang buhay ni Morris ay nakaapekto sa maraming tao kaya't daan-daang tao ang naglinya sa mga lansangan para sa prosesyon ng libing. Ang ilang mga kapwa mag-aaral ay nagpunta sa Africa bilang mga misyonero, naglilingkod "bilang pag-ala-ala kay Prinsipe Kaboo." Sinabi ng presidente ng Unibersidad ng Taylor, "Si Samuel Morris ay mensahero ng Diyos sa Unibersidad ng Taylor. Inisip niya na dumating siya dito upang ihanda ang kanyang sarili para sa kanyang misyon. Sa halip, ipinadala siya ng Diyos upang ihanda ang Unibersidad ng Taylor para sa kanyang misyon sa buong mundo. Ang lahat ng nakakilala sa kanya ay napahanga sa kanyang kahanga-hanga, ngunit simpleng pananampalataya sa Diyos."

Ngayon, mababasa sa isang pang-ala-alang lapida sa libingan ni Samuel Morris sa Fort Wayne sa Indiana, ang ganito:

Samuel Morris
1873-1893
Prinsipe Kaboo
Nagmula sa Kanlurang Africa
Bantog na Kristiyanong Mistik
Apostol ng Simpleng Pananampalataya
Nagsusul0ng ng Buhay na Puspos ng Espiritu

Ang maikling buhay ni Samuel Morris ay nagpapakita na ang bawat mananampalataya ay maaaring mabuhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang isang banal na puso at isang banal na buhay ay layunin ng Diyos para sa bawat mananampalataya.

Aralin 1 sa Isang Pahina

(1) Ang kagandahan ng kabanalan ay nakikita sa orihinal na nilikha ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang isang perpektong mundo na walang kasalanan.

(2) Ang kagandahan ng kabanalan ay nakikita sa katangian ng Diyos. Ang Diyos ay isang banal na Diyos.

(3) Ang kagandahan ng kabanalan ay nakikita sa plano ng Diyos para sa kanyang bayan. Kahitnapinsala ng kasalanan ang kalikasan ng tao, hindi sumuko ang Diyos sa kanyang plano para sa kanyang banal na bayan. Upang maibalik ang kaugnayan sa pagitan ng isang banal na Diyos at sangkatauhang nahulog sa kasalanan, itinuro ng Diyos:

- Anoang katulad ng isang Diyos na banal
- Anoang katulad ng isang taong banal

(4) Maraming mga maling ideya tungkol sa kabanalan. Kabilang dito ang:

- Ilang tao lamang ang maaaring maging banal
- Magiging banal tayo sa pamamagitan ng pamumuhay ng nakabukod sa iba pang mga tao
- Magiging banal lamang tayo kapag tayo ay namatay
- Magiging banal tayo sa pagsunod sa ilang mga alituntunin
- Ang katibayan na banal ang isang tao ay nakikita sa isang espesyal na kaloob ng mga wika o mga himala
- Ang kabanalan ay impossible.

(5) Ang katotohanan tungkol sa kabanalan ay simple. Ito ang kahulugan ng pagiging banal:

- Ang pagiging banal ay ang pagpapangatili ng isang malapit na kaugnayan sa Diyos.
- Ang pagiging banal ay ang pagpapakita nglarawan ng Diyos
- Ang pagiging banal ay ang pagbukod para lang sa Diyos
- Ang pagiging banal ay ang pagkaroon ng hindi nag-aalinlangang puso
- Ang pagiging banal ay ang pamumuhay ng matuwid
- Ang pagiging banal ay ang pagkaroon ng perpektong pagmamahal para sa Diyos at ating kapwa
- Ang pagiging banal ay ang pamumuhay sa kapuspusan ng Banal na Espiritu
- Ang pagiging banal ay ang pagiging katulad ni Kristo
- Ang kabanalan ay paghahanda sa atin upang makita ang Diyos

(6) Tatlong teksto sa Bagong Tipan na nagpapakita ng kahalagahan ng kabanalan sa buhay ng mananampalataya.

- Mga Taga-Roma 8:29 ay nagpapakita ng walang hanggang layunin ng Diyos upang hubugin tayo sa larawan ng kanyang Anak
- 2 Mga Taga-Corinto 3:18 ay nagpapakita na ang layunin ng Diyos ay nagaganap habang tayo ay nababago araw-araw sa larawan ni Kristo
- 1 Juan 3:2 ay nagpapakita ng katuparan ng layunin ng Diyos; kapag nakita natin ang Diyos, tayo ay magiging katulad niya

Mga Takdang Aralin sa Aralin 1

(1) Isipin mo na sinabi sa iyo ng isang bagong Kristiyano, "Nabasa ko sa Biblia na tinatawag tayo ng Diyos upang maging banal dahil siya ay banal. Iyon ay tila imposible! Ano ang ibig sabihin ng maging banal?" Sumulat ng isang pahinang sagot para sa bagong mananampalataya. Sa susunod mongklase, dapat basahin ng bawat estudyante ang kanilang sagot. Magbigay ng oras upang talakayin ang mga sagot bilang isang klase.

(2) Simulan ang susunod na sesyon ng klase sa pamamagitan ng pagbigkas sa 1 Pedro 1:14-16.

(3) Kasama sa kursong ito ang isang pangwakas na proyekto na ipapasa sa huling araw ng klase. Dapat mong simulan na ngayon ang paggawa sa proyektong ito. Tingnan ang dulo ng kurso para sa mga detalye tungkol sa proyektong ito.

Aralin 2

Ang Kabanalan Ay Pakikipag-ugnayan

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Mapahalagahan ang pagkakaloob ng Diyos para sa pang-araw-araw na relasyon sa kanyang bayan.
- (2) Kilalanin na tayo ay banal sa pamamagitan ng kaugnayan sa Diyos, hindi sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao.
- (3) Italaga ang sarili sa paglalaan ng oras sa pagbuo ng pang-araw-araw na relasyon sa Diyos.
- (4) Magkaroon ng kakayahang tulungang lumago sa kanilang relasyon sa Diyos ang ibang mga mananampalataya
- (5) Maisaulo ang 1 Juan 1:6-7.

Si Abraham: Isang Taong Lumakad Kasama ang Diyos

Isipin mo na ikaw ay 75 taong gulang na naninirahan sa isang bansa ng mga sumasamba sa diyos-diyosan nang biglang marinig mo ang Diyos na nagsasalita! Paano ka tutugon?

Sinabi ng Diyos kay Abraham, "Umalis ka sa iyong lupain, sa iyong mga kamag-anak, sa bahay ng iyong ama, at pumunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo." (Genesis 12:1). "Iwanan mo ang lahat at sumunod ka sa akin!" Hindi sinabi ng Diyos kay Abraham kung saan siya dadalhin. Sinabi lang niya, "Sumunod ka sa akin."

Naniwala si Abraham sa Diyos at sumunod sa Diyos mula sa Ur patungong Haran, at mula sa Haran hanggang Canaan. Naglakbay si Abraham nang higit sa 1,000 milya sa pagsunod sa utos ng Diyos.

Si Abraham ay nagtiwala sa mga pangako na tila imposible. Naniniwala siya na bibigyan siya ng Diyos ng isang anak na lalaki, kahit na si Sarah ay wala na sa edad na magkaanak. Naniniwala siya

Isang Panalangin para sa Kabanalan
Panginoon, isinusuko ko ang aking
sariling mga plano at layunin,
Lahat ng aking sariling mga pagnanasa
at pag-asa
At tanggapin ang Inyong kalooban para
sa aking buhay.
Ibinigay ko ang aking sarili, ang aking
buhay, ang aking lahat,
Lubos sa iyo na maging Iyo
magpakailanman.
Puspusin mo ako at tatakan mo akong
Iyong Banal na Espiritu,
Gamitin mo ako sa Iyong naisin,
Ipadala mo ako kung saan Mo Nais
Gawin ang iyong buong kalooban sa
aking buhay
Sa anumang paraan ngayon at
magpakailanman.
-Betty Stam
Isang Martirsa China

na ibibigay sa kanya ng Diyos ang lupang pangako, kahit na wala siyang pag-aaring lupa sa Canaan. Naniniwala siya na gagawin siya ng Diyos na isang dakilang bansa, kahit na wala siyang anak.

Si Abraham, isang lalaki mula sa isang paganong lipunan, ay tinawag na kaibigan ng Diyos. (Santiago 2:23). Lumakad siya kasama ng Diyos.

► Hilingin sa tatlong miyembro ng iyong klase na magbigay ng patotoo sa kanilang paglakad kasama ng Diyos sa puntong ito. Paano nagsimula ang paglakad na ito? Anong mga aral ang natutunan mo sa iyong paglalakad?

Ang Kabanalan sa Limang mga Aklat ni Moises: Paglakad kasama ng Diyos

Ang mga taong banal ay lumalakad kasama ng Diyos; gumugugol sila ng panahon sa Diyos. Habang lumalakad sila kasama ang Diyos, mas lumalago silana maging katulad niya. **Ang pagiging banal ay nangangahulugang lumakad kasama ng Diyos, upang bumuo ng isang malalim na kaugnayan sa Diyos.**

Lumakad ang Diyos kasama sina Adan at Eba sa Hardin ng Eden. Matapos masira ng kasalanan ang *ideal* na relasyon, si Adan at Eba ay nagtago mula sa Diyos. Ang pagkakasala ay naghiwalay sa tao mula sa Diyos.

Sinisira ng kasalanan ang kaugnayan sa Diyos; sinisira ng kasalanan ang relasyon sa pagitan ng mga tao; sinisi ni Adan si Eba. Si Adan at Ebaay naghati sa kasalanan, ngunit sinira ng kasalanan ang kanilang relasyon sa isa't isa. Ang layunin ng Diyossa kanyang mga anak ay lumakad nang may kapayapaan sa kanyang sarili at sa isa't-isa. Ang layunin ni Satanas ay sirain ang ating kaugnayan sa Diyos at sa isa't-isa.

Sinira ng kasalanan ang relasyon sa pagitan ng Diyos at ng tao, ngunit nagbigay ang Diyos ng paraan upang mapanumbalik ang ugnayang ito. Ang mga handog ay nagbibigay ng paraan upang mapanatili ang kaugnayan sa Diyos na banal. Hindi tayo maaaring maging banal sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao; magiging banal tayo sa pamamagitan ng kaugnayan sa Diyos na banal.

Sa buong Lumang Tipan, nakita natin ang mga halimbawa ng mga taong banal na lumakad kasama ng Diyos. Hindi na sila lumakad kasama ang Diyos sa isang magandang hardin. Dahil sa kasalanan, ang mga tao ngayon ay lumalakad kasama ang Diyos sa isang madilim na mundo ng kasalanan. Ngunit kahit sa makasalanang mundo, posible na lumakad kasama ng Diyos. Ito ang kabanalan.

Ang Paglakad kasama ng Diyos ay Nangangailangan ng Disiplina sa Sarili

Ang malapit na paglakad kasama ng Diyos ay nangangailangan ng disiplina sa sarili na sabihing "ayaw" sa mga makasalanang pagnanais. (Tito 2:12). Si Jose ay isang tagapamahala para sa isang mahalagang sambahayan sa isang banyagang bansa. Sa panahong iyon naranasan ni Jose ang tuksong seksuwal. Ang relasyon ni Jose sa Diyos ang

namamahala sa kanyang pagtugon sa tukso. Maaaring sabihin ng ibang tao, "Mukhang maganda ang kasiyahang ito; ii-enjoy ko ito." Ngunit sinabi ni Jose, "Paano ko gagawin ang kasamaang ito at magkasala laban sa Dios?" (Genesis 39:9). Hindi pumapayag si Jose na sirain ang kanyang relasyon sa Diyos para lamang sa pisikal na kasiyahan.

Hindi tayo "nagkakamit" ng kabanalan sa pamamagitan ng pagdisiplina sa ating sarili. Ang biyaya ng Diyos lamang ang nagpapabanal sa atin. Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya; tayo ay pinagiging banal sa pamamagitan ng biyaya. Gayunpaman, ang biyaya ay hindi nangangahulugan na ang disiplina sa sarili ay hindi kinakailangan.

Isinulat ni Dallas Willard, "Ang biyaya ay hindi sumasalungat sa pagsisikap; Ang biyaya ay salungat sa pagkakamit."⁶ Ang paglalakad ay nangangailangan ng pagsisikap, ngunit maging ang pagsisikap ay dumating bilang resulta ng biyaya ng Diyos. Ang ating pagsisikap ay hindi dahilan ng pagkakamit ng biyaya ng Diyos; ang ating pagsisikap ay isang masayang tugon sa kanyang biyaya. Bilang mga anak ng Diyos, hindi natin nakakamit ang pabor ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap, ngunit kinikilala natin ang pangangailangan ng pagdisiplina sa sarili (1 Mga Taga-Corinto 9:25-27).

Ang Paglakad kasama ng Diyos ay Nangangailangan ng Pagsunod

Tinawag ng Diyos si Abraham sa lugar na hindi pa niya nakikita. "Kaya nagpunta si Abram, gaya ng sinabi sa kanya ng PANGINOON ..." (Genesis 12:4). Si Abraham ay lumakad na kasama ang Diyos sa isang buhay ng pagsunod. Ang pusong banal ay isang masunuring puso:

Sa pananampalataya si Abraham, nang tawagin, ay sumunod upang pumunta sa isang lugar na kanyang tatanggapin bilang pamana; at siya'y pumunta na hindi nalalaman ang kanyang pupuntahan. (Hebreo 11:8).

Ang Diyos ay hindi nagbigay kay Abraham ng isang mapa papunta sa Canaan. Hindi niya ibinigay kay Abraham ang mga detalye ng paglalakbay. Tinawag niya si Abraham upang sumunod - at sumunod si Abraham. Ang paglalakad kasama ang Diyos ay nangangailangan ng pagsunod. Ang buhay ng kabanalan ay nangangailangan ng pagsunod. (1 Pedro 1:2; Mga Taga-Roma 6:16, 22).

"Ang panuntunan para sa pag-unawa sa espirituwal na mga bagay ay hindi talino sa pag-iisip, kundi ang pagkamasunurin."
Oswald Chambers

Ang Paglakad kasama ang Diyos ay May Kasamang Lumalagong Pananampalataya

Nang umalis si Abraham sa kanyang tahanan, walang katibayan para sa mga pangako ng Diyos. Lumakad si Abraham kasama ang Diyos sa isang buhay ng pananampalataya. Habang lumalakad tayo kasama ang Diyos, natututo tayong lubos na magtiwala sa kanya. Lumalalim ang ating pananampalataya habang gumugugol tayo ng panahon sa kanya.

⁶ Dallas Willard, *Hearing God* (Westmont, IL; Inter Varsity Press, 2012), 254.

Mahalaga ito para kay Abraham dahil nahaharap siya sa isang mas malaking pagsubok kaysa sa pag-lisan mula sa kanyang sariling bayan.

Sa Canaan, tinawag ng Diyos si Abraham upang ihandog ang kanyang anak na si Isaac. Ipinangako ng Diyos kay Abraham na siya ay magiging ama ng isang dakilang bansa. Matapos ang maraming taon, nagkaroon ng isang anak na lalaki sina Abraham at Sara. Ngayon, hiniling ng Diyos kay Abraham na ibigay ang kanyang anak na si Isaac bilang isang handog. Sinasabi ng manunulat ng Hebreo, "Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang subukin si Abraham, ay kanyang inihandog si Isaac" (Hebreo 11:17).

Dahil naglalakad si Abraham kasama ang Diyos, nagtiwala siya sa Diyos. Si Abraham ay lumakad na kasama ang Diyos, kaya nakapagtitiwala siya sa Diyos kahit na hindi niya lubusang maunawaan ang mga utos ng Diyos. Lumakad si Abraham kasama ng Diyos sa isang kaugnayan ng lumalagong pananampalataya.

Ang paglalakad kasama ng Diyos ay nangangailangang pagkatiwalaan natin siya. Kapag tayo ay lumalakad kasama ng Diyos, pinagkakatiwalaan natin siya kahit sa mahihirap na lugar. Pinahihintulutan nating gawin ng Diyos ang nakikita niyang pinakamabuti para sa ating buhay.

Ang prinsipyong ito ay makikita sa buong Banal na Kasulatan. Sa di-maisip na mga pagsubok, natutunan ni Job na maaari siyang magtiwala sa Diyos. Sa pagkatapon, dinala ni Jeremias ang pangako ng Diyos na magdadala siya ng mabuti mula sa trahedyang ito. (Jeremias 29:10-14). Sa pagdurusa mula sa isang masakit na "tinik sa laman," natutunan ni Pablo na ang biyaya ng Diyos ay sapat para sa kanya, "sapagkat ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa oras ng kahinaan." (2 Mga Taga-Corinto 12:9).

Ang kuwento tungkol kay Abraham at mga kuwento ng bayan ng Diyos sa pamamagitan ng kasaysayan ay nagtuturo sa atin na ang paglalakad kasama ang Diyos ay nangangailangan ng ganap na pagsunod sa kanyang mga utos at kumpletong pagtitiwala sa kanyang mga pangako. Habang naglalakad tayo kasama niya, lalong lumalaki ang tiwala natin sa kanya.

Ang Paglakad kasama ang Diyos ay isang Eksklusibong Pakikipag-ugnayan

Ang larawan ng paglalakad ay pangkaraniwan sa Banal na Kasulatan. Nakalulungkot, madalas lumalakad ang Israel sa kasalanan sa halip na lumakad kasama ng Diyos. Marami sa mga hari ng Israel ang "lumalakad sa kasalanan." Bumuo sila ng kaugnayan sa kasalanan. "Lumakad si Abijah sa lahat ng kasalanan na ginawa ng kanyang ama." (1 Mga Hari 15:3). Ang iba namang mga hari ay "lumakad sa mga paraan ng kanilang mga ama" sa halip na lumakad kasama ang Diyos. Bumuo sila ng kaugnayan sa kasalanan; hindi sila lumakad kasama ng Diyos.

"Kung maglakad ako kasama ng mundo, hindi ako makalalakad kasama ang Diyos."
Dwight L. Moody

Ang paglalakad kasama ng Diyos ay isang eksklusibong pakikipag-ugnayan. Ang Diyos ay isang mapanibughuing Diyos. (Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; Josue 24:19). Hindi ka maaaring lumakad ng sabay kasama ang Diyos at ng kasalanan.

Itinanong ng Salmista kung ano ang kinakailangan upang makapamuhay sa presensiya ng Diyos (Mga Awit 15:1). Ano-ano ang mga kinakailangan para sa pamumuhay sa presensya ng Diyos?

Siyang lumalakad na matuwid, at gumagawa ng katuwiran, at mula sa kanyang puso ay nagsasalita ng katotohanan; siyang hindi naninirang-puri ng kanyang dila, ni sa kanyang kaibigan ay gumagawa ng masama, ni umaalipusta man sa kanyang kapwa; (Mga Awit 15:2-3).

Sinabi ni Malakias, "Inyong niyamot ang Panginoon ng inyong mga salita." Itinanong ng Israel, "Paano namin siya niyamot?" Sumagot si Malakias, "Sa inyong pagsasabi, "Bawat gumagawa ng kasamaan ay mabuti sa paningin ng Panginoon, at sila'y kanyang kinalulugdan." (Malakias 2:17). Nais ng Israel na maging kaibigan ang Diyos habang nagpapatuloy sa sinasadyang kasalanan. Sa halip, binalaan ni Malakias na ang araw ng paghatol ay darating na parang mainit na apoy. Sa araw na yaon, ang mga gumagawa ng kasamaan ay magiging parang tuyong damo (Malakias 4:1). Hindi palalagpasin ng isang banal na Diyos ang kasalanan.

Hinatulan ng Diyos ang Israel dahil sa paggawa ng mga kasalanan ng ibang mga bansa sa halip na mamuhay na sumusunod sa kautusan ng Diyos. "Na ang mga tuntunin ay hindi ninyo sinunod, o inyo mang isinagawa ang aking mga batas, kundi kayo'y namuhay ng ayon sa mga kaugalian ng mga bansa na nasa palibot ninyo." (Ezekiel 11:12). Hindi maaaring lumakad ang Israel kasama ng Diyos habang lumalakad sila sa kasalanan. Hindi maaaring lumakad ang Israel sa paraan ng Diyos at sa paraan ng kasalanan sa parehong panahon. Kahit na sila ay piniling bayan ng Diyos, pinarusahan sila ng Diyos dahil sa kanilang kasalanan. Hindi sila maaaring lumakad kasama ng Diyos habang lumalakad sa kasalanan.

Pagsasabuhay ng Kabanalan: Ang Paglakad kasama ang Diyos ay Isang Patuloy na Pakikipag-ugnayan

Habang naglalakad tayo kasama nag Diyos, lumalago tayo sa ating pakikipag-ugnayan sa kanya. Sa Deuteronomio 6, nagbigay si Moises ng isang larawan kung ano ang ibig sabihin ng paglakad kasama ng Diyos. Sinabi niya na dapat ituro ng mga mamamayan ng Israel ang kautusan ng Diyos sa kanilang mga anak. Kailan? Sa lahat ng oras:

At iyong ituturo nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasabihin sa kanila kapag ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, kapag ikaw ay lumalakad sa daan, at kapag ikaw ay nahihiga, at kapag ikaw ay bumabangon. (Deuteronomio 6:7).

Ang isang taong lumalakad kasama ang Diyos ay nagpapanatili ng isang hindi nagbabagong pakikipag-ugnayan sa kanya. Walang pagkakaiba sa pagitan ng "normal na buhay" at "buhay sa iglesia." Ang mga taong banal ay hindi "Mga Kristiyanong pang-Linggo lang" na naglilingkod sa Diyos sa iglesia. Ang mga taong banal ay nagnanais ng isang hindi nagbabago, lumalagong relasyon sa Diyos.

Nang hindi nabigyan ng pag-aalaga ng Israel ang araw-araw, lumalagong relasyon sa Diyos, sila ay madaling nalapit sa ibang mga diyos. Nang maging di-maingat si Solomon sa kanyang paglago tungkol sa pakikipag-ugnayan sa Diyos, kaagad siyang nalapit sa mga huwad na diyos ng kanyang mga asawa.

Maging ang unang iglesya ay naharap sa panganib na ito. Ang iglesya sa Efeso ay sinimulan ni Pablo sa isang kapansin-pansing pagbabagong-buhay. Si Apostol Juan ay nagsilbi bilang kanilang pastor sa loob ng maiksing panahon. Si Maria, ang ina ni Hesus, ay nanirahan sa Efeso. Mayroon silang kahanga-hangang kaalaman sa katotohanan ng ebanghelyo. Ngunit sa loob ng isang henerasyon, sinabi ni Juan ang babalang ito:

Ngunit ito ang hindi ko gusto laban sa iyo: iniwan mo ang iyong unang pag-ibig. Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, magsisi ka at gawin mo ang mga bagay na ginawa mo noong una. Kung hindi, darating ako sa iyo at aalisin ko ang iyong ilawan mula sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka. (Apocalipsis 2:4-5).

Ano ang nangyari? Dahil sila ay nagkulang sa pagpapanatili ng kanilang pasyon sauna nilang pagmamahal at dahil nabigo silang magpatuloy sa paglago sa kanilang kaugnayan sa Diyos, ang kanilang pagmamahal ay nanlamig.

Nakita natin ito sa mga ugnayan ng tao. Kaya mo bang isipin ang isang lalaki na nag-asawa ng napakaganda, nagsabit ng isang "sertipiko ng kasal" sa pader, ngunit hindi kailanman gumugol ng oras sa kanyang asawa? Malusog ba ang kanilang kasal? Hindi! Kailangan ng higit pa sa isang sertipiko ng kasal upang bumuo ng isang malusog na pagsasama. Ang isang malusog na pagsasama ay lumalago sa pagdaan ng mga taon habang patuloy na lumalago ang dalawang tao sa kanilang pagmamahal sa isa't isa.

Sa parehong paraan, tinawag tayo upang patuloy na lumago sa ating pagmamahal sa Diyos. Ang paglakad kasama ang Diyos ay nangangahulugang patuloy na gumugol ng panahon sa kaniya. Ang paglakad kasama ang Diyos ay nangangahulugang patuloy tayong lumago sa ating kaugnayan sa kanya. Ito ang kahulugan ng pagiging banal.

Ang paglakad ay isang tuloy-tuloy na pagkilos. Nagpapahiwatig ito ng tuloy-tuloy, nagpapatuloy na pakikipag-ugnayan. Ang isang taong banal ay patuloy na lumalago sa kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang isang pagkakataon ng ating pagsuko sa Diyos ay hindi ang katapusan ng proseso. Ang buhay na banal ay may kasamangpaglakad na nagpapatuloy kasama ang Diyos. Ang ating paglakad kasama ang Diyos ay nagsisimula sa bagong kapanganakan at nagpapatuloy hanggang sa makita natin ang mukha ng Diyos. Ang buhay ng kabanalan ay isang nagpapatuloy na pakikipag-ugnayan.

Sa Bagong Tipan, itinuro ni Hesus sa kanyang mga alagad na ang espirituwal na buhay ay *lubos* na nakasalalay sa pagpapanatili ng kaugnayan sa kanya.

Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na hindi magbubunga buhat sa kanyang sarili malibang nakakabit sa puno, gayundin naman kayo, malibang kayo'y manatili sa akin. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili

sa akin at ako'y sa kanya ay siyang nagbubunga ng marami. Sapagkat kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa. (Juan 15:4-5).

Iniiisip ng ilang mga Kristiyanoang kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos bilang isang "Panalangin ng isang Makasalanan" na sinusundan ng isang buhay na may kaunting pagbabago. Ang larawan ng Biblia sa pakikipag-ugnayan sa Diyos ay malaki ang pagkakaiba. Ang buhay Kristiyano ay nakakabit sa Puno ng ubas (Juan 15:1-17). Ang ating espirituwal na buhay ay pinananatili sa pamamagitan ng pang-araw-araw na pakikipag-ugnayansa Puno ng ubas. Ang isang sanga na hindi nakakabit mula sa puno ay agad na mamamatay; ang isang Kristiyano na hindi nakakabit kay Kristo ay mamamatay.

Ang paglakad kasama ng Diyosay nangangailangan na gumugol tayo ng panahon kasama niya. Hindi ka maaaring maglakad kasama ang isang tao na walang paggugol ng oras sa kanila! Ang mga taong banal ay gumugol ng panahon sa Diyos. Minsan ay nagsasakripisyo sila ng mga oportunidad para sa negosyo at libangan upang magkaroon sila ng oras kasama ang Diyos. Nauunawaan nila na walang mas mahalaga kaysa sa kanilang kaugnayan sa Diyos. Tulad ni Maria na nakaupo sa paanan ni Hesus, alam ng mga taong banal na ang "isang bagay na kailangan" ay oras kasama ang Diyos (Lucas 10:41-42).


Ang mga taong banal ay ginagawang prayoridad ang oras kasama ang Diyos. Alam nila na ang panalangin at Banal na Kasulatan ay mas mahalaga kaysa iba pang mga aktibidad - kahit gawain sa ministryo. Naaalala nila na si Hesus ay madalas na "bumabangon nang maaga" upang manalangin sa kanyang Ama, kaya ginagawa nilang isang kaugalianang paggugol ng oras sa panalangin.

Nauunawaan ng mga taong banal na ang paglakad na kasama ng Diyos ay nangangahulugan ng pagsunod sa kanyang direksyon. Sila ay sensitibo sa kanyang pamumuno. Hindi lamang sila nagtatanong, "Ang gawain bang ito ay makasalanan?" Itinatanong nila, "Mas mailalapit ba ako nito sa Diyos?" Gusto nilang mabigyang lugod ang Diyos sa bawat pasya. Dahil ang mga taong banal ay may banal na puso, sila ay maingat sapagpapanatili ng kanilang mga kamay malayo sa kasalanan. Nauunawaan nila na ang kaugnayan sa Diyos ay nangangailangan na nakahiwalay tayo mula sa anumang bagay na hindi kasiyasiya sa kanya.

- ▶ Ano ang ilang praktikal na paraan upang magkaroon ng mas malalim na pakikipag-ugnayan sa Puno ng ubas?
- ▶ Ano ang tatlong hamon na nakakapigil sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos?

Natagpuan Niya ang Sikreto - Frances Ridley Havergal

Ang ama ni Frances Havergal⁷ ay isang ministro sa Iglesia ng Inglatera. Sa edad na 14, nagpatotoo si Frances sa pananampalataya kay Kristo⁸. Para sa natitirang bahagi ng kanyang buhay, hinangad ni Havergal (1836-1879) na lumakad ng mas malapit sa Diyos. Isinulat niya, "O, upang magawa niya akong isang sisidlang pinabanal at (handa) para sa paggamit ng Panginoon! May mga oras na nararamdaman ko ang ganitong pagmamahal para sa Kanya na wala akong salita upang ilarawan ito ... ngunit gusto kong lumapit pa rin. Hindi ang pagka-alam sa doktrina, sa halip ay makasama siya, na magbibigay nito." Habang lumalakad siya kasama ang Diyos, siya ay napapalapit sa Kanya.



Noong 1873, nagpatotoo si Havergal na siya ay "nalinis mula sa lahat ng kasalanan at patuloy na pinagiging banal sa pamamagitan ng nagpapabanalna kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos." Walang anumang bagay na makakahadlang sa paglakad niya kasama ang Diyos. Ang kanyang panalangin ng pagsuko sa Diyos ay naging isang bantog na himno, "Kunin mo ang aking buhay at hayaan itong italaga, para sa Iyo, Panginoon."

Isinuko ni Havergal ang lahat sa Diyos. Ito ang kahulugan ng paglakad kasama ang Diyos. Ito ay upang maging malapit sa kanya na ang lahat ng bagay ay sa kanya. Pagkatapos ng isang buhay na paglakad kasama ang Diyos, ang mga huling salita ni Havergal ay, "Maganda! Kahanga-hanga na maging malapit sa mga pintuan ng langit! Mapalad na kapahingahan!" Isinulat ng kanyang kapatid na ang kanyang mukha "ay sobrang nagagalak, na parang nakikipag-usap siya sa Kanya."

Si Ms. Havergal ay lumakad kasama ang Diyos; Siya ay isang taong banal. Ang paglakad kasama ng Diyos ay hindi lamang para sa mga taong nabubuhay sa panahon ng Biblia. Maaari kang lumakad kasama ang Diyos ngayon; maaari kang maging banal.

⁷ Larawan: "Frances Ridley Havergal", Christmas Sunshine with Love and Light for the New Year (1886), retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Frances_Ridley_Havergal.jpg, public domain.

⁸ Ang kuwentoniFrances Havergalay hinangomula kay Wesley L. Duewel, *Heroes of the Holy Life* (Grand Rapids: Zondervan, 2002), p. 80-89.

Kunin mo ang aking buhay at hayaan ito – Frances Havergal

Kunin mo ang aking buhay at hayaan ito
Italaga, Panginoon, para sa Iyo.

Kunin ang aking mga sandali at ang aking mga araw,
Hayaan silang dumaloy sa walang katapusang papuri.

Kunin ang aking mga kamay at hayaan silang kumilos
Ayon sa tibok ng Iyong pagmamahal.

Kunin ang aking mga paa at hayaan silang maging
Maliksi at maganda para sa Iyo.

Kunin mo ang aking tinig at hayaan mo akong umawit,
Lagi, para lamang sa aking Hari.

Kunin mo ang aking mga labi at hayaan silang
Mapuno ng mga mensahe mula sa Iyo.

Kunin mo ang aking pilak at ginto,
Isang kusing man ay hindi ko ipagkakait.

Kunin mo ang aking pag-iisip at gamitin
Ang bawat lakas ayon sa Iyong naisin.

Kunin mo ang aking kalooban at gawin itong Sa Iyo,
Hindi na ito magiging akin.

Kunin mo ang aking puso, ito ay Iyong Sarili,
Ito ang magiging Iyong banal na trono.

Kunin mo ang aking pagmamahal,
aking Panginoon, aking ibubuhos

Sa Iyong paanan, ang lahat nitong yaman.
Kunin mo ang aking sarili at Ako'y magiging

Kailanman, tanging sa iyo, lahat para sa Iyo.

Aralin 2 sa Isang Pahina

- (1) Ang pagiging banal ay nangangahulugangpanatilihin ang pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang kabanalan ay paglakad kasama ang Diyos.
- (2) Ang paglakad kasama ang Diyos ay nangangailangan ng disiplina sa sarili na magsabi ng "hindi" sa mga maling pagnanasa.
- (3) Ang disiplina sa sarili ay hindi tinatanggi ang kapangyarihan ng biyaya. Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya; tayo ay pinagiging banal sa pamamagitan ng biyaya.
- (4) Ang paglakad kasama ang Diyos ay nangangailangan ng ganap na pagsunod sa mga utos ng Diyos. Hindi tayo maaaring lumakad kasama ang Diyos at lumakad sa kasalanan nang sabay.
- (5) Ang paglakad kasama ang Diyos ay nangangailangan ng lubos na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos.
- (6) Ang paglakad kasama ang Diyos ay nangangahulugang pagbuo ng hindi nagbabago, pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa Diyos.
- (7) Ang isang buhay na banal ay nangangailangan ng pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa Puno ng ubas. Ang ating espirituwal na buhay ay lubos na nakasalalay sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos.

Mga Takdang Aralin sa Aralin 2

- (1) Isipin mo na sinabi sa iyo ng isang bagong Kristiyano, "Gusto kong magkaroon ng mas malalim na kaugnayan sa Diyos. Mahal na mahal ko ang Diyos, ngunit mahirap malaman kung paano lumago sa aking kaugnayan sa kanya. Hindi ko makita ang Diyos, kaya parang ang layo niya. Ano ang maaari kong gawin?" Sumulat ng isang pahinang liham upang matulungan mo ang mananampalataya na maunawaan kung paano lumago sa kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos. Sa susunod mong klase, dapat basahin ng bawat mag-aaralang kanilang sagot at magkaroon ng panahon upang talakayin ang mga sagot.
- (2) Simulan ang susunod na sesyon ng klase sa pamamagitan ng pagbigkas sa 1 Juan 1:6-7.

Aralin 3

Ang Kabanalan ay ang Larawan ng Diyos sa Tao

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Pahalagahan ang plano ng Diyos sa pagpapanumbalik ng kanyang larawan sa tao.
- (2) Kilalanin ang proseso kung saan pinapanumbalik ng Diyos ang kanyang larawan sa atin.
- (3) Pahintulutan ang Diyos na gawin ang kanyang plano para sa pang-araw-araw na pagbabago patungo sa kanyang larawan.
- (4) Isaulo ang 2 Mga Taga-Corinto 3:17-18.

Si Moises: Isang Taong May Nagniningning na Mukha

Ito ang pinakadakilang araw sa buhay ni Moises (Exodo 33:17-23). Siya ay lumaki sa palasyo ni Faraon. Nakilala niya ang ilan sa mga pinakamakapangyarihang tao sa mundo. Ngunit ngayon, masasalubong ni Moises ang isa na mas malaki kaysa kay Paraon. Makikilala niya si Jehovah, ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob.

Si Moises ay nakipag-usap sa Diyos sa nagliliyab na puno. Nasaksihan niya na dinurog ng Diyos ang hukbo ni Paraon sa Dagat na Pula. Ngunit ngayon, makikita ni Moises ang Diyos nang mas malapit kaysa sa nasusunog na puno o sa Dagat na Pula.

Ngayon, si Moises ay nasa harapan ng presensya ni Jehovah. May isa lamang kahilingan si Moises, "Ipakita mo sa akin ang iyong kaluwalhatian." Sinabi ng Diyos kay Moises na imposible ito. "Hindi mo makikita ang aking mukha, sapagkat walang tao ang maaaring makakita sa akin at mabuhay." Ngunit binigyan ng Diyos ng isang espesyal na pabor si Moises:

At sinabi ng Panginoon, "Masdan mo, may isang dako sa tabi ko, at ikaw ay tatayo sa ibabaw ng bato; at samantalang ang aking kaluwalhatian ay dumaraan, aking ilalagay ka sa isang bitak ng bato, at tatakpan kita ng aking kamay hanggang sa ako'y makaraan. Pagkatapos, aking aalisin ang aking kamay, at iyong makikita ang aking likod; subalit ang aking mukha ay hindi makikita. (Exodo 33:21-23).

Nakita ni Moises ang isang maliit lamang na bahagi ng kaluwalhatian ng Diyos, ngunit nang bumalik siya sa kampo, ang kanyang mukha ay nagniningning. Sa tuwing si Moises ay nasa presensiya ng Diyos, "ang balat ng mukha ni Moises ay nagniningning. At muling ilalagay ni Moises ang tabing sa kanyang mukha, hanggang sa pumasok siya upang makipag-usap sa kanya." (Exodo 34:35). Ang mukha ni Moises ay nagpapakita ng kaluwalhatian ng Diyos. Si Moises ang lalaki na may nagniningning na mukha.

Nilikha tayo sa larawan ng Diyos; Nilikha tayo upang ipakita ang kaluwalhatian ng Diyos. Bagama't napinsala ng kasalanan ang larawan ng Diyos sa tao, ang Diyos ay naglalayong ibalik ang kanyang larawan sa bawat mananampalataya. Ang pagiging banal ay ang pagiging kamukha ng ating Ama sa langit. Ang layunin ng Diyos ay upang maibalik ang kanyang larawan sa kanyang bayan.

Ang Kabanalan ay ang Larawan ng Diyos na nasa Tao

► Umisip ng isang Kristiyanong modelo ng kabanalan. Anong mga katangian ng ating Ama sa langit ang nakikita mo ba sa buhay ng taong ito?

Ipinapakita ng Pentateuch na ang Diyos ay isang banal na Diyos. Dahil ang Diyos ay banal, tinawag niya ang kanyang bayan upang maging banal. Tayo ay nilikha upang maging kamukha ng ating Ama sa langit; nilikha tayo upang maging banal. Ang layunin ng Diyos ay hubugin ang kanyang mga anak sa kanyang sariling larawan.

Ang pagkakaroon ng larawan ng iba ay nangangahulugang maging kamukha na taong iyon. Nilikha tayo sa larawan ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan na ang Diyos ay may mukha tulad ng sa atin; ito ay nangangahulugan na ang ating mga kaluluwa ay ginawa upang ipakita ang katangian ng Diyos. Nilikha tayo upang maging salamin ng larawan ng Diyos. Tulad ng isang salamin na nagpapakitang mukha ng isang tao, ginawa tayo upang ipakita ang larawan ng Diyos.

Tayo ay ginawa upang maging dalisay at banal katulad ng Diyos ay dalisay at banal. **Ang pagiging banal ay nangangahulugang ipakita ang larawan ng Diyos.**

Iniutos ng Diyos sa kanyang mga anak, "Magpakabanal kayo." Bakit? Sapagkat ang Diyos ay banal. Dapat tayong maging katulad Niya (Levitico 11:45; 1 Pedro 1:16). Nilikha tayo upang maging isang bayang banal; Nilikha tayo upang maging kamukha ng ating Ama sa langit.

Nilikha Tayo sa Larawan ng Diyos

Ang kasukdulan ng kuwento ng paglikha ay ang paglikha ng sangkatauhan sa larawan ng Diyos (Genesis 1:27). Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti, ngunit ang tao lang ang ginawa sa larawan ng Diyos. Ginawa ng Diyos ang tao upang maging katulad niya. Pinutungan siya ng Diyos ng kaluwalhatian at karangalan (Mga Awit 8:5).

Ang tao ay may walang katapusang halaga dahil ginawa tayo sa larawan ng Diyos. Isinulat ni Pablo na ang tao ay ang larawan at kaluwalhatian ng Diyos (1 Mga Taga-Corinto 11:7). Nilikha tayo upang ipakita ang kaluwalhatian ng Diyos.

Isang Panalangin para saKabanalan

Panginoon, ang akingkaluluwa
ay gawinmo
Na maisalamin ka,
Ikaw lamang
Na magliwanagsa akin,
Upangmakita ng mgatao
Ang iyongpag-ibig,
Ang iyongbiyaya....
- Blanche Mary Kelly

Ang Larawan ng Diyos sa Tao ay Napinsala sa Pagkakahulog sa Kasalanan

Ang kasalanan ang sumira sa larawan ng Diyos sa tao. Sa Genesis 1, ang tao ay ginawa "sa wangis ng Diyos"; sa Genesis 6, "ang lahat ng tao sa mundo ay lubhang naging masama dahil ang ginagawa nila ay puro kasamaan (Genesis 6:12). Lubhang lumayo ang tao sa plano ng Diyos kaya't "ang bawat layunin ng mga kaisipan ng kanilang puso ay laging masama (Genesis 6:5).

Ang kaluwalhatian ng tao na ibinigay noong panahon ng paglikha ay naging kahihyan. Ipinakita ni Pablosa kanyang mga sulat kung ano ang mga nawala sa tao sa kanyang pagtalikod sa Diyospatungo sa huwad na Diyos. Dahil sa pagkakahulog ng tao sa kasalanan, "ay ipinagpalit nilaang kaluwalhatian ng walang kamatayang Diyos para sa mga diyo diyosan" Bilang resulta, (Mga Taga-Roma 1:23-28) hinayaan sila ng Diyos:

- "sa mga pagnanasa ng kanilang mga puso ay hinayaan sila ng Diyos sa karumihan"
- "hinayaan sila ng Diyos sa mga mahahalay na pagnanasa."
- "hinayaan sila ng Diyos sa isang mahalay na pag-iisip"

Ang lahat ng ito ay bunga ng pagkakahulog sa kasalanan. Dahil sa kasalanan, ang kaluwalhatian ng tao ay nabago at naging kahihyan. Ang larawan ng Diyosna nasa tao ay nasira; ang tao ay hindi na kalarawanng kanyang Manlilikha.

Ang Larawan ng Diyos ay Pinapanunumbalik sa Kanyang Bayan

Gayunpaman, hindi iniwan ng Diyosang tao nang nag-iisa. Ang mga paghahandog ay isang paraan ng pagbabayad sa parusa ng kasalanan at pagpapanumbalik ng relasyon sa pagitan ng Diyos at tao. Ngunit ang layunin ng Diyos ay mas malalim kaysa sa pagbabayad sa parusa ng ating kasalanan. Ang Diyos ay naglalayong gawing banal ang tao dahil Siya aybanal.

Ang layunin ng Diyos ay hubugin tayo sa kanyang larawan (Mga Taga-Roma 8:29). Habang ang kanyang larawan ay pinapanunumbalik sa atin, ang kahihyan ng kasalanan ay nabura at muli nating maipapakita ang kaluwalhatian ng Diyos. Ito ay isa sa mga pangunahing tema ng Biblia:

- Ginawa tayo sa larawan ng Diyos (Genesis 1-2).
- Sa pamamagitan ng kasalanan, ang larawan ng Diyos sa tao ay nasira (Genesis 3).
- Simula sa pangako ng Mesiyas sa Genesis 3:15 at nagtatapos sa langit, pinanunumbalik ng Diyos ang kanyang larawan sa tao.

Ipinangako ni Juan na kung mananatili tayo kay Kristo, "maaari tayong magkaroon ng kumpiyansa at hindi tayo mapapahiya dahil sa kahihyan sa kanyang pagbalik (1 Juan 2:28). Habang tayo ay binabago na maging kanyang larawan, nakamit natin ang kaluwalhati nang nawala sa pagkakahulog sa kasalanan. Ang ating kahihyan ay nabura, at haharapin natin ang kanyang pagbabalik nang may kumpiyansa. Habang lumalago tayo sa larawan ng Diyos,

tayo ay pinagiging banal. Kung paanong ang Diyos ay banal, ang kanyang bayan ay pinagiging banal.

Ang Israel ay Tinawag Upang Ipakita ang Larawan ng Diyos

Tinawag ng Diyos ang Israel upang maging isang banal na bayan. Ang kanyang layunin ay upang ibalik ang kanyang larawan sa Israel. Pinili ng Diyos ang Israel bilang kanyang natatanging kinatawan sa ibang mga bansa. Itinakda niya ang Israel bilang kanyang mga piniling tao na magpapakita ng kanyang banal na katangian sa ibang bansa.

Tinawag ng Diyos ang Israel upang maging isang kaharian ng mga saserdote. "Sa akin kayo ay magiging isang kaharian ng mga pari at isang banal na bansa. (Exodo 19:6). Ang trabaho ng isang saserdote ay maging kinatawan ng Diyos sa mga tao. Ang misyon ng Israel ay ang pagiging kinatawan ng Diyos sa lahat ng bansa. Tinawag ng Diyos ang Israel upang ipakita ang kanyang banal na katangian sa ibang mga bansa. Upang maisagawa ang misyon na ito, ang Israel ay kailangang maging banal.

Noong tapat ang Israel sa Diyos, ipinapakita niya ang banal na katangian ng Diyos; siya ay naging isang salamin ng kabanalan ng Diyos. Nang lumipat ang Israel sa mga diyos-diyosan, ipinapakita niya ang makasalanang katangian ng mga diyos-diyosan; siya ay naging isang salamin ng mga kasalanan ng mga diyos-diyosan. Noong nabigo ang Israel upang maging katulad ng Diyos, nabigo siya sa kanyang misyon sa mundo.

Ang Iglesia ay Tinatawag na Ipakita ang Larawan ng Diyos

Sa Bagong Tipan, ang iglesia ay tinawag upang maging banal na bayan ng Diyos. Ang iglesia ay tinawag na maging isang "pagkasaserdote" na kumakatawan sa Diyos sa mundo.

Ngunit kayo'y isang lahing pinili, isang maharlikang pagkapari, isang bansang banal, sambayanang pag-aari ng Diyos, upang inyong ipahayag ang mga makapangyarihang gawa niya na tumawag sa inyo mula sa kadiliman, tungo sa kanyang kagila-gilalas na liwanag. (1 Pedro 2:9).

Kung paanong pinili ng Diyos ang Israel upang ipakita ang kanyang larawan sa mga bansa, pinili niya ang iglesia upang sabihin sa mundo kung paano (tayo) tinawag ng Diyos mula sa kadiliman papunta sa kanyang dakilang liwanag. Pinili ng Diyos ang iglesia upang kumatawan sa kanyang katangian sa mga hindi pa nakakakilala sa kanya. Upang gawin ito, dapat magpakita ng iglesia ang larawan ng Diyos. Upang maisagawa ang kanyang misyon, ang iglesia ay dapat maging banal.

Kapag ang iglesia ay tapat sa Diyos, siya ay nagiging kamukhang Diyos; ipinapakita niya ang banal na katangian ng Diyos. Kapag ang iglesia ay lumipat sa mga diyos-diyosan ng pagiging popular, kayamanan, at kapangyarihan, siya ay nagiging kamukhang kanyang mga idolo; ipinapakita niya ang makasalanang katangian ng kanyang huwad na mga Diyos. Kapag ang iglesia ay nabigo na maging katulad ng Diyos, nabibigo siya sa kanyang misyon sa mundo.


Ang Larawan ng Diyos ay Pinanunumbalik sa Bawat Mananampalataya

Nilikha tayo upang maging kalarawan ng ating Ama sa langit. Ginawa tayo sa larawan ng Diyos, ngunit ang larawang ito ay nasira sa pagkahulog sa kasalanan. Ang larawan ng Diyos ay nandoon pa rin (Genesis 9:6), ngunit ito ay naitatago ng kasalanan.

Isipin mo na ang isang taong naghuhukay sa Tsina ay nakakita ng isang magandang antigong plorera. Sa una, hindi ito mukhang maganda; ito ay nababalutan ng dumi at putik. Maaaring sabihin ng isang tumitingin na, "Itapon mo na iyan. Wala iyang kabuluhan!" Ngunit alam ng dalubhasa na sa ilalim ng dumi ay isang magandang kayamanan.

Ang larawan ng Diyos sa tao ay nasira sa pagkahulog sa kasalanan. Ang larawan ng Diyos ay nabalutan ng dumi at putik ng kasalanan. Ngunit pinapanumbalik ng Diyos ang kanyang larawan sa atin. "Sapagkat ang mga nakilala niya nang una pa ay itinalaga naman niya na maging katulad sa larawan ng kanyang Anak (Mga Taga-Roma 8:29). Tulad ng pagiging kamukha ni Hesus sa kanyang Ama, dapat tayong maging katulad ng ating Ama. Ang kabanalan ay "pagiging katulad ng Diyos"; Ang kabanalan ay ang pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos sa tao.

Ang *Pieta* ni Michelangelo⁹ ay isa sa mga pinakasikat na iskultura sa Italya. Noong 1972, isang taong may sakit sa pag-iisip ang kumuha ng martilyo at hinampas ang sculpture. Ang mga artist ay nagtrabaho nang ilang buwan para maayos ang pinsala. Dahil ang iskulturang ito ay napakahalaga, maingat silang nagtrabaho upang mapanumbalik ang orihinal na larawan. Ngayon, hindi mo na makikita kung saan nasira ang iskultura. Pinanumbalik ng mga artist ang *Pieta* sa orihinal na kagandahan nito.



Sa pagkahulog sa kasalanan, sinira ng kasalanan ang pinakadakilang nilikha ng Diyos. Nasira ng kasalanan ang larawan ng Diyos sa tao. Dahil ang tao ay mahalaga sa Diyos, sinimulan niyang mapanumbalik ang kanyang larawan sa atin. Mula sa pagkahulog sa kasalanan hanggang ngayon, kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng biyaya upang mapanumbalik ang sangkatauhan sa ating orihinal na kagandahan. Ang layunin ng Diyos ay upang mapanumbalik sa atin ang kanyang magandang larawan sa tao.

Maraming tao ang may hindi kumpletong pagkaunawa sa ebanghelyo. Ang kanilang konsepto ng ebanghelyo ay:

1. Ako ay isang makasalanan.
2. Iniligtas ako ng Diyos.

⁹ Imahen: "Michelangelo's Pieta 5450 cut out black" taken by Stanislav Traykov on December 4, 2005, edited by Niabot, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Michelangelo%27s_Pieta_5450_cut_out_black.jpg, licensed under CC BY 2.5, desaturated from the original.

3. Maaari na ako ngayong pumunta sa langit.

Ito ay mabuting balita - ngunit hindi ito ang buong ebanghelyo! Kinikilala ng mabuting balita ng ebanghelyo ang walang hanggang layunin ng Diyos:

1. Ako ay isang makasalanan.
2. iniligtas ako ng Diyos.
3. Pinapanumbalik ngayon ng Diyos ang kanyang larawan sa akin.
4. Sa langit, ako ay magiging katulad niya, sapagkat makikita ko siya bilang siya (1 Juan 3:2). Matutupad ang layunin ng Diyos para sa kanyang bayan.

Hindi ba ito kamangha-mangha? Iniligtas ka ng Diyos *upang magawa kang katulad ng kanyang sarili*. Ito ang kagandahan ng isang buhay na banal. Bilang isang taong banal, pinapanumbalik tayo sa larawan ng Diyos.

Iniligtas ng Diyos ang mga Israelita mula sa Ehipto upang makapamuhay siya na kasama nila sa isang mapagmahal na pakikipag-ugnayan. Hindi pinalaya ng Diyos ang Israel upang mabuhay tulad ng mga Canaanita. Pinalaya niya sila upang maging katulad sila ng kanyang sarili.

Ang umaalingawngaw nakatibayan ng presensiya ng Banal na Espiritu sa buhay ng isang tao ay ang hindi maikakailang pagkakatulad ng pamilya kay Kristo Hesus, at sa kalayaan mula sa lahat ng bagay na hindi Niya katulad.
Oswald Chambers

Sa parehong paraan, tayo ay iniligtas upang mabuhay sa matalik na pakikipag-ugnayan sa Diyos at mabago patungo sa kanyang larawan. Iniligtas tayo ng Diyos mula sa ating kasalanan upang maging banal tayo na katulad niyang banal. Ginawatayou pangipakita ang kanyangkaluwalhatian.

Pagsasabuhay ng Kabanalan: Ang Kabanalan at Personalidad

May mgataonananiwala na ang isang taong banal ay magkakaroon ng isang tiyak na uri ng personalidad. Isipin ang iyong sagot sa tanong sa pasimula ng araling ito: "Umisip ka ng isang Kristiyanong nagmodelo ng kabanalan. Anong mga katangian ng ating Ama sa langit ang nakikita mo sa buhay ng taong ito?" Inilarawan mo ba ang mga ito lalo na ayon sa mga tuntunin ng mga katangian ng personalidad? Madalas na ganito ang ating ginagawa!

Gayunman, kapag binabasa natin ang Bagong Tipan, makikita natin na ang lahat ng mga uri ng personalidad ay kinakatawan sa araw ng Pentekostes. Ang lahat ng uri ng mga tao ay napuspos ng Banal na Espiritu. Pagkatapos ng araw ng Pentekostes, ang mga alagad ay hindi biglang nagbago sa ibang uri ng katauhan. Sa halip, kumikilos ang Diyos sa *pamamagitan* ng kanilang likas na personalidad upang magawa ang kanyang mga layunin sa isang bagong paraan.

Si Tomas ay hindi biglang naging isang matalino, positibong tao. Hanggang sa kanyang kamatayan, malamang na tahimik at mahiyain si Tomas. Si Simon Pedro ay hindi biglang naging isang tahimik na taong nakaupo nang hindi mapapansin sa sulok. Kahit na

pagkatapos ng Pentekostes, si Pedro ay isang taong may kumpiyansa na nagsasabi, "Hindi maaari, Panginoon" (Mga Gawa 11:8).

Nilikha ng Diyos ang bawat isa sa atin na may kakaibang personalidad. Hindi sinisirang pagpapabanal ang mga katangiang ito. Sa halip, habang isinusuko natin ang ating sarili sa Diyos, ang kanyang larawan ay nagniningning sa *pamamagitan* ng ating personalidad.

Posible Bang Magingning ang Larawan ng Diyos sa Pamamagitan ng Ating Mga Personalidad?

Paano ito makikita sa pang-araw-araw na buhay? Ang isang mahilig makilahok, palalabas na tao na sumuko nang buo sa Diyos ay patuloy na magtataglay ng parehong personalidad. Ang isang mahiyaing tao na umiiwas sa mga tao ay patuloy na nahihiya. Gayunman, sa parehong mga kaso, ang isang pinabanal na tao ay pinahihintulutan ang Diyos na kinisin at pinuhin ang kanilang personalidad kapag nakita nila ang mga parte na hindi nagpapakita ng larawan ng Diyos.

Hayaan mo akong magbigay ng isang halimbawa. Sina Pastor Gideon at Pastor Mark ay may malakas na personalidad. Silang pareho ay may matibay na paniniwala. Pareho silang mahuhusay na magsalita na maaaring makipagtalo ng mabuti. Parehong nasa posisyon ng pamumuno. Dahil sa kanilang matibay na paniniwala, ang dalawang lalaking ito ay kapwa maaaring makapinsala sa iba sa kanilang mga salita.

Noong malapit nang matapos ang kanyang buhay, sinabi ni Pastor Gideon na, "Hindi ako kailanman humihingi ng paumanhin. Hindi mahalaga kung ano ang iniisip ng mga tao tungkol sa sinasabi ko. Kasalanan nila kung hindi nila ako naunawaan. Alam ko na tama ang puso ko!" Kahit na ang puso ni Gideon ay taos-puso, ang mga tao sa mga iglesya na kanyang pinagpastoran ay kadalasang nasasaktan sa kanyang mga salita. Hindi niya kailanman ganap na natutunan na hayaang magliwanag ang larawan ng pamamagitan ng kanyang personalidad.

Si Pastor Mark ay isa ring malakas na lider. Gayunpaman, natutunan ni Pastor Mark kung ano ang ibig sabihin ng pagpapakita ng larawan ng Diyos. Natutunan niyang sabihin, "Paumanhin. Masyadong mabigat ang pagkakasabi ko." Natuto siyang magpakita ng awa kasama ang hustisya. Sinabi ng mga miyembro ni Pastor Mark, "Tinatrato kami ng aming pastor katulad ng ginawa ni Hesus."

Hindi binabago ng kabanalan ang uri ng iyong personalidad; Ginagawa kang sensitibo ng kabanalan sa tinig ng Banal na Espiritu kapag sinabi ng Espiritu, "Kailangan mong humingi ng paumanhin. Ikaw ay nakapagsalita nang mabigat."

Kung mayroon kang isang personalidad na umiiwas sa pampublikong mata, ang kabanalan ay hindi ka ginagawang isang palalabas na tao na gustoang atensyon. Gayunpaman, ang kabanalan ay gagawin kang handa na isantabi ang iyong pag-aalinlangan kapag sinabi ng Diyos, "Gusto Kong lumabas ka at manguna sa sitwasyong ito."

Nagbigay si Everett Cattell ng tatlong halimbawa na naglalarawan kung paano gusto ni Satanas na baluktutin ang ating likas na mga pagkahilighilig sa isang bagay na nagpapakita ng larawan ng Diyos sa ating buhay.¹⁰

Example 1: Pagkain

Ang kagutuman ay isang likas na gana. Posible na kumain “para sa kaluwalhatian ng Diyos (1 Mga Taga-Corinto 10:31). Walang dapat humanap ng espirituwal na karanasan na sisira sa gutom.

Gayunman, sa maraming mga tao, nasira ni Satanas ang ganitong likas na gana at naging katakawan. Sa halip na kumain upang masiyahan ang natural at normal na pangangailangan, ang pagkain ay nagiging isang daan sa pangsariling kasiyahan.

Ang solusyon sa katakawan ay hindi ang alisin ang kagalakan sa pagkain. Ang solusyon ay magkaroon ng pagpipigil sa sarili na pumipigil sa ;ikas na gana sa pagkain bago pa ito maging isang mapanganib o makasalanang gawain.

Example 2: Pagkasensitibo

Pagkatapos ay nagbigay ng mas mahirap na halimbawa si Everett Cattell. Ang sinumang tao na may normal na emosyon ay may ilang antas ng pagiging sensitibo sa mga pananakit at pagdurusa. Ito ay normal at hindi makasalanang. Gayunpaman, kung pinahihintulutan natin ang pagkasensitibong ito na magkaroon ng awa sa sarili, ito ay nagiging isang makasariling saloobin na naglilimita sa ating kakayahan na mabisang maglingkod sa Diyosat upang maipakita ang kanyang larawan sa iba.

Muli, ang solusyon ay hindi upang alisin ang lahat ng emosyonal na pagkasensitibo at maging manhid sa mga salita at pagkilos ng ibang tao. Sa halip, dapat nating matutunan na isuko ang pagkasensitibo sa Diyos at pahintulutan siyang gabayan at kontrolin ang ating tugon sa pananakit.

Example 3: Ang Dila

Marahil ito ang pinakamahirap na halimbawa. Lahat tayo ay dapat gamitin ang dila. Hindi tayo makakapanalangin, “Diyos, pakiusap puksain mo ang aking dila.” Gayunpaman, ang dila ay hindi dapat pahintulutang mawalan ng kontrol.

Nagbigay si Cattell ng halimbawa ng isang misyonero na kadalasang tama sa kanyang mga opinyon, ngunit sinasaktan ang iba sa kanyang mga mabibigat na pananalita. Sa isang kapulungan patungkol sa espirituwal na buhay, sinabi niya ang isang bagay na nakasakit sa maraming dumalo. Nang gabing iyon, ipinaalam ng Diyos sa misyonero na ang kanyang dila ay nakasakit sa iba.

¹⁰ Everett L. Cattell, *The Spirit of Holiness* (Newberg, OR: Barclay Press, 2015), pgs 30-35.

Nanalangin ang misyonero at pagkatapos ay pumunta sa pang-umagang pagpupulong. Sinabi niya sa mga tao sa pulong, "Kung ang aking problema ay alak, madali ito. Itatapon ko ang alak at matatapos na ang problema. Ngunit ang aking problema ay ang aking dila. Hindi ko ito mapuputol para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ngunit ipinagkatiwala ko ang aking dila sa Diyos, at nagtitiwala ako na tutulungan ako ng Banal na Espiritu na gamitin ito para sa kanyang kaluwalhatian."

Itinuro ni Rev. Cattell ang dalawang pagkakamali sa mga problema tulad ng dila:

1. Ang isang pagkakamali ay nagsasabing, "Ako ay makasalanan at hindi makokontrol ang aking dila. Dapat akong magpatuloy sa pagkakasala gamit ang aking dila dahil hindi sapat ang makapangyarihan ng biyaya ng Diyos upang malunasan ang aking problema."
2. Ang isa pang pagkakamali ay nagsasabing, "Nanalangin ako na gawin nawa ako ng Diyos na banal. Kaya, kokontrolin niya ang aking dila. Hindi ko kailangang gumawa ng anumang bagay upang disiplinahin ang sarili ko. Magtitiwala lamang ako sa Diyos."

Ang wastong saloobin ay nagsasabi, "Isinusuko ko ang aking puso - at ang aking dila - sa Diyos. Ang aking puso ay dalisay, ngunit alam ko na dapat ko pa ring disiplinahin ang paggamit ko sa aking dila. Kailangan kong maglaan ng panahon upang mag-isip bago ako magsalita. Kailangan kong maglaan ng oras upang manalangin bago ako magsalita. At, kung masyado akong mabilis magsalita, kailangan kong magpakumbaba at magsisi. "Ang isang taong banal hay mabilis na pumupunta sa nasaktan niyang kapatid na may mapagpakumbabang paghingi ng paumanhin (Mateo 5:23-24).

► Ano ang isang panganib na bahagi para sa iyo? Isipin ang natural na mga pagnanasa na maaaring humantong sa makasalanang saloobin o pag-uugali. Magbigay ng isang halimbawa kung paano ang ganitong gana o pagnanasa ay minsang nagiging sanhi ng problema. Pagkatapos ay magbigay ng isang halimbawa kung paano ka tinulungan ng Diyos na disiplinahin ang ganitong gana o pagnanasa.

Paano Hinuhubog ng Diyos ang Personalidad ng Isang Banal na Tao?

Habang hinahangad nating ipakita ang larawan ng Diyos sa ating buhay, kumikilos ang Diyos sa maraming paraan upang hubugin tayo sa taong nais niya para sa atin. Tulad ng arkeologo na nakahanap ng isang di-karaniwang plorera sa Tsina at maingat na kinikinis hanggang sa ito ay kuminang, maingat na pinapaganda ng Diyos ang kanyang mga anak hanggang sa tayo ay lumiwanag at sumalamin sa kanyang larawan.

Ano ang ilan sa mga paraan na hinuhubog ng Diyos ang kanyang bayan sa kanyang larawan? Sa simula ng araling ito, nakita natin kung paano ipinakita ni Moises ang larawan ng Diyos. Ang pagtingin sa buhay ni Moises ay nagbibigay sa atin ng ilang mga ilustrasyon kung paano tayo hinuhubog ng Diyos sa kanyang larawan.

Sa simula ng buhay, hindi laging ipinakita ni Moises ang larawan ng Diyos. Ang init ng kanyang ulo ang nagtulak sa kanya na patayin ang isang lalaki at nanganganib na hindi siya mapakinabangan sa kaharian ng Diyos (Exodo 2:11-15). Gayunman, hinubog ng Diyos si Moises sa isang lalaking "mas maamo kaysa sa lahat ng tao na nasa ibabaw ng lupa. (Mga Bilang 12:3). Madaling masiraan ng loob si Moises (Exodo 5:22-23) ngunit hinubog siya ng Diyos sa isang taong matapat na mangunguna sa kanyang bayan sa loob ng 40 taon sa disyerto. Paano binago ng Diyos ang katangian ni Moises?

(1) Ginagamit nang Diyos ang kanyang Salita upang hubugin ang kanyang mga anak sa kanyang larawan

Ang isa sa mga pinaka-epektibong pamamaraan na ginagamit ng Diyos ay ang kanyang Salita. Habang itinatago natin ang Salita ng Diyos sa ating puso, ginagamit niya ito upang gabayan tayo (Mga Awit 119:9-11). Sa pagtanggap ni Moises sa kautusan ng Diyos na direktang galing sa kamay ng Diyos, hinuhubog nito ang kanyang pagkaunawa at ang kanyang pagkatao.

Ang mga taong banal ay mga tao ng Salita. Alam nilang sa Salita ng Diyos makikita nila ang katangian ng Diyos. Alam nilang sa Salita ng Diyos matututuhan nila kung paano maisasalamatin ng kanilang pagkatao ang katangian ng Diyos. Ang bawat dakilang Kristiyano sa kasaysayan ay naging isang mag-aaral ng Salita.

(2) Ginagamit ng Diyos ang mahihirap na kalagayan upang hubugin ang kanyang mga anak sa kanyang larawan

Dahil sa kanyang pagpatay sa isang Egiptio, si Moises ay gumugol ng 40 taon sa disyerto. Maraming beses, maaari niyang naisip, "Sinayang ko ang aking pagkakataon. Wala akong magagawa nang higit sa pag-aalaga sa mga tupa." Ngunit ginamit ng Diyos ang 40 taon upang hubugin si Moises sa pagiging isang pinuno.

Ang isa sa mga pinaka-nakapagpapalakas ng loob na talala ay mula sa buhay ni Pedro nang hulaan ni Hesus ang kanyang pagkabigo sa pagsubok. Binabalaan ni Hesus si Pedro, "hingi ni Satanas na ligligin kayo gaya ng trigo..." Pinalakas Niya ang loob ni Pedro, "subalit ako ay nanalangin para sa iyo upang ang iyong pananampalataya ay huwag mawala" At pagkatapos, ipinangako niya na mula sa (pansamantalang) pagkabigo ni Pedro, ang Diyos ay magdadala ng kabutihan: "Kung makabalik ka nang muli, ay palakasin mo ang iyong mga kapatid." (Lucas 22:31-32). Ginamit ng Diyos kahit ang nakapipighating kalagayan ng kabiguan ni Pedro upang gawin siyang mas epektibo.

Ang mga taong banal ay nagtitiwala sa kalooban ng Diyos sa mahihirap na kalagayan. Naniniwala sila sa Mga Taga-Roma 8:28 *dahil* pinagsisikapan nilang ipamuhay ang Mga Taga-Roma 8:29. Isinulat ni Pablo, "At nalalaman natin na sa lahat ng mga bagay ang Diyos ay gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya, sa kanila na mga tinawag alinsunod sa kanyang layunin." Pagkatapos, sinabi niya sa atin ang "layunin" ng Diyos na dinadala sa

buhay ng kanyang mga anak: “Sapagkat ang mga nakilala niya nang una pa ay itinalaga naman niya na maging katulad sa larawan ng kanyang Anak.”

Hindi lahat ng nangyayari sa isang taong banal ay mabuti! Ngunit lahat ng nangyayari ay “nagtutulungan” upang maisakatuparan ang mabuting layunin ng Diyos - na humuhubog sa atin sa larawan ng kanyang Anak.

(3) Gumagamit ang Diyos ng tao upang hubugin ang kanyang mga anak sa kanyang larawan

Maaaring ito ang pinakamahirap sa tatlo. Ginagamit ng Diyos ang mga tao - kadalasang matitigas ang pusong mga tao - upang hubugin tayo sa kanyang larawan. Nang malapit nang umayaw si Moises sa mabibigat na responsibilidad ng pamumuno, ginamit ng Diyos ang kanyang biyenan na si Jetro (na hindi naman isang Israelita) upang payuhan si Moises at naging dahilan ng pagiging mas epektibo niya (Exodo 18:1-27).

Maaari nating tingnang muli si Simon Pedro. Sa pamamagitan ng kanyang pakikisalamuha kay Juan at sa ibang pagkakataon sa pamamagitan ng pakikipagharap kay Pablo, si Pedro ay higit na nahubog sa larawan ng Diyos. “Sinalungat siya ng harapan” ni Pablo nang mabigo si Pedrong mamuhay ayon sa mga aral na itinuro sa kanya ng Espiritu tungkol sa pagkain kasama ng mga Hentil (Galacia 2:11). Bilang nakatatandang apostol, ito ay tiyak na nakakahiya para kay Pedro. Sumusunod na siya kay Kristo habang pinapatay pa rin ni Pablo ang mga Kristiyano! Ngunit pinahintulutan ni Pedro ang Diyos na kumilos sa pamamagitan ni Pablo upang maging malapit siya sa kung ano ang nais ng Diyos para kay Pedro.

Pinahihintulutan ng mga taong banal na kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng ibang tao upang hubugin ang kanilang karakter sa kanyang larawan. Sinasabi ng Kawikaan, “Ang bakal ay nagpapatalas sa bakal; at ang tao ang nagpapatalas sa isa pang tao.” (Kawikaan 27:17). Ang matalim na dulo ng isang palakol ay pinapatalim sa pamamagitan ng pagkiskis sa palakol sa isa pang bakal. Sa parehong paraan, habang nakikipag-ugnayan ang mga tao sa isa’t isa, ang kanilang mga kasanayan ay pinalalakas.

Ang buhay ng kabanalan ay higit pa sa isang minsanang sandali ng krisis. Ito ay isang araw-araw na pagbabago sa larawan ng Diyos. Habang nagpapasakop tayo sa pagkilos ng Diyos sa ating buhay, patuloy niya tayong hinuhubog sa kanyang larawan. Ito ang praktikal na buhay ng kabanalan.

Natagpuan Niya ang Sikreto - Frank Crossley

Ang pusong banal ay hindi lang para sa mga pastor o mga misyonero. Nais ng Diyos na baguhin *ang bawat* Kristiyano sa kanyang larawan. Nagpakita si Frank Crossley ng larawan ng Diyos sa ordinaryong buhay. Si Frank Crossley ay hindi isang mangangaral; siya ang may-ari ng Crossley Engines. Hindi siya nanirahan sa isang kwebang nakatago mula sa tukso; nakatira siya sa Manchester, isang malaking *industrial* na lungsod.

Si Frank Crossley ay isang mayamang negosyante noong ika-19 na siglo ng Inglatera. Hindi nagtagal pagkatapos ng kanyang pagbabalik-loob, narinig ni Crossley ang isang batang babae mula sa Salvation Army na nagpapatotoo tungkol sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nakakapagpabago. Sinabi ni Crossley sa kanyang asawa, "Gusto kong makilala ang Diyoskatulad ng pagkaka-alam ng batang babae sa Diyos." Nang sumunod na gabi ay bumalik siya at nagsimulang hanapin ang isang dalisay na puso.

Pagkatapos gawing dalisay ng Diyos ang kanyang puso sa pamamagitan ng pananampalataya, ninais ni Crossley na gumawang higit pa kaysa sa gumawa ng pera. Nagpasya siyang maging isang mangangaral. Nakipag-ugnayan siya kay Heneral William Booth ng Salvation Army, ngunit matalinong pinayuhan ni Booth si Mr. Crossley na ipagpatuloy ang kanyang trabaho bilang isang negosyante. Si Heneral Booth ay naniniwala na si Frank Crossley ay magiging mas epektibo sa paglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang pagnenegosyo.

Tinanong ni Mr. Crossley, "Paano ko maipapakita ang larawan ng Diyos sa aking pang-araw-araw na buhay? Paano tatraturhin ni Hesus ang aking mga empleyado?" Inilipat niya ang kanyang pabrika sa pinakamahirap na bahagi ng lungsod upang tulungan ang mga nangangailangan. Tinatrato niya ang kanyang mga manggagawa tulad ng mga Kristiyanong kapatid.

Nagpakita si Frank Crossley ng pusong banal sa pamamagitan ng pag-uugaling katulad ng kay Kristo. Araw-araw, isinasalamin ni Mr. Crossley ang larawan ng Diyos sa kanyang pagtrato sa ibang tao. Ang isang karibal na negosyante ay minsang nakipagkita kay Mr. Crossley tungkol sa isang mahirap na kontrata. Nang maglaon ay sinabi niya, "Itrinato ako ni Mr. Crossley katulad ng ginawa ni Hesu-Kristo." Nakita ng kasamahan niyang negosyante ang larawan ng Diyos sa buhay ni Frank Crossley.

Para kay Frank Crossley, ang pinakamahalagang tanong ay hindi, "Paano ako makakagawa ng mas maraming pera?" Ang pinakamahalagang tanong ay, "Ako ba ay katulad ng aking Ama sa langit?" Dahil dito, naipapakita ni Mr. Crossley ang larawan ng Diyos sa mga taong nasa paligid niya. Ito ay kabanalan.

O Upang Ang Isang Puso Ay Purihin ang Aking Diyos- Charles Wesley

O para sa isang puso na purihin ang aking Diyos,
Ang isang puso mula sa kasalanan ay pinalaya,
Isang puso na laging nakakaramdam ng Iyong dugo
Malayang ibinigay para sa akin.

Ang isang pusong sumuko, masunurin, maamo,
Ang trono ng dakilang Manunubos ko,
Kung saan naririnig tanging si Kristo upang magsalita,
Kung saan tanging si Hesus ang naghahari.

Ang isang mapagpakumbaba, mababang-loob, nagsisisingpuso,
Naniniwala, totoo at malinis,
Kahit ang buhay o kamatayan man ay hindi maaaring ihiwalay
Mula kay Kristo na nananahan sa kalooban.

Isang puso na sa bawat isipan ay binabago
At puno ng banal na pagmamahal,
Perpekto at tama at dalisay at mabuti,
Isang kopya, Panginoon, sa Iyo.

Aralin 3 sa Isang Pahina

- (1) Ang pagiging banal ay nangangahulugang maipakita ang larawan ng Diyos.
- (2) Ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ay napinsala ng pagkahulog sa kasalanan.
- (3) Ang isa sa mga pangunahing tema ng Biblia ay ang pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos sa tao.
- (4) Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay upang mapanumbalik tayo sa kanyang larawan.
- (5) Kapag ang Israel ay tapat sa Diyos, ipinapakita niya ang kanyang larawan sa mga bansa.
- (6) Kapag ang iglesia ay tapat sa Diyos, ipinapakita natin ang kanyang larawan sa mundong nakapaligid sa atin.
- (7) Ang larawan ng Diyos sa atin ay nasira ng kasalanan. Gayunpaman, kumikilos ang Diyos sa buhay ng bawat mananampalataya upang gawin tayongmas katulad Niya.
- (8) Ang mabuting balita ng ebanghelyo ay:
 - Ako ay isang makasalanan
 - Iniligtas ako ng Diyos
 - Pinapanumbalik ng Diyos ang kanyang larawan na nasa akin
 - Sa Langit, ako ay magiging katulad niya dahil makikita ko siya bilang siya.
- (9) Kumikilos ang Diyos upang hubugin ang kanyang mga anak sa kanyang larawan. Anuman ang ating pagkatao, nais niyang ipakita ang kanyang sarili sa pamamagitan natin. Ginagamit ng Diyos ang kanyang Salita, ang kalagayan ng buhay, at ang iba pang mga tao upang hubugin tayo sa kanyang larawan.

Mga Takdang Aralin sa Aralin 3

(1) Sumulat ng isang sanaysay na 2-3 pahina sa paksang: "Ang Larawan ng Diyos sa Akin." Sagutin ang apat na tanong:

- Kung titingnan ako ng mga miyembro ng aking pamilya, makikita kaya nila sa akin ang larawan ng Diyos?
- Ano ang makikita sa akin ng miyembro ng aking pamilyana hindi katulad ng larawan ng Diyos?
- Ano ang tatlong praktikal na hakbang na maaari kong gawin upang ipakita ang larawan ng Diyos sa aking buhay?
- Anong mga pangyayari o mga tao ang ginagamit ng Diyos ngayon upang hubugin ako sa kanyang larawan?

(2) Simulan ang susunod na sesyon ng klase sa pamamagitan ng pag-sipi sa 2 Mga Taga-Corinto 3:17-18.

Aralin 4

Ang Kabanalan ay Paghihiwalay/Pagbubukod

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Kilalanin ang kahalagahan ng paghihiwalay mula sa kasalanan para sa bawat Kristiyano.
- (2) Ma-appreciate ang pribilehiyo na ibukod para sa Diyos.
- (3) Bumuo ng praktikal na mga prinsipyo para sa pag-unawa ng pagbubukod ayon sa Biblia.
- (4) Maisaulo ang 2 Mga Taga-Corinto 6:16-18.

Si Moises: Isang Taong Nakatayo sa Banal na Lugar

Habang inaalagaan niya ang mga tupa sa disyerto, nakita ni Moises ang isang puno na umaapoy ngunit hindi natupok. Habang naglalakad si Moises palapit sa kakaibang punong nag-aapoy, narinig niya ang pagtawag ng Diyos, "Moises, Moises!" Sumagot si Moises, "Narito ako." Nagbabala ang Diyos, "Huwag kang lumapit dito. Hubarin mo ang sandalyas sa iyong mga paa sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa." (Exodo 3:5).

Sa sinaunang mundo, ang paglalakad ng walang suot na pangyapak ay nagpapakita ng kababaang-loob at paggalang. Walang sinuman ang maaaring magsuot ng sandalyas sa harapan ni Faraon. Si Moises ay nasa harapan ng isang mas dakila kaysa kay Faraon. Siya ay nasa harapan ng Makapangyarihang Diyos. Si Moises ay nasa banal na lugar.

Ano ang espesyal tungkol sa lugar kung saan nakatayo si Moises? Paano ito naging banal? Mayroon bang nakalagay na bakod na maysignage na may tandang "Banal na Lupa"? Wala. Mayroon bang isang relihiyosong seremonya upang markahan ang lupa bilang banal? Wala.

Ang lugar na ito ay banal **lamang** dahil ito ay pag-aari ng Diyos. Ihiniwalay ng Diyos ang piraso ng lupain mula sa ibang bahagi ng disyerto at ipinahayag na ito ay banal; "Pinabanal" ng Diyos ang lupa. Ito ay naglalarawan ng isang mahalagang aralin tungkol sa kabanalan. Ang lupaing ito ay banal sapagkat ibinukod ito ng Diyos. Na ang banal ay ibinukod, ihiniwalay, ng Diyos.

Makalipas ang maraming taon, nakipagkita ang Diyos kay Moises sa Bundok Sinai. Muli, ihiniwalay ng Diyos ang isang lupain bilang banal. Sinabi ni Moises sa mga tao na manatiling malayo sa bundok. Hindi sila maaaring pumunta sa bundok o hipuin ang anumang

Isang Panalangin Para saKabanalan

Makapangyarihang Diyos,
Nilikhamo kami para saiyong sarili,
at ang ating mga puso ay
nababagabag hanggang ito'y makatag
po ng kapahingahansa Iyo.
Pagkalooban Mo po kami ng
dalisa yna puso at kapangyarihan ng
layunin,
nawalang makasariling pagnanasa
ang makahahadlang sa amin
upang alamin ang iyong kalooban at
walang kahinaan ang
hahadlang sapagtu padnito.
Augustine ng Hippo

lugar sa paligid nito dahil ito ay banal. Ang presensya ng Diyos sa bundok ay napakalakas na nagbabala si Moises sa mga tao na ang sinumang humipo sa bundok ay dapat patayin (Exodo 19:12). Ang bundok ay pag-aari ng Diyos. Si Moises ay nakatayo sa banal na lugar.

Ang Kabanalan ay Pagbubukod

Ang kabanalan ay isang katangian ng Diyos. Sa Kasulatan, ang salitang “banal” ay tumutukoy sa Diyos o isang bagay na pag-aari ng Diyos. Sa kuwento ni Moises at ng nasusunog na puno, ang lugar ay banal lamang dahil ito ay pag-aari ng Diyos. **Ang pagiging banal ay nangangahulugan na inihawalay para sa Diyos.** Maraming halimbawa mula sa Pentateuch ang nagpapakita na ang mga “banal” na mga bagay ay ibinukod sa mga karaniwan o pangkaraniwan.

Isang Banal na Araw

Sa unang pagkakataon na ang salitang “banal” ay lumitaw sa Biblia, ito ay hindi tumutukoy sa isang tao, kundi sa isang araw. Sa pagtatapos ng ika-anim na araw ng paglikha, itinakda ng Diyos ang ikapitong araw at ibinukod mula sa anim na araw.

At binasbasan ng Diyos ang ikapitong araw at kanyang ginawang banal, sapagkat sa araw na iyon ay nagpahinga ang Diyos sa lahat ng gawain na kanyang ginawa. (Genesis 2:3).

Ang ikapitong araw ay banal sapagkat ito ay inihawalay para sa Diyos; hindi na ito nananatilingpangkaraniwan. Sinabi ni Isaias na ang Araw ng Pamamahinga ay ihiniwalay mula sa lahat ng iba pang mga araw. Ang araw na ito ay hindi para sa mga tao upang sundin ang kanilang sariling mga paraan o gawin ang kanilang pangsariling kasiyahan; ito ay pag-aari ng Diyos (Isaias 58:13). Ang Araw ng Pamamahinga ay inihawalay ng Diyos para sa pagsamba.

Ang katapatan ng Israel sa Araw ng Pamamahinga ay nagpakita ng kanyang katapatan sa Diyos. Ang Diyos na nagbukod ng Araw ng Pamamahingaang Siyang nag bukod sa Israel.

Sabihin mo sa mga anak ni Israel, ‘Inyong ipapangilin ang aking mga Sabbath, sapagkat ito’y isang tanda sa akin at sa inyo sa buong panahon ng inyong mga salinlahi, upang inyong makilala na akong Panginoon ang nagpapabanal sa inyo. (Exodo 31:12-13).

Ang pagiging banal ay pagiging ibinukodng **Diyos** at **para** sa Diyos. Pinabanal ng Diyos ang Araw ng Pamamahinga; Pinabanal ng Diyos ang kanyang bayan.

Mga Banal na Bagay

Ang isang piraso ng lupa na ihiniwalay mula sa ibang lupain ay banal; dahil ito ay pag-aari ng Diyos. Ang isang araw na ibinukod mula sa ibang pang mga araw ay banal; dahil ito ay pag-aari ng Diyos. Ang anumang ihiniwalay o ibinukod para sa Diyos ay banal.

Ang mga **damit** na isinusuot ng mga pari ay banal (Exodo 28:2). Ginawa ang mga ito nang may espesyal na tagubilin mula sa Diyos at pag-aari niya. Ang **mga handog** na dinala ng mga tao sa Tabernakulo ay banal; ito ay ibinukod para sa Diyos (Exodo 28:38). Ang mga pari ay gumagamit ng espesyal na **langis** sa pagsamba. Iniutos ng Diyos, "Ito ang aking magiging banal na langis na pambuhos sa buong panahon ng inyong mga salinlahi." (Exodo 30:31). Walang ibang maaaring gumamit ng langis na ito; ibinukod ito para magamit ng Diyos.

Upang makapagbigay sa Tabernakulo, hiniling ng Diyos na ang bawat mamamayan ng Israel ay magbayad ng buwis na tinatawag na "shekel ng santuario (Exodo 30:13, 24; Exodo 38:24-26; Levitico 5:15; Levitico 27:3, 25; Mga Bilang 3:47, 50; Mga Bilang 7:13). Ang salaping ito ay hindi ginamit para sa pangkaraniwang paggamit. Naniniwala ang maraming iskolar na ito ay isang ganap na naiibang barya kaysa sa normal na shekel. Ito ay banal; ito ay pag-aari ng Diyos.

Ang mga **muwebles** sa Tabernakulo ay banal. Inutusan ng Diyos si Moises na ihiwalay ang mga kasangkapang ito mula sa lahat ng iba pang mga materyales. "Pakabanalin mo ang mga iyon upang maging kabanal-banal; sinumang humawak sa mga iyon ay magiging banal" (Exodo 30:29).

Nauunawaan ng Israel ang tatlong posibilidad para sa anumang bagay (Levitico 10:10). Ang mga bagay ay:

1. **Marumi.** Ang mga bagay na marumi ay ipinagbabawal para sa bayan ng Diyos.
2. **Malinis at pangkaraniwan.**¹¹ Ang malilinis na bagay ay ipinahihintulot para karaniwang gamitin.
3. **Banal.** Ang mga bagay na banal ay ibinukod para magamit ng Diyos. Ginamit *lamang* ang mga ito sa paglilingkod sa Diyos.

Bago pumasok ang Israel sa Canaan, nagbigay ang Diyos ng mga tagubilin para sa pagtatanim ng mga puno. (Levitico 19:23-25)

1. Sa unang tatlong taon, ang bunga ay ipinagbabawal para kainin. Para sa mga taong iyon ang bunga ay itinuturing na marumi ayon sa seremonya.
2. Ang bunga sa ikaapat na taon ay ibinubukod para magamit para sa Dios; isang handog ng papuri sa Panginoon. Ito ay **banal**, hindi ito maaaring gamitin ng mga tao para sa kanilang sarili.

¹¹ Maraming salin sa Ingles ang gumagamit ng salitang "profane" para sa "karaniwang" mga bagay. Ang KJV ay gumagamit ng "hindi banal". Ang mga salitang ito ay simpleng nangangahulugan na ang bagay ay hindi "ibinukod" para sa banal na paggamit.

3. Simula sa ikalimang taon, sila ay pinahintulutang kumain ng bunga. Ang punungkahoy ay **malinis** na ngayon at magagamit para sa pangkaraniwang paggamit.

Mga Banal na Lugar

Ang Tabernakulo ay banal sapagkat ito ay itinalaga para sa Diyos. Ang lahat ng bagay sa Tabernakulo ay inihiwalay para magamit ng Diyos. Ang lugar kung saan nakikipagkita ang Diyos sa punong saserdote ay tinawag na Dakong Kabanal-banalan.

Nang maglaon, ang Templo sa Jerusalem ay naging banal sapagkat ito ay itinalaga para sa paglilingkod sa Diyos. Ang Templo ay banal *lamang* dahil ito ay pag-aari ng Diyos. Dahil sa kasalanan ng Israel, nakakita si Ezekiel ng isang pangitain na iniwan ng kaluwalhatian ng Diyos ang Templo (Ezekiel 10).

Matapos umalis ang kaluwalhatian ng Diyos, ang Templo ay hindi na banal. Noong 63 B.C., pumasok sa Banal na Dako si Pompey ang Mga Taga-Romanong Heneral at nakitang ito'y walang nang laman. Dahil hindi na naninirahan ang Diyos doon, ang Templo ay hindi na banal.

Isang Banal na Lipi

Ang lipi ni Levi ay itinalaga para sa Diyos. Noong gabi bago umalis sa Ehipto ang bayan ng Israel, angpanganay na anak ng bawat pamilya sa lupain ng Ehipto ay pinatay. Ang mga panganay na anak ng mga Israelita ay naligtas sapagkat sinunod nila ang utos ng Diyos na iwisik ang dugo ng isang tupa sa itaas ng pintuan ng bawat bahay.

Inaalala ng Israel ang pagpapalaya mula sa Ehipto sa pamamagitan ng dalawang paraan. Una, ang bawat Hudiyong pamilya ay kumakain ng "Hapunan ng Paskuwa"bawat taon. Ipinagdiriwang ng pagsasalo-salo ang paglaya ng Israel mula sa Ehipto.

Ang pangalawang paraan sa pag-alala ng Israel sa pagpapalaya mula sa Ehipto ay mas higit na dramatiko. Upang ipaalala sa Israel na iniligtas Niya ang kanilang mga panganay na anak na lalaki, iniutos ng Diyos:

Italaga mo sa akin ang lahat ng mga panganay, anumang nagbubukas ng bahay-bata sa mga anak ni Israel, maging sa tao at maging sa hayop ay akin. (Exodo 13:2).

Ang salitang "itinalaga" ay mula sa salitang Hebreo na isinalin sa salitang"pinabanal" o "ibinukod." Ang panganay na anak ng bawat pamilya ay pag-aari ng Diyos. Pinili ng Diyos ang lipi ni Levi upang kumatawan sa mga panganay na anak ng buong Israel. Ang liping ito ay naglilingkod bilang kinatawan ng buong bansa.

Kinuha ko ang mga Levita mula sa mga anak ni Israel sa halip na ang mga panganay na nagbubukas ng bahay-bata sa mga anak ni Israel. Ang mga Levita ay magiging akin. Lahat ng mga panganay ay akin, nang araw na aking lipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto ay aking itinalaga para sa akin ang lahat ng mga

panganay sa Israel, maging tao at hayop man. Sila'y magiging akin; ako ang Panginoon. (Mga Bilang 3:12-13).

Sa Exodo 29, itinagubilin ng Diyos ang seremonya para sa pagtatalaga ng mga pari. Ang salitang "banal" ay ginamit nang siyam na beses sa kabanatang ito. Ang mga Levita ay itinalaga bilang kapalit ng panganay; ang lipi ay ganap na pag-aari ng Diyos.

► Bakit mahalaga para sa Diyos na bigyang-diin ang mensahe ng pagbubukod para sa Israel? Bakit binigyang diin ni Pablo ang mensaheng ito para sa mga Iglesya sa Corinto (2 Mga Taga-Corinto. 6:14-7:1) at Tesalonica (I Mga Taga Tesalonica 4-5)? Bakit mahalaga ang mensaheng ito sa panahon ngayon?

Ang mga halimbawang ito ay nagpapakita na ang pagiging banal ay pagtatalaga para sa Diyos. Tinutulungan tayo nitong maunawaan ang kahulugan ng isang banal na buhay ngayon. Ang isang taong banal ay ganap na pag-aari ng Diyos. Siya ay itinalaga para sa mga layunin ng Diyos. Ang pagiging banal ay pagiging hiwalay sa kasalanan at ibukod para sa *Diyos*.

Ang Pagiging Banal ay pagiging Hiwalay sa Kasalanan

Sapagkat ang Diyos ay banal, ang kanyang bayan ay dapat maging banal. Ang makasalang tao ay hindi maaaring magkaroon ng kaugnayan sa isang banal na Diyos. Ihinihiwalay ng mga taong banal ang kanilang sarili mula sa anumang bagay na di nakalulugod sa Diyos.

Ang Banal na Diyos ay Galit sa Kasalanan

(1) Ipinakita ng Diyos ang kanyang kabanalan sa baha.

Ang daigdig na nilalang ng Diyos ay "napakabuti," ngunit ang daigdig ay nawasak ng kasalanan. Nang tumingin ang Diyos sa tao, nakita niya ang kasamaan sa puso ng tao.

Nakita ng Panginoon na napakasama na ng tao sa lupa, at ang bawat haka ng mga pag-iisip ng kanyang puso ay palagi na lamang masama. Nalungkot ang Panginoon na kanyang nilalang ang tao sa lupa at nalumbay ang kanyang puso. (Genesis 6:5-6).

Si Noe at ang kanyang pamilya ay naligtas dahil si Noe ay namuhay ng isang buhay na banal. "Si Noe ay lalaking matuwid at walang kapintasan noong kapanahunan niya. Si Noe ay lumakad na kasama ng Diyos." (Genesis 6:9). Nanatili siyang hiwalay sa kasalanan.

(2) Ipinakita ng Diyos ang kanyang kabanalan sa kanyang paghatol kay Nadab at Abihu.

Ang pinakamatandang anak ni Aaron ay itinalaga para sa paglilingkod sa Diyos. Nang nilabag nila ang kabanalan ng Tabernakulo, nagpadala ng apoy ang Panginoon at tinupok sila, at sila ay namatay sa harap ng Panginoon. (Levitico 10:2). Hindi isinulat sa Levitico

ang mga detalye ng kasalanan ni Nadab at Abihu, ngunit sinabi ng Diyos, "Ako'y magpapakita na banal sa mga lumalapit sa akin; at ako'y maluluwalhati sa harapan ng buong bayan." (Levitico 10:3). Dapat pakitunguhan ng mga saserdote ng Diyos ang kanyang Tabernakulo bilang banal. Inisip nina Nadab at Abihu na maaari nilang pakitunguhan ang banal sa katulad na paraan ng pakikitungo sa bagay na pangkaraniwan.

(3) Ipinakita ng Diyos ang kanyang kabanalan sa kanyang paghatol kay Moises at Aaron.

Sina Moises at Aaron ay hindi nakarating sa Lupang Pangako dahil hindi nila itinaas ang Diyos bilang banal sa paningin ng bayan ng Israel (Mga Bilang 20:12). Pagkatapos na utusan ng Diyos si Moises na magsalita sa bato upang maglabas ng tubig, pinalo ni Moises ang bato. Hinatulan ng Diyos si Moises dahil hindi niya pinarangalan ang Diyos sa harap ng mga tao.

Dahil ang Diyos ay banal, hindi niya maaaring balewalain ang kasalanan. Sampung beses sa Pentateuch, ang kasalanan ay tinatawag na "kasuklam-suklam sa Panginoon," isang bagay na kinapopootan ng Diyos. Ang isang banal na Diyos ay napopoot sa kasalanan.

Ang mga Taong Banal ay Napopoot sa Kasalanan

Ang Diyos ay isang Diyos ng kabanalan at isang Diyos ng pagmamahal. Ang kasalanan ng tao ay lumikha ng isang problema. Paano maipagpapatuloy ng isang banal na Diyos ang pagbuo ng isang relasyon sa makasalang tao? Paano maipapakita ng Diyos ang kanyang pagmamahal sa tao at maging tapat sa kanyang kabanalan sa parehong panahon?

"Si Hesus ay namatay, hindi para ipagkasundo ang tao sa kasalanan, kundi para iligtas sila mula sa kasalanan."
R.E. Howard

Ibinigay ng Diyos ang kanyang Mga Utos upang tulungan ang kanyang bayan na mamuhay bilang isang taong banal. Ang Mga Utos ay hindi ibinigay upang gawing mahirap para sa atin ang mamuhay; ito ay ibinigay upang matulungan tayong mamuhay sa tamang relasyon sa Diyos. Ang Mga Utos ay nagbibigay sa bayan ng Diyos ng isang modelo ng paghihiwalay mula sa kasalanan. Ang mga taong banal ay mapopoot sa kasalanan tulad ng isang banal na Diyos na napopoot sa kasalanan.

Itinuro ng mga manunulat ng Bagong Tipan na ang paghihiwalay para sa Diyos ay nangangailangan ng paghihiwalay mula sa kasalanan. Itinanong ni Santiago, "Hindi ba ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanlibutan ay pakikipag-away sa Diyos? Kaya't sinumang nagnanais na maging kaibigan ng sanlibutan ay nagiging kaaway ng Diyos." (Santiago 4:4). Hindi ka maaaring maging kaibigan ng Diyos at ng kasalanan sa parehong panahon. Hindi ka maaaring lumakad kasama ng Diyos at kasalanan nang sabay. Ang banal na buhay ay nangangailangan ng paghihiwalay mula sa kasalanan.

Isinulat ni Pablo sa mga taong nag-iisip na ang biyaya ng Diyos ay nagpapahintulot sa kanilang magpatuloy sa sinasadyang kasalanan. Itinatanong nila, "Magkakasala ba tayo,

dahil tayo’y wala sa ilalim ng kautusan, kundi nasa ilalim ng biyaya?” (Mga Taga-Roma 6:15). Ang sagot ni Pablo ay may diin. “Huwag nawang mangyari. Hindi ba ninyo nalalaman na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili bilang alipin sa pagsunod, kayo’y mga alipin niya na inyong sinusunod.” (Mga Taga-Roma 6:16). Mayroon lamang dalawang pagpipilian:

1. Kung ibibigay mo ang iyong sarili sa kasalanan, ang wakas ay kamatayan.
2. Kung ibibigay mo ang iyong sarili sa Diyos, ang wakas ay katuwiran.

Hindi mo maaaring ibigay ang iyong sarili parehong sa kasalanan at sa Diyos. Ang mga Kristiyano ay pinalaya na mula sa kasalanan, at naging mga alipin ng katuwiran (Mga Taga-Roma 6:18). Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay dapat maging hiwalay sa kasalanan.

Inilalagay ito ni Pablo sa mga praktikal na termino na nagpapakita ng ating responsibilidad upang maiwasan ang sinasadyang kasalanan. “Sapagkat kung paanong inihandog ninyo ang mga bahagi ng inyong katawan bilang alipin ng karumihan tungo sa higit at higit pang kasamaan, ngayon naman ay ihandog ninyo ang mga bahagi ng inyong katawan bilang alipin sa paggawa ng matuwid tungo sa kabanalan.” (Mga Taga-Roma 6:19).

Imposibleng mapanatili ang pakikipagkaibigan sa kasalanan habang namumuhay para sa Diyos. Ang *pagbubukod para sa Diyos* ay nangangailangan ng pagbubukod *mula sa kasalanan*. Hindi natin mapapanatili ang kaugnayan sa Diyos at kasalanan sa parehong panahon. Nang magkasala sina Adan at Eba, “itinago nila ang kanilang sarili mula sa harapan ng Panginoong Diyos sa gitna ng mga punong kahoy sa hardin” (Genesis 3:8). Ang pakikipagkaisa sa kasalanan ay nagbubunga ng pagkahiwalay sa Diyos.

Ang kaligtasan ay hindi nagpapalaya sa atin upang mamuhay sa kasalanan. Ang kaligtasan ay nagpapalaya sa atin mula sa kasalanan upang tayo ay maging banal. Ang layunin ng kaligtasan ay upang dalhin ang bayan ng Diyos sa kabanalan. Ang layunin ng Diyos ay iligtas tayo mula sa kasalanan at italaga ang ating sarili sa pakikipag-ugnayan sa Diyos.¹²

Naglalakbay si Chih-ming sa isang bundok sa Taiwan. Sa tabi ng kalsada ay may isang bangin na pababa sa isang ilog. Sa palagay mo ba itinanong ni Chih-ming sa drayber ng bus na ipakita sa kanya kung gaano kalapit sa bangin ang maaari niyang imaneho? Hindi! Hangga’t maaari nais ni Chih-ming na manatiling malayo mula sa gilid. Sa parehong paraan, ang isang taong banal ay mananatiling malayo sa kasalanan. Sa bawat bahagi ng buhay, ang isang taong banal ay umiiwas sa makasalanang pamumuhay. Ang taong banal ay pinapananatiling malayo ang sarili mula sa kasalanan hangga’t maaari at hangga’t maaari ay mas mapalapit sa Diyos.

Inilahad ito ni apostol Pedro: “Kayo’y isang lahing pinili, isang maharlikang pagkapari, isang bansang banal, sambayanang pag-aari ng Diyos.” Paano natin ito gagawin? Sa pamamagitan ng pamumuhay ng isang buhay na banal. “Kayo’y umiwas sa mga pagnanasa

¹² John N. Oswalt, *Called to Be Holy: A Biblical Perspective* (Nappanee: Evangel Publishing House, 1999), 33

ng laman na nakikipaglaban sa kaluluwa. Maging marangal ang inyong pag-uugali sa gitna ng mga Hentil” (1 Pedro 2:9-12). Ang buhay na banal ng bayan ng Diyos ay tanda ng pagmamay-ari ng Diyos. Ang mga taong banal ay pinapanatiling malayo ang kanilang mga sarili sa kasalanan sapagkat sila ay mga tao para sa pag-aari ng Dios, isang taong pagmamay-ari ng Diyos. Nais ng isang taong banal na maging lubos na pag-aari ng Diyos.

Ipinaalala ni Pablo sa mga mamamayan ng Corinto na “ang mga hindi matuwid ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos.” Inilista niya ang ilan sa mga maihihiwalay: “Ni ang mga sekswal na imoral, ni mga sumasamba sa diyos-diyosan, ang mga mangangalunya, ni mga taong nagsasagawa ng homoseksuwalidad, ni mga magnanakaw, ni ang mga sakim, ni ang mga manglalasing, ni ang mga mapanglait man, o ang mga mandarambong ay hindi magmamana sa kaharian ng Diyos.” Pagkatapos ay pinaalalahanan niya sila, “At ganyan ang ilan sa inyo.” Ang mga Kristiyanong taga-Corinto ay lumaki sa isang masamang kapaligiran at nagsasagawa sa mga kasalananang ito.

Ngunit hindi hinayaan ni Pablo na iwan ang mga Kristiyano sa kalagayang iyon. Hindi niya sinasabi, “Ngayon kayo ay mga Kristiyano - na nagsasagawa ng imoralidad, idolatriya, pangangalunya, homoseksuwalidad, pagnanakaw, kasakiman at paglalasing. Sa halip, sinabi ni Pablo, “**nahugasan na kayo**, ginawa na kayong banal, at inaring-ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, at sa Espiritu ng ating Diyos.” (1 Mga Taga-Corinto 6:9-11).

Nagagalak si Pablo, “Hindi na ikaw ang dating ikaw! Hindi ka na nakagapos sa mga kasalananang iyon. Ikaw ay nahiwalay mula sa kasalanan at ikaw ay nabibilang sa Diyos.” Ang pagiging banal ay dapat kang ibukod mula sa kasalanan *upang* tayo ay maibukod para sa Diyos.

Ang Pagiging Banal ay Pagkakabukod Para sa Diyos

Si Uzias ay isang mabuting hari na “ginawa ang matuwid sa mga mata ng Panginoon.” Inilagay niya ang kanyang sarili upang hanapin ang Diyos. Tinulungan siya ng Diyos laban sa mga Filisteo (2 Mga Cronica 26:4-7). Naging maunlad sa pulitika si Uzias. Pinalawak niya ang teritoryo ng Juda at naibalik ang lupa na nawala sa panahon ng paghahari ng mga mahihinang hari. “Ang kanyang katanyagan ay lumaganap hanggang sa hangganan ng Ehipto, sapagkat siya’y naging napakalakas.” (2 Mga Cronica 26:8).

Si Uzias ay isang malakas na hari, ngunit ang kanyang kuwento ay may malungkot na pagtatapos. “Ngunit nang siya’y lumakas, siya’y naging palalo, na siya niyang ikinapahamak. Sapagkat kanyang nilapastangan ang Panginoon niyang Diyos” (2 Mga Cronica 26:16).

Paano naging di-tapat si Uzias? Ano ang nagdala ng hatol ng Diyos kay Uzias? Ang hari ay pumasok sa Templo upang maghandog ng insenso sa altar. Nilabag niya ang pagbubukod sa pagitan ng mga karaniwan at banal. Bilang resulta, hinatulan ng Diyos si Uzias. Si Uzias ay naging “ketongin hanggang sa araw ng kanyang kamatayan, at palibhasa’y ketongin ay

tumira siya sa isang bahay na nakabukod, sapagkat siya'y itiniwalag sa bahay ng Panginoon." (2 Mga Cronica 26:21).

Si Haring Uzias ay hindi pumatay, nagnakaw, o nangalunya. Hindi niya sinasamba ang mga idolo o kumunsulta sa mga manghuhula. Nagkasala si Uzias sa paglabag sa mga batas ng paghihiwalay para sa Diyos. Sa kanyang pagmamataas, hinipo ni Uzias ang banal na altar. "Siya ay naging mapagmataas, at siya ay hindi naging tapat sa Panginoon niyang Diyos."

Sa kanyang pagmamataas, nilabag ni Haring Uzias ang kabanalan ng Templo. Itinuro ng Batas sa bayan ng Diyos na dapat silang mabukod mula sa kasalanan, upang sila aymakapamuhay na may kaugnayan sa Dios. Ang banal na buhay ay **pagkabukod para sa Diyos**.

Ang Makasaysayang Mga Aklat ay nagbibigay ng maraming mga halimbawa ng mga tao at mga bagay na ibinubukod para sa Diyos. Tulad ng ginawa niya sa nagliliyab na puno, itinakda ng Diyos ang isang **lugar** bilang banal. "Sumagot ang pinuno ng hukbo ng Panginoon kay Josue, 'Hubarin mo ang panyapak sa iyong paa, sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal'" (Josue 5:15).

Nang salakayin ng Israel ang Jericho, iniutos ng Diyos sa kanila na sirain ang lahat ng bagay na "itinakda ng Panginoon para sa pagkawasak. Ngunit lahat ng pilak, ginto, mga sisidlang tanso at bakal ay banal sa Panginoon; ang mga ito ay ipapasok sa kabang-yaman ng Panginoon" (Josue 6:17, 19). Sa Jericho, ang mga sisidlang ito ay hindi banal; ang mga ito ay naging banal lamang kapag inaangkin sila ng Diyos para sa kanyang sarili.

Iniutos ni David sa mga **Levita**, "Magpakabanal kayo, kayo at ang inyong mga kapatid, upang inyong maiahon ang kaban ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, sa dakong aking inihanda para rito" (1 Mga Cronica 15:12). Bago ibinalik ang Kaban sa Jerusalem, ibinukod ng mga Levita ang kanilang sarili para sa mga layunin ng Diyos.

Ang pagbubukod mula sa kasalanan ay hindi ang pangwakas na layunin para sa mga banal na tao. Ang Israel ay ibinukod *mula sa* makasalang mga bansa sa paligid niya upang siya ay ibinukod *para sa* Diyos bilang kanyang pinaka-iingatang pag-aari (Levitico 20-26; Exodo 19:5). Sa pagtatalaga ng Templo, si Solomon ay nanalangin, "Sapagkat iyong ibinukod sila mula sa lahat ng mga bayan sa lupa, upang maging iyong mana, gaya ng iyong ipinahayag sa pamamagitan ni Moises na iyong lingkod, nang iyong ilabas ang aming mga ninuno sa Ehipto, O Panginoong Diyos." (1 Mga Hari 8:53). Ihiniwalay ng Diyos ang Israel mula sa lahat ng iba pang mga bansa upang siya ay mapabilang sa kanya. Ang Israel ay may karangalan na maging "pamana" ng Diyos.


Nagbabala sa mga taga-Corinto laban sa pakikipag-partner sa mga di-sumasampalataya, sinipi ni Pablo si Isaias: "Kaya nga lumabas kayo sa kanila, at humiwalay kayo, sabi ng Panginoon, at huwag kayong humipo ng anumang bagay na marumi" (2 Mga Taga-Corinto 6:17).

Ang mensahe ng pagbubukod ay negatibo. Gayunpaman, ang talata ay patuloy na may magandang pangako! Tayo ay ibinukod mula sa kasalanan upang tayo ay maibukod para sa Diyos. Nagpatuloy si Paul sa isang pangako: "At kayo'y aking tatanggapin, at ako'y magiging ama sa inyo, at kayo'y magiging aking mga anak na lalaki at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat." (2 Mga Taga-Corinto 6:17-18).

Ang pagbubukod mula sa lahat na marumi ay hindi nag-aalis sa atin ng kagalakan. Sa halip, naibubukod tayo mula sa kasalanan *upang magkaroon tayo ng kagalakan ng paglalakad kasama ng Diyos*. Ang mga Kristiyano ay dapat ibukod mula sa kasalanan upang lubos tayong mapabilang sa Diyos. Ang mga banal na tao ay maligaya na manatiling malayo sa kasalanan dahil alam nila na ang pagbubukod mula sa kasalanan ay nagpapahintulot sa kanila na lumakad sa isang matalik na kaugnayan sa kanilang makalangit na Ama.

Ang prinsipyong ito ay makikita sa mga batas tungkol sa pagkain at damit. Bakit sinabi ng Diyos, "Huwag kumain ng ilang pagkain" o "Huwag magsuot ng ilang uri ng material"? Ang mga batas na ito ay mga bagay na aral upang turuan ang Israel na siya ay ibinukod para sa Diyos. Ang mga batas na ito ay minarkahan ang Israel bilang isang bansa na pag-aari ng Diyos. Sinabi ng Diyos sa Israel, "Ikaw ay mahalagasa aking paningin, at kagalang-galang, at minamahal kita" (Isaias 43:4). Napakagandang larawan! Ang Israel ay hindi itinakda sa Diyos bilang kaparusahan; siya ay inilaan para sa karangalan at pagmamahal. Ang Israel ay ang "kayamanang pag-aari ng Diyos sa lahat ng mga tao (Exodo 19:5).

Ang ideyangito ay inilalarawan sa Tabernakulo. Ang mga taong seremonyal na marumi ay nanatili "sa labas ng kampo." Ang mga seremonyal na malinis ay "nasa loob ng kampo." Sa gitna ng kampo, ang mga saserdote ay naghandog ng mga hain "sa tabernakulo." Tanging ang mataas na saserdote ang pumapasok sa Kabanal-banalang Lugar. Ang kaayusan na ito ay nagbigay sa mga tao ng isang paalalang nakikita na ang pagbubukod *mula sa kasalanan ay nagpapahintulot sa atin na mabukod para sa Diyos*. Ito ay nagpakita sa mga tao kung ano ang ibig sabihin ng maging malapit sa banal na presensya ng Diyos.



- 1 = Sa Labas ng Kampo (Hindi-malinis)
- 2 = Sa loob ng Kampo (Malinis)
- 3 = Sa Tabernakulo (Ang Mga Pari)
- 4 = Pinaka Banal na Dako (Punong Pari)

Habang sinusunod ng mga tao ang mga batas ng paghihiwalay, natutunan nila na dapat tayong maging banal sa bawat bahagi ng buhay. May kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bahagi ng buhay.

Ang Levitico 17-26 ay tinatawag na "Kodigo ng Kabanalalan." Itinuro ng Kodigo ng Kabanalalan sa Israel kung paano mamuhay bilang isang banal na bansa. Mula sa pinakamaliit na detalye hanggang sa pinakamalaking alituntunin, ang mga batas na ito ay kinasihan ng kabanalan ng Diyos. Ipinakita nila sa Israel kung paano maging banal sa

Walang detalye sa ating buhay ang hindi mahalaga sa Diyos.
Oswald Chambers

isang makasalanang mundo. Itinuro nila sa Israel kung paano hihiwalay mula sa kasalanan. Higit sa lahat, itinuro nila na ang Israel ay dapat ibukod para sa Diyos, na naglabas sa kanila mula sa lupain ng Ehipto (Levitico 19:36).

Sa Levitico 20, sinabi ng Diyos, “Kayo’y magpakabanal sa akin, sapagkat akong Panginoon ay banal, at kayo’y ibinukod ko sa mga bayan, upang kayo’y maging akin.” (Levitico 20:26). “Ibinukod Kita mula sa mga tao.” Bakit? “Upang ikaw ay maging akin.” Ito ay *pagbubukod para sa Diyos*.

Ang salitang Hebreo na isinalin na “pagbubukod” sa Levitico 20:26 ay ginamit sa Genesis 1:4 nang “hatiin” o “pinaghiwalay” ng Diyos ang liwanag mula sa kadiliman. Hindi mo maaaring pagsamahin ang liwanag at kadiliman; sila ay magkasalungat. Kinailangan ng Diyos ang kumpleto at buong paghihiwalay mula sa makasalanang mga bansa sa palibot ng Israel.

Tinawag ng Diyos ang kanyang bayan upang maging ganap na hiwalay sa kasalanan. Bakit? *Upang maaari silang maging ganap sa kanya*. Ipinakikita ng mga batas na ito na ang lahat ng bahagi ng buhay ay pag-aari ng Diyos. Para sa isang taong banal, ang buong buhay ay nasa kapangyarihan ng Diyos. Ang pagiging banal ay nangangahulugan na ihihiwalay para sa Diyosang lahat ng bahagi ng buhay. Tayo ay nabukod mula sa kasalanan upang tayo ay mapabilang sa Diyos.

► Alin ang tila mas mahirap – ang **ibukod mula sa kasalanan** o ang **mabukod mula sa Diyos**? Bakit?

Ang Pagsasabuhay ng Kabanalan: “Nasa Mundo, Ngunit Hindi Kabilang sa Mundo”

Ang Biblical na Pagbubukod ay Nagbibigay ng Patotoo sa Mundo

Ipinanalangin ni Hesus na ang kanyang mga alagad ay nasa sanlibutan, ngunit hindi kabilang sa mundo. Hindi hinayaan ni Daniel na “dungisan ang kanyang sarili ng pagkain ng hari, o ng alak na kanyang ininom” (Daniel 1:8). Sa buong kasaysayan, ang mga mamamayan ng Diyos ay nanatiling hiwalay sa mga kasalanan ng kanilang lipunan. Pinayagan nito ang bayan ng Diyos na maging saksi sa kanilang mundo.

Ang Israel ay tinawag upang maging isang “kaharian ng mga pari,” isang bansang banal na maglalapit sa ibang mga bansa sa Diyos (Exodo 19:6). Nang tapat ang bayan ng Israel sa Diyos, natapos niya ang misyon na ito. Sinabi ni Rahab, “Ang pagkatakot sa inyo ay dumating sa amin... namin iyon ay nanlumo ang aming puso, ni walang tapang na naiwan sa sinumang tao dahil sa inyo” Bakit? Dahil ang Israel ay isang makapangyarihang bansa na may isang mahusay na hukbo? Hindi! Sapagkat, “sapagkat ang Panginoon ninyong Diyos ay siyang Diyos sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba.” (Josue 2:9-11). Kapag ang Israel ay nahiwalay para sa Diyos, siya ay patotoo sa lahat ng mga bansa.

Nakita natin ang prinsipyong ito sa buhay ni Jose. Dahil ihiniwalay ni Jose ang kanyang sarili mula sa mga kasalanan ng Ehipto, si Jose ay naging patotoo kay Faraon. “Makakakita kaya

tayo ng isang taong kagaya nito, na kinakasihan ng espiritu ng Diyos?" (Genesis 41:38). Kung namuhay si Jose tulad ng mga Ehipsio, hindi siya kailanman bibigyan ng pagkakataong maging patotoo sa harap ni Paraon.

Nanalangin si Hesus na ang kanyang mga tagasunod ay nasa mundo, ngunit hindi sa paraan, ng mundong ito. Ang talatang ito ay kadalasang mali ang pagkakaunawa ng mga Kristiyanong gustong mamuhay nang maingat, ng maka-Diyos na pamumuhay. Mali nilang iniisip na ang pagiging "sa mundong ito" ay ang kasamaan na dapat tiisin ng bayan ng Diyos sa daan patungong langit.

Gayunpaman, pagkatapos na magalak para sa kanyang mga tagasunod na "hindi sila sa mundong ito," nanalangin si Hesus, "Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanlibutan, sila ay sinugo ko rin sa sanlibutan." (Juan 17:16-18). Nanalangin si Hesus na ang kanyang mga tagasunod ay maglilingkod nang epektibo *sa mundo*. Ipinanalangin ni Hesus na hindi tayo magiging "maka sanlibutan" habang tayo ay ipinadala "sa mundo." Sa pananatiling hiwalay sa kasalanan, matutupad natin ang ating panawagan na baguhin ang mundo. Bilang mga anak ng Diyos, maaari tayong maging asin at liwanag sa isang makasalanang mundo.

Alam ng mga apostol na ang isang banal na buhay ay isang patotoo sa mundo. Tinawag ni Pedro ang mga mananampalataya na mamuhay nang maka-Diyos bilang patotoo sa mga di-sumasampalataya:

Maging marangal ang inyong pag-uugali sa gitna ng mga Hentil upang kung magsalita sila laban sa inyo na parang kayo'y gumagawa ng kasamaan, ay makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang Diyos sa araw ng pagdalaw. (1 Pedro 2:12).

Sumulat si Pablo kay Tito, ang pinuno ng iglesya sa isla ng Creta. Ang mga taong ito ay mananampalataya na napalilibutan ng mga pagano. Sinabi ni Pablo kay Tito na ang mga Kristiyano ay kailangang mabuhay "upang sa lahat ng bagay ay mapalamutian nila ang aral ng Diyos na ating Tagapagligtas." (Tito 2:10). Habang nabubuhay ang mga Kristiyano sa banal na buhay, ang kanilang pag-uugali ay "magpaganda" sa ebanghelyo. Ang pag-uugali ng mga banal na tao ay gagawing kaakit-akit ang ebanghelyo sa ating mundo.

Tinawag ni Pablo ang mga Kristiyano sa Filipos sa isang maka-Diyos na buhay. Dapat silang manatiling bukod mula sa kasalanan. Dapat silang maging "kayo'y maging walang sala at walang malay, mga anak ng Diyos na walang dungis sa gitna ng isang salinlahing liko at masama, na sa gitna nila'y lumiliwanag kayong tulad ng mga ilaw sa sanlibutan" (Filipos 2:15).

Habang namumuhay nang may kabanalan ang bayan ng Diyos, tayo ay "nagliliwanag bilang mga ilaw sa mundo." Ang buhay ng mga anak ng Diyos ay dapat magbigay ng maliwanag na patotoo sa isang madilim na mundo. Ang paghihiwalay sa kasalanan ay hindi isang legal na pagtatangka na "makakuha ng kaligtasan." Ang pagbubukod mula sa kasalanan ay nagbibigay-daan sa atin upang matupad ang panawagan ni Hesus na maging "liwanag ng

sanlibutan” at “asin ng mundo” (Mateo 5:13-14). Ang mga banal na kamay ay isang makapangyarihang saksi sa ating mundo.

Mga Prinsipyo ng Biblical na Pagbubukod

Para sa maraming mga tao ang “pagbubukod mula sa mundo” ay isang listahan ng mga dapat gawin at hindi dapat gawin. Kadalasan ang paghihiwalay ay tinukoy sa pamamagitan ng isang listahan ng mga alituntunin. Maraming mga tao ang nagpapahiwatig ng pagbubukod sa pamamagitan ng isang listahan ng mga damit na hindi nila dapat isinusuot, mga lugar na hindi nila dapat pinupuntahan, at mga pinaglilibangan kung saan hindi sila sumasali.

Totoong totoo na ang mga taong banal ay hindi magsusuot ng ilang mga bagay o pumupunta sa ilang mga lugar. Nais ng isang taong banal na mapaluguran ang Diyos sa bawat aspeto ng buhay. Gayunpaman, ang pagbukod sa kasalanan at pagbukod para sa Diyos ay higit pa sa isang listahan ng mga patakaran.

Ang isang problema sa pagtukoy ng pagbubukod sa pamamagitan lamang ng isang listahan ng mga patakaran ay ang pagbabago sa mga tuntunin sa paglipas ng panahon, madalas na may maliit na paliwanag. Ang isang iglesya ay nagmamarka ng paghihiwalay sa pamamagitan ng isang hanay ng mga alituntunin; Ang isa pang iglesya ay nagmamarka ng pagbubukod nito sa pamamagitan ng isa pang hanay ng mga patakaran. Ang isang mas mahusay na diskarte ay upang tukuyin ang mga Biblical na prinsipyo na totoo sa *lahat ng oras at sa lahat ng kultura*.

Bilang mga Kristiyano, dapat ipakita ng ating pamumuhay ang ating pagsuko sa Salita ng Diyos at sa patnubay ng Espiritu Santo. Kung hinahangad nating maging mga mamamayan na nakabukod para sa Diyos bilang “isang bayan para sa kanyang sariling pag-aari” (1 Pedro 2:9), handa tayong sundin ang pagtuturo ng kanyang Salita.

Bagaman ang Biblia ay hindi direktang tumutukoy sa maraming aspeto ng modernong buhay, nagtatatag ito ng mga alituntunin na gagabay sa atin. Ano ang mga prinsipyo na dapat gumabay sa pamumuhay ng isang taong banal?

(1) Ang Prinsipyo ng Pagiging Disente

Ang prinsipyo ng pagiging disente ay nagpapatunay na ang ating pananamit at pag-uugali ay dapat iginagalang ang Diyos at dapat iwasan ang lahat ng nakakahiya sa kanyang mga mata. Ang ating damit at asal ay ginagabayan ng ating pagnanais na luwalhatiin ang Diyos.

Sa buong Biblia, nakakahiya ang **kahubaran**. Pagkatapos nilang magkasala, nahiya si Adan at Eba dahil “nalaman nilang sila ay hubad (Genesis 3:7). Kaya “iginawa nila ang kanilang mga sarili ng damit mula sa dahon.” Nang masalubong sila ng Diyos sa hardin, gumawa Siya ng mas kumpletong “mga damit mula sa mga balat ng hayop at sinuotan sila (Genesis 3:21).

Sa buong natitirang bahagi ng Kasulatan, ang kahubaran ay tanda ng kahihyan. Ginamit ng mga propeta ang kahubaran bilang simbolo ng paghatol ng Diyos (Isaias 20:1-4; Hoseas 2:3; Ezekiel 23:29). Bilang bayan ng Diyos, dapat ipakita ng ating kasuotan na pinarangalan natin ang pamantayan ng Diyos ng pagiging disente. Dapat nating ikahiya ang kahubaran na isang simbolo ng kahihyan sa mga propeta ng Diyos. Ang ating pananamit ay dapat isang damit na kumakatawan sa isang banal at dalisay na mga mamamayan ng Diyos.

Kabilang sa pagiging disente sa Biblia ang **pagkakaiba sa pagitan ng mga kasarian**. Bagaman hindi tinukoy ng Biblia ang tiyak na mga damit na isinusuot ng mga Israelita, inutusan ng Diyos ang kanyang bayan na mapanatili ang pagkakaiba ng kasarian sa pagitan ng kanilang damit (Deuteronomio 22:5).

Itinuturo ng Bagong Tipan na ang ating **paggagayak** ay dapat ipakita na tayo ay bayan ng Diyos. Tinutukoy ni Pablo ang dalawang uri ng pagpapaganda:

Ang mga babae ay dapat na magdamit na may kahinhinan, naaangkop at hindi mahalay; hindi ng napapalamutiang buhok, at ng ginto o perlas o mamahaling damit; kundi ng mabubuting gawa na siyang nararapat sa mga babaing nagpapahayag ng paggalang sa Diyos. (1 Timoteo 2:9-10).

Ipinagbabawal ni Pablo ang pagpapalamuti ng mga estilo ng buhok, alahas, at damit. Kasabay nito, pinuri ni Pablo ang paggayakan ng “kagalang-galang na damit” na “angkop para sa mga kababaihan na nagpapahayag ng kabanalan.” Ito ang kagandahan ng “mabubuting gawa” na dapat hanapin ng mga Kristiyano.

Ang pagtuturo ni Pablo ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng panlabas na kagandahan at ng panloob na espiritu. Sa seksyong ito ng sulat ni Pablo kay Timoteo, sinasagot niya ang panalangin sa iglesya. Sinabi niya kay Timoteo kung paano dapat manalangin ang mga Kristiyano. Sinasagot niya ang mga alalahanin para sa bawat kasarian.

Isinulat ni Pablo na dapat manalangin ang mga tao “nang walang galit o pag-aaway (1 Timoteo 2:8). Hindi tayo dapat pumasok sa presensya ng Diyos sa diwa ng galit. Isinulat ni Pablo na ang mga kababaihan ay dapat manalangin na may espiritu ng kahinhinan at pagpapasakop; ito ay makikita kahit na sa damit at gayak. Hindi tayo dapat pumasok sa presensya ng Diyos nang may pagmamalaki at kaluwalhatian sa sarili. Ang mga banal na tao ay may isang kahinhinan na nakikita sa lahat ng bahagi ng buhay.

Ibinigay ni Pedro ang parehong relasyon sa pagitan ng panlabas na hitsura at ang panloob na espiritu.

Ang inyong kagayakan ay huwag maging panlabas na pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng ginto, o pagbibihis ng maringal na damit. Sa halip, ay ang panloob na pagkatao na may kagandahang walang paglipas, ng isang mahinhin at maamong espiritu na napakahalaga sa paningin ng Diyos. Sapagkat nang unang panahon ay

ganito ginayakan ng mga banal na babae na umaasa sa Diyos ang kanilang sarili, at sila'y nagpasakop sa kani-kanilang mga asawa... (1 Pedro 3:3-5).

Tulad ni Pablo, kinilala ni Pedro ang dalawang uri ng paggagayak sa sarili. Ipinagbabawal niya ang *panlabas* na paggagayak ng masalimuot na estilo ng buhok, alahas, at damit. Pagkatapos, iniutos niya ang panloob na paggagayak ng "isang magiliw at tahimik na espiritu, na sa paningin ng Diyos ay napakahalaga." Ang mga taong may kabanalan ay higit na nagpapahalaga sa pagiging "mahalaga sa paningin ng Diyos" kaysa sa pagtanggap ng pagsang-ayon ng mundong ito. Ganito "ang ginagamit ng mga banal na babaeng umaasa sa Diyos upang magpaganda."

Bilang mga Kristiyano, dapat ipakita ng ating libangan na tayo'y nabukod mula sa kasalanan at nakahiwalay para sa Diyos. Sinasabi sa atin ni Pablo na dapat punuin ng mga Kristiyano ang ating isipan ng mga bagay na magiging higit na katulad ni Kristo.

Kahuli-hulihan, mga kapatid, anumang bagay na totoo, anumang bagay na kagalang-galang, anumang bagay na matuwid, anumang bagay na malinis, anumang bagay na kaibig-ibig, anumang bagay na kapuri-puri, kung mayroong anumang kagalingan, at kung may anumang nararapat papurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito. (Filipos 4:8).

Bilang banal na mga tao, ang bawat bahagi ng buhay ay kinokontrol ng Diyos. Habang binabasa mo ang Levitico, nakikita mo na walang masyadong maliit upang maging karapat-dapat sa Diyos. Ang lahat ay mahalaga sa kanya! *Hindi* ito dahil ang Diyos ay malupit na gustong kontrolin ang bawat bahagi ng buhay. Ito ay dahil ang Diyos ay isang mapagmahal na Ama na nagmamalasakit sa bawat aspeto ng buhay ng kanyang mga anak. Hindi gusto ng ating makalangit na Ama na ang kanyang mga anak ay magsuot ng damit na hindi nagpaparangal sa katawan na kanyang buong pagmamahal na nilalang. Hindi nais ng ating makalangit na Ama na mapupuno ng kaniyang mga anak ang kanilang mga isip ng kasiyahan na nagbibigay ng inspirasyon sa makasalanan at kahiya-hiyang mga saloobin. Tayo ay "isang bayan para sa kanyang sariling pag-aari," at nagmamalasakit siya sa bawat aspeto ng ating buhay.

► Isabuhay ang prinsipyo ng pagiging mahinahon sa iyong kultura. Anong bahagi (kapwa sa damit at pamumuhay) ang isang hamon para sa pagpapanatili ng pagiging mahinahon sa ating mundo?

(2) Ang Prinsipyo ng Pagiging Katiwala

Ang prinsipyo ng pagiging katiwala ay nagpapatunay na ang lahat ng nasa atin ay pag-aari ng Diyos. Bilang mga anak ng Diyos, gagamitin namin ang aming pera at mga mapagkukunan sa paraang nagpaparangal sa kanya.

Noong 18th siglo, ang ilang mga Kristiyano ay sumunod sa isang mahigpit na code ng damit. Tinanggihan nila ang anumang dekorasyon sa damit. Hindi sila nagsuot ng mga makintab na mga butones sa mga damit; ang mga lalaki ay hindi nagsusuot ng mga kurbata; nagsuot

sila ng mga damit na yari lamang sa kulay-abo na tela. Ang kanilang anyo ay puno ng kababaang-loob.

Gayunpaman, ipinangaral ni John Wesley ang isang pangaral tungkol sa pananamit kung saan nagreklamo siya na ang ganitong hitsura ng kababaang-loob ay panlabas lamang. Habang ang mga damit ay simple lang, binabalewala ng ilang mga Kristiyano ang prinsipyo ng pangangasiwa. Naglalakbay sila mula sa London papuntang Paris upang bilhin ang pinakamahal na materyales para sa kanilang damit. Oo, binili nila ang kulay-abo lamang na tela-ngunit bumili sila ng mamahaling tela upang ipakita ang kanilang kayamanan. Sila ay mahinhin, ngunit hindi sila mabuting tagapangasiwa ng salapi ng Diyos¹³.

Sinabi ni Wesley na ang maging hiwalay sa mundo ay nangangahulugang pagiging isang mabuting tagapangasiwa ng salapi na ibinibigay sa atin ng Diyos. Ipinangaral niya na ang isang banal na tao ay hindi dapat mag-aaksaya ng pera sa mga damit na nagastos. Posibleng magsuot ng katamtamang damit ngunit maging maaksaya sa ating mga pagpipilian. Sinabi ni Pablo na ang ating kagandahan ay hindi dapat maging “mahal na damit” (1 Timoteo 2:9).

Ang prinsipyo ng pangangasiwa ay hindi nangangahulugang palaging binibili ang pinakamurang bagay. Minsan ang mas magandang kalidad ng damit na nagkakahalaga ng higit pa ay tatagal nang mas matagal. Ang ilang mga iglesya ay nakapagtitiipid ng pera sa pamamagitan ng pagkakabit ng murang pagtutubero - at pagkatapos ay gumastos ng maraming beses na mas malaking halaga upang ayusin ang mga tagas! Iyon ay hindi wastong pangangasiwa.

Ang prinsipyo ng pangangasiwa ay nagsasabi, “Tayo ay mga katiwala ng salapi na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos. Dapat nating gamitin ito nang matalino. Tayo ay mga tagapangasiwa ng talento na ibinigay sa atin ng Diyos. Dapat nating gamitin ito para sa kanyang kaluwalhatian. Ang lahat ng ginagawa namin ay dapat magparangal sa kanya.”

► Isabuhay ang prinsipyo ng wastong pangangasiwa sa inyong kultura. Paano magiging mbuting katiwala ng mga resources mula sa Diyos ang inyong iglesya?

(3) Ang Prinsipyo ng Pagpipigil

Ang prinsipyo ng pagpipigil ay nagpapatunay na hindi natin hahayaan ang “mga bagay” (kahit na mabubuting bagay) na kontrolin ang ating buhay. Isa sa mga hamon para sa pamumuhay “sa” ngunit hindi “ng” sa mundo ay na tayo ay nasa mundo! Maraming mga bagay sa ating mundo na maaari at kasiya-siya. Ang banal na buhay ay nangangailangan ng pagpipigil o pag-moderate kahit sa mabubuting bagay.

Ang pagkain ay isang halimbawa. Ang kagutuman ay isang likas na gana; ito ay hindi kasalanan. Isinulat ni Pablo na dapat tayong kumain “sa kaluwalhatian ng Diyos” (1 Mga Taga-Corinto 10:31). Ang pagkain ay hindi makasalanan. Gayunpaman, kung ako ay isang

¹³ John Wesley, “On Dress” from *The Works of John Wesley*, (Grand Rapids: Baker Books, 1996)

matakaw na walang pagpipigil sa sarili, hindi ako kumakain sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang mundo ay kumakain para sa kasiyahan sa sarili; kung ako ay walang hanggan sa aking mga gawi sa pagkain, ako ay "sa mundo." Sa halip, dapat akong kumain "para sa kaluwalhatian ng Diyos." Nangangahulugan ito na magkakaroon ako ng pagpipigil sa sarili habang nasisiyahan sa mabuting pagkain na inilalaan ng Diyos para sa akin.

Ipinilit ng mga taga-Corinto na maaari pa silang makagawa ng sekswal na imoralidad dahil sila ay espirituwal na mga anak ng Diyos at ang katawan ay hindi na mahalaga. Sinabi nila, "Ang pagkain ay para sa tiyan at ang tiyan para sa pagkain." May ideya sila mula sa kanilang kultura na ang katawan ay pinahihintulutan na makamit ang anumang nais nito.

Tumugon si Pablo sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga turo ng mga taga-Corinto at pagkatapos ay tinatanggi ang mga maling ideya sa likod ng kanilang pagtuturo. "Ang lahat ng mga bagay para sa akin ay matuwid," ngunit hindi ako paaalipin sa anuman. "'Ang pagkain ay para sa tiyan, at ang tiyan ay para sa pagkain,' ngunit ito at ang mga iyon ay wawasakin ng Diyos." (1 Mga Taga-Corinto 6:12-20). Ipinagpatuloy niya, "Hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Cristo?" Si Pablo ay nagtapos, "Hindi na sa inyo ang inyong sarili, kayo ay binili na may presyo. Kaya luwalhatiin mo ang Diyos sa iyong katawan."

Ang prinsipyo ni Pablo ay ito - kahit na ang mga bagay na naaayon sa batas ay hindi dapat makakontrol sa atin. May awtoridad ang Diyos sa lahat ng aspeto ng buhay ng mga Kristiyano, maging ang ating katawan. *Ang lahat* ng ginagawa natin ay dapat magdulot ng karangalan sa Diyos. Kinakailangan nito na mamuhay tayo nang may kahinahunan at pagpipigil sa sarili.

Paano ito makikita sa pang-araw-araw na buhay? Nangangahulugan ito ng pagpipigil sa sarili sa kung ano ang kinakain at iniinom natin. Nangangahulugan ito ng pagpipigil sa sarili sa ating libangan. Bilang isang banal na tao, hindi ako "pinapangunahan ng kahit ano." Kahit na ang isang perpektong walang-sala na aliwan ay mali (para sa akin) kung ito ay kokontrol sa akin. Ang prinsipyo ng pagpipigil ay nagtuturo ng pagpipigil sa sarili sa lahat ng bahagi ng buhay.

Narito ang isang halimbawa na nagpapakita kung paanong ang mga prinsipyong ito ay nauugnay sa mga personal na kahinaan at pagkakaiba ng personalidad. Unawaain na ito ay isa lamang halimbawa, hindi ito isang panuntunan para sa inyo!

Ang isang kabataang lalaki nanagngangalang James ang bumili ng isang bagong computer na may isang simpleng laro na tinatawag na "Tetris." Walang mali sa laro. Ito ay hindi marahas o, malibog, o makasalanan sa anumang paraan. Ito ay isang simpleng palaisipan. Gayunpaman, nalaman ni James sa lalong madaling panahon na siya ay "dominado" na ng larong ito. Umuupo siya upang magtrabaho --at sa lalong madaling panahon simulan ang paglalaro ng laro. Sasabihin niya, "Magpahinga ako mula sa pagtatrabaho at paglalaro ng Tetris." Makaraan ang tatlung minuto, sasabihin uli niya, "Gusto kong tapusin ang isa pang laro." Pagkalipas ng isang oras, naglalaro pa rin siya. Panghuli, ipinaalala sa kanya ng

Diyos ang prinsipyo ng pagpipigil. “Ang lahat ng mga bagay para sa akin ay matuwid,” ngunit hindi ako paaalipin sa anuman.” (1 Mga Taga-Corinto 6:12).

Dahil dito, nagpasya si James na dapat na niyang tanggalin ang Tetris mula sa kanyang computer. Ito ba ay isang tuntunin ng Biblia para sa lahat? Hindi! Hindi isinama ng Biblia ang salitang Tetris kahit saan! Ngunit para kay James, ang prinsipyo ng pagpipigil ay nangangahulugan ng pag-iwas sa isang laro na makakontrol sa kanya.

Ang mga prinsipyo ay mas malawak kaysa sa mga panuntunan. Walang pagtuturo sa Biblia laban sa Tetris. Kung Tetris ang iyong paboritong laro, hindi mo na kailangang isuko ito dahil ginawa iyon ni James. Ngunit para kay James, dahil sa kanyang kahinaan, ang Tetris ay naging isang silo. Kung nais nating mabuhay ng banal na buhay, hihilingin natin sa Diyos, “Paano ako nakapamumuhay sa isang paraang nakalulugod sa iyo?”

► Isabuhay ang prinsipyo ng pagpipigil sa iyong kultura. Anong mga lugar ang isang hamon para sa pagpapanatili ng biblikal na balanse sa iyong buhay?

(4) Ang Prinsipyo ng Kaangkupan

Nang si Timoteo, anak ng isang Griyegong ama at isang Hudyong ina, ay sumama kay Pablo at Silas sa kanilang paglalakbay bilang misyonero, hiniling ni Pablo na tuliin si Timoteo para sa epektibong ministeryo (Mga Gawa 16:3). Nauna rito, tinanggihan ni Pablo na tuliin si Tito, isang nagbalik-loob na Griyego (Galacia 2:3). Ang magkakaibang tugon ni Pablo sa mga sitwasyong ito ay nagtuturo ng mahalagang prinsipyo para sa ministeryo.

Sa kaso ni Tito, tumayo si Pablo para sa katotohanan na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Kung pipilitin ang isang nagbalik-loob na Hentil na sundin ang batas ng Judio ay magpapahina sa mensahe ng kalayaan ng Kristiyano. Nanindigan nang matatag si Pablo laban sa mga nagnanais na tuliin si Tito (Galacia 2:1-6). Sa Mga Gawa 15, kinikilala ng iglesya ng Jerusalem na hindi kinakailangan ang pagtutuli para sa mga nagbalik-loob na mga Gentil.

Sa Gawa 16, hiniling ni Pablo kay Timoteo na magpatuli. Bakit? Hindi para sa kapakanan ng kaligtasan, kundi alang-alang sa epektibong ministeryo sa mga sinagoga.

► Basahin ang 1 Mga Taga-Corinto 9:19-23

Inilalarawan ni Pablo ang ganitong prinsipyo sa Corinto. Para sa kapakanan ng ebanghelyo, handa si Pablo na magsakripisyo sa mga lugar na walang kinalaman sa prinsipyo ng Biblia. Hindi niya ikokompromiso ang mga paniniwala sa Biblia, ngunit isinakripisyo niya ang kanyang mga kalayaan para sa ministeryo.

Ito ay nagpapahiwatig ng isang mahalagang prinsipyo para sa mga Kristiyano. Ang ilang mga bagay ay maaaring naaangkop sa isang sitwasyon at hindi sa iba. Para sa kapakanan ng epektibong ministeryo, ang isang pinuno ay maaaring isukoang ilang “kalayaan” sa mga lugar na hindi nakasasakit ng damdamin sa kanyang sariling mga paniniwala. Ang mga ito

ay hindi mga lugar ng pagtuturo sa Biblia, ngunit ang mga lugar ng pansariling paniniwala at kultural na nakasanayan.

Si Gary ay isang misyonero sa Africa. Nagpatubo si Gary ng isang buong balbas. Sa kanyang bansa, ang isang balbas ay isang simbolo ng edad at awtoridad. Ang pinuno ng isang tribo ay laging may mahabang balbas. Dahil sa kanyang balbas, may paggalang kay Gary ang mga taong sinisikap niyang maabot sa ebanghelyo. Mayroon siyang balbas dahil sa prinsipyo ng pagiging angkop.

Si Rick ay isang misyonero sa Asya. Sa bansa ni Rick, ang isang balbas ay nauugnay sa pagiging pabaya at walang pag-iingat sa personal na hitsura. Sa lalong madaling panahon pagkatapos lumipat sa bansang ito, nakita ni Rick na ang kanyang balbas ay naglilimita sa kanyang pagiging epektibo. Inahit niya ang kanyang balbas dahil sa prinsipyo ng pagiging angkop.

Tama ba o mali ang balbas? Hindi! Pareho nilang natutunan na sundin ang alituntunin ng pagiging angkop - ano ang pinakamainam para sa kalagayan kung saan inilalagay ako ng Diyos?

► Nakakita ka ba ng mga lugar kung saan ang prinsipyo ng pagiging angkop ay nangangailangan sa iyo na isakripisyo ang iyong personal na kalayaan upang maabot ang mga tao sa paligid mo para kay Kristo?

(5) Ang Prinsipyo ng Responsibilidad: Kanino Ako Mananagot?

Nagtanong ang isang guro sa ilang estudyante sa kolehiyo, "Mas gusto ba ninyo ang mga panuntunan o prinsipyo para sa inyong handbook o aklat-alituntunin ng dormitoryo?" Karaniwan nilang sinasabi, "Mas gusto namin ang mga prinsipyo!"

Pagkatapos ay itinanong ng guro, "Alin ang mas madaling sundin: isang tuntunin na nagsasabing, 'Ang mga ilaw ay dapat mapatay sa hatinggabi' o isang alituntunin na nagsasabing, 'Naghahanda ka para sa ministryo. Matulog ng maaga at sapat para sa maayos na pahinga at maging handa na magpokus sa pag-aaral sa iyong unang klase sa umaga'?" Agad na napagtanto ng mga mag-aaral na ang isang prinsipyo ay nagtuturo sa atin upang mag-isip ng higit pa kaysa sa isang simpleng patakaran!

Ang mga prinsipyo ay maaaring maging mahirap. Ang isa sa mga susi ay napagtatanto na sumasagot tayo sa Diyos tungkol sa pagbubukod. Hindi ka maaaring magkaroon ng itim at puting tuntunin na nagsasabing, "Ang _____ gramo ng pagkain kada araw ay mapagpigil. Higit pa sa roon ay katakawan na." Iyan ay imposible! Sa halip, dapat kong tandaan na responsable ako sa Diyos para sa pagpipigil sa sarili.

Ang isang tao na nasa trabaho sa opisina ay nangangailangan ng magagandang kasuutan; ang ibang tao ay magiging isang di-mabuting katiwala kung bibili siya ng magandang kasuutan na isusuot lang niya sa bukid!

Maaaring magbigay ang Diyos ng iba't ibang paniniwala sa iba't ibang tao batay sa kanilang ministryo, sa kanilang pinagmulan, at kahit ang mga kasalanan na kung saan sila ay madaling matukso. Hindi tayo lahat magkatulad; hindi tayo magiging magkatulad. Ang ating mga kapatid ay maaaring magkaroon ng magkakaibang pamumuhay. Hangga't ang pagkakaiba ay hindi sumasalungat sa mga aral ng Banal na Kasulatan, ang mga pagkakaibang ito ay maaaring maging tanda ng kalayaan ng Biblia.

Dahil dito, dapat kong alalahanin ang dalawang bagay:

1. Hindi ko dapat hatulan ang puso ng ibang tao. Dapat silang managot sa Diyos para sa kanilang pagkabukod mula sa mundo (Mga Taga-Roma 14:4).
2. Dapat kong hatulan ang sarili kong puso. Dapat kong sagutin ang Diyos para sa aking pagkabukod mula sa mundo (2 Mga Taga-Corinto 5:9-10).

Natagpuan Nila ang Sikreto - Count Zinzendorf at ang mga Moravian

Noong 18th siglo, isang grupo ng mga Kristiyano ay tumakas sa Alemanya upang makatakas sa pag-uusig sa Moravia. Nanirahan sila sa ari-arian ng Count Nikolaus von Zinzendorf,¹⁴ na naging pinuno nila. Sa loob ng ilang taon, mahigit 300 Moravian ang nanirahan sa estado na ito sa Herrnhut.



Ang mga Moravian ay nakatuon sa tunay na kabanalan. Nabuhay sila ng mga buhay na ginabayan ng mga prinsipyo ng Kasulatan. Sila ay kilala para sa kanilang maingat na pag-aaral ng Biblia at pangako sa panalangin. Noong 1727, nagsimula ang mga Moravian ng isang pulong ng panalangin na nagpatuloy na 24 na oras sa isang araw sa loob ng higit sa 100 taon.

Ang mga Moravian ay naghangad na maging ganap sa Diyos. Ano ang naging resulta ng pangakong ito sa isang buhay na nakabukod? Ginamit sila ng Diyos sa isang makapangyarihang paraan.

Ang mga Moravian ay may malaking impluwensya sa ibang mga Kristiyano. Ang misyonerong Moravian, si Peter Bohler, ay mahalaga sa pagbabalik-loob nina John at Charles Wesley. Ilang linggo pagkatapos ng katiyakan ni John Wesley sa kaligtasan sa isang kapilya ng Moravian sa Aldersgate Street, naglakbay siya sa Herrnhut upang matuto nang higit pa tungkol sa espirituwal na karanasan ng mga tapat na mananampalataya. Mula kina Wesley hanggang kay William Carey, ang mga nakatalagang Kristiyano ay naiimpluwensyahan ng pagsusulong ng kabanalan ng mga Moravian.

Ang mga Moravian ay nagdala ng isang malakas na ebanghelistikong patotoo sa buong mundo. Sa loob ng anim na buwan ng pagsisimula ng 1727 pulong ng panalangin, 26 na miyembro ng Moravian ang nagboluntaryo para sa gawain ng pagmimisyon - noong

¹⁴ Image: "Portrait of Count Zinzendorf" by J. Archer, *The Life of Nicholas Lewis Count Zinzendorf* (1838), retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Portrait_of_Count_Zinzendorf.jpg, public domain.

panahong halos hindi kilala ang mga misyon sa ibang bansa sa mga iglesyang Protestante. Noong 18th siglo, mahigit 300 misyonero ang ipinadala mula sa maliit na grupo ng nakabukod na mga Kristiyano. Ang ilan sa pinakamaagang misyonerong Protestante ay ipinadala ng mga Moravian. Ang mga Kristiyano na nahiwalay para sa Diyos ay maaaring gamitin ng Diyos upang baguhin ang kanilang mundo.

Ang himno na "Gusto ko ng isang Prinsipyo sa Kalooban" ay nagbuod sa mga prinsipyo ng paghihiwalay na itinuro ng mga Moravian. Ang isang banal na tao ay nagpapanatili ng budhi na sensitibo sa mga babala ng Diyos.

Gusto ko ng isang Prinsipyo sa Kalooban - Charles Wesley

Gusto ko ng isang prinsipyo sa kaloob
ng maingat, banal na takot,
isang pakiramdam na sensitibo sa kasalanan,
isang sakit na nararamdaman.

Gusto ko ang unang diskarte sa pakiramdam
ng pagmamataas o maling pagnanais,
upang mahuli ang libot ng aking kalooban,
at pawiin ang nagniningas na apoy.

Mula sa iyo na hindi na ako malihis,
hindi na ang iyong kabutihan ay nagdadalamhati,
bigyan mo ako ng malasakit ng anak, panalangin ko,
bigyanng sensitibong budhi.

Simbilis ng mansanas ng iyong mata,
Oh Diyos, gawin sa aking budhi;
gisinginmo ang akingkaluluwaka pagmalapitna ang kasalanan,
at panatilihin itong gising pa rin.

Aralin 4 sa Isang Pahina

(1) Ang pagiging banal ay nangangahulugan na ibinukod o maging sa Diyos. Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Isang Banal na Araw
- Mga Banal na Bagay
- Mga Banal na Lugar
- Isang Banal na Tribo

(2) Ang pagiging banal ay nangangahulugan na *ibubukod mula sa kasalanan*. Dahil napopoot ang Diyos sa kasalanan, ang mga pinabanal ng Diyos ay napopoot sa kasalanan.

(3) Ang pagiging banal ay nangangahulugan na *ibubukod para sa Diyos*. Ang layunin ng pagbubukod mula sa kasalanan ay pagbubukod para sa Diyos.

(4) Ang mga banal na tao ay mananatiling malayo sa kasalanan. Upang mabuhay nang malapit sa Diyos ay nangangahulugan na mabuhay tayo nang malayo sa kasalanan.

(5) Ang Banal na buhay ay naghanda sa Israel bilang isang saksi sa sanlibutan. Ang mga banal na buhay ay naghahanda ng mga Kristiyano upang sumaksi sa sanlibutan.

(6) Ang Biblikal na pagbubukod ay nagsisimula sa puso.

(7) Ang mga Prinsipyo ng pagbubukod mula sa sanlibutan ay kinabibilangan ng:

- Ang Prinsipyo ng Pagiging Disente
- Ang Prinsipyo ng Pagiging Katiwala
- Ang Prinsipyo ng Pagpipigil
- Ang Prinsipyo ng Kaangkupan
- Ang Prinsipyo ng Responsibilidad

Mga Takdang Aralin sa Aralin 4

(1) Pumili ng isang isyu kung saan ang paghihiwalay ay mahirap para sa mga Kristiyano sa iyong lipunan. Gamit ang mga prinsipyo sa kabanatang ito, magsulat ng sanaysay na 1-2 na pahina na nagpapahiwatig kung paano maaaring ihiwalay ang mga Kristiyano mula sa kasalanan at ihiwalay para sa Diyos tungkol sa isyu na iyong pinili.

(2) Simulan ang susunod na sesyon ng klase sa pamamagitan ng pagbigkas sa 2 Mga Taga-Corinto 6:16-18.

Aralin 5

Ang Kabanalan ay Isang Pusong Hindi Nag-aalinlangan

Mga Layunin ng Aralin

Sa Pagtatapos ng Araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Nauunawaan na ang termino sa Lumang Tipang “perpekto” na tumutukoy sa isang pusong hindi nag-aalinlangan.
- (2) Makita ang espirtual na panganib ng isang pusong nag aalinlangan.
- (3) Sumuko na walang pasubaling “Oo” sa Diyos.
- (4) Kabisaduhin ang Mga Awit 86:11-12.

Si Caleb: Isang Tao na may Pusong Hindi Nag-aalinlangan

Ang bayan ng Israel ay handa nang pumasok sa Canaan. Dinala sila ng Diyos sa disyerto, at sila ay isang maikling paglalakbay na lamang mula sa Lupang Pangako. Nagpadala si Moises ng 12 espiya upang pag-aralan ang lupain. Pagkaraan ng 40 araw, ang mga tiktik ay bumalik na may magagandang ubas at mga ulat ng mga kahanga-hangang bagay sa Canaan. Ngunit, sinabi nila, ang mga Cananeo ay malalakas at nakatira sa malalaking lungsod. Tila kami tulad ng mga grasshoppers sa tabi nila!

Tanging dalawang espiya, sina Josue at Caleb, ay naniniwala sa pangako ng Diyos na tagumpay. Sinabi ni Caleb, “Ating akyatin agad at sakupin sapagkat kayang kaya nating lupigin iyon.” (Mga Bilang 13:30). Nakita ni Josue at Caleb ang kaparehong lupain ng iba pang mga espiya. Nakita nila ang mga lunsod na may malalaking pader. Nakita nila ang mahusay na mga mandirigma.

Ngunit nakita ni Josue at Caleb ang isang bagay na hindi nakikita ng iba pang mga espiya - nakita nila na ang Diyos na nagdala ng Israel mula sa Ehipto ay dadalhin ang Israel sa Canaan. Nakita nila na ang Diyos na nagwawasak ng hukbo ni Paraon ay sisira ang mga pader ng Jericho. Nakita nila na ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ni Moises. Sinabi ng Diyos na si Caleb ay “siya’y nagtaglay ng ibang espiritu at sumunod nang lubos sa akin” (Mga Bilang 14:24).

Dahil hindi sila naniwala sa kanya, hinatulan ng Diyos ang matatandang henerasyon na mamatay sa ilang. Pagkaraan ng apatnapung taon, pumasok ang Israel sa Canaan, at oras na hatiin ang lupain. Si Caleb ay mahigit 80 taong gulang. Sinabi niya kay Josue, “Gayunma’y malakas pa ako hanggang sa araw na ito na gaya ng araw na suguin ako ni Moises Kaya ibigay mo ngayon sa akin ang bundok na ito.” Oo, may mga malakas na lungsod at makapangyarihang mga mandirigma. Ngunit may pagtitiwala si Caleb sa mga pangako ng Diyos. “Maitataboy ko sila na gaya ng sinabi ng Panginoon.” (Josue 14:11-12).

Ano ang ibinigay ni Caleb sa gayong pagtitiwala? Isang di-ganap na puso. Sinabi ni Caleb, “ako’y lubos na sumunod sa Panginoon kong Diyos.” (Josue 14:8). Nagtiwala si Caleb sa Diyos nang buong puso niya. Si Caleb ay isang lalaki na may pusong hindi nag-aalinlangan.

Ang Perpektong Puso ay isang Pusong Hindi Nag-aalinlangan

Ang Mga Aklat ng Kasaysayan sa Biblia¹⁵ ay nagsasabi ng malubhang kabiguan ng Israel na tuparin ang pagkatawag ng Diyos sa kanyang bayan. Ipinapakita ng Mga Aklat ng Kasaysayan kung paano gumala-gala ang Israel mula sa plano ng Diyos. Ang Israel ay tinawag upang kumatawan sa Diyos sa ibang mga bansa. Sa halip, bumaling siya sa mga huwad na diyos. Dahil sa kanyang kabiguan, ang Israel ay natalo at dinala sa pagkatapon. Ang kanyang kaluwalhatian ay naging kahihyan.

Kasama ang mga trahedyang larawan ng kawalang-katapatan, ipinakikita ng Pangkasaysayang mga Libro ring ito ang mga banal na taong matapat na naglingkod sa Diyos. Bagaman marami sa Israel ang hindi tapat sa Diyos (Mga Hukom), isang kabataang biyuda na Moabita ay tapat (Ruth). Kahit na sa pagkatapon (2 Mga Hari), isang batang babaeng Judio ang sumunod sa tawag ng Diyos at iniligtas ang kanyang mga kababayan (Esther). Sinunod ng mga taong ito ang Diyos nang buong puso nila. Sila ay banal sa kahulugan na sila ay lubusang naglaan ng buhay sa Dios.

Itinuturo ng Mga Makasaysayan na Aklat na dapat maging banal ang ibig sabihin ng paglilingkod sa Diyos na may kumpetensyang katapatan. Ang kabanalan ay hindi nangangahulugang perpektong pagganap. Ang ibig sabihin ng kabanalan ay upang maglingkod sa Diyos na may di-ganap na puso.

Ang mas lumang mga pagsasalin sa Ingles ng Lumang Tipan ay gumamit ng salitang “perpekto” upang isalin ang salitang Hebreo na *shalem*. Ang *Shalem* ay may ideya na “maging ganap.” Upang maging perpekto ay maging kumpleto. Upang maging banal ay nangangahulugang ganap na pag-aari sa Diyos.

Ang *Shalem* ay may kaugnayan sa salitang Hebreo para sa kapayapaan, *shalom*. Upang maging perpekto sa harap ng Diyos ay nangangahulugan na magkaroon ng kapayapaan sa kanya (“tapat nawa ang inyong puso sa Panginoon nating Diyos” 1 Mga Hari 8:61). Ang magkaroon ng isang “sakdal na puso” ay magkaroon ng puso na kumpleto o hindi nahahati, isang puso na may isang katapatan lamang. Tingnan natin ang ilang mga halimbawa ng salitang perpekto o hindi nahahati sa Mga Aklat ng Kasaysayan.

Ang isang Hukbo na may Hindi Nag-aalinlangang Layunin

Matapos mamatay si Saul, pinutungan ng mga tribo sa hilaga si Isboset bilang hari habang sinundan ni Juda si David. May dalawang taon na digmaang sibil kung saan pinamunuan ni David ang Juda laban sa mga tribo sa hilaga. Pagkaraan ng dalawang taon, pinatay si

¹⁵ Ang Aklat ng Josue, Mga Hukom, Ruth, 1 & 2 Samuel, 1 & 2 Mga Hari, 1 & 2 Mga Cronica, Ezra, Nehemias at Estherang 12 Aklat Pangkasaysayan ng Biblia.

Isboset ng kanyang sariling mga kapitan. Nagkakaisa ang hukbo sa korona kay David bilang hari sa buong Israel. Ang bansa ngayon ay nagkakaisa sa ilalim ng isang hari.

Lahat ng mga ito, mga mandirigmang handa sa pakikipaglaban, ay pumunta sa Hebron na may buong layunin na gawing hari si David sa buong Israel. Gayundin, ang iba pa sa Israel ay nagkaisa na gawing hari si David. (1 Cronica 12:38).

Ang hukbo “ay dumating sa Hebron **na may buong puso** (*shalem*) upang gawing hari si David.” Ang mas lumang mga pagsasalin ay gumagamit ng pariralang “may isang perpektong puso (KJV). Ang “Perpekto” ay hindi nangangahulugan na walang sinuman sa hukbo ang nagkasala. Nangangahulugan ito na ang bansa ay “ganap na tapat” kay David. Nagkakaisa sila sa ilalim ng isang hari. Sa talatang ito, ang *shalem* ay hindi isang relihiyosong termino; ito ay isang pampulitikang termino. Ang ibig sabihin ni *Shalem* ay magkaroon ng hindi nahahating katapatan sa hari.

Isang Altar na may mga Hindi Tapyas na mga Bato

Nang dumating ang Israel sa Lupang Pangako, nagtayo si Josue ng altar sa Bundok Ebal. Itinayo ni Josue ang altar “na isang dambanang mula sa hindi tinapyasang (*shalem*) mga bato at hindi ginamitan ng kagamitang bakal ng sinumang tao.” (Josue 8:31). Ang “Hindi Tinapyasang” ay ang parehong salita bilang “buo” o “perpekto.” Ang pagiging *shalem* ay dapat na hindi nahahati.

Isang Pusong Hindi Nag-aalinlangan

Sa pagtatalaga ng Templo, tinawag ni Solomon ang bayan ng Israel upang maglingkod sa Diyos na may di-nahahating puso.

“Kaya’t maging tapat (*shalem*) nawa ang inyong puso sa Panginoon nating Diyos, na lumakad sa kanyang mga tuntunin, at sundin ang kanyang mga utos, gaya sa araw na ito. (1 Mga Hari 8:61).

Ito ang parehong salita na ginamit upang ilarawan ang nagkakaisang hukbo sa ilalim ni David. Ito ay ang parehong salita na ginagamit upang ilarawan ang hindi tinapyas na mga bato. Tinawag ni Solomon ang Israel sa di-nahahating katapatan sa Diyos. Kung taglay ng bayan ng Israel ang di-nahahating puso, sila ay “lalakad sa kanyang mga batas at susundin ang kanyang mga utos.” Ang isang taong may di-nahahating puso ay buong pusong sumusunod sa Diyos.

Mga Nag-aalinlangang Puso at mga Hindi Nag-aalinlangang Puso

Ang kasaysayan ng mga hari ng Israel ay nagpapakita na ang Diyos ay tumatawag sa kanyang mga tao upang paglingkuran siya na may pusong walang pag-aalinlangan. Hinahanap ng Diyos ang mga banal na tao. Hinahanap ng Diyos ang mga pusong walang pag-aalinlangan.

Si Haring Solomon: Isang Nag-alinlangang Puso

Sa pagtatalaga ng Templo, tinawag ni Solomon ang Israel upang maglingkod sa Diyos na may di-nahahating puso. Nakalulungkot, hindi sinunod ni Solomon ang sarili niyang payo. "Sapagkat nang si Solomon ay matanda na, iniligaw ng kanyang mga asawa ang kanyang puso sa ibang mga diyos, at ang kanyang puso ay hindi naging lubos na tapat (*shalem*) sa Panginoon niyang Diyos, gaya ng puso ni David na kanyang ama." (1 Mga Hari 11:4).

Ang puso ni Solomon ay nahati. Nais niyang sumamba sa Diyos ng Israel habang sumasamba sa ibang mga Diyos. Hindi ka maaaring maging tapat kay Jehova at sa ibang mga Diyos. Hindi sinasabi ng may-akda ng 1 Mga Hari na inabandona ni Solomon ang pagsamba kay Jehova. Nagpatuloy si Solomon sa paghahandog ng mga hain sa Templo, ngunit nahati ang kanyang puso. Sinikap niyang maglingkod sa Diyos na may hating puso.

Si Haring David: Isang Pusong Hindi Nag-aalinlangan

Sa 1 Hari 11:4, mababasa natin ang pananaw ng Diyos sa mga puso nina David at Solomon. Ang puso ni David ay hindi nahahati. Ang puso ni Solomon ay nahati. Mula sa pananaw ng tao, maaari nating isaalang-alang ang pangangalunya at pagpatay ni David na mas malala kaysa sa pagtalikod ni Solomon. Bakit sinasabi ng manunulat ng Mga Hari na ang puso ni David ay "lubos na totoo" sa Panginoon?

Ang pagkakaiba ay ang tugon ni David sa kasalanan. Nang harapin ng propeta si David, agad na nagsisi si David. Hindi ipinagtanggol ni David ang kanyang sarili. Sa halip, ipinahayag niya sa Diyos, "Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala, at nakagawa ng kasamaan sa iyong paningin." Naglingkod si David sa Diyos na may di-nahahating puso. Ang kanyang puso ay *shalem*. Ang kanyang puso ay hindi nahahati.

Ipinakikita ng Mga Awit 86 ang kagutuman ni David sa isang di-nahahating puso. Sa Mga Awit 86, si David ay nanalangin para sa pagpapalaya mula sa mga kaaway na nagsisikap na patayin siya. Sa gitna ng panalangin ito, ang sigaw ni David, "Ilakip mo ang aking puso upang matakot sa iyong pangalan." (Mga Awit 86:11). Si David ay nanalangin para sa isang di-nag-aalinlangang puso. Hinahangad ni David na maglingkod sa Diyos nang may sakdal na puso.

Si Haring Asa: Isang Nag-aalinlangang Puso

Si Asa ay naluklok sa trono ng Juda sa 910 B.C. Siya ay nakatalaga kay Jehova; sinira niya ang mga altar sa mga huwad na Diyos; sinira niya ang mga mataas na dako na ginamit para sa pagsamba sa mga diyos-diyosan. Nang salakayin ng taga-Etiopiang heneral na si Zera ang Juda ng isang malaking hukbo, si Asa ay humiling sa Diyos para sa pagpapalaya:

Isang Panalangin para sa Kabanalan

Nawa'y mamatay ako sa
aking sarili
Nang sa iyo ako ay mabuhay;
Nawa'y mawala ang lahat sa
akin
Nang ako'y managana sa iyo;
Nawa'y mawalan ako ng
halaga sa aking sarili
upang ang lahat sa akin ay
maging sa iyo.
- Erasmus

Panginoon, walang iba liban sa iyo na makakatulong, sa pagitan ng malakas at ng mahina. Tulungan mo kami, O Panginoon naming Diyos, sapagkat kami ay nananalig sa iyo, at sa iyong pangalan ay pumarito kami laban sa karamihang ito. O Panginoon, ikaw ang aming Diyos; huwag mong papagtagumpayin ang tao laban sa iyo. (2 Mga Cronica 14:11).

Sinagot ng Diyos ang panalangin ni Asa. "Kaya't ginapi ng Panginoon ang mga taga-Etiopia sa harapan ni Asa at sa harapan ng Juda" (2 Mga Cronica 14:12). Nagtiwala nang lubos si Asa sa Diyos, at binigyan siya ng Diyos ng malaking tagumpay.

Dalawampung taon ang lumipas, at hinarap ni Asa ang isang bagong pagsubok. Sa pagkakataong ito, nagbanta si Baasha, ang hari ng mga tribo sa hilaga, sa Juda. Sa kanyang takot, nagpasya si Asa na bumuo ng isang alyansang pangmilitar sa ibang bansa. Lumagda siya ng kasunduan kay Ben-Hadad, ang pinuno ng Syria. Sa halip na magtiwala sa Diyos lamang, nagtiwala si Asa sa isang paganong pinuno.

Bilang tugon, ipinaalaala ni Propeta Hanani kay Asa ang kanyang nakaraang tagumpay laban sa malaking hukbo ng mga Etiope. Pinaalalahanan niya si Asa na nang "Ikaw ay umasa sa Panginoon, kanyang ibinigay sila sa iyong kamay" Bakit ginawa ito ng Diyos? Sapagkat "ang mga mata ng Panginoon ay nagpaparoo't parito sa palibot ng buong lupa, upang ipakita ang kanyang kapangyarihan alang-alang sa kanila na ang mga puso ay tapat sa kanya." (2 Mga Cronica 16:8-9).

Nang lubos na nagtiwala si Asa sa Diyos, binigyan siya ng Diyos ng malaking tagumpay. Ngunit ngayon ay umaasa si Asa sa isang pinuno ng Siria. Sapagkat hindi na pinagkakatiwalaan ni Asa ang Diyos lamang, hindi na siya ililigtas ng Diyos mula sa panganib. Binabalaan ni Hanani na magkakaroon ng mga digmaan si Asa sa kabuuan ng kanyang paghahari.

Ang huling mga taon ng paghahari ni Asa ay isang simpleng anino ng maliwanag na pangako ng kanyang mga unang taon. Sa huli sa buhay, nagkasakit si Asa, ngunit kahit sa kanyang sakit ay hindi niya hinanap ang Panginoon (2 Mga Cronica 16:12).

Ang paghahari ni Asa ay mas mahusay kaysa sa maraming iba pang mga hari. Hindi kailanman inabandona ni Asa ang pagsamba kay Jehova, ngunit ang kanyang puso ay hindi nakabahagi sa Diyos. Nabigo siyang lubos na magtiwala sa Diyos. Dahil dito, hindi nakamit ni Asa ang pinakamabuti sa Diyos.

Ang buhay ni Asa ay isang makapangyarihang ilustrasyon ng panganib ng isang nahahating puso. Sa unang kuwento, nagtiwala si Asa sa Diyos. Sa pangalawang kuwento, patuloy siyang naglingkod bilang pinuno ng bayan ng Diyos, ngunit ang kanyang puso ay hindi perpekto. Sa halip na lubos na nagtiwala sa Diyos, pumirma siya ng kasunduan sa kaaway ng Diyos. Si Asa ay may hating puso.

Si Haring Amasias: Isang Pusong Nag-aalinlangan

Ipinakita ni Amasias ang panganib ng isang nahahating puso. Nagsimula ang pamumuno ni Amasias sa dakilang pangako: "Ginawa niya ang tama sa paningin ng Panginoon" (2 Mga Hari 14:3; 2 Mga Cronica 25:2). Tulad ni Asa, si Amasias ay maayos na nagsimula.

Gayunpaman, ang parehong Mga Hari at Cronica ay nagbabala ng panganib. Sinabi ng may-akda ng Mga Hari na ginawa ni Amasias kung ano ang tama, "gayon pa man ay hindi katulad ni David na kaniyang ama." Sinabi ng may-akda ng Mga Cronica na ginawa ni Amasias ang tama, "ngunit hindi ng buong puso." Hindi niya inalis ang "matataas na dako". Dahil dito, ang mga tao ay patuloy na nagsakripisyo sa mga huwad na Diyos. Ang isang pinuno na may isang pusong nag-aalinlangan ay nag-aakay sa bayan sa kaguluhan.

Tulad ni Asa, natagpuan ni Amasias na ang paglilingkod sa Diyos nang may pusong nag-aalinlangan ay nagdudulot ng problema. Bagama't nagsimulang mabuti ang paghahari ni Amasias, sa ibang pagkakataon sumamba siya sa mga diyos ng Edom. Bilang paghatol, pinahintulutan ng Diyos ang hilagang kaharian na talunin si Amasias. Ang pangako ng maagang paghahari ni Amasias ay hindi kailanman natupad sapagkat siya ay may nahahating puso. Ang puso ni Amasias ay hindi perpekto.

Ang Pagsasabuhay ng Kabanalan: Ang Kabanalan ay Nagsisimula sa Puso

Nagsalita si Hesus sa mga lider ng relihiyon na napakaingat tungkol sa panlabas na anyo, ngunit hindi maingat tungkol sa puso.

Kahabag-habag kayo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nag-iikapu kayo ng yerbabuena, ng anis at ng komino, at inyong pinababayaan ang higit na mahahalagang bagay ng kautusan: ang katarungan, ang habag, at ang pananampalataya. Subalit dapat sana ninyong gawin ang mga ito nang hindi pinababayaan ang iba. Kayong mga bulag na taga-akay! Sinasala ninyo ang niknik, ngunit nilulunok ninyo ang kamelyo! (Mateo 23:23-24).

Maingat na sinusunod ng mga lider ng relihiyon ang mga ritwal ayon sa batas, ngunit hindi nila sinusunod ang pangangalaga sa mas mahalagang batas sa loob. Hinatulan ni Hesus ang kanilang huwad na relihiyon. "Sinasala ninyo ang niknik(kayo ay maingat sa mga maliliit na bagay), ngunit nilulunok ninyo ang kamelyo (binabalewala mo ang malalaking problema)." Nagsisimula sa puso ang kabanalan.

Kung iniisip natin ang panlabas na paghihiwalay mula sa kasalanan, maaari nating sabihin:

- "Ako ay banal *dahil* hindi ako nagsusuot ng _____."
- "Ako ay banal *dahil* hindi ako pumupunta sa _____."
- "Ako ay banal *dahil* hindi ako nanonood ng _____."

Kapag inaangkin natin na tayo'y banal dahil sa ginagawa o hindi natin ginagawa, maaari tayong maging katulad ng mga Pariseo. Sinabi ng mga Pariseo, "Kami ay mga banal na tao. Tingnan kung paano kami humihiwalay!" Ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa isang Pariseo

na nanalangin, "Diyos, pinasasalamatang kita na hindi ako gaya ng ibang mga tao, na mga mangingikil, mga di makatarungan, mga mangangalunya, o gaya man ng maniningil ng buwis na ito. Dalawang ulit akong nag-aayuno sa isang linggo, nagbibigay ako ng ikapu sa lahat ng aking kinikita" (Lucas 18:11-12). Tinukoy ng Pariseong ito ang kabanalan sa pamamagitan ng kanyang mga aksyon: "Hindi ako naninirang-puri; makatarungan ako; Nag-aayuno ako; Nag-iikapu ako." Inaangkin niya na Siya ay banal, ngunit ang kanyang puso ay hindi banal.

Ipinagmamalaki ng mga Pariseo ang kanilang pagkabukod mula sa mundo, ngunit ang kanilang mga puso ay hindi banal. Sinabi ni Hesus, "Sapagkat tulad kayo sa mga pinaputing libingan na magandang tingnan sa labas, ngunit sa loob ay punô ng mga buto ng mga patay at ng lahat ng uri ng karumihan." (Mateo 23:27). Sa labas, ang mga Pariseo ay hiwalay; sa loob, sila ay makasalan.

► Alin ang mas madaling sukatin – panlabas na hitsura o pang loob na kabanalan? Alin ang mas madali mapeke – panlabas na hitsura o pang loob na kabanalan? Alin ang malamang na mas binibigyan natin ng pansin – panlabas na hitsura o pang loob na kabanalan?

Isang Halimbawa mula kay Hezekiah

Nagsisimula ang kabanalan sa puso, hindi sa panlabas na mga panuntunan. Ang mga batas ng paghihiwalay ay mahalaga para sa pagtuturo na ang Diyos ay nangangailangan ng isang banal na tao. Ngunit ang Diyos ay palaging higit na nababahala tungkol sa mga puso ng kanyang mga tao kaysa tungkol sa mga ritwal.

Ang isang kuwento mula sa muling pagbabalik-loobni Hezekias ay naglalarawan ng prinsipyong ito. Matapos malinis ang Templo, muling itinatag ni Hezekias ang Paskuwa. Inanyayahan niya ang bansa na "pumunta sa bahay ng Panginoon sa Jerusalem, upang ipangilin ang paskuwa sa Panginoong Diyos ng Israel." Ang mga mensahero mula kay Hezekias ay naglakbay sa Israel na nag-aanyaya sa bansa sa seremonyang ito. Sa maraming mga lugar, ang mga tao "pinagtawanang may pagkutya at paghamak. Tanging ang ilan sa Aser, sa Manases, at sa Zebulon ang nagpakumbaba, at pumunta sa Jerusalem." (2 Mga Cronica 30:1, 10-11).

Nang magsimula silang patayin ang mga kordero ng Paskuwa, marami sa kapulungan na hindi nagpakabanal sa kanilang sarili (2 Mga Cronica 30:17). Dahil ang bansa ay matagal nang walang pagsamba sa Templo, ang mga tao ay marumi at hindi handang tuparin ang Paskuwa. Ano ang gagawin ng mga pari? Pinahintulutan ng Diyos ang mga tao na sundin ang Paskuwa dahil hinangad ng kanilang mga puso ang Diyos, *kahit na hindi pa sila malinis.*

Napakarami sa mga tao, marami sa kanila ay mula sa Efraim, Manases, Isacar, at sa Zebulon, ang hindi naglinis ng kanilang sarili, gayunma'y kumain sila ng kordero ng paskuwa na hindi ayon sa ipinag-utos. Sapagkat idinalangin sila ni Hezekias, na sinasabi, "Patawarin nawa ng mabuting Panginoon ang bawat isa, na nagtatalaga ng

kanyang puso upang hanapin ang Diyos, ang Panginoong Diyos ng kanyang mga ninuno, bagaman hindi ayon sa batas ng santuwaryo hinggil sa paglilinis." Pinakinggan ng Panginoon si Hezekias, at pinagaling ang taong-bayan. (2 Mga Cronica 30:18-20).

Hinahanap ng Diyos ang walang-alinlangang puso na nauukol sa kanya. Kahit na hindi masusunod ng mga tao ang mga ritwal ng paghihiwalay, hinahanap ng Diyos ang mga puso na nakalaan upang hanapin ang Diyos.

Itinatalaga ng Mga Banal na Tao ang kanilang Puso sa Diyos

Ang kabanalan ay **laging** nagsisimula sa Diyos. Anuman ang banal ay sa kanya. Pinabanal ng Diyos ang Araw ng Pamamahinga, ang lupa sa umaapoy na maliit na puno, ang panganay ng Israel, ang Tabernakulo, ang altar, at ang mga Levita. Inaangkin ito ng Diyos para sa kanyang sarili. Sila ay ginawang banal sa pamamagitan ng presensya ng Diyos.

Ang kabanalan ay nagsisimula sa Diyos, ngunit tinatawag tayo ng Diyosupang italaga natin ang ating sarili sa kanya. Kung babasahin lamang natin ang mga talata kung saan sinabi ng Diyos na "Pababalin Ko kayo," maaari nating ipasiya na ang pagpapakabanal ay isang gawa *lamang* ng Diyos. Gayunpaman, ipinakikita ng Biblia na ang kabanalan ay nangangailangan ng tugon mula sa tao.

Ang Exodo 19 ay nagbibigay ng isang halimbawa. Inutusan ng Diyos si Moises, "Pumunta ka sa bayan at pabalin mo sila." Kaya, "Bumaba si **Moises** **at pinabanal ang bayan**" Itinalaga ni Moises ang mga tao para sa mga layunin ng Diyos. Nang maglaon, sinabi ng Diyos, "Gayundin ang mga pari na lumalapit sa Panginoon **ay pabalin** mo, (Exodo 19:10-22). Ang mga pari ay inutusang maglagay ng kanilang sarili para sa mga layunin ng Diyos. Dapat silang maging banal; dapat nilang ihiwalay ang kanilang sarili para sa Diyos.

Ang isang hindi nag-aalinlangang puso ay may dalawang aspeto:

1. Ipinapangako ng Diyos na ihiwalay ang kanyang mga tao: "Akong Panginoon ang nagpapabanal sa inyo." (Exodo 31:13). Ginagawang banal ng Diyos ang kanyang bayan.
2. Iniutos ng Diyos sa kanyang mga tao na ihiwalay ang kanilang sarili: "Pakabalin ninyo ang inyong mga sarili, at kayo'y maging banal, sapagkat ako ay banal." (Levitico 11:44; Levitico 20:7).

Inilalaan natin ang ating sarili bilang *tugon sa biyaya ng Diyos*. Ang mga banal na tao ay kusang naglalaan ng kanilang sarili sa Diyos. Ibinibigay nila ang kanilang sarili *nang walang* pag-aalinlangan sa Diyos.

Sa Levitico 20, ang **utos** na "Italaga ninyo ang inyong mga sarili" ay sinusundan ng **pangako**, "Ako ang Panginoon na nagpapabanal sa inyo." Ito ay ang parehong salitang

Hebreo sa dalawang mga talata. Ito ay maaaring isalin sa ganito: "Italaga ninyo ang inyong sarili Ako ang Panginoon na nagbukod sa inyo" (Levitico 20:7-8).

Ang pagpapabanal ay nagsasangkot ng *parehong* gawa ng Diyos at ng ating tugon. Hindi tayo nagiging banal sa pamamagitan ng ating sariling mga pagsisikap, ngunit hindi rin natin sinasabi, "Kung nais ng Diyos na maging banal ako, gagawin Niya akong banal kahit hindi ako tumugon." Tumutugon tayo sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapasakop sa ating sarili sa kanya. Ang isang di-nahahating puso ay nangangailangan ng buong pagtatalaga.

Ang kabanalan ay nagmumula lamang sa Diyos. Gayunpaman, tinawag tayo ng Diyos na ipasakop ang ating sarili sa kanya. Tayo ay pinapagiging banal habang nagpapasakop tayo sa tawag ng Diyos. Isinulat ni Pablo, "Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod." (Mga Taga-Roma 12:1). Tinawag tayo ni Pablo upang lubos na isuko ang ating sarili sa mga layunin ng Diyos. Sapagkat ipinapangako ng Diyos na siya ay magpapabanal sa atin, kailangan nating isuko ang ating sarili. Ang kabanalan ay *parehong* isang utos ("Italaga ninyo ang inyong mga sarili") at isang pangako ("pababanalin ko kayo").

Maaari lamang tayong magamit ng Diyos pagkatapos na pahintulutan natin Siya na ipakita sa atin ang malalim, nakatagong mga lugar ng ating pagkatao. Hindi natin nakikilala ang inggit, katamaran, o pagmamataas sa loob natin kapag nakita natin ito. Ngunit ibubunyag ni Hesus sa atin ang lahat ng ating pinananatili sa ating sariling kalooban bago nagsimulang kumilos ang Kanyang biyaya.
—Oswald Chambers

Ang Mga Banal na Tao ay nagsasabi ng Kumpletong "Oo"sa Diyos

Ang buhay ni Solomon, ni Asa, at ni Amasias ay nagpapakita ng mga panganib ng isang nahating puso. Ang nahahating puso ay hindi layunin ng Diyos para sa kanyang bayan. Ang isang banal na puso ay isang hindi nahahating puso. Kaya, ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng isang di-nahahating puso? Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng puso na *shalem* o "perpekto"?

Ang mga Kristiyano ay tinawag upang maging tagapaglingkod ng Diyos. Ang trabaho ng isang alipin ay gawin kung ano ang hinihiling sa kanya ng kanyang amo. Ang isang mabuting alipin ay hindi nagtatanong, "Ito ba ang aking pinili?" Ang isang mabuting lingkod ay kusang gumagawa ng ipinag-uutos ng kaniyang panginoon. Ang trabaho ng isang lingkod ay upang sabihin ang isang kumpleto at walang kundisyong "Oo."

Sa katulad na paraan, ang isang tao na naglilingkod sa Diyos na may di-nahahating puso ay kusang tumutugon ng "Oo" sa tawag ng Diyos. Ito ay isang di-nahahating puso. Tinawag ni Moises ang Israel upang maglingkod sa Diyos na may di-nahahating puso:

At ngayon, O Israel, ano ba ang hinihingi sa iyo ng Panginoon mong Diyos? Kundi matakot ka sa Panginoon mong Diyos, lumakad ka sa lahat ng kanyang mga daan, at ibigin mo siya, **at paglingkuran mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso at ng buong kaluluwa mo**, na tuparin ang mga utos ng Panginoon, at ang kanyang mga tuntunin na aking iniutos sa iyo sa araw na ito para sa iyong ikabubuti. (Deuteronomio 10:12-13).

Bilang isang estudyante sa kolehiyo, isinulat ni Elisabeth Elliot sa kanyang talaarawan, "Panginoon, sinabi ko ang walang hanggang 'Oo'. Huwag mong hayaan, ngayong inilagay ko na ang aking kamay sa araro, na muling lumingon pa. Tuwirin mo ang daan ng Krus sa aking harapan. Bigyan mo ako ng pag-ibig, upang wala nang puwang para sa isang naliligaw na pag-iisip o hakbang."¹⁶ Si Elliot ay may di-nahahating puso; siya ay perpekto sa mata ng Diyos.

Sa mga taon kasunod ng panalangin, napaharap sa maraming hamon si Elisabeth Elliot. Ang kanyang asawa, si Jim Elliot, ay napatay noong 1956 habang sinusubukang mag-ebanghelyo sa tribo ng Huaorani sa Ecuador. Nang maglaon ay naging misyonero si Elisabeth sa mismong mga taong pumatay sa kanyang asawa. Tanging ang isang tao na nagsabi na ng "walang hanggang Oo" ang maaaring pumunta bilang isang misyonero sa mga pumatay sa kanyang asawa.


Ang isang banal na tao ay naglilingkod sa Diyos nang may hindi nahahating puso. Sinabi ng isang banal na tao ang "walang hanggang Oo" sa Diyos. Ang ibig sabihin nito ay isang kumpletong pagsuko sa Diyos. Kapag alam ng isang banal na tao ang kalooban ng Diyos, handa siyang sumunod. Ang kanyang puso ay hindi nahahati; siya ay nabibilang sa Diyos. Ang banal na tao ay nagsasabing "Oo" sa Diyos sa isang sandali ng buong pagsuko.

Ang isang banal na tao ay *patuloy* na nagsasabi ng "Oo" araw-araw. Matapos sabihin ni Elisabeth Elliot "ang walang hanggang Oo", patuloy siyang nakaharap sa mga desisyon. Maraming beses nang muli niyang sinabi, "Oo, Panginoon." Ang ilang mga Kristiyano ay naniniwala na ang "isang beses para sa lahat na oo" ay mag-aalis ng lahat ng mga pagsubok sa iyong pangako sa hinaharap. Ang isang beses para sa lahat ng pagsuko ay mahalaga, ngunit si Satanas ay patuloy na susubukin ang iyong pangako. Muli at muli, patuloy mong sasabihin, "Oo, Panginoon. Ang buhay ko ay sa iyo." Ito ang nagpapatuloy na "Oo" ng banal na buhay.

¹⁶ Elisabeth Elliot, *Passion and Purity* (Old Tappan: Fleming H. Revell Co., 1984), 25

Natagpuan Niya ang Sikreto - George Muller

Si George Muller¹⁷ ay isang dakilang Kristiyano sa 19th siglo.¹⁸ Nagtayo siya ng limang malalaking mga bahay-ampunan at inaalagaan ang higit sa 10,000 ulila. Nangalap si Muller ng milyun-milyong dolyar upang suportahan ang kanyang mga bahay-ampunan at ibigay sa iba pang mga misyonero. Hanggang sa siya ay mamatay, si Muller ay nakapagbigay ng edukasyon para sa 122,000 bata, naipamahagi ang halos 2 milyong Biblia, at mahigit sa 100 milyong mga libro at mga polyeto. Ginawa niya ito nang hindi kailanman humihingi ng pera sa kahit kaninong tao. Determinado siyang sa Diyos lamang humingi ng tulong.



Nang tawagin ng Diyos si Muller na itayo ang kanyang mga ampunan, si Muller ay may 50 sentimos lamang sa kanyang balsa! Tinugon ni Muller ang tawag ng Diyos sa ganap na pagtitiwala sa ipagkakaloob ng Diyos. Si Muller ay may 50 sentimo lamang - ngunit ibinigay niya ito sa Diyos at nagtiwala sa Diyos para sa lahat ng iba pa. Makalipas iyon, nagpatotoo si Muller na ang mga ulila ay hindi kailanman napalampas ang pagkain; Ibinigay ng Diyos ang bawat pangangailangan.

Si Muller ay namuhay sa masamang pamamaraan bilang isang kabataang lalaki, siya rin ay gumugol ng panahon sa bilangguan sa edad na 16. Gayunpaman, sa edad na 20 ibinigay ni George Muller ang kanyang buhay kay Kristo. Sa sumunod na maraming taon, nakaranas si Muller ng mga panahon ng espirituwal na tagumpay ngunit kinikilala rin ang mga panahon ng pakikibaka. Sa wakas, sa edad na 24, si Muller ay dumating sa "lubos at buong pagsuko ng puso. Lubusan kong ibinigay ang aking sarili sa Panginoon."

Sa edad na 70 taong gulang, nagsimulang maglakbay si Muller sa ibang bansa upang mangaral. Sa pagitan ng edad na 70 at 87, naglakbay siya sa 42 bansa at nangaral sa higit sa 3 milyong katao.

Sa huling bahaging kanyang buhay, si George Muller ay tinanong kung ano ang lihim sa kanyang buhay ng paglilingkod. Sumagot siya, "May isang araw na namatay ako sa aking sarili (ang aking mga opinyon at mga hinahangad), sa pag-apruba o hindi pag-apruba ng mundo, at maging sa pagsang-ayon o pagsisi ng aking mga kaibigan. Simula noon, hinangad ko lamang ang pag-apruba ng Diyos." Si George Muller ay may di-nahahating puso. Siya ay sakdal sa paningin ng Diyos.

¹⁷ Image: "Mr George Muller" by Frank Holmes, *George Müller, The Modern Apostle of Faith* (1898), retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Mr_George_Muller.jpg, public domain.

¹⁸ Adapted from Roger Steer, *Spiritual Secrets of George Muller* (PA: OMF Books, 1985) and J. Gilchrist Lawson, *Deeper Experiences of Famous Christians* (Anderson: Warner Press, 1911).

Aralin 5 sa Isang Pahina

- (1) Upang maging banal ay nangangahulugan na magkaroon ng isang hindi nag-aalinlangang puso.
- (2) Ang salitang Hebreo na *shalem* ay nangangahulugang “hindi nababahagi.” Ang salitang ito ay may kaugnayan sa *shalom*, na nangangahulugang “kapayapaan.” Para magkaroon ng “perpekto” o “di-nahahati” na puso ay magkaroon ng puso na may iisang katapatan.
- (3) Ipinakita nina Solomon, Asa, at Amasias ang panganib ng isang nahahating puso. Nabigo ang bawat isa sa kanila na lubos na bigyang kaluguran ang Diyos dahil nahati ang kanilang mga puso.
- (4) Ang Kabanalan ay nagsisimula sa puso. Hinatulan ni Hesus ang mga nagmamalasakit sa panlabas na ritwal na walang dalisay na puso.
- (5) Dapat nating ganap na italaga ang ating sarili sa Diyos. Pinabanal ng Diyos ang kanyang bayan. Tinatawag ng Diyos ang kanyang bayan upang italaga ang kanilang mga sarili bilang tugon sa kanyang biyaya.
- (6) Ang mga banal na tao ay nagsasabi ng kumpletong “Oo” sa Diyos. Tulad ng isang mapagmahal na lingkod, handa nilang sabihin ang oo sa kanilang panginoon.
- (7) Matapos nating sabihin ang “walang hanggang Oo,” dapat nating patuloy na sabihing “Oo” araw-araw.

Mga Takdang Aralin sa Aralin 5

- (1) Maghanda ng isang pangaral sa “Pamumuhay na may Pusong Hindi Nag-aalinlangan.” Maaari kang bumuo ng iyong sariling balangkas, o maaari mong gamitin ang sumusunod na balangkas:
 - A. Isang biblikal na halimbawa ng nag-aalinlangang puso
 - B. Ang mga panganib ng pamumuhay na may nag-aalinlangang puso
 - C. Ang gamot para sa isang nag-aalinlangang puso
- (2) Simulan ang susunod na sesyon ng klase sa pamamagitan ng pagbigkas sa Mga Awit 86:11-12.

Aralin 6

Ang Kabanalan Ay Katwiran

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Makita na ang panloob na katuwiran ay dapat na maipakita sa panlabas na pag-uugali.
- (2) Isabuhay ang mga prinsipyo ng kabanalan sa praktikal na mga etikal na pagpapasya.
- (3) Suriin ang iyong personal na etika.
- (4) Isaulo ang Mikas 6:8.

Si Ezekiel: Isang Lalaking Nakita ang Plano ng Diyos para sa Hinaharap

Ang Israel ay hindi na isang banal na bansa. Sumamba siya sa mga dios-diosan; inapi niya ang mahihirap; nilapastangan niya ang Araw ng Pamamahinga. Bilang paghatol, hinayaan ng Diyos ang kanyang mga tao sa pagkatapon. Pinayagan niya ang hukbo ng Babilonia na lupigin ang Jerusalem at sirain ang Templo. Yamang hindi na banal ang bayan ng Diyos, hindi na niya tinanggap ang kanilang pagsamba. Sapagkat ang bayan ng Diyos ay hindi na hiwalay sa kasalanan, hindi na niya tinanggap ang kanilang pagsamba.

Gayunpaman, ang Diyos ay mayroon pa ring layunin para sa kanyang baya. Sampung taon pagkatapos ng pagkawasak ng Templo, nagbigay ang Diyos ng pangitain kay Ezekiel, isang propeta na naninirahan sa pagkabihag malapit sa Babilonia. Nakita ni Ezekiel ang plano ng Diyos para sa hinaharap.

Sa pangitain ni Ezekiel, natapos na ang pagkatapon; ang paghatol ay natapos; nagbalik na ang presensya ng Diyos. Ang Templo ay puno ng kaluwalhatian ng Diyos. Hinugasan ng Diyos ang kanyang bayan sa pamamagitan ng tubig at nilinis ang mga ito mula sa panlabas na kalikuan. Inalis niya ang "pusong bato" at binigyan sila ng isang "bagong puso at isang bagong diwa." Tinupad niya ang kanyang pangako: "Aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakaran ko kayo nang ayon sa aking mga tuntunin, at magiging maingat kayo sa pagsunod sa aking mga batas." (Ezekiel 36:25-27). Ang Israel ay banal, sa loob at sa labas.

Nakakita si Ezekiel ng templo na nagpapala sa lahat ng bansa. Dumadaloy ang sariwang tubig mula sa isang naibalik na templo patungo sa Dagat na Patay. Ang mga puno ay nagbigay ng prutas para sa pagkain at mga dahon para sa pagpapagaling. Ang kagandahan ng Eden ay naibalik.

Ang pinaka-maluwalhating bahagi ng pangitain ay ang huling pangungusap: "At ang magiging pangalan ng lunsod mula sa araw na yaon ay, Ang Panginoon ay naroroon." (Ezekiel 48:35). Ang layunin ng Diyos para sa kanyang mga tao ay natupad: ang banal na

bayan ay naninirahan sa presensya ng isang banal na Diyos! Isang araw sa hinaharap, ang Diyos ay darating sa isang banal na bayan sa isang banal na lungsod.

► Talakayin ang mga panlabas na ebidensya na ang isang tao ay banal. Anong mga panlabas na aksyon ang dapat nating asahan mula sa isang tao na ang puso ay banal?

Ang Problema ng mga Propeta: Ang Israel ay Hindi Matuwid

Dinala ng mga propeta ang mga pagsasakdal ng Diyos laban sa isang bansa na sumira sa tipan. Sa mga Aklat ng Mga Propeta, tulad ng sa Pentateuch, ang salitang “banal” ay tumutukoy sa isang bagay na nauukol sa Diyos at itinakda sa kanya. Ang Jerusalem at ang Templo ay banal dahil ang mga ito ay pag-aari ng Diyos.

Ang Diyos ay Banal

Dalawampu't isang beses, binanggit ni Isaias ang “Ang Banal ng Israel.” Ang mga serapim ay umawit: “Banal, banal, banal ang PANGINOON ng mga hukbo; ang buong lupa ay puno ng kaniyang kaluwalhatian!” (Isaias 6:3).

Ang Diyos ay ang Diyos na nagpapakita ng kanyang sarili na banal sa katuwiran (Isaias 5:16). Nakita ni Ezekiel ang isang araw kung kailan ibubunyag ng Diyos ang kanyang kabanalan sa lahat ng mga bansa. “Ipakikita ko ang aking kadakilaan at ang aking kabanalan at ipakilala ang aking sarili sa paningin ng maraming bansa. At kanilang malalaman na ako ang PANGINOON.” (Ezekiel 38:23).

Ipinakikita ng mga **hatol** ng Diyos ang kanyang banal na katangian. Nagbabala si Mikas na dahil sa kasalanan ng Israel, “ang Panginoon ay dumarating mula sa kanyang dako, at siya’y bababa at lalakad sa matataas na dako ng lupa.” (Mikas 1:2-3). Hinusgahan ng Diyos ang Israel sapagkat ang isang banal na Diyos ay hindi maaaring pahintulutan na hindi maparusahan ang kasalanan.

Ang **pagliligtas** ng Diyos sa Israel ay nagpapakita na siya ay banal. Tinubos ng Diyos ang Israel hindi dahil siya ay nararapat na iligtas, kundi alang-alang sa kanyang banal na pangalan sa mga bansa.

Ganito ang sabi ng Panginoong Diyos: Hindi ito alang-alang sa inyo, O sambahayan ni Israel, na malapit na akong kumilos, kundi alang-alang sa aking banal na pangalan na inyong nilapastangan sa mga bansa na inyong pinuntahan. Aking pawawalang-sala ang aking dakilang pangalan na nilapastangan sa mga bansa, na inyong nilapastangan sa gitna nila. (Ezekiel 36:22-23).

Hindi pinahihintulutan ng Diyos na ang kanyang banal na pangalan ay mapahiya dahil sa kasalanan ng Israel. Ipinangako niya na ibalik ang Israel sa lupain upang ipakita ang kanyang kabanalan sa harap ng ibang mga bansa.

Ganito ang sabi ng Panginoong Diyos: Kapag aking tinipon ang sambahayan ni Israel mula sa mga bayan na kanilang pinangalatan, at aking ipahayag ang aking kabanalan

sa kanila sa paningin ng mga bansa, sila nga'y magsisitahan sa kanilang sariling lupain na aking ibinigay sa aking lingkod na si Jacob. (Ezekiel 28:25).

Ito ay isang kahanga-hangang pangako. Ipinangako ng Diyos na ipakita ang kanyang kabanalan sa pamamagitan ng pagtubos sa Israel at pagdadala sa kanyang tahanan. Ipinangako ng Diyos na ipahayag ang kanyang kabanalan sa mismong mga tao na ipinadala niya sa pagkatapon. Sa Diyos ang kabanalan.

Ang Israel ay Hindi Banal

Yamang ang kabanalan ay pag-aari ng Diyos, tayo ay banal lamang kapag tayo ay nabubuhay na may kaugnayan sa isang banal na Diyos. Ipinahayag ng mga propeta na ang Israel ay hindi na banal sapagkat siya ay nabubuhay ayon sa kanyang makasalanang mga pagnanasa kaysa sa pamumuhay sa isang masunurin at mapagmahal na kaugnayan sa Diyos.

Sa **Isaias**, sinabi ng Diyos na Siya ay nahiwalay sa Judah dahil sa kanilang kasalanan. Tinanggihan ng Diyos ang Israel dahil tumanggi silang mabuhay nang matuwid.

Ang kanilang mga gawa ay mga gawa ng kasamaan, at ang mararahas na gawa ay nasa kanilang mga kamay. Ang kanilang mga paa ay tumatakbo sa kasamaan, at sila'y nagmamadaling nagpapadanak ng dugong walang kasalanan, ang kanilang mga pag-iisip ay mga pag-iisip ng kasamaan, pagwasak at paggiba ang nasa kanilang mga daan. (Isaias 59:6-7).

Inutusan ng Diyos si **Jeremias** na ibaon ang isang linong damit-panloob. Ang puting lino ay isang simbolo ng kadalisayan. Ibinaon ni Jeremias ang damit-panloob hanggang sa nasira ng putik at dumi ang tela. Ito ang sumisimbolo sa kahalayan ng Juda. Pinili ng Diyos ang Juda upang maging isang mabuting bayan. Sa halip, ang bayan ng Diyos ay namuhay nang makasalanan (Jeremias 13:1-11).

Sa **Ezekiel**, hinatulan ng Diyos ang Israel bilang isang bansa ng mga rebeldeng matitigas ang ulo 'na nagrebelde laban sa kanya. (Ezekiel 2:3). Sa halip na sundin ang isang banal na Diyos, ang Israel ay naninirahan tulad ng paganong mga bansa. "Na ang mga tuntunin ay hindi ninyo sinunod, o inyo mang isinagawa ang aking mga batas, kundi kayo'y namuhay ng ayon sa mga kaugalian ng mga bansa na nasa palibot Ninyo" (Ezekiel 11:12). Ang Israel ay hindi na matuwid.

Sa panahon ng Pagkakatapon, ipinahayag ni Daniel na ang bayan na napili upang igalang ang Diyos sa harap ng mga bansa ay karapat-dapat na sa bukas na kahihayan (Daniel 9:7). Bakit?

Lahat ng Israel ay lumabag sa iyong kautusan at lumihis, tinanggihan na sundin ang iyong tinig. At ang sumpa at panunumpa na nakasulat sa Batas ni Moises na lingkod ng Diyos ay ibinuhos sa amin, sapagkat kami ay nagkasala laban sa kanya. (Daniel 9:11).

Hinatulan ng mga minor na propeta ang Israel dahil sa kanyang kasalanan. Inakusahan ni **Hoseas** ang Israel ng "panunumpa, pagsisinungaling, pagpatay, pagnanakaw, at pangangalunya (Hoseas 4:2). Nangaral si **Mikas** sa mga tao na napopoot sa mabuti at nagmamahal sa kasamaan (Mikas 3:2).

Si **Sefanias** ay isang inapo ni Hezekias. Siya ay kabilang sa isa sa pinakamakapangyarihang mga pamilya sa Juda, ngunit hindi siya nag-atubili na sisihin ang mga pinuno ng Juda para sa kanyang kasalanan.

Ang mga pinunong kasama niya ay mga leong umuungal; ang mga hukom niya ay mga asong ligaw sa gabi; sila'y walang inilalabi hanggang sa kinaumagahan. Ang kanyang mga propeta ay walang kabuluhan at mga taksil; nilapastangan ng kanyang mga pari ang bagay na banal, sila'y nagsigawa ng karahasan sa kautusan. (Sefanias 3:3-4).

Mula sa kanyang mga opisyal sa pulitika hanggang sa kanyang mga lider ng relihiyon, ang Israel ay nagkasala laban sa batas ng Diyos. Ano ba ang naging problema? Nakalimutan ng Israel na ang kabanalan ay mas malalim kaysa ritwal ng relihiyon. Pinapalitan ng Israel ang tunay na katuwiran ng mga walang kabuluhang mga seremonya.

Ang Kabanalan ay Higit kaysa sa Mga Ritwal at Propesyon

Ang isang layunin ng Batas ay magturo sa Israel na siya ay pag-aari ng Diyos. Sa kasamaang palad, madaling nakalimutan ang Israel ang tunay na kahulugan ng Batas. Sinunod ng mga tao ang tamang ritwal, ngunit ang kanilang mga puso ay hindi banal. Ang bansang ito na itinakda ng Diyos upang mailarawan ang Kanyang imahen, ngayon ay hindi na malinis. Itinuro ng Mga Aklat ng mga Propeta na ang maging banal ay nangangahulugang maging matuwid sa loob at sa labas.

Si Ezekiel ay dinala sa Babilonia noong 597 B.C. Nang si Ezekiel ay 30 taong gulang, ang Diyos ay nagsimulang makipag-usap sa propeta sa pamamagitan ng serye ng mga pangitain. Nakita ni Ezekiel ang mga matatanda ng Juda na sumasamba sa mga diyos-diyosan sa Banal na Lugar (Ezekiel 8). Inutusan ng Diyos ang mga anghel na magdala ng paghatol hanggang sa ang mga bulwagan/korte sa Templo ay puno ng mga bangkay. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay umalis sa Templo (Ezekiel 10). Ang Templo at ang mga ritwal nito ay walang kabuluhan dahil ang mga tao ay hindi banal.

Ang Buhay na Banal ay Higit Kaysa sa Mga Rituwal

Sinabi ng Israel na siya ay banal, ngunit siya ay makasalanan at marumi. Sinunod ng mga tao ang mga ritwal ng kabanalan, ngunit hindi sila namumuhay nang matwid. "Tinalikuran nila ang Panginoon, hinamak nila ang Banal ng Israel, sila'y lubusang naligaw." (Isaias 1:4). Sinunod ng mga tao ang wastong mga ritwal, ngunit sila ay nabubuhay na makasalanan. Ang mga propeta ay nangaral na ang mga ritwal ay walang kabuluhan kung ang mga tao

ng Israel ay nabubuhay na makasalan. Ang kabanalan ay higit pa sa mga kapistahan at sakripisyo.

Sinabi ni **Isaias** na di tinanggap ng Diyos ang mga sakripisyo ng Juda sapagkat hindi siya namuhay nang matuwid.

Huwag na kayong magdala ng mga walang kabuluhang alay; hindi ko na matiis ang kasamaan at ang banal na pagpupulong. Ang aking kaluluwa ay namumuhi sa inyong mga bagong buwan at sa inyong mga takdang kapistahan, ang mga iyan ay pasanin para sa akin. Ako'y pagod na sa pagpapasan ng mga iyan (Isaias 1:13-14).

Habang nakatayo sa harapan ng Templo, sinabi ni **Jeremias**, "Huwag kayong magtiwala sa mapandayang mga salita, na sinasabi, 'Ito ang templo ng Panginoon, ang templo ng Panginoon, ang templo ng Panginoon.'" (Jeremias 7:4). Ang Templo ay hindi na banal. Bakit? Sapagkat ang mga sumasamba ay hindi namumuhay nang matuwid. Nagbabala ang Diyos, "Kapag sila'y mag-aayuno, hindi ko papakinggan ang kanilang daing; at kapag sila'y maghahandog ng handog na sinusunog at ng alay na butil, hindi ko tatanggapin ang mga iyon" (Jeremias 14:12). Ang Diyos ay nangangailangan ng higit sa mga walang-kahulugang mga ritwal.

Sinabi ng Diyos kay **Hoseas**, "Nalulugod ako sa katapatan, kaysa alay, ng pagkakilala sa Diyos kaysa mga handog na sinusunog." (Hoseas 6:6). Naghandog ang Israel ng mga sakripisyo ngunit sinira ang kanyang tipan sa Diyos. Ang isang handog na sinusunog nang walang matuwid na pamumuhay ay walang kabuluhan. Kahit na sa kabila ng mga sakripisyo ng Israel, aalalahanin ng Diyos ang kanilang kasamaan at parurusahan ang kanilang mga kasalanan (Hoseas 8:13). Bakit?

Sapagkat walang katapatan o kabaitan man, ni kaalaman tungkol sa Diyos sa lupain. Naroon ang panunumpa, pagsisinungaling, pagpatay, pagnanakaw, at pangangalunya; sila'y gumagawa ng karahasan, upang ang pagdanak ng dugo ay masundan ng pagdanak ng dugo. (Hoseas 4:1-2).

Si **Amos** ay nangaral sa hilagang kaharian sa maikling panahon bago ito sinakop ng Asiria. Nag-alok si Amos ng huling pagkakataon para sa pagsisisi. Hinarap ni Amos ang Israel sa kanyang kasalanan. Ang nag-aangking "bayan ng Diyos" ay nagkasala ng bawat kasalanan mula sa mga kahila-hilakbot na panlipunang kawalang-katarungan hanggang sa kahiya-hiyang mga gawaing sekswal. Ang mayayamang Israelita ay nagpataw ng di-makatarungang multa at ginamit ang pera upang bumili ng alak para sa pagdiriwang na panrelihiyon (Exodo 22:26; Amos 2:8). Dahil ang kanilang pamumuhay ay makasalan, ang kanilang pagsamba ay walang kahulugan. Sinabi ng Diyos:

Aking kinapopootan, aking hinahamak ang inyong mga kapistahan, at hindi ako malulugod sa inyong mga takdang pagtitipon. Bagaman inyong inihahandog sa akin ang inyong mga handog na sinusunog at mga handog na butil, hindi ko iyon tatanggapin; ni akin mang pagmamasdan ang mga handog pangkapayapaan ng

inyong mga pinatabang hayop. Ilayo mo sa akin ang ingay ng iyong mga awit; hindi ako makikinig sa himig ng iyong mga alpa. (Amos 5:21-23).

Kahit pagkatapos ng pagpapatapon, sinubukan ng Judah na ipalit ang ritwal sa lubos na pagsunod. Noong 516 BC, sinimulang muling itayo ng mga tao ang Templo. Bagaman gumagawa sila ng gawaing panrelihiyon, ang kanilang buhay ay hindi dalisay. Ipinaalaala ni Ageo sa mga tao na ang isang saserdote na humipo ng bangkay ay nagiging marumi. Sa katulad na paraan, ang karumihan na sanhi ng kasalanan ng mga tao ay nagparumi rin sa kanilang gawain sa Templo. (Ageo 2:10-14). Ang mga ritwal na walang katuwiran ay mga kilos na walang laman; ang kabanalan ay higit pa sa ritwal.

Nagbabala muli si **Malakias** na tinanggihan ng Diyos ang pagsamba ng Juda. "Hindi ko kayo kinalulugdan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at hindi ako tatanggap ng handog mula sa inyong kamay." (Malakias 1:10). Tumanggi ang Diyos na tanggapin ang mga handog ng Juda dahil sa kasalanan ng mga tao.

Ang mga Mga Aklat ng mga Propeta ay malinaw na nagsasalita: ang kabanalan ay higit pa sa ritwal. Ang isang taong hindi namumuhay nang matuwid na buhay ay hindi banal. Hindi natin maaaring sambahin ang Diyos nang may maruming kamay.

Ang Buhay na Banal ay Higit pa kaysa sa Propesyon ng Pangalan ng Diyos

Tinanggihan ng Diyos ang mga taong nag-angkin ng kanyang pangalan dahil ayaw nilang talikuran ang kanilang mga kasalanan. Sa Bagong Tipan, nagbabala si Hesus:

Hindi lahat ng nagsasabi sa akin "Panginoon, Panginoon," ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. Sa araw na iyon ay marami ang magsasabi sa akin, "Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpropesiya kami sa iyong pangalan, at nagpalayas ng mga demonyo sa iyong pangalan, at sa iyong pangalan ay gumawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?" At kung magkagayon ay ipahahayag ko sa kanila, "Hindi ko kayo kilala kailanman; lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!" (Mateo 7:21-23).

Ang kabanalan ay higit pa sa pagpapahayag ng pangalan ng Diyos. Ang kabanalan ay nasa loob ng katuwiran na nakikita sa panlabas na pag-uugali. Inaasahan ng Diyos ang isang banal na puso at banal na mga kamay.

Ngayon, tulad noong araw ni Jeremias, ang Diyos ay nagsasalita sa mga pastor na nagtatayo ng mga magagarang mansyon mula sa mga handog ng mga mahihirap.

Isang Panalangin Para sa Kabanalan

Pinakamapagmahal na Panginoon,
Bigyan mo ako ng matatag na puso;
Bigyan mo ako ng di nalulupig na puso;
Bigyan mo ako ng isang matuwid na puso;
Bigyan mo ako ng pang-unawa upang makilala
kita; tiyaga upang hanapin ka, at katapatan
upang yakapin ka.
-Sinipi kay Thomas Aquinas

“Kahabag-habag siya na nagtatayo ng kanyang bahay sa kawalang-katuwiran, at ng kanyang mga silid sa itaas sa pamamagitan ng kawalang-katarungan” (Jeremias 22:13).

Ngayon, tulad ng panahon ni Amos, nagsasalita ang Diyos sa mga musikero ng iglesya na namumuhay nang makasalanan. “Ilayo mo sa akin ang ingay ng iyong mga awit; hindi ako makikinig sa himig ng iyong mga alpa.” (Amos 5:23).

Ngayon, tulad ng sa panahon ni Mikas, ang Diyos ay nagsasalita sa mga negosyante na inaangkin ang pangalan ni Hesus habang nandaraya ng mga mamimili. “Ipinakita niya sa iyo, O tao, kung ano ang mabuti. At ano ang itinatakda ng Panginoon sa iyo, kundi ang gumawa na may katarungan, at umibig sa kaawaan, at lumakad na may kapakumbabaan na kasama ng iyong Diyos?” (Mikas 6:8).

Ang kabanalan ay higit sa ritwal o propesyon. Ngayon, tulad ng panahon ng mga propeta, hinahanap ng Diyos ang matuwid na asal.

Ang Kabanalan ay Katwiran

Ang isang banal na puso ay nakikita sa matuwid na asal. Ang isang banal na puso ay makikita sa banal na mga kamay. Hindi maaaring angkinin ng Israel na sila’y banal na bayan habang nabubuhay ng di-matuwid na buhay.

Sapagkat ang Diyos ay isang matuwid na Diyos, ang kanyang bayan ay dapat maging matuwid. Ang bayan ng Diyos ay dapat magkaroon ng katangian ng kanilang Diyos. Ang mga sumasamba sa mga diyos-diyosan ay nagsasagawa ng moral na katangian ng kanilang mga idolo; ang mga sumasamba kay Jehova ay dapat magkagayon sa moralidad ni Jehova. Ang layunin ng Diyos ay lumikha ng isang matuwid at banal na mga tao.

Inilarawan ni Isaias ang katangian ng Diyos. “Ang Panginoon ay dinakila, sapagkat sa mataas siya’y tumatahan, kanyang pupunuin ang Zion ng **katarungan** at **katuwiran**” (**Isaias 33:5**). Sa parehong mensahe, inilarawan ni Isaias ang taong matuwid na maaaring mabuhay sa presensya ng Diyos.

Sino sa atin ang makatatahang kasama ng lumalamong apoy? Sino sa atin ang makatatahang kasama ng walang hanggang pagsunog? Siyang **lumalakad nang matuwid**, at **nagsasalita nang matuwid**; siyang **humahamak ng pakinabang ng pang-aapi**, na ipinapagpag ang kanyang mga kamay, baka mayroon silang hawak na suhol, na nagtatakip ng kanyang mga tainga sa pagdinig ng pagdanak ng dugo, at ipinipikit ang kanyang mga mata sa pagtingin sa kasamaan; (Isaias 33:14-15).

Tanging isang tao na may matuwid at makatarungan na katangian ng Diyos ang maaaring mabuhay sa presensya ng Diyos. Ang mga taong banal ay kumikilos katulad ng Diyos; isinasalamin nila ang likas na katangian ng isang banal na Diyos.

Ang Kabanalang Ay Pangloob na Katuwiran: Ang Pusong

Nagsisimula ang tunay na katuwiran sa puso. Alam ng mga propeta na ang mga ritwal ng Batas ay hindi sapat sa kanilang sarili. Ang panlabas na pagsunod nang walang panloob na katuwiran ay humahantong sa pagpapaimbabaw. Ang katuwiran ay nagsisimula sa puso.

Tinanggihan ng Israel ang Batas sapagkat tinanggihan niya ang Diyos na nagbigay ng Batas. Ang pagsuway ay nagsisimula sa puso. Sinira ng Israel ang mga utos ng Diyos dahil ang kanilang puso ay sumunod sa kanilang mga diyos-diyosan (Ezekiel 20:16). Nakita ng Diyos na ang kanilang puso ay huwad (Hoseas 10:2).

Ang pagsuway ay nagsisimula sa puso; ang katuwiran ay nagsisimula sa puso. Nagsalita ang Diyos sa pamamagitan ni Isaias, "Makinig kayo sa akin, kayong nakakaalam ng katuwiran, ang bayan na ang puso ay kinaroonan ng aking kautusan." (Isaias 51:7). Yaong mga nakakaalam ng katuwiran ay yaong mga nagtataglay ng kautusan ng Diyos sa kanilang puso.

Tinatanaw nina Jeremias at Ezekiel ang araw kung kailan itatatag ang kautusan ng Diyos sa mga puso ng bayan ng Diyos.

Ngunit ito ang tipan na aking gagawin sa sambahayan ng Israel pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon: Ilalagay ko ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat iyon sa kanilang mga puso; at ako'y magiging kanilang Diyos at sila'y magiging aking bayan. (Jeremias 31:33).

Bibigyan ko sila ng isang puso, at lalagyan ko sila ng bagong espiritu. Aalisin ang batong puso sa kanilang laman, at aking bibigyan sila ng pusong laman, upang sila'y makasunod sa aking mga tuntunin, at maganap ang aking mga batas at magawa ang mga iyon. Sila'y magiging aking bayan at ako'y magiging kanilang Diyos. (Ezekiel 11:19-20).

Ang katuwiran ay nagsisimula sa puso. Si Joel ay nanawagan sa mga tao na magsisi hindi lamang sa mga panlabas na gawain. Ang pag-aayuno at pag-iyak ay dapat magmula sa isang pusong nagsisisi.

"Gayunma'y ngayon," sabi ng Panginoon, "manumbalik kayo sa akin nang inyong buong puso, na may pag-aayuno, at may pagtangis, at pagdadalamhati. At punitin ninyo ang inyong mga puso at hindi ang inyong mga damit." Manumbalik kayo sa Panginoon ninyong Diyos; sapagkat siya'y mapagbiyaya at mahabagin, hindi magagalitin, at sagana sa tapat na pag-ibig at nalulungkot sa kasamaan. (Joel 2:12-13).

Ang mga panlabas na pagpapakitang-tao ay hindi sapat. Ang katuwiran ay dapat magsimula sa puso.

Ang Kabanalan Ay Pang-labas na Katwiran: Ang Mga Kamay

Sa Mga Aklat ng mga Propeta, ang moral na pag-uugali ay ang pangsukat sa kabanalan. Ang kabanalan ay nangangailangan ng matuwid na pagkatao at asal. Ang isa sa pinakasimpleng paglalarawan sa Lumang Tipan tungkol sa isang matuwid na buhay ay nagmula sa Mikas. Tinukoy ni Mikas ang mga inaasahan ng Diyos para sa kanyang mga tao.

Ipinakita niya sa iyo, O tao, kung ano ang mabuti. At ano ang itinatakda ng Panginoon sa iyo, kundi ang gumawa na may katarungan, at umibig sa kaawaan, at lumakad na may kapakumbabaan na kasama ng iyong Diyos? (Mikas 6:8).

Ito ang kahulugan ng pamumuhay ng isang matuwid na buhay: **katarungan** at **awa** sa ibang tao, at **kapakumbabaan** patungo sa Diyos. Sa mga Aklat ng mga Propeta ang katarungan, habag, at kababaang-loob ay tumutukoy sa isang matuwid na buhay.

Ang Katwiran Ay Katarungan at Awa Sa Ibang Tao

Gusto ng ilang tao na paghiwalayin ang puso at ang mga kamay. Sinasabi nila, "Ang aking puso ay banal, ngunit ang aking mga kamay ay makasalanan. Gustung-gusto ko ang Diyos sa aking puso, ngunit hindi ko makapamumuhay ng isang matuwid na buhay." Hindi pinapayagan ng mga Aklat ng mga Propeta ang paghihiwalay na ito. Ang isang banal na puso ay makikita sa panlabas na katuwiran. Ang dalisay na puso ay magreresulta sa tamang asal. Ang banal na mga tao ay may mga banal na kamay.

Tinukoy ni **Zacarias** ang katuwiran bilang tamang asal sa iba.

Ganito ang sinasabi ng Panginoon ng mga hukbo, "Magbigay kayo ng tunay na hatol, magpakita ng kaawaan at kahabagan ang bawat isa sa kanyang kapatid. Huwag ninyong apihin ang balo, ni ang ulila man, ang dayuhan, ni ang dukha man; at sinuman sa inyo ay huwag mag-isip ng kasamaan sa inyong puso laban sa kanyang kapatid." (Zacarias 7:9-10).

Si **Amos** ay nangaral sa isang bansa na nakalimutan na ang katuwiran. Ang Israel ay naging "na ginagawa ninyong mapait na kahoy ang katarungan, at inihahagis sa lupa ang katuwiran!" Ano ang solusyon sa lubos na pagtalikod sa relihiyon ng Israel? "Paagusin ninyo ang katarungan na parang tubig, at ang katuwiran na parang batis na patuloy na umaagos." (Amos 5:7, 24).

Ibinahagi ni **Isaias** ang pagmamahal ni Amos para sa katuwiran. Ang unang mensahe ni Isaias ay tumatawag sa Judah sa isang matuwid na buhay:

Maghugas kayo ng inyong sarili, maglinis kayo; alisin ninyo ang kasamaan ng inyong mga gawa sa aking paningin; tumigil kayo sa paggawa ng kasamaan, matuto kayong gumawa ng mabuti; inyong hanapin ang katarungan, inyong ituwid ang paniniil; inyong ipagtanggol ang mga ulila, ipaglaban ninyo ang babaing balo. (Isaias 1:16-17).

Nagsalita ang Diyos sa pamamagitan ni **Jeremias** upang tawagin ang Juda sa katarungan at katuwiran.

Ganito ang sabi ng Panginoon: "Gumawa kayo nang may katarungan at katuwiran, at iligtas ninyo ang ninakawan mula sa kamay ng mapang-api. At huwag ninyong gawan ng masama o karahasan ang mga dayuhan, ang mga ulila at ang mga balo, o magpadanak man ng walang salang dugo sa dakong ito." (Jeremias 22:3).

Ang pamantayan ng Diyos para sa kanyang bayan ay katarungan, katuwiran, at awa. Kinailangan ng Diyos ang kanyang bayan na mamuhay nang matuwid, upang kumilos tulad ng pagkilos ng Diyos.

Ang Katuwiran Ay Kapakumbabaan Patungo sa Diyos

Hinahanap ng Diyos ang mga taong nagtatrato sa iba nang may katarungan at awa; ito ang dapat na saloobin natin sa ating kapwa. Tinitingnan ng Diyos ang mga taong lumalakad sa harap niya nang may kapakumbabaan; ito ang dapat nating maging saloobin sa Diyos.

Sumamba ang Juda sa mga diyos-diyosan sa isang mataas at matayog na bundok. Sumagot ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapaalala sa Juda na siya lamang ang Nag-iisang tunay na naninirahan sa mataas na dako.

Sapagkat ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal: "Ako'y naninirahan sa mataas at banal na dako, at gayundin sa may pagsisisi at mapagpakumbabang-loob, upang buhayin ang loob ng mapagpakumbaba, at upang buhayin ang puso ng may pagsisisi." (Isaias 57:7, 15).

Naaabot natin ang mataas at matayog na Diyos sa pamamagitan ng isang magsisisi at mapagpakumbabang espiritu. Kalakip ng pagiging matuwid ang pagiging mapagpakumbaba patungo sa Diyos. Ito ang tunay na kabanalan.

Si Hoseas ay nangaral sa isang bansang tumalikod sa Diyos. Alam ng propeta na tatanggihan ng bansa ang kanyang mensahe. Ngunit kahit na ang bansa ay tumangging magsisi, nagtapos si Hoseas na may paanyaya sa mga indibidwal na Israelita na humahanap sa Diyos. Bagaman maaaring tanggihan ng bansa ang Diyos, ang matuwid na tao ay maaari pa ring lumakad sa mga daan ng Diyos. Pararangalan ng Diyos ang taong nagpaparangal sa kanya. Pagpapalain ng Diyos ang taong lumalakad sa katuwiran.

Sinuman ang pantas, unawain niya ang mga bagay na ito; sinumang may pang-unawa, alamin niya ang mga ito; sapagkat ang mga daan ng Panginoon ay matuwid, at nilalakaran ng mga taong matuwid, ngunit natitiod sa mga iyon ang mga makasalanan. (Hoseas 14:9).

Ang Pagsasabuhay ng Kabanalan: Ang Etika ng isang Buhay na Banal

Nagsisimula ang kabanalan sa puso, ngunit nakikita ito sa panlabas na pag-uugali. Sa pagtatalaga ng Templo, hinamon ni Solomon ang mga tao, "Kaya't maging tapat nawa ang

inyong puso sa Panginoon nating Diyos, **na lumakad sa kanyang mga tuntunin, at sundin ang kanyang mga utos**, gaya sa araw na ito” (1 Mga Hari 8:61). Ang panloob na kabanalan ay nagbubunga ng panlabas na kabanalan; kung ikaw ay banal sa pang-loob, ikaw ay mabubuhay nang matuwid sa pang-labas.

Ang mga propeta ay sumalungat sa mga sinaunang Israel na nagtuturo na hindi dapat sundin ng bayan ng Diyos ang kautusan ng Diyos. Tinututulan ng mga propeta ang mga nasa iglesya ngayon na nagtuturo na hindi maaaring lubos na matugunan ng Kristiyano ang mga hinihiling ng Diyos para sa banal na pamumuhay.

Maraming mga mangangaral ngayon ang nagtuturo, “Sinasabi ng batas ng Diyos na mamuhay nang matuwid, ngunit alam niya na hindi mo matutupad ang kanyang batas.” Hindi iyon ang mensahe ng mga propeta. Sinabi ng mga propeta, “Sinasabi ng batas ng Diyos na mamuhay nang matuwid; ito ang hinihiling ng Diyos. Ang bayan ng Diyos ay susunod sa batas ng Diyos.”

Ang isang halimbawa mula sa Kautusan ni Moises ay magpapakita kung paano nakakaapekto ang isang banal na puso sa ating pang-araw-araw na pagkilos. Sinabi ng Diyos, “Huwag mong gigipitin ang iyong kapwa o pagnakawan siya. Ang sahod ng isang upahang lingkod ay hindi dapat manatili sa iyo sa buong gabi hanggang sa umaga.” (Levitico 19:13). Sa sinaunang mundo, ang isang manggagawa ay binabayaran sa pagtatapos ng bawat araw. Walang mga checking account o credit card. Ang bayad sa Lunes ay ibinibili ng pagkain para sa araw ng Martes. Ang pagtangi na bayaran ang isang manggagawa sa bawat araw ay magpapahirap sa kanila na bumili ng pagkain. Sinabi ng Batas, “Bayaran mo ang iyong mga manggagawa sa katapusan ng bawat araw. Ang isang matuwid na mangangalakal ay haharapin nang may katarungan ang kanyang mga manggagawa.”

Nakita natin ang diin sa katuwiran, katarungan, at awa sa mga Propeta. Ang mga Pangkalahatang mga Liham sa Bagong Tipan ay nagbabahagi ng parehong mensahe. Ito ay nakikita nang malinaw sa sulat ni Santiago. Isinulat ni Santiago sa mga nag-aangkin na bayan ng Diyos, ngunit hindi namumuhay nang matuwid. Ipinakikita niya na ang tunay na kabanalan ay nakikita sa matuwid na pamumuhay.

- Ang mga banal na tao ay gumagawa ng higit pa kaysa sa nagpapahayag ng kabanalan; maka-Diyos ang kanilang pamumuhay. “Ngunit maging tagatupad kayo ng salita, at hindi tagapakinig lamang, na dinadaya ninyo ang inyong mga sarili.” (Santiago 1:22).
- Ang mga banal na tao ay nagpapakita ng pakikiramay sa mga ulila at mga babaing balo. “Ang dalisay na relihiyon at walang dungis sa harapan ng ating Diyos at Ama ay ito: ang dalawin ang mga ulila at ang mga balo sa kanilang kahirapan, at panatilihin ang sarili na hindi nadungisan ng sanlibutan.” (Santiago 1:27).

- Ang mga banal na tao ay walang kinikilingan maging ito’y mga mayaman o mahihirap. “Subalit kung kayo’y nagpapakita ng pagtatangi, kayo ay nagkakasala at kayo’y inilalantad ng kautusan bilang mga lumalabag.” (Santiago 2:9).
- Kinokontrol ng mga banal na tao ang kanilang pananalita. “Kung ang sinuman ay hindi natitiosod sa pananalita, ito ay isang taong sakdal, may kakayahang pigilan ang buong katawan.” (Santiago 3:2).
- Ang mga banal na mangangalakal ay tumatrato sa kanilang mga manggagawa nang may katarungan. “Tingnan ninyo, ang sahod ng mga manggagawa na gumapas sa inyong mga bukid na inyong ipinagkakait ay umiiyak; at ang pag-iyak ng mga umani ay nakarating sa pandinig ng Panginoon ng mga hukbo.” (Santiago 5:4).

Binabago ng kabanalan kung paano tayo nabubuhay sa bawat bahagi ng ating buhay, kabilang ang ating negosyo at karera. Ang banal na tao ay namumuhay nang matuwid. Kung tayo ay banal sa harap ng Diyos, kikilos tayo nang maayos sa harap ng iba. Ang mensahe ng mga propeta at mga apostol ay malinaw: ang isang banal na puso ay bumabago sa ating mga aksyon. Ang mga banal na tao ay mabubuhay nang matuwid sa lahat ng bahagi ng buhay. Ang layunin ng Diyos ay makahubog ng mga taong matuwid sa kanilang puso at sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

“Ang kabanalan ay nangangahulugan ng walang dungis na paglakad ng mga paa, walang-bahid na pakikipag-usap gamit ang dila, walang malay na pag-iisip – bawat detalye ng buhay sa ilalim ng pagsusuri ng Diyos.”
- Oswald Chambers

Ano ang larawan ng katuwiran sa pang-araw-araw na buhay? Ano ang hitsura ng kabanalan sa ating pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa mundo sa ating paligid? Tingnan natin ang ilang mga halimbawa sa tunay na buhay. Ang lahat ng ito ay nagmula sa mga taong nagsasabing sila ay banal. Binago ang mga pangalan. Nakalulungkot, totoo ang mga kuwento.

Si Pastor Tomas ay isang manggagawa. Ang kanyang trabaho bilang manggagawa ay sumusuporta sa kanyang ministeryo bilang isang pastor ng ebanghelikong iglesya. Bumili si Tomas ng isang kasangkapan sa halagang ₱1,000.00. Ginamit niya ito para sa pagtatayo ng bahay at pagkatapos, hindi na niya kailangan ang kasangkapan. Nang handa na siyang ibenta ang kasangkapan, sinabi niya sa bumibili, “Noong bago ito, binili ko ito sa halagang ₱2,000.00. Ibibenta ko ito sa iyo sa halagang ₱1,500.00.”

Sinabi ni Pastor Tomas, “Iyon ay magandang negosyo. Tumubo ako sa pamamagitan ng pagpapalaki ng orihinal na presyo na aking binayaran. Walang kailangang makaalam. Tatal, gagamitin ko ang pera para sa gawain ng Diyos.” Sinabi ng Diyos, “Ang banal na tao ay tapat sa kanilang pakikitungo sa negosyo.” Sumulat si Pablo:

Huwag kayong magsinungaling sa isa't isa, yamang hinubad na ninyo ang dating pagkatao pati ang mga gawa nito, at kayo'y nagbihis na ng bagong pagkatao (Colosas 3:9-10).

Si Elizabeth ang sekretarya para sa isang negosyo. Nang dumalaw ang kanyang pastor sa kanyang bahay, sinabi niya, "Kung kailangan po ninyo ng anumang mga gamit sa opisina, maaari ko itong ibigay sa inyo. Mag-uuwi ako ng mga lapis, papel, at iba pang mga bagay mula sa trabaho. Walang sinuman ang nakapapansin."

Sinabi ni Elizabeth, "Maliit na bagay lamang." Sinasabi ng Diyos, "Ang mga banal na tao ay tapat kahit sa maliliit na bagay." Isinulat ni Pablo na ang mga "nilikha ayon sa wangis ng Diyos sa tunay na katuwiran at kabanalan" ay mabubuhay sa isang bagong paraan:

Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa, kundi magtrabaho at gumawa siya sa pamamagitan ng kanyang sariling mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibahagi sa nangangailangan. (Efeso 4:24, 28).

Nagpapatakbo si Joshua ng isang negosyo. Dapat siyang magtabi ng mga rekord at magbayad ng mga buwis sa pagtatapos ng taon. Noong nakaraang taon, kumita si Joshua ng ₱50,000.00 sa kanyang negosyo, ngunit nang magbayad siya ng kanyang mga buwis, nag-ulat siya ng tubo na ₱40,000.00. Kung minsan nagbabayad siya ng suhol sa isang opisyal ng gobyerno upang makakuha ng magandang kontrata.

Sinabi ni Joshua, "Alam ko kung paano ang takbo ng negosyo sa aking bansa. Kailangan kong "maglagay ng 'grasa sa mga gulong'" para sa aking kumpanya. Bukod doon, nagbabayad ako ng ikapu at ginagamit ang aking pera para sa mabubuting layunin. Sinasabi ng Diyos, "Ang mga banal na tao ay tapat sa kanilang pakikitungo sa gobyerno." Isinulat ni Pablo sa mga mamamayan ng Imperyong Mga Taga-Romano: Ang bawat tao ay magpasakop sa mga namamahalang awtoridad. (Mga Taga-Roma 13:1).

Hindi nalulugod si Abigail sa kanyang trabaho. Gusto niyang gugulin ang kanyang oras na nagtatrabaho para sa iglesya. Sa halip, may trabaho siyang paglilinis ng mga bahay para sa mga mayayaman. Binabayaran siya sa trabaho mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., ngunit madalas siyang dumarating nang huli at umaalis nang maaga. Sinabi ni Abigail sa kanyang pastor, "Mas gugustuhin kong mag-ukol ng oras sa pagdarasal sa umaga at magtrabaho nang huli. Mas gugustuhin kong umalis sa trabaho nang maaga at pumunta sa iglesya sa gabi. Wala akong pakialam tungkol sa pagtatrabaho sa buong oras na binabayaran ako upang magtrabaho."

Sinabi ni Abigail, "Hindi naman malalaman ng amo ko kung hindi ako nagtatrabaho nghustong oras." Sinabi ng Diyos, "Ang mga taong banal ay tapat sa kanilang pag-uugali sa trabaho. Ibinibigay nila ang kanilang pinakamahusay sa lahat ng lugar kung saan inilalagay ng Diyos ang mga ito." Sumulat si Pablo:

Mga alipin, sumunod kayo sa lahat ng mga bagay sa mga panginoon ninyo sa lupa, hindi naglilingkod kung may tumitingin, na gaya ng pagbibigay-lugod sa mga tao,

kundi sa katapatan ng puso, na may takot sa Panginoon. Anuman ang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang gantimpalang mana. Paglingkuran ninyo ang Panginoong Jesu-Cristo. (Colosas 3:22-24).

Si John ay isang misyonero. Minamahal niya ang Diyos at nagsusumikap, ngunit ang kanyang dila ay matalim! Maraming beses, ang mga tao sa paligid niya ay nasasaktan sa pamamagitan ng kanyang masasakit na mga salita.

Sabi ni John, "Sinabi ko lang kung ano ang iniisip ko! Kailangan mong tanggapin kung ano ang paraan ko." Sinabi ng Diyos, "Pinipigilan ng banal na tao ang kaniyang dila." Isinulat ni Santiago:

At ang dila'y isang apoy. Ang dila na kasama ng ating mga sangkap ay isang sanlibutan ng kasamaan... Sa pamamagitan nito ay pinupuri natin ang Panginoon at Ama, at sa pamamagitan nito ay nilalait natin ang mga taong ginawa ayon sa larawan ng Diyos. Mula sa iisang bibig ay lumalabas ang pagpupuri at panlalait. Mga kapatid ko, hindi dapat maging ganito. (Santiago 3:6-10).

► Sa iyong kultura, ano ang mga bahagi ng tukso sa etika para sa mga Kristiyano? Saang bahagi pinakanatutukso ang mga Kristiyano na ipakita ang kawalang katapatan sa kanilang pang-araw-araw na buhay? Paano tinutugunan ng mensahe ng isang banal na buhay ang bahaging ito ng tukso?

Natagpuan Niya ang Sikreto - Chiune Sugihara

Si Chiune Sugihara ay isang Kristiyanong Hapon na nagtrabaho para sa Ministeryong-Banyaga o Foreign Ministry sa Manchuria. Noong 1939, ipinadala siya sa Lithuania upang maglingkod bilang konsul ng Hapon. Doon niya nakilala ang isang babaeng Judio at narinig kung paano pinangangasiwaan ng gobyerno ng German Nazi ang mga Hudyo.

Nakipag-ugnayan si Sugihara sa kanyang gobyerno na humihingi ng pahintulot na magbigay ng bisa sa mga Hudyong tumatakas mula sa Alemanya at Poland. Tinanggihan ng gobyerno ng Hapon ang kahilingan ni Sugihara.

Noong tag-araw ng 1940, alam ni Sugihara na dapat niyang ipakita ang katarungan at awa. Sinabi niya sa kanyang asawa, "Ayaw kong sumuway sa aking pamahalaan. Ngunit hindi ko *maaaring suwayin* ang Diyos. Dapat kong sundin ang aking budhi."

Nagsimulang magbigay si Sugihara ng sulat-kamay na visa upang makalabas para sa mga takas. Tinataya na iniligtas niya ang buhay ng halos 10,000 na Hudyo na sana ay papatayin ni Hitler. Nang maglaon, nahuli si Sugihara ng hukbo ng Rusya at nanatili ng 18 buwan sa isang bilangguan sa Russia. Nang siya ay palayain mula sa bilangguan at ipinadala pabalik sa Japan, tinanggal siya sa tungkulin ng Ministeryong-Banyaga o Foreign Ministry dahil sinuway niya ang kanilang mga utos.

Matapos matanggal sa trabaho, wala nang hanapbuhay si Sugihara. Nahirapan siya maging sa pagbili man lang ng pagkain ng kanyang pamilya. Nang ang mga kaapu-apuhan ng mga Hudyo na iniligtas niya sa nagdaang panahon ay hinanap siya, itinanggi ng pamahalaang Hapon na nagtrabaho siya sa kanila. Sa wakas, noong 1968, natagpuan ng isang nakaligtas na Judio si Sugihara at dinala siya sa Israel.

Nakatanggap si Sugihara ng maliit na pagkilala sa lupa para sa kanyang mga sakripisyo, ngunit sinunod niya ang Diyos dahil siya ay matuwid. Alam ni Sugihara na ang isang anak ng Diyos ay dapat na mamuhay nang matuwid. Hindi niya maaaring balewalain ang paghihirap ng mga nakapaligid sa kanya. Alam niya na ang pagiging matuwid ay ang gumawa ng hustisya, mahal in ang awa, at lumakad nang may pagpapakumbaba sa Diyos. Ipinamuhay ni Chiune Sugihara ang isang banal na buhay.

Isang Tungkuling Meron Ako Na Dapat Kong Tuparin - Charles Wesley

Isang tungkuling kailangan kong tuparin
Isang Diyos na dapat luwalhatiin,

Iligtas ang isang kaluluwang di-mamamatay
At ihanda ito para sa Langit

Upang maglingkod sa kasalukuyang panahon
Tuparin ang pagkatawag sa akin:

O nawa'y lahat kong lakas ay ibuhos
Sa paggawa ng kalooban ng aking Panginoon!

Sandatahan mo ako ng malasakit,
Upang mamuhay sa Iyong Paningin;

At ang Iyong lingkod, Panginoon ay ihanda
Isang mahigpit na pagsusulit ang ibibigay!

Tulungan mo akong magmasid at manalangin
At sa Iyo lamang umaasa,

May katiyakan, kapag ang tiwala ko'y nawawala.
Ako'y mamamatay sa walang hanggan.

Aralin 6 sa Isang Pahina

- (1) Upang maging banal ay maging matuwid, parehong sa loob at sa labas.
- (2) Pinahintulutan ng Israel ang panlabas na ritwal at propesyon upang palitan ang tunay na katuwiran.
- (3) Kung walang matuwid na buhay, ang mga relihiyosong ritwal at propesyon ay walang kabuluhan.
- (4) Ang katuwiran ay dapat na sa pang-loob - dapat itong maging pagsunod mula sa puso.
- (5) Dapat maging pang-labas ang katuwiran-dapat itong makaapekto sa kung paano natin tinatrato ang mga nakapaligid sa atin.
- (6) Ang mga propeta ay nagturo na ang Diyos ay nangangailangan ng tatlong bagay sa isang taong matuwid:
 - Katarungan tungo sa ibang tao
 - Awa tungo sa ibang tao
 - Kapakumbabaan tungo sa Diyos
- (7) Inulit ng mga Liham sa Bagong Tipan ang mensahe ng matuwid na pamumuhay. Ang isang banal na tao ay dapat na mabuhay ng isang etikal at matuwid na buhay.

Mga Takdang Aralin sa Aralin 6

- (1) Sumulat ng isang sanaysay na 2-3 pahina sa "Pagiging Matuwid sa Mundo Ngayon." Kumuha ng isang lugar na kung saan ang etikal na kasalanan ay karaniwang tinatanggap at ipinapakita kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa lugar na ito ng kasalanan. Magbigay ng praktikal na pagtuturo para sa mga taong iyong pinaglilingkuran.
- (2) Simulan ang susunod na sesyon ng klase sa pamamagitan ng pagbigkas sa Mikas 6:8.

Aralin 7

Ang Kabanalan ay Pagmamahal sa Diyos

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Pinahahalagahan ang kagandahan ng isang mapagmahal na kaugnayan sa Diyos.
- (2) Sundin ang modelo ni Hesus bilang isang ganap na nagmahal sa Ama.
- (3) Kilalanin na ang pag-ayon sa sanlibutan at ligalismo ay kapwa mga sintomas ng parehong sanhing ugat.
- (4) Isaulo ang Marcos 12:29-31.

Si Job: Isang Tao na Nagmahal sa Diyos

Nawala ang lahat kay Job. Ang kanyang kayamanan ay nawala. Ang kanyang mga anak ay namatay sa isang bagyo. Ang kanyang kalusugan ay nawasak. Siya ay nakaupo sa isang tumpok ng abo nang nagkakaskas ng mga bukas na mga sugat gamit ang isang pirasong basag na palayok. Sinabi sa kanya ng kanyang asawa na sumpain ang Diyos at mamatay. Inakusahan siya ng mga kaibigan niya ng mga kasamaan. Yaong mga nagparangal sa kanya sa nakaraang panahon ngayon ay nililibak siya.

Sa kanyang pagdurusa, hindi nanalangin si Job na, "Diyos, ibalik ang aking kayamanan" o kahit na "Diyos, pagalingin mo ang aking katawan." Sa halip, sumigaw siya, "O kung alam ko lamang kung saan ko siya matatagpuan, upang ako'y makalapit maging sa kanyang upuan!" (Job 23:3). Nanangis si Job sapagkat hindi niya makita ang Diyos na lubos niyang kilala. "Ako'y lumalakad pasulong ngunit wala siya roon; at pabalik, ngunit hindi ko siya maunawaan; sa kaliwa ay hinahanap ko siya, ngunit hindi ko siya namataan, bumaling ako sa kanan, ngunit hindi ko siya mamasdan." (Job 23:8-9).

Naaalala ni Job ang mga araw nang ang pagkakaibigan ng Diyos ay nasa aking tolda (Job 29:4). Ngunit ngayon:

Inihagis ako ng Diyos sa lusak, at ako'y naging parang alabok at abo. Ako'y dumadaing sa iyo, at hindi mo ako sinasagot; ako'y tumatayo, at hindi mo ako pinapakinggan. Sa akin ikaw ay naging malupit, sa kapangyarihan ng kamay mo, ako'y iyong inuusig. (Job 30:19-21).

Ito ay ang sigaw ng isang tao na nararamdaman ang pagtataksil mula sa kanyang pinakamalapit na kaibigan. Ito ay ang sigaw ng isang tao na nagmahal sa Diyos.

Ang kuwento ni Job ay hindi nagtatapos sa kawalan ng pag-asa. Matapos magsalita ang Diyos mula sa ipoipo, tumugon si Job, "Narinig kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo'y nakikita ka ng aking mata" (Job 42:5). Hindi naaliw si Job dahil sa pagbabalik ng kanyang

mga ari-arian, kalusugan, o pamilya, kundi ng pagbabalik ng presensya ng Diyos. Naaliw si Job nang makita niya ang Diyos. Ang yaman, kalusugan, at pamilya ni Job ay naibalik sa kalaunan, ngunit hindi ito ang susi sa ginhawa ni Job. Si Job ay isang banal na tao; minamahal ni Job ang Diyos.

Ang Kabanalan sa Poetic na mga Libro: Pagmamahal sa Diyos

► Ano ang ibig sabihin ng pag-ibig sa Diyos? Paano magiging tunay na nagmamahal sa Diyos ang iyong mga prayoridad para sa iyong oras at pera? Paano maaapektuhan ng pag-ibig sa Diyos ang iyong pananaw sa kanyang mga utos?

Ang aklat ng Job at ang Mga Mga Awit ay uulit sa mensahe na nakita natin sa Limang mga Aklat ni Moises: ang kabanalan ay relasyon sa Diyos. Tayo ay banal *lamang* habang nabubuhay tayo sa kaugnayan sa Diyos. Ang pagiging banal ay nangangahulugang ganap na mahal in ang Diyos.

Si Enoc, Noe, at Abraham ay banal sapagkat lumakad sila kasama ng Diyos. Sa katulad na paraan, si Job at si David ay banal dahil lumakad sila kasama ng Diyos. Ang Aklat ng Job ay nagkukuwento tungkol sa isang tao na nagmamahal sa Diyos nang husto. Ang Aklat ng Mga Mga Awit ay naglalaman ng mga panalangin at mga Mga Awit ng isang tao na ang pinakadakilang kagalakan ay matalik na pakikisama sa Diyos.

Ang Mga Banal na Tao ay Nagagalak sa Diyos

Ang mga banal na tao ay nagagalak sa Diyos; natatagpuan nila sa Kanya ang kanilang pinakamalalim na kagalakan. Ang kumukontrol na pagnanais ng isang banal na tao ay ang mabigyang kaluguran ang Diyos.

Sa mga sumusukat sa kabanalan sa pamamagitan ng isang listahan ng mga "gagawin at hindi dapat gawin," ito ay tila simple. Maraming tao ang nag-iisip ng kabanalan bilang tungkulin lamang, sa halip na kasiyahan. Ipinakikita ng Kasulatan na ang mga banal na tao ay

nalulugod sa Diyos. Walang higit na ninanas si Job kundi ang pagpapanumbalik ng kanyang kaugnayan sa Diyos. Nagpatotoo si David sa kagalakan ng isang matalik na kaugnayan sa Diyos. Natagpuan niya ang kanyang pinakamalalim na kagalakan sa Diyos.

May isang guro na nagtuturo sa isang lungsod kung saan ang inuming tubig ay hindi ligtas. Isang mainit na araw, nakalimutan niyang dalhin ang kanyang water filter/salaan ng tubig. Nang matapos ang kanyang klase, iisa lamang ang nasa isip niya, "Kailangan ko ng tubig!"

Isang Panalangin para sa Kabanalan

Diyos ko,
Dalangin ko naluboskitangmakilala at mahal in
kaupangako'y magalaksiyo.
Hayaan ang aking isip namagbulay-
bulaysaiyong kabutihan.
Hayaang magsalita ang aking dilatung koldito.
Hayaan ang aking puso'y mabuhay para dito.
Hayaan ang aking kaluluwa'y magutom para dito.
Hayaan ang aking buong katauhan ay naisinito,
hanggang sapumasok akosaiyong kagalakan.
-Anselmo ng Canterbury

Kung papipiliin mo siya: ₱100 o isang baso ng malinis na inuming tubig, siguradong pipiliin niya ang tubig. Dahil tunay na siya’y nauuhaw, ang tubig ay mas mahalaga kaysa sa anupamang bagay.

Nang gabing iyon, tinanong niya ang kanyang sarili, “Nauuhaw ba ako para sa Diyos katulad ng pagkauhaw ko ngayon para sa tubig? Mas mahalaga ba siya sa akin kaysa sa anumang bagay sa mundong ito?”

Si David ay nauuhaw sa Diyos. “Kung paanong ang usa ay nananabik sa batis na umaagos, gayon nananabik ang aking kaluluwa sa iyo, O Diyos. Ang aking kaluluwa ay nauuhaw sa Diyos, sa buháy na Diyos.” (Mga Awit 42:1-2). Inihambing ni David ang kanyang pagnanais sa Diyos sa uhaw ng isang tumatakbong usa. Ang pinakananais ng usa ay ang tubig; ang pinakadakilang pagnanais ng banal na tao ay ang matalik na kaugnayan sa Diyos. Ang isang banal na tao ay “nagugutom at nauuhaw sa katuwiran” (Mateo 5:6).

Pinaghahambing ng Mga Mga Awit/Salmo ang mga kaluguran ng mga makasalanan sa kasiyahan ng isang banal na tao. Ang mga makasalanan ay nagagalak sa digmaan; sila ay nalulugod sa mga kasinungalingan; gustung-gusto nila ang pagmumura (Mga Awit 62:4; Mga Awit 68:30; Mga Awit 109:17). Sa kabaligtaran, natatagpuan ng mga banal na tao ang kalubusan ng kagalakan sa presensya ng Diyos; gustung-gusto nila ang bahay ng Diyos at ang lugar kung saan naninirahan ang kanyang kaluwalhatian (Mga Awit 16:11; Mga Awit 26:8). Tinutukoy ng salmista, “liban sa iyo’y wala akong anumang ninanasa sa lupa” (Mga Awit 73:25). Natutuklasan ng mga banal ang kanilang pinakamalalim na kaluguran sa Diyos.

Ipinakikita ng Mga Awit 63 ang kagandahan ng pagninilay sa Diyos. Si David ay tumatakas mula kay Saul. Ang kanyang buhay ay nasa panganib. Sa sitwasyong iyon, ano ang iisipin mo? Karamihan sa mga tao ang matutukso na pagbulaya ang panganib. Sinabi ni David, “Naaalala kita sa aking higaan, ginugunita kita sa pagbabantay sa gabi” Kahit nasa panganib, ang mga kaisipan ni David ay nasa Diyos. Natagpuan niya ang pagmumuni-muning ito bilang nakasisiya tulad ng masaganang pagkain (Mga Awit 63:5-6).

Ang mang-aawit ng Mga Mga Awit ay nalulugod sa Diyos; siya ay may pag-ibig sa Diyos. Ang mga taong banal ay nagagalak sa Diyos. Isaalang-alang ng ilang sandali: Ano ang nakauuhaw sa iyo? Nagagalak ka ba sa Diyos?

Ang Mga Banal na Tao ay Nagagalak sa Batas ng Diyos

Ang banal na tao ay nalulugod sa kautusan ng Diyos. Ipinakikita ng Mga Mga Awit na ang batas ng Diyos ay hindi isang banta sa kanyang mga tao; Gustung-gusto ng mga banal na tao ang kautusan ng Diyos. Sinabi ni David, “Kinaluluguran kong sundin ang iyong kalooban, O Diyos ko” (Mga Awit 40:8). Hindi siya nahirapang sundin ang Diyos; natagpuan niya ang kagalakan sa pagsunod sa Diyos.

Ang kagalakan sa batas ng Diyos ay tumatakbo sa lahat ng mga Mga Awit. Ang tema ng Mga Awit 119 ay Salita ng Diyos. Pakinggan ang kagalakan ni David:

- Buksan mo ang aking mga mata upang makita ko, ang kahanga-hangang mga bagay sa kautusan mo. (Mga Awit 119:18).
- Ang kautusan ng iyong bibig ay higit na mabuti sa akin kaysa libu-libong pirasong ginto at pilak. (Mga Awit 119:72).
- Dumating nawa sa akin ang iyong habag upang ako’y mabuhay, sapagkat ang kautusan mo’y aking katuwaan. (Mga Awit 119:77).
- O, mahal na mahal ko ang iyong kautusan! Ito’y siya kong binubulay-bulay sa buong araw. (Mga Awit 119:97).
- O Panginoon, ang iyong pagliligtas ay aking kinasasabikan, at ang iyong kautusan ay aking kasiyahan. (Mga Awit 119:174).

Ang batas ng Diyos ay nagpapakita ng pagmamahal ng Diyos.

“O Panginoon, ang lupa ay punô ng tapat na pag-ibig mo, ituro mo sa akin ang mga tuntunin mo!” (Mga Awit 119:64). Ipinakikita ng Diyos ang kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng kanyang kautusan: “Pakitunguhan mo ang iyong lingkod ng ayon sa iyong tapat na pag-ibig, at ituro mo sa akin ang iyong mga alituntunin.” (Mga Awit 119:124). Ang mga banal na tao ay nalulugod sa kautusan ng Diyos sapagkat alam nila na ang kautusan ng Diyos ay nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos.

Sinabi ni Moises na ang pagkamasunurin ng Israel sa kautusan ng Diyos ay magpapanibugho sa ibang mga bansa sa kanilang karunungan!

Tuparin ninyo at inyong gawin, sapagkat ito ang inyong magiging karunungan at kaalaman sa paningin ng mga tao na makakarinig ng mga tuntuning ito, at magsasabi, “Tunay na ang dakilang bansang ito ay matalino at may pagkaunawa.” (Deuteronomio 4:6).

Tinanong ni Moises, “At aling dakilang bansa ang may mga tuntunin at mga batas na napakatuwid na gaya ng buong kautusang ito na aking inilagay sa harapan ninyo sa araw na ito?” (Deuteronomio 4:8). Hindi inalipin ng kautusan ng Diyos ang Israel; pinagpala ng batas ng Diyos ang Israel.

Ngayon, karaniwan na marinig ang mga mangangaral na nagtuturo na ang batas ng Diyos ay isang mabigat na pasanin na hindi masunod. Sinasabi ng ilang mga Kristiyano na ang batas ng Diyos ay isang “tudlaan” na walang makakaabot. Gayunpaman, si Moises, si David at iba pang mga banal sa Lumang Tipan ay nagalak sa batas ng Diyos. Naniniwala sila na ito ay isang kagalakan upang igalang ang pangalan ng Diyos at ang Araw ng Pamamahinga ng Diyos. Ayaw nilang yumukod sa mga huwad na diyos-diyosan.

Iniiisip natin na anumang hindi kasiya-siya ang siya nating tungkulin! Gayun ba ang espiritu ng ating Panginoon? "Nagagalak akong gawin ang Inyong kalooban, O Diyos ko."
- Oswald Chambers

Hindi sila naniniwala na magiging mas maligaya sila kung nilapastangan nila ang kanilang mga magulang, pumapatay at nangangalunya, o nagnakaw at nagsinungaling. Alam nila na mas mainam na maging kontento kaysa sa pagnasaan kung ano ang pagmamay-ari ng kanilang kapwa. Ang batas ng Diyos ay hindi isang pasanin. Ibinigay ng Diyos ang kanyang batas mula sa isang pusong may pag-ibig. Ang batas ang gumagabay sa mga banal na tao sa kanilang kaugnayan sa isang banal na Diyos. Ang batas ng Diyos ay kasiya-siya sa kanyang mga tao.¹⁹

Inihahayag ng kautusan ng Diyos ang katangian ng Diyos.

Kung minamahal natin ang Diyos, mamahalin natin ang kanyang batas. Ipinahayag ng salmista, "Kahanga-hanga ang mga patotoo mo, kaya't sila'y iniingatan ng kaluluwa ko." (Mga Awit 119:129). Hindi sinabi ni David, "Ang iyong kautusan ay mahirap, subalit susubukan kong sumunod." Hindi; Sinabi ni David, "Ang batas ng Diyos ay kahanga-hanga!"

Ang mga banal ay nalulugod sa kautusan ng Diyos. Minamahal ng salmista ang kautusan ng Diyos dahil alam niya na ang batas ay higit pa sa isang listahan ng mga alituntunin; Ipinahayag ng kautusan ng Diyos ang katangian ng Diyos.

► Basahin ang Mga Mga Awit 111 at 112.

Ang Mga Mga Awit 111 at 112 ay magkatambal na Mga Awit. Sama-sama, ipinakikita nila ang kahalagahan ng kautusan ng Diyos para sa banal na tao. Inilarawan sa Mga Awit 111 ang karakter ng Diyos: Ang Diyos ay matuwid, mabait, at maawain.

Nagsimula ang Mga Awit 112, "Mapalad ang tao na natatakot sa PANGINOON, na lubos na nagagalak sa kanyang mga utos!" Ang taong nalulugod sa mga utos ng Diyos ay pagpapalain. Paano? Siya ay magiging katulad ng Diyos. Siya ay magiging "mapagbiyaya, maawain, at matuwid." Ito ang parehong katangian na naglalarawan sa Diyos sa Mga Awit 111. Sa ating kaluguran sa kautusan ng Diyos, tayo ay nagiging higit na katulad ng Diyos.

Ang Pentateuch ay nagtuturo na ang isang banal na tao ay sumasalamin sa larawan ng Diyos. Ang Mga Mga Awit 111 at 112 ay nagpapakita na ang isang tao na nalulugod sa kautusan ng Diyos ay nabago sa larawan ng Diyos. Ang taong nalulugod sa kautusan ng Diyos ay nagiging katulad ng Diyos.

Kung tunay na mahal natin ang Diyos, tutuparin natin ang kautusan ng Diyos. Itinanong ni David, "Sinong aakyat sa bundok ng Panginoon? At sinong tatayo sa kanyang dakong banal?" Sino ang maaaring mabuhay sa presensya ng Diyos? Isang taong may malinis na kamay at isang dalisay na puso (Mga Awit 24:3-4). Ang pamumuhay sa presensya ng Diyos ay nangangailangan ng pagsunod sa kautusan ng Diyos. Ipinakikita ng Mga Aklat ng Tula na hinihingi ng Diyos ang pagsunod sa mga nag-aangking nagmamahal sa kanya.

¹⁹ Sinipi kay Dennis F. Kinlaw, *This Day with the Master* (Grand Rapids: Zondervan, 2004).

Ipinakikita rin ng Aklat ng Tula na ang Diyos ay ginagawang possible ang matapat na pagsunod. Ito ang pangako ng Diyos sa mga nagmamahal sa kanya.

Ang kuwento ni Job ay nagsisimula, "May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job. Ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan." (Job 1:1). Nang akusahan ng kasalanan ni Elipaz si Job, tumugon si Job:

Lubos na sumunod sa kanyang mga hakbang ang mga paa ko, ang kanyang landas ay aking iningatan, at hindi ako lumiko. Ako'y hindi humiwalay sa utos ng kanyang mga labi; pinagyaman ko ang mga salita ng kanyang bibig sa aking dibdib. (Job 23:11-12).

Maaaring magtanong ang isang tao, "Paano sasabihin ni Job na hindi niya nilabag ang mga utos ng Diyos? Ang bawat tao'y nagkakasala araw-araw." Tumugon si Job, "Mahal ko ang Diyos at nagagalak ako sa maingat na pagsunod sa kanya." Naglakad si Job nang malapit sa Diyos. Iningatan niya ang "utos ng kanyang mga labi." Posible ba ang isang banal na buhay? Sumagot si Job, "Oo." Alam ni Job na ginagawang possible ng Diyosang matapat na pagsunod sa mga umiibig sa kanya.

Ang banal na buhay ay hindi batay sa ating sariling lakas; ito ay mula sa pang-araw-araw na pagtitiwala sa Diyos. Si Job ay walang kapintasan hindi dahil di-karaniwan ang kanyang disiplina. Siya ay walang kapintasan dahil sa kanyang matalik na paglakad kasama ng Diyos. Naintindihan ni Job na hinihiling ng Diyos ang tapat na pagsunod at ginagawang posible ng Diyos matapat na pagsunod.

Ang katotohanang ito ay may malaking epekto sa pang-araw-araw na buhay ng mananampalataya. Hinihiling ng Diyos na ang kanyang mga tao ay maging banal at ginagawang banal ng Diyos ang kanyang mga tao. Sa pamamagitan niya na tayo ay ginawang banal at dalisay. Hinihingi ng Diyos ang kabanalan at ang Diyos ay nagbibigay ng kabanalan. Ang Diyos ay nagbibigay ng lahat ng bagay na hinihiling ng kanyang Salita.

Ang mga Nagagalak sa Diyos ay Tumatanggap ng Nais ng Kanilang Puso

Ipinakikita ng Mga Awit 37 ang resulta ng kasiyahan sa Diyos. "Sa Panginoon ikaw ay magpakaligaya, at ang mga nasa ng iyong puso sa iyo'y ibibigay niya." (Mga Awit 37:4).

Iniiisip ng ilang mga mambabasa na ang Mga Awit 37:4 ay nagtuturo, "Kung naglilingkod ako sa Diyos, ibibigay niya sa akin ang anumang hinihiling ko. Gagawin Niya akong mayaman." Hindi nangangaral sa David ng ebanghelyo na nagsasabing, "Nais ng Diyos na ang kanyang mga anak ay maging mayaman." Sinabi ni David ang isang bagay na mas mahalaga: "Kung ang iyong pinakamalalim na hangarin ay ang Diyos, ibibigay ng Diyos ang kanyang sarili sa iyo." Kung nais mo ang Diyos, matatanggap mo ang Diyos.

Kung sumusunod ka sa Diyos upang makatanggap ka ng kalusugan, kayamanan, at katanyagan, ikaw ay mabibigo sa pamamagitan ng mensahe ng Mga Awit 37:4. Kung

susundin mo ang Diyos para sa mga materyal na pagpapala, ikaw ay mabibigo kapag nakita mo na ang iyong gantimpala ay ang Diyos!

Para sa isang taong makasarili, ang pagtanggap sa Diyos ay hindi isang malaking gantimpala. Ang taong makasarili ay hindi nagnanais sa Diyos. Ngunit para sa isang taong nagnanais sa Diyos, ang Mga Awit 37:4 ay isang dakilang pangako. Sa banal na tao, ang Diyos ang pinakadakilang kaloob na posible.

Sa mga nagnanais sa kanya, ang Diyos ay nagbibigay ng malalim na ugnayan sa kanyang sarili. Ang kagalakan sa Diyos ay hindi laging nagdudulot ng pinansiyal na pagpapala o kalayaan mula sa pagdurusa. Ang mga taong nalulugod sa Diyos ay maaaring kinasusuklaman ng isang kaaway. Ang mga banal ay madalas na nagdurusa. Gayunman, natuklasan nina David at Job na kahit sa panahon ng pagdurusa, pinararangalan ng Diyos ang mga nagagalak sa kaniya.

Ang kabanalan ay pagmamahal sa Diyos. Ang mga banal na tao ay nagagalak sa Diyos; bilang tugon, malayang ibinibigay ng Diyos ang kanyang sarili sa mga nagugutom at nauuhaw sa kanya.

Ang Kabanalan sa Mga Ebanghelyo: Pagmamahal sa Diyos

Isang nagtuturo sa relihiyon ang nagtanong kay Hesus, "Guro, anong gagawin ko upang magmana ng buhay na walang hanggan?" Itinuro ni Hesus ang Batas ni Moises. "Ano ang nasusulat sa Kautusan? Paano mo ito binabasa?"

Sinipi ng abugado ang Deuteronomio 6:5 at Levitico 19:18. Ang mga Kasulatang ito ay nagbubuod sa Batas. "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong lakas mo, at nang buong pag-iisip mo, at ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." Sumagot si Hesus, "Tumpak ang sagot mo, gawin mo ito at mabubuhay ka." (Lucas 10:25-28). Ang kabanalan ay perpektong pagmamahal.

Makalipas ang ilang buwan, si Hesus ay nasa Jerusalem. Ang isang eskriba ay nagtanong, "Alin ang pangunahing utos sa lahat?" (Marcos 12:28). Ang mga Pariseo ay nakabilang ng 613 na mga batas mula sa Lumang Tipan. Madalas nilang pinagtatalunan kung aling batas ang pinakamahalaga. Tumugon si Hesus:

Ang pangunahin ay, "Pakinggan mo Israel: Ang Panginoon nating Diyos, ang Panginoon ay iisa. Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong pag-iisip mo, at nang buong lakas mo." Ang pangalawa ay ito, "Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." Wala nang ibang utos na higit pang dakila sa mga ito. (Marcos 12:29-31).

Tinukoy ni Hesus ang kabanalan bilang pag-ibig sa Diyos at pagmamahal sa iba. Ang tunay na kabanalan ay ipinapahayag sa pamamagitan ng pag-ibig. Lumalago tayo sa kabanalan habang lumalago tayo sa pag-ibig na tulad ng kay Kristo. Ang pagiging banal ay ang pag-ibig gaya ng pagmamahal ni Hesus; ito ay perpektong pag-ibig.

Sa Aralin 5, nakita natin na ginagamit ng mga manunulat ng Lumang Tipan ang salitang “perpekto” upang tumukoy sa isang puso na hindi nahahati. Upang maging perpekto ay dapat na hindi nahahati ang katapatan ng isang tao sa pangako niya sa Diyos. Ginagamit ng mga manunulat ng Bagong Tipan ang salitang “perpekto” sa katulad na paraan. Iniutos ni Hesus sa kanyang mga tagasunod na “maging sakdal” (Mateo 5:48). Sa mga Ebanghelyo, nakita natin na upang maging perpekto ay magkaroon ng isang walang humpay na pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa. Upang maging perpekto ay umibig nang walang pag-aalinlangan. Ito ay perpektong pag-ibig.

Ang mensahe ng perpektong pag-ibig ay hindi bago sa mga Ebanghelyo. Ipinaalaala ni Hesus sa Israel na palaging hinihiling ng Diyos ang pag-ibig sa Diyos at pagmamahal sa ating kapwa. Ipinakikita ng Deuteronomio 6 na ang pag-ibig ang pundasyon ng Batas. Ang pagsunod nang walang pag-ibig ay humahantong sa ligalismo. Itinuro ni Hesus na upang maging banal dapat ibigin ang Diyos. Kung minamahal natin ang Diyos, susundin natin siya. Ang pagiging banal ay pagmamahal sa Diyos nang buong puso mo.

Ang pag-ibig sa Diyos ay higit pa sa damdamin. Tinukoy ni John Wesley ang pag-ibig sa Diyos sa ganitong paraan:

...upang magkaroon ng kasiyahan sa kanya, magalak sa kanyang kalooban, patuloy na pagnanais na mapaluguran siya, hanapin at matagpuan ang ating kaligayahan sa kanya, at kauhawan sa araw at gabi ang mas lubos na kasiyahan sa kanya.²⁰

Binabago ng pag-ibig sa Diyos ang buong direksyon ng ating buhay. Ang kasiyahan sa Diyos ay nagiging ating pinakamataas na ambisyon at ang ating pinakamalaking kagalakan. Ipinakita ni Hesus kung ano ang ibig sabihin ng ganap na pag-ibig sa Diyos. Sa Hesus, nakikita natin ang banal na pag-ibig na hinahangad ng Diyos para sa bawat Kristiyano.

Ipinakita ni Hesus ang Perpektong Pag-ibig para sa Diyos sa Kanyang Buhay

Nagpakita si Hesus ng perpektong pagmamahal para sa kanyang Ama. Si Hesus ay namuhay sa masayang pagsuko sa kalooban ng kanyang Ama. Hindi ito ang ipinatutupad na pagpapasakop ng isang alipin; ito ay ang mapagmahal na pagpapasakop ng isang anak.

Ang pagtukso ay nagpapakita ng pagmamahal ni Hesus sa Ama.

Bago simulan ang kanyang paglilingkod sa publiko, hinarap ni Hesus ang pagtukso sa ilang. Ang bawat pagtukso ay nakatuon sa pagsira sa kaugnayan ng Ama at ng Anak.

Tinukso ni Satanas si Hesus na laktawan ang Ama at magbigay ng tinapay para sa kanyang sarili. Tinukso ni Satanas si Hesus na talikuran ang pagsamba sa Ama upang makakuha ng awtoridad sa mga kaharian ng mundo. Tinukso ni Satanas si Hesus upang subukin ang Ama sa pamamagitan ng pagtalon mula sa tuktok ng Templo (Lucas 4:1-12). Ang bawat

²⁰John Wesley, “On Love.” Retrieved from <http://wesley.nnu.edu/john-wesley/the-sermons-of-john-wesley-1872-edition/sermon-139-on-love/> December 21, 2019.

pagtukso ay isang pagsubok sa pagmamahal ni Hesus sa Ama. Tumugon si Hesus sa pagpapakita ng lubos niyang tiwala sa kanyang makalangit na Ama.

Sa halip na gawing tinapay ang bato, binanggit ni Hesus ang Deuteronomio 8:3: "Nasusulat, 'hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao'" Ipinalaala ni Moises sa Israel na ang Diyos ay naglaan ng mana sa disyerto; Maaaring magtiwala ang Israel sa mapagmahal na pagkakaloob ng kanilang Ama. Sa katulad na paraan, pinagkakatiwalaan ni Hesus ang mapagmahal na probisyon ng Ama.

Sa halip na yumukod kay Satanas, binanggit ni Hesus ang Deuteronomio 6:13; "Dapat mong sambahin ang Panginoon mong Diyos, at siya lamang ang paglilingkuran mo." Dahil minamahal niyang ganap ang Diyos, tinanggihan ni Hesus ang tukso na yumukod kay Satanas.

Sa halip na subukan ang kanyang Ama sa pamamagitan ng paglukso mula sa taluktok ng Templo, binanggit ni Hesus ang Deuteronomio 6:16: "Huwag ninyong susubukin ang Panginoon ninyong Diyos," Sapagkat lubos niyang minahal ang Diyos, tumanggi si Hesus na subukan ang pangako ng proteksyon ng Ama.

Ang paglilinis ng templo ay nagpapakita ng pagmamahal ni Hesus sa Ama.

Kahit na bata pa, mahal ni Hesus ang bahay ng kanyang Ama (Lucas 2:49). Mahal niya ang kanyang Ama, kaya mahal niya ang bahay ng kanyang Ama.

Nang makita ni Hesus ang di-tapat na mga negosyante sa Templo, tumugon siya nang may matuwid na galit.

Gumawa siya mula sa mga lubid ng isang panghagupit at itinaboy niya silang lahat papalabas sa templo kasama ang mga tupa at mga baka. Ibinuhos din niya ang salapi ng mga mamamalit, at itinaob ang kanilang mga mesa. (Juan 2:15).

Bakit nagalit si Hesus? Dahil nilalapastangan ng mga mangangalakal na ito ang bahay ng kanyang Ama: "Huwag ninyong gawing bahay-pamilihan ang bahay ng aking Ama." (Juan 2:16). Mahal ni Hesusang kanyang Ama at tumugon nang galit na galit sa kawalang respeto sa bahay ng kanyang Ama.

Si Hesus ay may normal na emosyon ng tao. Sa harap ng kasamaan, nadama niya ang galit - ngunit hindi siya nagkasala (Marcos 3:5; Efeso 4:26). Hindi pinawi ng kabanalan ang damdamin ni Hesus. Sa halip, dahil siya ay banal, ang damdamin ni Hesus ay nagpapakita ng damdamin ng kaniyang Ama. Nagalit si Hesus sa mga bagay na ikinagalit ng kanyang Ama.

Ang pagpapasakop ni Hesus ay nagpapakita ng pagmamahal niya sa Ama.

Sa kanyang mensahe ng pamamaalam, itinuro ni Hesus ang kanyang pagsunod bilang patotoo sa kanyang pagmamahal sa Ama. "Ginagawa ko ang ayon sa iniutos sa akin ng Ama, upang malaman ng sanlibutan na minamahal ko ang Ama." (Juan 14:31). Ipinakita ni

Hesus ang kanyang pagmamahal sa Ama sa pamamagitan ng handang pagsuko sa kalooban ng Ama. Ito ay perpektong pag-ibig.

Kahit sa panghuling pagsubok, si Hesus ay masunurin sa kalooban ng Ama. Alam ni Hesus na magtitiis siya ng isang kahiya-hiyang pagsubok na sinundan ng hindi mailarawan ng isip na sakit sa krus. Siya ay mahihwalay mula sa Ama dahil sa kasalanan ng tao. Si Hesus ay nanalangin, "Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang kopang ito" (Lucas 22:42). Hinarap ni Hesus ng Nazaret ang pinakahuling pagsubok ng pagpapasakop sa Ama.

Sa kanyang pagiging tao, nanalangin si Hesus para sa pagkakatubos. Ngunit sa kanyang pigiging tao, ipinakita ni Hesus ang kanyang pagnanais na magpasakop sa Ama. "Gayunpaman, hindi ang aking kalooban, kundi ang sa iyo," ay nagpapakita si Hesus ng ganap na pag-ibig sa Ama sa pamamagitan ng kanyang pagsuko sa kalooban ng Ama.

Ang buhay ni Hesus ay nagbibigay ng isang modelo ng perpektong pag-ibig. Ang pagiging banal ay ang pag-ibig sa Diyos tulad ng pagmamahal ni Hesus sa kanyang Ama.

Itinuro ni Hesusa Kanyang Mga Tagasunod na Lubusang Mahalin ang Diyos

Ang pagmamahal sa Diyos ay higit pa sa damdamin. Ito ay isang pangmatagalang pangako na bumabago sa mga pangunahing priyoridad ng ating buhay. Tinukoy ni Hesus ang pag-ibig sa ganitong paraan:

Kung ang sinuman ay lumalapit sa akin at hindi napopoot sa kanyang sariling ama, ina, asawang babae, mga anak, mga kapatid na lalaki, at mga kapatid na babae, at maging sa kanyang sariling buhay ay hindi maaaring maging alagad ko. Sinumang hindi nagpapasan ng kanyang sariling krus at sumusunod sa akin ay hindi maaaring maging alagad ko. (Lucas 14:26-27).

Para sa mga Hudyong tagapagturo, ang salitang "mapoot" ay nangangahulugan ng "mas mababang pag-ibig kaysa sa ibang bagay." Ang tagasunod ni Hesus ay dapat umibig kay Hesus ng higit kaninoman, maging ang sarili niya. Iyan ang ibig sabihin ng pag-ibig sa Diyos - pag-ibig sa Diyos higit sa lahat.

Sinabi ni Hesus, "Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa, o kaya'y magiging tapat sa isa at hahamakin ang ikalawa" (Lucas 16:13). Ang pag-ibig ay eksklusibo. Kung mahal mo ang Diyos, siya ang pangunahin sa lahat ng bagay sa buhay.

Itinuro ni Hesus na ang tapat at handang pagsunod ay nagpapakita ng pagmamahal. "Siyang mayroon ng aking mga utos at tinutupad ang mga iyon ay siyang nagmamahal sa akin" Ang gantimpala para sa mapagmahal na pagsunod ay isang matalik na kaugnayan sa Diyos. "At ang nagmamahal sa akin ay mamahalin ng aking Ama, at siya'y mamahalin ko, at ihahayag ko ang aking sarili sa kanya." (Juan 14:21).

Pagkalipas ng maraming taon, naalaala ni Juan ang mga salita ni Hesus sa silid sa itaas. Isinulat ni Juan, "Sinumang tumutupad ng kanyang salita, tunay na naging ganap sa taong

ito ang pag-ibig ng Diyos.” (1 Juan 2:5). Ang kabanalan ay perpektong pag-ibig sa Diyos. Ang mga banal na tao ay kusang nagpapasakop sa kalooban ng Ama. Sinusunod ng mga banal na tao ang modelo ng pagkamasunurin ni Hesus.

Kapag minamahal natin ang Diyos, natutuwa tayong sundin ang kanyang kalooban. Kapag lubos na mahal natin ang Diyos, kusang loob nating ipapasakop ang ating kalooban sa kalooban ng ating Ama. Kapag minamahal natin ang Diyos nang perpekto, nananalangin tayo tulad ni David:

Siyasatin mo ako, O Diyos, at alamin mo ang aking puso; subukin mo ako, at alamin mo ang mga pag-iisip ko! At tingnan mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin, at patnubayan mo ako sa daang walang hanggan. (Mga Awit 139:23-24).

Ang perpektong pagmamahal ay nagbibigay sa atin ng matinding pagnanais na bigyang lugod ang ating makalangit na Ama. Tinatanggihan natin ang anumang bagay na makagagambala sa ating kaugnayan sa kanya. Ang kabanalan ay perpektong pag-ibig sa Diyos.

Ang Kaugnayan sa pagitan ni Hesus at ng Ama ay isang Huwaran para sa mga Kristiyano

► Basahin ang Juan 17.

Nagbigay si Hesus ng larawan ng kabanalan sa kanyang Panalangin ng Punong Saserdote. Sa Juan 17, nanalangin si Hesus para sa kanyang sarili, para sa kanyang mga disipulo, at pagkatapos ay para sa lahat ng mga mananampalataya. Ipinakita ni Hesus na ang kanyang matalik na kaugnayan sa Ama ay ang huwaran para sa kaugnayan ng mga Kristiyano at ating Ama.

Nanalangin si Hesus para sa kanyang sarili (Juan 17:1-5).

Sa pagharap sa kamatayan, nagagalak si Hesus na natapos niya ang gawain na ipinagagawa sa kanya ng Ama: “Pinarangalan kita sa lupa, nang matapos ko ang gawaing ibinigay mo sa akin.”

Sa dulo ng panalanging ito, sinabi ni Hesus,

Pabanalin mo sila sa katotohanan; ang salita mo ay katotohanan. Kung paanong ako’y iyong sinugo sa sanlibutan, sila ay sinugo ko rin sa sanlibutan. At dahil sa kanila’y **pinabanal** ko ang aking sarili, upang sila naman ay **pabanalin** sa katotohanan. (Juan 17:17-19).

Ang salitang Griego na ginamit nang tatlong beses sa mga talatang ito ay maaaring nangangahulugan ng “upang gawing banal” o “upang italaga at ibukod.” Dahil walang kasalanan si Hesus, hindi siya kailangang gawing banal. Sa panalanging ito, ang “pagpabanal” ay nangangahulugang “upang italaga at ibukod.” Ibinukod ni Hesus ang

kaniyang sarili upang matapos ang gawain na ibinigay sa kaniya ng Ama. Inilaan ni Hesus ang kanyang sarili sa gawain na ibinigay sa kanya ng Ama.

Nanalangin si Hesus para sa kanyang mga alagad (Juan 17:6-19).

Nanalangin si Hesus na ang mga alagad ay mapabanal sa katotohanan. "At dahil sa kanila'y pinabanal ko ang aking sarili, upang sila naman ay pabanalin sa katotohanan." Kung paanong ibinukod si Hesus para sa paglilingkod sa mundo, nanalangin siya na ang mga disipulo ay itatakda rin para sa paglilingkod. Ang kaugnayan ng Anak at Ama ay isang modelo para sa kaugnayan ng mga disipulo at ng Ama. Habang sinusunod ng mga disipulo ang huwaran ni Hesus, inilaan sila upang ibahagi ang kanyang katotohanan sa mundo.

Nanalangin si Hesus para sa lahat ng mga mananampalataya (Juan 17:20-26).

Nanalangin si Hesus para sa lahat ng mga taong maniniwala sa kanya. Nanalangin siya na ang lahat ng mga Kristiyano ay makikibahagi sa pagkakaisa na taglay niya at ng Ama. Ipinanalangin ni Hesus na tayo ay maging ganap na isa. Ito ang parehong salita na ginamit sa Mateo 5:48: "Maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal." Ang salitang ito ay nagpapahiwatig ng pagkatupad ng isang layunin. Ang layunin ay perpektong pag-ibig, ang pag-ibig na nakikita sa loob ng Trinidad.

Tayo bilang mga mananampalataya ay iniimbitahan na makibahagi sa banal na pag-ibig ng Ama at ng Anak. Nanalangin si Hesus "na ang pagmamahal mo (ang Ama) sa akin ay maging sa kanila rin, at ako sa kanila." Ang pag-ibig sa pagitan ni Hesus at ng Ama ang huwaran para sa bawat mananampalataya. Ito ang ibig sabihin ng maging banal: upang magkaroon ng perpektong pagmamahal na ginawa ni Hesus.

Ang Pagsasabuhay ng Kabanalan: Minamahal Ko Ba ang Diyos?

May tanong si Simon para sa kanyang pastor. "Pastor, gusto kong maging banal. Tulad ni Abraham, gusto kong maging kaibigan ng Diyos. Ngunit may problema. Ginagawa ko ang ilang bagay na alam kong mali. Mahal ko ang Diyos, ngunit ayaw ko Siyang sundin. Maaari ba akong maging kaibigan ng Diyos kung hindi ko siya sinusunod?"

Sinagot ni Hesus ang tanong ni Simon mahigit 2,000 taon na ang nakararaan. "Kung ako'y inyong minamahal ay tutuparin ninyo ang aking mga utos." (Juan 14:15). Hindi sinasabi ng Diyos, "Kung mahal mo ako, maaari kang manatili sa sinasadyang kasalanan." Sa halip, sinabi ni Hesus, "Kung ako'y inyong minamahal ay tutuparin ninyo ang aking mga utos." Nagpatuloy si Hesus, "Ang hindi nagmamahal sa akin ay hindi tumutupad ng aking mga salita" (Juan 14:24).

Sinasabi ng ilang nag-aangking Kristiyano ang kanilang pag-ibig sa Diyos habang patuloy silang namumuhay sa sinasadyang kasalanan. Sa mga taong ito, ang pagmamahal sa Diyos ay isang emosyon lamang. Sinasabi nilang mahal nila ang Diyos, ngunit hindi ito bumabago sa kanilang buhay. Gayunpaman, ang pagmamahal sa Diyos ay higit pa sa damdamin o

pakiramdam. Ang pagmamahal sa Diyos ay nangangailangan ng kusang pagsunod sa kanyang mga utos.

Si Sarah ay may tanong para sa kanyang pastor. "Pastor, gusto kong maging banal. Tulad ni Job, nais kong maging walang kapintasan at matuwid. Ako ay maingat tungkol sa pagsunod sa bawat utos. Ngunit may problema. Hindi ko talaga minamahal ang Diyos. Sinusunod ko siya dahil sa takot na magagalit siya kung sumuway ako. Sumunod ako sa Diyos, ngunit hindi ko siya minamahal. Maaari ba akong maging banal kung hindi ko minamahal ang Diyos?"

Sinagot ni Hesus ang tanong ni Sarah mahigit 2,000 taon na ang nakararaan. Si Hesus ay nagbigay ng mensahe sa Iglesya sa Efeso. Pinuri niya ang kanilang mabubuting gawa at wastong doktrina. Pinuri niya sila dahil sa kanilang katapatan sa harap ng pag-uusig. Ngunit, sinabi niya, "Ngunit ito ang hindi ko gusto laban sa iyo: iniwan mo ang iyong unang pag-ibig." Seryoso na tinukoy ni Hesus ang kanilang kakulangan ng pag-ibig, kaya't siya ay nagbanta na aalisin ang kanilang ilawan mula sa lugar nito kung hindi sila magsisi at mabawi ang kanilang unang pag-ibig (Apocalipsis 2:2-5).

May mga Kristiyano ay naniniwala na makukuha nila ang pabor ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod, ngunit ang kanilang pagsunod ay hindi sinasamahan ng pagmamahal. Naniniwala sila na ang kabanalan ay isang bagay ng pagsunod sa isang listahan ng mga patakaran. Nakalimutan nila na ang ugat ng kabanalan ay ang pag-ibig sa Diyos.

Sa puso, sina Simon at Sarah ay kapwa may parehong ugat ng problema; sinuman sa kanilang dalawa ay hindi tunay na nagmamahal sa Diyos. Ang kawalan ng pagmamahal ni Simon sa Diyos ay nakikita sa pag-ayon niya sa sanlibutan. Sinasabi ng kamunduhan, "Mahal ko ang mundong ito kaysa sa pag-ibig ko sa Diyos."

Ang kakulangan ng pagmamahal ni Sarah sa Diyos ay nakikita sa ligalismo. Sinasabi ng ligalismo, "Sinusunod ko ang Diyos hindi dahil sa pag-ibig kundi dahil sa pagnanais na tumanggap ng pabor mula sa Diyos." Wala sa mga ito ang naguudyok ng pagmamahal para sa Diyos. Ang sagot kapwa sa pag-ayon sa sanlibutan at sa ligalismo ay pareho—ang pag-ibig sa Diyos.

Ang Sagot sa Pagka-makamundo: Pagmamahal sa Diyos

Ano ang ibig sabihin ng pagiging makamundo? Maraming beses, tinutukoy natin ang kamunduhan sa pamamagitan ng isang estilo ng damit, isang uri ng libangan, isang pagnanais para sa pampublikong pag-apruba, pagpapakita, o iba pang panlabas na palatandaan. Ang mga ito ay maaaring mga *sintomas* ng kamunduhan, ngunit ang pagiging makamundo ay mas malalim. Ito ang kailangang itanong upang bigyang kahulugan ang pagiging makamundo: "Ano ang nagdudulot sa akin ng tunay na kagalakan?"

Ang pagiging makamundo ay ang masiyahan sa daigdig na ito. Ang isang makamundong tao ay naghahanap ng tunay na katuparan mula sa mundong ito. Ang pagiging makamundo ay ang pagpapahalaga sa mga bagay ng mundong ito nang higit sa mga bagay ng Diyos.

Nakita ni Lot na ang Lambak ng Jordan ay natutubigan nang mabuti. "Pinili Niya ang lambak na napakaganda sa kanyang mga mata" (Genesis 13:10-11). Si Lot ay makamundo; Nagagalak siya sa mga kasiyahan sa mundong ito.

Inabandona ni Demas ang kaniyang ministryo dahil natagpuan niya ang kaluguran sa mundong ito. Isinulat ni Pablo, "Sapagkat iniwan ako ni Demas, na umibig sa sanlibutang ito, at nagtungo sa Tesalonica" isang maunlad na lunsod (2 Timoteo 4:10). Si Demas ay makamundo; mahal niya ang mundong ito.

Natatagpuan ng isang maka Diyos ang kaniyang pinakamalalim na kaluguran sa Diyos. Isinulat ng salmista, "At liban sa iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa." (Mga Awit 73:25). Ang Salmista ay maka Diyos; minamahal niya ang Diyos.

Ang sagot sa kamunduhan ay hindi isang hanay ng mga patakaran. Ang sagot sa kamunduhan ay pag-ibig sa Diyos. Si Thomas Chalmers, isang pastor na Scottish noong ika-19 na siglo ang nangaral tungkol sa "Ang Ekspulsibong Kapangyarihan ng Bagong Pagmamahal" Sinabi ni Rev. Chalmers na mayroong dalawang bagay na dapat nating gawin kung gusto nating pigilan ang pagmamahal sa mundo.

1. Dapat nating hubarin ang isang bagay. Dapat nating kilalanin ang kahungkagan ng mundong ito. Habang nakikita natin ang kawalang-kabuluhan sa mga bagay ng mundong ito, ang ating pagmamahal sa mundong ito ay humihina. Ngunit iyon mismo ay hindi sapat.
2. Dapat nating palitan ang bagay na iyon. Dapat nating palitan ang pagmamahal sa mundong ito ng isang mas higit na kaibig-ibig. Kapag nagkaroon tayo ng pagmamahal sa Diyos, inaalis ng ating bagong pag-ibig ang lumang pag-ibig sa mundo.

Ang lunas sa pagmamahal sa mundong ito ay ang pagmamahal sa Diyos. Sinabi ni Hesus ang isang talinghaga tungkol sa isang mangangalakal na nagbenta ng lahat ng pag-aari niya upang bumili ng isang mahalagang perlas.

Gayundin naman, ang kaharian ng langit ay tulad ng isang mangangalakal na naghahanap ng magagandang perlas; at nang makatagpo ng isang mamahaling perlas ay umalis at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at binili iyon. (Mateo 13:45-46).

Isipin mo kung sinabi mo sa mangangalakal na ito, "Nalulungkot ako para sa iyo! Nakakalungkot na kailangan mong ibenta ang napakarami mong ari-arian." Tatawa lamang sa iyo ang mangangalakal! Sasabihin niya. "Isang sakripisyo? Hindi ako nagsasakripisyo; bibili ako ng isang perlas na may napakalaking halaga. Ang mga bagay na ibinibenta ko ay *walang halagakung* ihahambing sa magandang perlas na ito." Ang negosyante ay nakatagpo ng isang bagong pagmamahal. Siya ay nahulog sa pag-ibig sa isang bagay na nag-alis sa kanyang lumang pag-ibig.

Ang sagot sa kamunduhan ay matutong umibig sa Diyos. Ang pag-ibig sa Diyos ay mag-aalis ng ating pagmamahal sa salapi, sa palakpak, sa pagpapakitang-gilas, at sa lahat ng bagay na ginagamit ng mundo upang akitin ang bayan ng Diyos. Gustung-gusto ng mga banal na tao ang Diyos - at ang pagmamahal na iyon ay nag-aalis ng pagmamahal sa mundong ito.

Ang Sagot sa Ligalismo: Pagmamahal sa Diyos²¹

Kapag taimtim nating ninanais na mabuhay ng isang banal na buhay, matutukso tayong lumampas sa prinsipyo ng Biblia ng "Kristiyanong Kalubusan" at nagiging ligalistikong "perpeksiyonismo."

Ang Kristiyanong kalubusan ayon sa Biblia ay isang puso ng lubos na pag-ibig sa Diyos. Ang kasakdalan ng Kristiyano ay nagpapakita ng isang puso na nagsisikap upang mapaluguran ang Diyos sa bawat bahagi ng kanyang buhay. Kinikilala nito na kahit na ang matapat na puso ng pag-ibig ay hindi maaaring magdala sa atin sa isang antas ng perpektong pagganap. Tayo ay limitado sa pamamagitan ng ating kahinaan bilang tao. Ang isang banal na tao ay hindi kusang susuway sa batas ng Diyos, ngunit ang pinakabanal na tao ay patuloy na umaasa sa biyaya ng Diyos sa mga bahagi na hindi natin sinasadyang magkulang sa lubos na mga pamantayan ng tama at mali ng Diyos.

Ang "Perfectionism," sa kabilang banda, ay umaakay sa atin na asahan ang perpektong pagganap sa bawat bahagi ng buhay. Ang pagiging perpekto ay nakatuon sa akin at sa pagganap ko bilang isang banal na tao sa halip na tumuon kay Hesus at sa kanyang kapangyarihan sa buhay ko.

Ang Perpeksiyonismo ay madalas na humantong sa isang ligalistik na pagsisikap upang matam ang pabor ng Diyos sa pamamagitan ng paghihiwalay. Kadalasan ay sumusukat sa kabanalan sa pamamagitan ng isang listahan ng mga bagay na hindi ko ginagawa (hindi ako naninigarilyo, hindi umiinom ng mga inuming nakalalasing, hindi ako nagsusuot ng mga damit na walang kahinhinan) o mga bagay na ginagawa ko (nag-aayuno ako, nananalangin ako, nagbibigay sa iglesya.)

Tulad ng nakita natin sa Aralin 4, *nanaisin* ng isang taong banal na manatiling hiwalay sa anumang bagay na hindi nakalulugod sa Diyos. Ang pagsasabing, "Mahal ko ang Diyos nang buong puso" at pagkatapos ay mamumuhay ng isang buhay na nagnanais na masiyahan ang makamundong mga pagnanasa ay mali.

Gayunpaman, hindi natin dapat pahintulutan ang ating pagnanais para sa isang hiwalay na puso at hiwalay na buhay upang patnubayan tayo sa isang punto ng paniniwala na masusukat natin ang ating kaugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng isang listahan ng "dapat gawin at hindi dapat gawin." Ang kabanalan ay pangunahing matter ng puso at isang relasyon ng pag-ibig sa Diyos. Ang kaugnayan na iyan ay nagbigay inspirasyon sa ating

²¹ Hinango mula sa John N. Oswalt, "Dangers to Holiness: Perfectionism and Legalism." Nakuha mula sa <https://www.gbs.edu/dangers-to-holiness-perfectionism-and-legalism/> Disyembre 20, 2019.

pagnanais na mabuhay ng may kabanalan, hiwalay na buhay para sa Diyos. Ang kabaligtaran ay hindi gagana: Ang isang hiwalay na buhay na nakatuon sa sarili ay hindi kailanman nagbibigay ng inspirasyon sa isang relasyon ng pag-ibig sa Diyos.

Dapat nating hangarin na maging perpekto katulad ng iniutos ng Diyos. Hindi tayo maghangad nang pabor ng Diyos sa pamamagitan ng pagiging perpekto. Ang perpektong puso ay isang puso na lubos na nagmamahal sa Diyos.

► Alin ang mas malaking tukso sa iyong iglesya, kamunduhan o ligalismo? Talakayin kung paano ang isang malalim na pag-ibig sa Diyos ay maaaring magbigay ng tamang sagot sa alinman sa mga problemang ito. Talakayin ang mga praktikal nahakbang para mapalakas ang pagmamahal sa Diyos sa mga taong iyong pinag mi ministeryo han.

Ang Susi sa Isang Buhay na Banal: Pagmamahal sa Diyos

Mahal natin ang Diyos kung lubusan lamang natin siyang sinusunod. Lubos nating sinusunod ang Diyos kung tunay lamang natin siyang mahal. Bilang mga anak ng Diyos, maaari tayong kumilos sa paglilingkod sa Diyos bilang isang tungkulin. Maaari nating maabot ang punto kung saan nalulugod tayo sa paglilingkod sa kanya. Ang kagalakang ito ay darating lamang sa pamamagitan ng pagmamahal. Ang isang bata na sumusunod sa kanyang mga magulang dahil lamang sa takot o tungkulin ay hindi kailanman nakakatagpo ng kagalakan sa pagsunod. Ang isang bata na sumusunod dahil sa pagmamahal ay nahahanap ang pagkamasunurin bilang isang kagalakan.

Kapag pinag-aaralan ng isang bata ang byolin, dapat siyang magsanay araw-araw. Sa simula, ang pagsasanay ay maaaring maging tungkulin sa halip na isang kagalakan. Ngunit kung ang bata ay maging isang mahusay na byolinista, dapat niyang maabot ang punto kung saan ang pag-tugtog ng byolin ay higit pa sa isang tungkulin. Ito ay dapat na isang kasiyahan. Ang tungkulin ay kapag ang isang bata ay nagsasanay dahil ang kanyang ina ay nagsabi, "Dapat kang magsanay." Ang kagalakan ay kapag ang isang bata ay tumutugtog dahil siya ay nasisiyahan sa pagtugtog. Ang totoong byolinista ay natutuwa sa tungkulin ng pagsasanay.

Totoo rin ito sa ating espirituwal na buhay. Binabasa ng isang taong banal ang Salita ng Diyos bilang isang espirituwal na disiplina, ngunit siya rin ay nalulugod sa Salita ng Diyos. Ang pagiging masunurin sa Diyos ay nagiging tungkulin *at* kasiyahan.

Isipin ang kaibahan kapag pinaglilingkuran natin ang Diyos dahil sa kagalakan, sa halip na tungkulin. Ang pagiging masunurin ay nagiging kagalakan, hindi isang pasanin. Ang panalangin, Salita ng Diyos, at mga disiplina ng buhay Kristiyano ay nagiging kagalakan. Ito ang kahulugan ng pagmamahal sa Diyos. Ang mga taong banal ay sumusunod na may kagalakan dahil mahal nila ang Diyos.

Si George Croly, isang paring Anglican noong ika-19 na siglo, ay nanalangin na alisin siya ng Diyos mula sa pagmamahal sa sanlibutan at puspusin siya ng isang dalisay na banal na pagnanais para sa Diyos. Ang himnong ito ay nananatiling isang makapangyarihang

panalangin para sa bawat Kristiyano na naghahangad namahalin ang Diyos ng perpekto, walang pag-aalinlangang pagmamahal.

Espiritu ng Diyos, Bumaba Sa Aking Puso - George Croly

Espiritu ng Diyos, bumaba sa aking puso;
alisin ito mula sa sanlibutan; sa pamamagitan ng lahat ng pagkilos ng pulso nito;
pahintuin ang aking kahinaan, makapangyarihang gaya mo,
at pagandahin ako sa iyo kung ano ang dapat kong mahalin.

Turuan mo akong mahalin bilang minamahal ng iyong mga anghel,
isang banal na pagnanasa na pinupunan ang lahat ng aking frame;
ang bautismo ng bumaba mula sa langit na Kalapati,
ang aking puso ay isangdambana, at ang iyong pagibig ay ang apoy

Natagpuan Niya ang Sikreto - John Sung

Si John Sung ay isa sa mga pinakatanyag na ebanghelista ng ikadalawampung siglo. Siya ay anak ng isang pastor ng Methodist sa Fujian Province, China, at naging isang Kristiyano sa edad na siyam.

Si Sung ay dumating sa Estados Unidos upang mag-aral sa edad na 19. Isang magaling na mag-aaral, natapos ni John Sung ang kanyang bachelor's, master's, at PhD degrees sa kemika sa anim na taon lamang. Sa kasamaang palad, sa panahong ito, sinimulan ni Sung na mag-alinlangan sa mga aral ng Biblia na natutuhan niya mula sa kanyang ama.

Nagpasya si Sung na maglaan ng isang taon sa Union Theological Seminary upang hanapin ang mga sagot sa kanyang mga katanungan. Sa halip na magbigay ng mga sagot, ang mga liberal na propesor sa Union ay lalong nagpahina sa pananampalataya ni Sung.

Noong 1926, pumasok si John Sung sa isang serbisyo sa Harlem. Nang gabing iyon, isang 15 taong gulang na batang babae ang nagpatotoo tungkol sa pagbabago na ginawa ng Diyos sa kanyang buhay. Sinimulan ni Sung na maghanap ng isang nabagong relasyon sa Diyos. Ang mga propesor ng seminaryo ay kumbinsido na si John Sung ay may sakit sa pag-iisip at ang pangulo, si Henry Sloan Coffin, ay dinala at ipinasok si Sung sa hospital ng mga baliw. Sa kanyang 193 araw sa asylum, binasa ni John Sung ang buong Biblia ng 40 beses.

Kasunod ng kanyang paglaya, bumalik si John Sung sa China. Alam ni Dr. Sung na makakakuha siya ng posisyon sa pagtuturo sa anumang prestihiyosong unibersidad ng China. Gayunpaman, sa barko, tinawag ng Diyos si Sung sa isang mas malalim na pagsuko ng kanyang buhay. Isang araw, bilang isang simbolo ng kanyang pagsuko at bilang isang paraan upang masira ang anumang relasyon sa isang tungkulin sa pagtuturo, tinipon ni Dr. Sung ang kanyang mga diploma at akademikong mga parangal at inihagis ang mga iyon sa dagat.

Dumating si John Sung sa China hindi bilang “Dr. John Sung, Propesor ng Kemika” ngunit bilang “John Sung, Lingkod ng Diyos.” Si Sung ay nagsimulang mangaral at nagkaroon ng makapangyarihang ebanghelistikong ministeryo. Tinataya ng mga mananalaysay na mahigit sa 100,000 na tao ang napagbalik loob sa ministeryo ni John Sung sa pagitan ng kanyang pagbabalik sa China noong 1927 at ang kanyang kamatayan noong 1944 sa edad na 41.

Ang buhay ni John Sung ay nagpapakita na ang pagmamahal sa Diyos ay higit sa emosyon. Dahil sa kanyang pagmamahal sa Diyos, isinuko ni Dr. Sung ang kanyang ambisyon para sa isang prestihiyosong pagtuturo sa isang unibersidad sa China at sumagot sa tawag ng Diyos na mangaral. Dahil sa kanyang pag-ibig sa Diyos, isinuko ni John Sung ang ginhawa nang isang may mataas na bayad na posisyon at nanirahan sa isang simpleng buhay, kumakain ng pagkain ng isang magsasaka. Dahil sa kanyang pagmamahal sa Diyos, si John Sung ay gumugol ng oras bawat araw sa panalangin at pag-aaral ng Biblia. Ang kanyang buhay ay nasakop ng kanyang pagmamahal sa Diyos, at dahil sa pagmamahal na iyon, ginamit ng Diyos si John Sung upang ilapit ang libu-libong tao kay Kristo.

Aralin 7 sa Isang Pahina

- (1) Upang maging banal ay dapat mahalín ang Diyos
- (2) Ang mga taong banal ay natatagpuan ang kanilang pinakamalaking kagalakan sa Diyos.
- (3) Dahil alam nila na ang utos ng Diyos ay sumasalamin sa kanyang pag-ibig, ang mga taong banal ay nagagalak sa mga utos ng Diyos.
- (4) Ang mga nagagalak sa Diyos ay natatagpuan na ang Diyos ay ibinigay ang kanyang sarili para sa kanila.
- (5) Nagbigay si Hesus ng perpektong modelo para sa ibig sabihin ng pagmamahal sa Diyos.
- (6) Ang sagot sa kamunduhan ay isang malalim na pagmamahal sa Diyos.
- (7) Ang sagot sa ligalismo ay isang malalim na pagmamahal sa Diyos.

Mga Takdang Aralin sa Aralin 7

(1) Isipin na sinabi sa iyo ng isang bagong Kristiyano, "Gusto kong magkaroon ng mas malalim na kaugnayan sa Diyos. Mahal ko ang Diyos, ngunit mahirap malaman kung paano lumago sa aking kaugnayan sa kanya. Hindi ko makita ang Diyos at sa gayon siya ay tila malayo. Ano ang maaari kong gawin?" Sumulat ng isang 1-2 pahinang liham kung saan tinutulungan mo ang mananampalatayang ito na maunawaan kung paano lumago sa kanyang relasyon sa Diyos. Magsama ng mga praktikal na hakbang sa pagbabasa ng Banal na Kasulatan, pagbuo ng buhay-panalangin, at pagbabahagi ng iyong pananampalataya. Sa iyong susunod na pagtitipon ng klase, dapat basahin ng bawat mag-aaral ang kanilang sagot at magkaroon ng panahon upang talakayin ang mga sagot.

(2) Simulan ang susunod na sesyon ng klase sa pamamagitan ng pag-sipi sa Markos 12:29-31.

Aralin 8

Ang Kabanalan Ay Pagmamahal sa Iyong Kapwa

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Makilalasi Hesus bilang modelo ng kabanalan.
- (2) Mapahalagahanang kahulugan ng pagiging perpekto sa Biblia.
- (3) Makapagpasyasa patuloy na pag-unlad sa perpektong pag-ibig.
- (4) Gumawa ng mga praktikal na hakbang upang maipakita ang pagmamahal sa kapwa sa parehong mga Kristiyano at di-Kristiyano.
- (5) Kabisaduhin ang Mateo 5:43-48.

Si Hesus: Ang Modelo ng Perpektong Pagmamahal

Habang naglalakad si Hesus sa tabi ng Dagat ng Galilee, nadaanan niya ang isang maniningil ng buwis. Dahil nagtrabaho siya para sa mga Mga Taga-Romano, si Levi ay iniwasan ng mga Tagapagturong Judio. Sa pagkagulat ni Levi, sinabi ni Hesus, "Sumunod ka sa akin" (Marcos 2:14). Ang ibang mga tagapag-turo ay nakikita lamang ang isang maniningil ng buwis; Nakita ni Hesus ang isang tao na dapat mahal.

Nang maglaon, kumain si Hesus kasama ng isang grupo ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan sa tahanan ni Levi. Nagulat ang mga Pariseo. Si Hesus ay dapat na maging banal; bakit siya gumugol ng oras kasama nang makasalanan? Sumagot si Hesus, "Ang malalakas ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga maysakit. Hindi ako naparito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan." (Marcos 2:17).

Isang Panalangin para saKabanalan

Panginoon,
Gawinmo akong instrumento ng Iyong kapayapaan.
Kung saan may galit, hayaan mo
akong maghasik ng pagmamahal;
Kung saan may nasaktan, turuan mo
kaming magpatawad;
Kung saan may pagdududa, turuan mo
kaming manampalataya;
Kung saan may kapighatian, bigyan mo
kami ng pag-asa;
Kung saan may kadiliman, bigyan mo
kami ng liwanag
Kung saan may kalungkutan, Bigyan mo
kami ng kagalakan
O Banal naGuro,
Pagbigyan mo ako na ng hindi ako maghanap
Upang maging kaaliwan, tulad ng mga nang-aaliw;
Upang maunawaan, upang umintindi sa iba maging
pang-intindi, tulad ng pagkakaunawa;
Upang mahalintulad ng nag-mahal.
Sapagkat sa pagbibigay tayo ay makakatanggap;
Sa pagpapatawad tayo patatawarin din;
Sa kamatayan tayo ay isisilang sa buhay nawalang
hangan.

-St. Francis of Assisi

Ang halimbawa ni Hesus ay nakakagugulat para sa kanyang panahon. Ang mga Pariseo ay itinuturing na mga pinakabanal na tao noong panahon ni Hesus. Sinabi nila, “Kami ay banal, kaya’t kami ay lumayo sa mga makasalanan.” Sinabi ni Hesus, “Ako’y banal, kaya’t gumugugol ako ng panahon kasama nang mga makasalanan.”

Nagagalak si Hesus sa paggugol ng panahon kasama nang mga makasalanan. Habang sumusunod sila kay Hesus, ang makasalantang tao ay nagiging mga banal na tao. Nagbigay si Hesus ng isang modelo ng banal na pagmamahal na nagpapabago sa mundo. Ang kabanalan ay perpektong pagmamahal sa Diyos at perpektong pagmamahal sa mga tao. Ang tunay na kabanalan ay binabago ang ating mundo.

Ang Kabanalan sa Panahon ni Hesus

► Paano sinusukat nang mga tao sa panahon mo ang kabanalan? Paano naiiba ang pamantayang ito sa kung paano nabuhay si Hesus?

Ano ang paniniwala ng mga taong nabuhay noong panahon ni Hesus tungkol sa kabanalan? Paano nila inaasahang mamuhay ang isang taong banal? Habang nakikita natin ang sagot sa mga tanong na ito, mauunawaan natin kung bakit ang mga tao ay lubhang nagulat sa buhay at pagtuturo ni Hesus.²²

Ano ang mga Pinaniniwalaan ng mga Tao sa Panahon ni Hesus

Alam ng mga tao noong panahon ni Hesus na ang **Diyos ay isang banal na Diyos**. Alam nila na ang **bayan ng Diyos ay dapat maging banal**. Ang isang banal na Diyos ay naguutos sa kanyang bayan na maging banal. Ipinadala ng Diyos ang Israel sa pagkakatapon sapagkat ang kanyang bayan ay hindi banal.

Alam ng mga tao noong panahon ni Hesus na ang **kabanalan ay nag-rerequire ng paghihiwalay mula sa lahat na di-malinis**. Ang pagtawag ng Lumang Tipan na maging banal ay naguutos sa bayan ng Diyos na lumayo mula sa lahat ng kasalanan.

Alam ng mga tao noong panahon ni Hesus **ang pangako ng Diyos na susulat ng isang bagong tipan sa puso ng kanyang mga mamamayan**. Ipinangako ng Diyos na magbibigay siya sa kanyang mga tao ng isang bagong puso at isang bagong espiritu na magpapahintulot sa kanila na panatilihin ang tipan (Ezekiel 36:26). Ang mga tao noong panahon ni Hesus ay naghihintay na matupad ang pangakong ito.

Alam ng mga tao noong panahon ni Hesus na ang **banal na Diyos ay tumutupad sa kanyang mga pangako**. Ang Diyos ay tapat sa kanyang tipan. Kahit na nasira ng Israel ang tipan, nanatiling tapat ang Diyos. Naniniwala ang mga Judio na ang kaluwalhatian ng Diyos ay babalik sa Israel kung ang kanyang bayan ay banal.

²²Marami sa mga material na ito ay hango/base sa Kent Brower, *Holiness in the Gospels* (Kansas City: Beacon Hill Press, 2005).

Ano ang mga Kasanayan ng mga Tao noong Panahon ni Hesus

Naniniwala ang mga relihiyosong tao noong panahon ni Hesus sa mga prinsipyong ito, ngunit nabigo silang mamuhay ayon sa pamantayan ng Diyos para sa tunay na kabanalan. Wala silang mga banal na puso.

Ang mga **pinunong pari** ay naniniwala sa Templo. Naniniwala sila na kung maayos ang pagsasagawa ng mga sakripisyo, ang kaluwalhatian ng Diyos ay babalik. Sumagot si Hesus, "Kaya, humayo kayo at pag-aralan ninyo kung ano ang kahulugan nito: 'Habag ang ibig ko, at hindi handog.'" (Mateo 9:13). Ipinakita ni Hesus na hindi sapat ang mga ritwal lamang.

Ang mga **Essene** ay naniniwala na sila ay maaaring maging banal sa pamamagitan ng pamumuhay na nakabukod sa ibang mga tao. Lumipat sila sa mga komunidad ng Dead Sea. Sumagot si Hesus, "Sinasabi ko sa inyo, magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi, kaysa siyamnapu't siyam na taong matutuwid na hindi nangangailangan ng pagsisisi." (Lucas 15:7) Sapagkat hindi ako pumarito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan. (Mateo 9:13). Hinipo ni Hesus ang mga ketongin; kumain siya kasama ng mga makasalanan. Ipinakita niya na maaari tayong maging banal sa isang makasalanang mundo.

Sinunod ng mga **Pariseo** ang mga detalye ng Kautusanna panlabas, ngunit binale-wala nila ang karumihan sa kalooban. Inihambing ni Hesus ang mga Pariseo sa mga libingan na "na magandang tingnan sa labas, ngunit sa loob ay punô ng mga buto ng mga patay at ng lahat ng uri ng karumihan. Gayundin naman kayo, na sa labas ay mistulang matuwid sa mga tao, ngunit sa loob ay punô kayo ng pagkukunwari at kasamaan." (Mateo 23:27-28). Ipinakita ni Hesus na ang kabanalan ay dapat magsimula sa puso. Hindi ka maaaring magkaroon ng mga banal na kamay kung ang iyong puso ay hindi banal.

Ang mga taong ito sa panahon ni Hesus ay nasiyahan na sa mga ritwal sa halip na tunay na kabanalan. Sa halip na mahal in ang Diyos, sinukat nila ang kabanalan sa pamamagitan ng mga regulasyon. Sa halip na mahal in ang kanilang daigdig, itinayo ng Israel ang mga pader upang maiwasan ang maralitan mundo. Ipinakita ni Hesus na ang isang taong banal ay nagmamahal sa Diyos at nagmamahal sa kanyang kapwa.

Ang Buhay ni Hesus ay Isang Modelo ng Kabanalan

Kapag binabasa natin ang tungkol sa kabanalan sa Lumang Tipan, maaari tayong matukso na sabihin, "Nakagagagawa iyan ng magandang teorya, ngunit ano ang magiging hitsura nito sa totoong buhay?" Dumating si Hesus upang ipakita sa atin kung ano ang itsura ng kabanalan sa pang-araw-araw na buhay. Ipinakita ng talaan ng angkan ni Lucas na si Hesus ay "ni Adan, ng Diyos" (Lucas 3:38). Kapag tiningnan natin si Hesus, ang anak ni Adan, nakikita natin ang perpektong modelo ng isang banal na tao. Ang mga Ebanghelyo ay nagpapakita ng kabanalan sa buhay ni Hesus ng Nazareth.

Ang Kabanalán ay Paglakad kasama ng Diyos

Kay Hesus, nakita natin ang modelo ng kaugnayan ng tao sa Diyos. Ipinakita ng buhay panalangin ni Hesus ang kaniyang matalik na kaugnayan sa kaniyang Ama. Si Hesus ay madalas na lumayo mula sa mga taoupang mapag-isa sa kanyang Ama. Sa kanyang sangkatauhan, si Hesus ay humingi ng isang malapit na kaugnayan sa kanyang makalangit na Ama. Lumakad siya kasama nang Diyos.

Marahil ang pinakadakilang larawan ng relasyon ni Hesus sa Ama ay nakikita sa kanyang sigaw mula sa krus. Nang dinala niya ang ating mga kasalanan sa krus, "sumigaw si Hesus ng may malakas na tinig, na sinasabi, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Mateo 27:46). Sa unang pagkakataon, ang malapit na pagsasama sa pagitan ng Ama at ng Anak ay nasira. Sa pagdadala sa ating kasalanan, naranasan ni Hesus ang kadiliman ng nasirang relasyon sa Ama.

Ipinakita ni Hesus ang matalik na kaugnayan sa Diyos. Ang kabanalán na iminungkahi ni Abraham at David ay natupad sa buhay ni Hesus ng Nazareth

Ang Kabanalán ay Pagbubukod

Ang pagiging banal ay nangangahulugang ibukod mula sa kasalanan at italaga para sa Diyos. Sa kanyang sangkatauhan, si Hesus ay nagpakita ng pagbubukod mula sa kasalanan. Siya ay walang nagawang kasalanan (2 Mga Taga-Corinto 5:21). Ang disipulo na pinakamalapit kay Hesus sa panahon ng kanyang ministeryo sa lupa ay nagpatotoo, "Sa kanya'y walang kasalanan" (1 Juan 3:5).

Sa kanyang sangkatauhan, ipinakita ni Hesus ang pagiging hiwalay para sa Diyos. Siya aynamuhay ng may kusang pagsunod sa Ama. Ipinatotoo ni Hesus, "At siya na nagsugo sa akin ay kasama ko, hindi niya ako pinabayaang nag-iisa; sapagkat lagi kong ginagawa ang mga bagay na nakakalugod sa kanya." (Juan 8:29). Si Hesus ay itinalaga ang sarili para sa Kanyang Ama.

Ang Kabanalán ay ang Larawan ng Diyos

Ang pagiging banal ay upang ipakita ang larawan ng Diyos. Kapag tinitingnan natin si Hesus, nakikita natin ang perpektong larawan ng Ama. "At naging tao ang Salita at tumahang kasama namin, at nakita namin ang kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatianang gaya ng sa tanging Anak ng Ama, puspos ng biyaya at katotohanan." (Juan 1:14). Nang hilingin ni Felipe kay Hesus na "ipakita mo sa amin ang Ama," sumagot si Hesus, "Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama." (Juan 14:8-9). Kay Hesus, nakita natin ang perpektong larawan ng Diyos.

Ang Kabanalán ay Hindi Nag-aaalinlangang Puso

Ang isang taong banal ay may hindi nag-aaalinlangang puso; siya ay lubusang tinalaga ang sarili para sa Diyos. Sa Hardin ng Gethsemane, nanalangin si Hesus, "Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang kopang ito; gayunma'y huwag ang kalooban ko ang mangyari kundi

ang sa iyo” (Lucas 22:42). Ang puso ni Hesus ay lubusang nagpapasakop sa kalooban ng Ama. Ipinakita ni Hesus kung ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng hindi nag-aalinlangang puso.

Ang Kabanalán ay Katuwiran

Ang tunay na kabanalan ay nangangailangan ng matuwid na asal. Ang isang taong banal ay minarkahan ng may katarungan, may awa, at mapagpa-kumbaba. Sa buhay ni Hesus, nakikita natin ang perpektong halimbawa ng katuwiran.

Ang tunay na larawan ng **katarungan** ay nakikita noong si Hesus ay nagdala ng poot ng Diyos sa krus. Hindi itinakwil ni Hesus ang katarungan ng parusa ng kasalanan; Sa halip, binayaran niya ang parusa para sa atin.

Nagpakita si Hesus ng **awa** sa kanyang paggamot sa mga ketongin, kababaihan, mga bata, at mahihirap. Nagpakita siya ng awa sa babaeng nakuha sa pangangalunya, kay Zacchaeus, at sa magnanakaw sa krus. Paulit-ulit na tumugon si Hesus nang may awa sa mga tinanggihan ng iba.

Mahigit 700 taon bago ang kapanganakan ni Hesus, inilarawan ni Isaias ang **kapakumbabaan** ng Mesiyas. “Siya’y walang anyo o kagandahan man na dapat nating pagmasdan siya, at walang kagandahan na maiibigan natin sa kanya.” (Isaias 53:2). Si Isaias ay nagpropesiya, “Siya’y hindi sisigaw, o maglalakas man ng tinig, o ang kanyang tinig man sa lansangan ay iparirinig. Ang gapok na tambo ay hindi niya babaliin, ni ang mitsa na bahagyang nagniningas ay hindi niya papatayin;” (Isaias 42:2-3).

Ipinakita ni Hesus ang kanyang misyon ng hustisya, awa, at kapakumbabaan sa kanyang unang pampublikong pangaral. Sa sinagoga sa Nazareth, binasa niya ang propesiya ni Isaias tungkol sa darating na Lingkod:

Ang Espiritu ng Panginoon ay nasa akin, sapagkat ako’y hinirang niya upang ipangaral ang magandang balita sa mga dukha. Ako’y sinugo niya upang ipahayag ang paglaya sa mga bihag, at ang muling pagkakaroon ng paningin sa mga bulag, upang palayain ang mga naaapi, upang ipahayag ang taon ng biyaya mula sa Panginoon. (Lucas 4:18-19, mula sa Isaias 61:1-2).

Nakita ni Isaias ang “taon ng pabor ng Panginoon,” isang panahon ng katarungan para sa lahat ng tao. Ipinahayag ni Hesus na siya ay dumating upang tuparin ang pangakong ito: “Ngayo’y naganap ang kasulatang ito sa inyong pandinig” (Lucas 4:21). Ang ministeryo sa lupa ni Hesus ay naglaan ng isang halimbawa ng katuwiran.

Ang Kabanalán sa mga Ebanghelyo: Pagmamahal sa Ating Kapwa

Sa Aralin 7, nakita natin na upang maging banal ay ang pagmamahal sa Diyos nang walang pag-aalinlangan o walang kahati. Ang pagiging banal ay dapat ding mahalín ang ating

kapwa. Ibinigay ni Hesus ang dalawang utos na ito, "Mahalin mo ang Diyos" at "Mahalin mo ang Iyong Kapwa" bilang buod ng lahat ng kautusan (Marcos 12:29-31).

Ang tunay na pagmamahal sa Diyos ay laging nagdudulot ng pagmamahal tungo sa ibang tao. Kung minamahal natin ang Diyos, mamahalin natin ang mga taong minamahal ng Diyos. Ang kabanalan ay hindi kailanman nag-iisa; isang buhay na banal ay ipinapamuhay na may kaugnayan sa ating kapwa. Ang kabanalan ay perpektong pagmamahal sa Diyos at perpektong pagmamahal sa ibang tao. Ang perpektong pagmamahal sa Diyos ay hindi maaaring ihiwalay sa pagmamahal sa ating kapwa.

Inilahad ito ni Hesus sa ganitong paraan: "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakamaliit sa mga kapatid kong ito, ay sa akin ninyo ginawa." (Mateo 25:40). Inugnay ni Juan ang pagmamahal natin sa Diyos sa pagmamahal natin sa ating kapwa:

Kung sinasabi ng sinuman, "Iniibig ko ang Diyos," at napopoot sa kanyang kapatid, siya ay sinungaling; sapagkat ang hindi umiibig sa kanyang kapatid na kanyang nakikita, ay hindi maaaring umibig sa Diyos na hindi niya nakita. At ang utos na ito na mula sa kanya ay nasa atin, na ang umiibig sa Diyos ay dapat ding umibig sa kanyang kapatid. (1 Juan 4:20-21).

Sa ugat nito, ang kasalanan ay pagiging makasarili. Sa hardin, ipinangako ni Satanas kay Eba na siya ay maging katulad ng Diyos (Genesis 3:5). Sa Babel, ang mga tao ay determinadong gumawa ng isang pangalan para sa kanilang sarili (Genesis 11:4). Laban sa mga kalooban ng Diyos, hiniling ng Israel ang isang hari upang siya ay maging katulad ng lahat ng ibang mga bansa (1 Samuel 8:5). Sa bawat kaso, ang kasalanan ay pagiging makasarili.

Kung ang kasalanan ay pagiging makasarili, kung gayon ang kabanalan (ang kabaliktaran ng kasalanan) ay magsasama ng iba pang nakasentro. Kung ang kasalanan ay nagpapahintulot sa atin na maghanap para sa ating sariling kabutihan, kung gayon ang kabanalan ay nagdudulot sa atin na hanapin ang kabutihan para sa ibang tao. Kung ang kasalanan ay pagmamahal sa sarili, ang kabanalan ay pagmamahal sa ibang tao. Ang pagiging banal ay ang pagmamahal sa ibang tao. Ang utos na madalas na paulit-ulit sa Bagong Tipan ay ang utos na magmahalan. Ito ay paulit-ulit na hindi bababa sa 55 beses.

Itinuro ni Hesus na ang kabanalan ay lubos na pagmamahal sa ibang tao. Ipinakita ni Hesus na ang isang taong banal ay naglalapit sa mga makasalanan sa isang banal na Diyos sa pamamagitan ng buhay na may banal na pagmamahal.

Ang pagsunod sa utos ng Diyos na "maging banal, sapagkat ako ang Panginoon mong Diyos ay banal" ay nangangailangan sa ating mahalin ang ating kapwa. Nagpakita si Hesus ng perpektong pagmamahal sa iba at tinuruan niya ang kanyang mga tagasunod na mahalin ang iba nang perpekto.

Ipinakita ni Hesus ang Perpektong Pagmamahal para sa Ibang Tao

Sa simula ng ministeryo ni Hesus, nagpadala si Juan na Tagapagbautismo ng mga tagasunod upang magtanong, "Ikaw ba ang darating o maghihintay pa kami ng iba?" (Lucas 7:19). Ang isang Pariseo ay maaaring umasa na tutugon si Hesus sa pagtuturo sa kanyang hiwalay na buhay at matalinong pagtuturo. Sa halip, itinuro ni Hesusang kanyang mapagmahal na paglilingkod sa iba:

Humayo kayo at sabihin ninyo kay Juan ang inyong nakikita at naririnig: ang mga bulag ay nakakakita, ang mga pilay ay nakakalakad, ang mga ketongin ay nalilinis, ang mga bingi ay nakakarinig, ang mga patay ay muling binubuhay, sa mga dukha ay ipinangangaral ang magandang balita. (Lucas 7:22).

Ang isang pagsisiyasat sa mga himala ni Hesus ay nagpapakita ng kanyang perpektong pagmamahal sa iba. Hiniling ng isang Mga Taga-Romanong senturion kay Hesus na pagalingin ang kanyang lingkod. Karamihan sa mga rabbi o tagapagturo na Hudyo ay tinanggihan ang kanyang kahilingan. Hindi lamang pinagaling ni Hesus ang alipin, pinuri niya ang pananampalataya ng Gentil na ito (Mateo 8:5-13).

Kahit na ang kanyang mga himala ay nagdala ng pagsalungat, si Hesus ay kumilos dahil sa pagmamahal. Nang lumapit sa kanya ang isang lumpo na babae, pinagaling niya siya sa Araw ng Pamamahinga. Kahit na wala sa Kautusan ang pumigil sa pagpapagaling na ito, hindi pinahintulutan ng mga Pariseo ang kagalingan sa Araw ng Pamamahinga. Dahil sa pagmamahal, binalewala ni Hesus ang galit ng mga lider ng relihiyon (Lucas 13:10-21).

Nagpakita si Hesus ng pagmamahal kahit nasa mga taong nahihirapan bilang bunga ng kanilang sariling mga pagkakasala. Nagpakita si Hesus ng pagmamahal sa isang babaing Samaritana na namuhay ng isang imoral na pamumuhay (Juan 4). Pinrotektahan niya ang isang babae na nahuli sa pangangalunya. Hindi itinatangi ni Hesus ang kanyang kasalanan; inutusan Niya siyang "Humayo ka na at mula ngayo'y huwag ka nang magkasala." (Juan 8:11). Alam ni Hesus na ang kabanalan ay nangangailangan ng paghihiwalay mula sa kasalanan, ngunit alam din niya na ang perpektong pagmamahal ay mas malakas kaysa sa kapangyarihan ng kasalanan.

Ilang oras bago ang kanyang kamatayan, nagpakita si Hesus ng pagmamahal para sa ibang tao. Si Malchus, ang lingkod ng mataas na punong pari, ay sinamahan ang kanyang panginoon upang arestuhin si Hesus sa hardin ng Gethsemane. Nang tagain ni Simon Pedro ang tainga ni Malchus, sinaway ni Hesus si Pedro at pinagaling si Malchus (Mateo 26:50-52). Ipinakita ni Hesus kung ano ang ibig sabihin na mahal in ang iyong kaaway.

Hindi lamang si Pedro ang nagbago noong Pentekostes. Ang bawat tagasunod ni Hesus ay binago ng Banal na Espiritu. Ang mapag-aalinlangansi Thomas ay naging tapat na misyonero. Ang "Anak ng Kulog" ay naging "Apostol ng Pag-ibig." Ang mga tagasunod ni Hesus ay binago mula sa mga takot na disipulo sa isang makapangyarihang puwersa para sa ebanghelyo. Ipinapakita ng Mga Gawa ang epekto ng Banal na Espiritu sa mga unang mananampalataya. Ang unang Iglesia ay epektibo hindi dahil sa hindi pangkaraniwang mga kaloob mayroon ang mga apostol, kundi dahil sa hindi pangkaraniwang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Natutunan ng mga alagad na ang isang buhay na banal ay pamumuhay sa kapuspusan ng Espiritu.

Ipinangako nang Banal na Espiritu

Tiyak na ito ang isa sa mga nakakagulat na bagay na narinig ng mga alagad na sinabi ni Hesus: "Sinabi ko sa inyo ang katotohanan. Makakabuti sa inyo na ako'y umalis" (Juan 16:7). Iniwan ng mga alagad ang lahat upang sumunod kay Hesus. Isipin ang kanilang pagkabigla nang sinabi ni Hesus, "Kung hindi ako aalis, ang Tutulong sa inyo ay hindi darating. Ngunit kung aalis ako, ipapadala ko siya sa inyo."

Sa Huling Hapunan, ipinaliwanag ni Hesus kung paano mag miministeryo ang Espiritu sa mga mananampalataya. Ang Banal na Espiritu ay:

- Magiging isang Katuwang (Mang-aaliw) (Juan 14:16-17)
- Magiging isang Tagapag-turo (Juan 14:26)
- Magpapatotoo sa Anak (Juan 15:26)
- Hahatol sa mundo (Juan 16:7-11)
- Ibubunyag ang lahat ng katotohanan (Juan 16:13-15)

Matapos ang Muling Pagkabuhay, inulit ni Hesus ang kanyang pangako na ipapadala niya ang Banal na Espiritu:

Habang kasalo nila, ipinagbilin niya sa kanila na huwag umalis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama. Sinabi niya, "Ito ang narinig ninyo sa akin; sapagkat si Juan ay nagbautismo sa tubig; subalit hindi na aabutin ng maraming araw mula ngayon, na kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo... Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." (Mga Gawa 1:4-8).

Ang ministeryo sa lupa ni Hesus ay hindi natapos sa krus, at sa walang laman na libingan, o kahit na sa pag-akyat niya sa langit. Ang ministeryo ni Hesus ay natupad noong Pentekostes. Ang isang kilalang tanda ng ministeryo ni Hesus ay magbabautismo siya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at apoy (Lucas 3:16). Ang kaloob ng Espiritu Santo ay ang pagtatapos ng ministeryo sa lupa ni Hesus.

Natanggap ang Banal na Espiritu

Sa Mga Gawa, ang Banal na Espiritu ay nagkaloob saiglesyang kakayahan para sa ministeryo. Noong araw ng Pentekostes, natupad ang pangako ng isang Makakatuwang. Pagkatapos ng Pentekostes, patuloy na naroroon ang Banal na Espiritu sa iglesya. Ang mga palatandaan ng Espiritu sa kanyang pagdating ay nagpapakita ng kanyang ministeryo sa mga mananampalataya.

Una, "dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas" (Mga Gawa 2:2). Ito ay nagpapahiwatig ng kapangyarihan ng pagdating ng Espiritu. Sa Mga Gawa, nakita natin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kumikilos sa pamamagitan ng mga mananampalataya. Pagkatapos ng araw ng Pentekostes, nagsisilbi ang iglesya na may bagong kapangyarihan at bisa. Ang Banal na Espiritu ay naging aktibo sa mundo bago ang araw ng Pentekostes.²⁷ Ngunit pagkatapos ng Pentekostes, ang kapangyarihan ng Espiritu ay patuloy na nasa ministeryo ng Iglesya.

²⁷Mga halimbawa ng pagkilos ng Banal na Espiritu sa Lumang Tipan kabilang ang: Gen. 1:2; Gen. 6:3; Exod. 31:3; Bilang 11:25-29; Hukom 3:10; 6:34; 13:25; 1 Sam. 10:6-10; 2 Cron.. 28:12; Neh. 9:20; Isa. 63:10-14; Zac. 4:6-9.

Pangalawa, “may nagpakitang parang mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawat isa sa kanila.” (Mga Gawa 2:3). Sa Kasulatan, ang apoy ay madalas na kumakatawan sa kadalisayan. Ang tanda ng Banal na Espiritu ay isang dalisay na puso. Nagpatotoo si Pedro sa Konseho ng Jerusalem tungkol sa ginagawa Diyos sa mga Hentil:

Ang Diyos na nakakaalam ng puso ng tao ay nagpatotoo sa kanila sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng Espiritu Santo tulad nang nangyari sa atin; at tayo’y hindi niya itinangi sa kanila, **kundi nilinis ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya.** (Mga Gawa 15:8-9).

Ikatlo, ang mga nasa silid sa itaas “nagsimulang magsalita ng iba’t ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.” (Mga Gawa 2:4). Pinagkaloob ng Espiritu ang mga alagad upang makapagpatotoo sa lahat ng mga bansa. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, matutupad ng mga disipulo ang Dakilang Komisyon ni Kristo. Sa Babel, hinatulan ng Diyos ang kasalanan sa pamamagitan ng pagkalito sa mga wika ng mga tao. Noong araw ng Pentekostes, pinahintulutan ng Diyos ang bawat tagapakinig na marinig ang ebanghelyo “sa kaniyang sariling wika.” Noong araw ng Pentekostes, sinimulan ng Diyos na baligtarin ang mapanglinlang na epekto ng kasalanan. Ang mga wika noong araw ng Pentekostes ay kumakatawan sa pangako ng Diyos na maaabot ng ebanghelyo ang lahat ng mga bansa at lahat ng mga tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kumikilos sa pamamagitan ng Iglesya.

Noong araw ng Pentekostes, sa wakas ay naunawaan ng mga alagad kung ano ang kahulugan ng sabihin ni Hesus na, “Makakabuti sa inyo na ako’y umalis” Ang Banal na Espiritu ay hindi “ikalawa sa pinakamahusay” na kapalit ni Hesus Kristo. Habang ang nagkatawang-tao na si Hesus ay maaaring naroroon lamang sa isang lugar, ang Banal na Espiritu ay maaaring naroroon sa lahat ng dako. Pinagkalooban ng Espiritu Santo ang mga alagad upang matupad ang Dakilang Komisyon ni Hesus. Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay kapangyarihan sa mga Kristiyanoupang mamuhay ng isang buhay na banal na magpapatotoo sa buong mundo.

Ang Kabanalang Unang Iglesya: Ang Buhay sa Kapuspusan ng Espiritu

Ipinapakita ng Mga Gawa ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa buhay ng bawat mananampalataya. Dahil sa Banal na Espiritu, ang mga Kristiyano ay may kapangyarihan para sa pagpapatotoo (Mga Gawa 1:8), lakas ng loob sa harap ng pag-uusig (Mga Gawa 4:31), tagumpay laban sa sinasadyang kasalanan (Mga Taga-Roma 8:2), at mga espirituwal na kaloob para sa ministryo (Mga Gawa 2:17-18; 1 Mga Taga-Corinto 12:7-11). Ang mga unang mananampalataya ay banal dahil sila ay namumuhay sa kapuspusan ng Banal na Espiritu.

Ipinapakita sa Mga Gawa ang pagtupad ng unang iglesya sa panawagan ni Hesus na gumawa ng mga disipulo ng lahat ng bansa, ang kanyang panawagan na “maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal” at ang kanyang pangako na “at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya [ninyo]” (Juan 14:12). Ito ay magagawa sa

pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang aklat ng Mga Gawa ay nagpapakita ng mga resulta ng pagkakaroon nang presensya ng Banal na Espiritu sa buhay ng mga unang mananampalataya na ito.

Kapangyarihan para sa Ministeryo

Kung paanong si Hesus ay “puspos ng Banal na Espiritu” nang siya ay naharap kay Satanas (Lucas 4:1), si Pedro ay napuspos ng Banal na Espiritu nang harapin niya ang mga awtoridad ng mga Judio (Mga Gawa 4:8). Inilarawan ni Lucas ang buhay ni Pedro sa parehong talatang ginamit niya upang ilarawan ang buhay ni Hesus. Ang gawa ng Espiritu na nakita sa pamumuhay sa lupa ni Kristo Hesus ay pribilehiyo gayon ng lahat ng mananampalataya.

Noong araw ng Pentekostes, mas maraming mananampalataya ang idinagdag sa iglesia kaysa sa panahon ng buong ministeryo ni Kristo Hesus sa lupa. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang mga alagad ay naglingkod na may kapangyarihan at awtoridad. Ang mapaghimalang mga pagpapagaling ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa isang di-sumasampalatayang mundo. Ang mga tao ay napuno ng pagkamangha at lubhang pagtataka (Mga Gawa 3:10-11). Sa paglilingkod ng mga apostol na may kapuspusan ng Banal na Espiritu, ang kanilang ministeryo ay minarkahan ng kapangyarihan ng Diyos. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, matutupad ng mga apostol ang komisyong ibinigay ni Hesus na “gumawa ng mga alagad sa lahat ng mga bansa” (Mateo 28:19).

Espirituwal na Katapangan

Ang mga apostol ay matapang sa pagpapahayag ng ebanghelyo.

Ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nagpapabago ay malinaw na makikita sa buong Mga Gawa. Ilang buwan pa lamang nang tumakas ang mga alagad noong dakpin si Hesusay ngayo’y nangangaral ng may katapangan.

Di-nagtagal pagkatapos ng Pentekostes, inaresto ng mga lider ng relihiyon sina Pedro at Juan. Ilang linggo pa lang ang nakaraan, tinanggi ni Pedro si Kristo. Ngayon, si Pedro, ay napuspos ng Banal na Espiritu” ay nangaral nang buong tapang. Ang mga lider ng relihiyon ay “mga namangha” sa mga salita ng mga hindi nakapag-aral, na pangkaraniwang mga tao (Mga Gawa 4:2-13).

Sa pamamagitan ng pagpuspos ng Banal na Espiritu, ang mga apostol ay may lakas ng loob na ipangaral na may kapangyarihan at pagtatalaga. Mula sa isang grupong mangingisda na may takot sa Diyos, mga maniningil ng buwis, at mga ordinaryong manggagawa, ang mga disipulo ay naging mga lalaking nagbaligtad sa mundo (Mga Gawa 17:6).

“Hindi kami napuspos ng Banal na Espiritu upang gumawa ng anumang espesyal na gawain, ngunit upang ipaalamlam ang sa Diyos na magtrabaho sa pamamagitan namin.”
- Oswald Chambers

Ang mga apostol ay matapang sa harap ng pag-uusig.

Kapag humaharap sa mga pagsalungat, ang mga apostol ay nananalangin na huwag alisin ang pag-uusig, sa halip ipinapanalangin nilang bigyan sila ng katapangan na ipahayag si Kristo sa kabila ng pag-uusig. "At ngayon, Panginoon, tingnan mo ang kanilang mga pagbabanta at bigyan ang iyong mga tagapaglingkod upang ipagpatuloy ang pagbabahagi ng iyong salita nang buong katapangan..." Sinagot ng Diyos ang kanilang panalangin. "Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang dakong pinagtitipunan nila at silang lahat ay napuno ng Espiritu Santo, at kanilang ipinahayag na may katapangan ang salita ng Diyo" (Mga Gawa 4:29-31).

Ang isang hindi mapag-aalinlangang marka ng pagkilos ng Banal na Espiritu sa iglesya ay katapangan na ipahayag ang ebanghelyo sa harap ng pagsalungat. Sa pagtatapos ng unang siglo, ang ebanghelyo ay kumalat mula sa 120 katao sa silid sa itaas hanggang sa mga lungsod sa bawat sulok ng Imperyo ng Mga Taga-Roma.

Matagumpay na Buhay

Sa bawat henerasyon, ang mga Kristiyano ay nakaharap sa tukso upang maging "Mga Kristiyano Tuwing Linggo" - mga taong dumalo sa iglesya ngunit ang mga buhay ay hindi nagpapakita ng malalim at pangmatagalang pagbabago. Ang unang iglesya ay nabago sa *lahat* ng bahagi ng buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Sa Lumang Tipan, nakita natin ang mga pasisikap ng mga taong nais tuparin ang tipan, ngunit natagpuan nilang hindi nila ito magagawa dahil mayroon silang pusong nag-aalinlangan. Inilarawan ng psalmist ang mga mamamayan ng Israel: "Sapagkat ang puso nila ay hindi tapat sa kanya, ni naging tapat man sila sa tipan niya." (Mga Awit 78:37).

Sa pamamagitan ni Ezekiel, ipinangako ng Diyos ang isang araw kung kailan ang kanyang bayan ay mababago.

Bibigyan ko kayo ng bagong puso, at lalagyan ko kayo ng bagong espiritu sa loob ninyo. Aking aalisin ang batong puso sa inyong laman, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. Aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakaran ko kayo nang ayon sa aking mga tuntunin, at magiging maingat kayo sa pagsunod sa aking mga batas. (Ezekiel 36:26-27).

Bago ang araw ng Pentekostes, sinunod ng mga disipulo ang parehong paraan tulad ng mga anak ni Israel. Nais nilang sundin si Kristo, ngunit patuloy silang nabigo. Nagduda sila; nakipagkumpitensya sila para sa posisyon; tumakas sila dahil sa takot. Noong araw ng Pentekostes, natupad ang pangako ni Ezekiel. Ang mga disipulo ay pinagkalooban ng Banal na Espiritu upang mamuhay ng isang buhay na matagumpay. Sa halip na ang pagsunod ay hindi taos sa puso, lumakad sila ng may kagalakan sa pagsunod sa kautusan ng Diyos. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, naging pangkaraniwan na magkaroon ng isang matagumpay na buhay ang bayan ng Diyos.

Gabay para sa Ministeryo

Bago ang araw ng Pentekostes, kontrolado ng ambisyon at takot ang mga alagad. Ang kanilang mga pagtatangka na paglingkuran si Hesus ay limitado dahil sa kanilang personal na mga pagkakamali. Pagkatapos ng Pentekostes, ginagabayan ng Banal na Espiritu ang mga apostol upang maging epektibo sa ministeryo.

Ginabayan ng Banal na Espiritu ang iglesya sa mahihirap na desisyon na nakakaapekto sa mga relasyon ng mga Hudyo at Hentil na mga Kristiyano (Mga Gawa 10-11; 15). Pinangunahan ng Espiritu Santo ang pagpili ng mga pinuno ng Iglesya (Mga Gawa 13:2-3). Pinangunahan ng Banal na Espiritu si Pablo sa Macedonia (Mga Gawa 16:6-10). Pinangunahan ng Banal na Espiritu si Pablo na bumalik sa Jerusalem sa kabila ng panganib na siya ay maaresto (Mga Gawa 19:21; Mga Gawa 20:22-23). Ang ministeryo ng unang Iglesya ay pinangunahan ng Banal na Espiritu.

Pagkakaisa

Marahil ang pinaka-kapansin-pansin na katibayan ng pagkilos ng Banal na Espiritu sa unang Iglesya ay ang pagkakaisa sa mga mananampalataya. Sa Panalangin ng Punong Saserdote, nanalangin si Hesus para sa pagkakaisa ng iglesya. Nanalangin siya:

Upang sila'y maging isa, na gaya naman natin na iisa. Ako'y nasa kanila at ikaw ay nasa akin, upang sila'y maging ganap na isa upang malaman ng sanlibutan na ikaw ang nagsugo sa akin at sila'y iyong minahal kung paanong ako'y iyong minahal. (Juan 17:22-23).

Ang panalangin ni Hesus ay sinagot noong araw ng Pentekostes. Sa Gawa 2:42 ay nagpapakita ng pagkakaisa sa buhay ng iglesya: isang pangako sa mga katuruan ng mga apostol, pakikisama, pagdiriwang ng Banal na Hapunan, at panalangin. Ang pagkakaisang ito ay nakita sa pag-aalaga ng iglesya para sa isa't isa. Pinatotohanan ni Lucas na "walang taong naghihirap sa kanila" dahil ang mga Kristiyano ay nagmamalasakit pangangailangang material ng bawat isa (Mga Gawa 4:34).

Anim na beses, tinukoy ni Lucas ang pagkakaisa ng iglesya sa Mga Gawa.²⁸ Hindi ito nangangahulugan na sumang-ayon ang mga Kristiyano sa lahat ng bagay. Lalo na ang mga seryosong usapin na may banta sa pagkakahati ng iglesya. Ang mga mananampalatayang Judio at Hentil ay hindi sumasang-ayon tungkol sa mga kautusan ni Moises (Mga Gawa 15:1-29). Hindi magkasang-ayon si Pablo at si Bernabe tungkol kay Juan Markos (Mga Gawa 15:39-40). Ngunit hindi alintana ang pagkakaiba, ang iglesya ay pinag-isa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Bilang mga mananampalataya na sumusunod sa patnubay ng Banal na Espiritu, ang iglesya ay pinagsasamasama sa pamamagitan ng "iisang layunin."

²⁸ Mga Gawa 1:14; Mga Gawa 2:1, 46; Mga Gawa 4:24; Mga Gawa 5:12; Mga Gawa 15:25.

Kung nakita mo at nakita ko ang mga disipulo noong mga araw bago ang pagdakip kay Hesus, hindi natin maiisip na ang mga lalaking ito ay magiging epektibo sa ministeryo. Sila ay natatakot, naninibugho sa isa't isa, at puno ng pagdududa. Pagkalipas ng ilang buwan, ang mga lalaking ito ay ganap na nabago. Ano ang nangyari?

Bago ang araw ng Pentekostes, sinubukan ng mga disipulo na mamuhay katulad ng buhay ni Kristo sa pamamagitan ng kanilang sariling lakas - at sila ay paulit-ulit na nabigo. Pagkatapos ng araw ng Pentekostes, namuhay ang mga alagad sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ito ang lihim ng isang buhay na banal at epektibong ministeryo.

Ang Kabanalang Ngayon: Tayo ay Banal Lamang Kung Tayo ay Puspos ng Espiritu

Maraming mga Kristiyano ang nagsisikap na mamuhay ng isang buhay na banal sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap - at sila ay nabigo. Sa pamamagitan ng ating sariling disiplina sa sarili, maaaring posible na mapanatili ang tagumpay sa panlabas na kasalanan nang ilang sandali. Sa sarili nating lakas, posibleng nating mahalina ang ating kapwa nang ilang panahon. Gayunpaman, mabibigla tayo sa lalong madaling panahon sa kabila ng ating mga pagsisikap.

Bakit tayo nag-iistugle? Dahil sinusubukan nating mabuhay ng isang buhay na banal sa pamamagitan ng ating sariling lakas. nakakapagod na subukan mamuhay ng isang buhay Kristiyano sa ating sariling kapangyarihan. Nakikibaka tayo sa makasalang mga saloobin; nakikibakatayo sa kakulangan ng perpektong pagmamahal; nakikibaka tayo dahil sa isang pusong hati. Sa kabaligtaran, ang buhay sa Espiritu ay isang masaganang buhay ng pagtatagumpay.

Hindi kailanman ninais ng Diyos na mamuhay tayo ng isang buhay na banal sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap. Ginawa Niya tayo upang mamuhay sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Sa unang iglesya, posible lamang ang isang buhay na banal sa pamamagitan ng kapangyarihan nang Banal na Espiritu. Sa iglesya ngayon, posible lamang ang isang buhay na banal sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang mga katangian na nagmamarka sa unang iglesya ay mamarka sa iglesya ngayon kung tayo ay nabubuhay sa kapuspusan ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, maaari tayong magkaroon ng pusong banal at mga kamay na banal.

Ang kapangyarihan sa ministeryo, espirituwal na katapangan, tagumpay laban sa kasalanan, at pagkakaisa sa pagitan ng mga mananampalataya - lahat ay nanggagaling sa presensya ng Banal na Espiritu. Habang tayo ay puspos ng Espiritu, tayo ay binigyan ng kapangyarihan na ipamuhay ang masaganang buhay Kristiyano na nilalayon ng Diyos para sa kanyang bayan.

Ipinapakita ng mga sulat ni Pablo na ang pagiging banal ay pagiging katulad ni Kristo. Ang pagiging banal ay pag-iisip, pagsasalita, at pagkilos katulad ng gagawin ni Kristo. Ito ay isang magandang idea, ngunit mabilis nating nalalaman na sa ating sariling lakas ay hindi natin kayang magisip, magsalita, o kumikilos katulad ni Kristo.

Ang ilang mga Kristiyano ay nagsusuot ng WWJD na simbolo sa kanilang damit. Ang WWJD ay nangangahulugang "Ano Ang Gagawin Ni Hesus?" ("What Would Jesus do?") Ipinaaalaala nito sa atin na tayo ay tinawag upang mamuhay katulad ng pamumuhay ni Hesus; tayo ay mga tagatulad ni Kristo. Gayunpaman, mas madaling magsuot ng simbolo ng WWJD kaysa mamuhay sa halimbawa ni Hesus. Hiwalay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, wala tayong kakayahang magsagawa nang tuloy-tuloy kung ano ang gagawin ni Hesus.

Ang Panalangin ng isang Batang Kristyano

"Banal na Espiritu, puspusinmo akohanggako ay umaapaw. Hindi akomakakahawaknanglabis, ngunit maaaring ibahagi ang sangmahusay napakikitungo."

- Nabanggit ni Dr. David Bubb

Isipin mong sinabi mo sa isang hindi naman athletic o mahilig sa laro, "Upang maging mas mahusay kang manlalaro ng basketball, dapat kang maglaro katulad ni Michael Jordan. Bago ang bawat pagtira ng bola, tanungin ang iyong sarili, 'Ano ang gagawin ni Michael Jordan?'" Ang payong ito ay hindi makakatulong, dahil ang taong iyon ay hindi nagtataglay ng kakayahan ni Michael Jordan.

Gayunpaman, isipin mo na ang taong ito ay binigyan ng mga kaloob na mayroon si Michael Jordan. Isipin na kaya niya - sa pamamagitan ng espiritu ni Michael Jordan - gawin ang lahat ng ginawa ni Michael Jordan. Ngayon posible para sa kanya na tularan ang mahusay na manlalaro ng basketball!

Ang WWJD (What Would Jesus Do? *Ano Ang Gagawin Ni Hesus?*) ay hindi sapat. Sa sariling lakas, wala tayong kapangyarihang tularan si Hesus. Gayunpaman, ang Banal na Espiritu na nagbibigay kapangyarihan sa ministeryo ni Hesus ay magagamit natin. Sa pamamagitan ng kapuspusan ng Espiritu, ikaw at ako ay maaaring maging katulad ni Kristo. Ito ang epekto ng Banal na Espiritu sa buhay ng isang mananampalataya.

Ang Banal na Espiritu ay nagbigay kapangyarihan kay Hesus para sa matagumpay na buhay at mabungang ministeryo; ang kapuspusan ng Banal na Espiritu ay ang lihim ng matagumpay na mga buhay at mabungang ministeryo para sa mga apostol; ang kapuspusan ng Banal na Espiritu ay ang lihim para sa isang matagumpay na buhay at mabungang ministeryo ngayon.

Isinulat ni Pablo, "Subalit sinasabi ko, lumakad kayo ayon sa Espiritu, at huwag ninyong bigyang-kasiyahan ang mga pagnanasa ng laman" (Galacia 5:16). Mayroong lamang dalawang pagpipilian: paglalakad sa pamamagitan ng Espiritu o sundin ang mga hangarin ng laman. *Hindi* natin maaaring madaig sa ating sariling kapangyarihan ang mga hangarin ng laman. Oo, maaaring magtagumpay tayo para sa isang araw o isang linggo, ngunit ang tanging paraan upang makakuha ng pangmatagalang tagumpay laban sa mga nais ng laman ay ang pagpapasakop sa Banal na Espiritu.

► Basahin ang Mga Taga-Roma 8:1-17

Sa buod ng kanyang dakilang buhay na puspos ng Espiritu sa Mga Taga Mga Taga-Roma 8, pinaghambing ni Pablo ang dalawang paraan ng pamumuhay - buhay ayon sa laman at buhay sa pamamagitan ng Espiritu.

Sapagkat kung mamuhay kayo ayon sa laman, kayo ay mamamatay, subalit kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman, kayo ay mabubuhay. Sapagkat ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay sila ang mga anak ng Diyos. (Mga Taga-Roma 8:13-14).

Sa Mga Taga-Roma 7, ipinakita ni Pablo ang kanyang mga nakaraang pagsisikap upang matupad ang kautusan ng Diyos sa kanyang sariling lakas. Nabigo ang mga pagsisikap na iyon. Bakit? Sapagkat sa kanyang laman ay naglingkod siya sa kautusan ng kasalanan (Mga Taga-Roma 7:25).

Sa Mga Taga-Roma 8, nagagalak si Pablo na, "Ngayon nga'y wala nang kahatulan sa mga na kay Cristo Hesus." Malaya tayo sa paghatol hindi dahil ang Diyos ay nagpasiya na huwag pansinin ang ating kasalanan; tayo ay malaya mula sa paghatol "**sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ang nagpalaya sa atin sa pamamagitan ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at kamatayan.**" Malaya tayo sa paghatol dahil tayo ay nabubuhay ngayon sa Espiritu.

Ipinakikita ni Pablo na mayroong dalawang paraan upang mabuhay. Ang unang paraan ng pamumuhay ay "sa laman." Ito ang pag-iisip ayon sa mundo. Ang pag-iisip ayon sa mundo ay "pagrerebelde sa Diyos." Imposible para sa taong nabubuhay sa laman na mapaluguran ang Diyos. Ang makalamang paraan ng pamumuhay ay humahantong lamang sa kamatayan: "Sapagkat ang kaisipan ng laman ay kamatayan" (Mga Taga-Roma 8:6).

Ang ikalawang paraan upang mabuhay ay may isip na "nakatuon sa Espiritu." Ang taong nabubuhay ayon sa Espiritu ay tumutupad ng "tamang hinihingi ng kautusan." Mayroon tayong "buhay at kapayapaan" dahil "ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo sa ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos" (Mga Taga-Roma 8:16).

Sa Mga Taga-Roma 6, itinuro ni Pablo na dapat tayong mamuhay nang higit sa sinasadyang kasalanan. "Tayong mga namatay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa roon?" (Mga Taga-Roma 6:2). Sa sarili nating lakas, imposibleng mamuhay ng isang buhay na higit sa sadyang kasalanan. Tayo ay ipinanganak na makasalanan at malayo sa Diyos. Paano natin matutupad ang mga hinihingi ng Mga Taga-Roma 6? Ang sagot ay matatagpuan sa Mga Taga-Roma 8. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, maaari nating "patayin ang mga gawa ng katawan." Maaari tayong mabuhay nang banal dahil sa Espiritu ng Diyos na kumikilos sa atin.

Isinulat ni Robert Coleman:

Ang pamumuhay sa kapuspusan ng Banal na Espiritu ay tulad ng pribilehiyo ng mga tagasunod ni Kristo sa ngayon kagaya ng mga unang alagad na nanatili sa silid sa

itaas. Ang katotohanang sumasaklaw sa lahat, ang kabanalan ng Espiritung taglay ni Kristo ay pangunahing Kristiyanismo sa Bagong Tipan.²⁹

Ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa isang tao na lubos na nagpasakop ng kaniyang kalooban sa Diyos ay pinagiging possible ang banal na buhay. Kung wala ang Banal na Espiritu, imposible ang pagigign katulad ni Kristo. Ginagawang possible ng Banal na Espiritu para sa atin ang isang buhay na buhay.

Nakita ni propeta Zacarias ang isang pangitain ng isang ginintuang kandelerero na may dalawang punong olibo. Ang isang mangkok ay nagbigay ng patuloy na supply ng langis para sa pitong ilawan. Ipinaliwanag ng isang anghel ang kahulugan ng pangitain. Si Zerubbabel, ang gobernador ng Juda, ay itinalaga upang muling itayo ang Templo. Ang napakalaking gawaing ito ay parang isang bundok. Ipinangako ng Diyos na ang gawain ay magagawa "hindi sa pamamagitan ng lakas, ni sa pamamagitan ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu." Hindi sa pamamagitan ng lakas, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu (Zacarias 4:6-7).

Sa parehong paraan, ang Kristiyano sa ngayon ay dapat magkaroon ng patuloy na kapuspusan ng Banal na Espiritu. Iniutos ni Pablo sa mga Kristiyanong taga-Efeso na mapuspos ng Espiritu (Efeso 5:18). Ang utos ay pangkasalukuyan; ito angdapat nating maging regular na paraan ng pamumuhay. Ang ating pang-araw-araw na buhay ay kinakailangang kontrolado niya. Naranasan natin ang kagalakan ng isang buhay na banal habang nabubuhay tayo sa kapuspusan ng Espiritu.

Ang Pagsasabuhay ng Kabanalan: Mga Katangian ng Buhay na Banal

Isipin mo na nagawa mong alisin ang bawat kasalanan sa iyong buhay. Isipin na ikaw ay malaya sa lahat ng makasalanang pagkilos at makasalanang saloobin. Walang makapagturo ng anumang mali. Magagawa ba nito na matupad ang layuning Diyos ng buhay na banal?

Hindi! Ang kabanalan ay higit pa sa pag-iwas sa kasalanan. Ang kabanalan ay pagbubunga. Ang kabanalan ay hindi ligalistik, negatibong diskarte sa buhay. Ang kabanalan ay isang maligayang ugnayan sa Diyos. Nakikita ang kabanalan kapag ang Espiritu Santo ay nagbubunga ng kanyang bunga sa ating buhay.

Ang Bunga ng Espiritu

► Basahin ang Galacia 5:13-26.

Sa Mga Taga Galacia 5, ipinagkumpara ni Pablo ang buhay na nasa Espiritu at sa buhay na nasa laman. Hanggang sa puntong ito sa Galacia, binabalaan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Galacia tungkol sa panganib na iwanan ang kanilang kalayaan bilang Kristiyano at bumalik sa pagkakaalipin ng mga ritwal at kautusan ng Juda. Sila ay napalaya

²⁹ Robert E. Coleman, *The Mind of the Master* (CO: Waterbrook Press, 1977), pgs. 35-36.

mula sa kanilang mga pagsisikap na magkamit ng kaligtasan sa pamamagitan ng mabubuting gawa at hindi sila dapat bumalik sa pagkaalipin.

Gayunman, kinikilala ni Pablo ang isa pang panganib. Kapag ang isang tao ay napalaya mula sa pagkaalipin, maaariitong matuksong gamitin ang kanyang bagong-natagpuang kalayaan upang maghangad ng kanyang sariling mga nais. Kaya binabalaan ni Pablo ang mga mananampalatayang taga-Galacia, "Sapagka't kayo ay tinawag na maging malaya, mga kapatid. Huwag ninyong gamitin ang iyong kalayaan bilang isang pagkakataon para bigyang kasiyahan ang nais ng laman, ngunit sa pamamagitan ng pagmamahal maglingkod kayo sa isa't isa."

Pinaghambing ni Pablo ang dalawang paraan ng pamumuhay. Ang isang huwaran ng pamumuhay ay "bigyang-kasiyahan ang mga hangarin ng laman"; ang isa naman ay "paglakad sa pamamagitan ng Espiritu." Ipinagkukumpara ni Pablo ang dalawang paraang ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng "bunga" ng bawat huwaran ng buhay.

Una, ipinakita ni Pablo ang "mga gawa ng laman." Ito ang produkto ng katangian ng tao na wala sa ilalim ng kontrol ng Banal na Espiritu. Kasama sa mga gawa ng laman:

- Mga Seksual na kasalanan: seksual na imoralidad, karumihan, kahalayan
- Mga Relihiyosing kasalanan: pagsamba sa diyus-diyusan, pangkukulam
- Mga Panlipunang Kasalanan: alitan, pagkakagalit, paninibugho, pakikipagbuno, mga pakikipagtunggali, mga pagtatalo, dibisyon, inggit
- Mga Kasalanan ng gana: paglalasing, mga paglalabis sa pagtatalik.

Nagtapos siya, "Binabalaan ko kayo, gaya ng babala ko sa inyo noon, na yaong mga gumagawa ng gayong mga bagay ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos."

Ipinakita ni Pablo ang "bunga ng Espiritu." Ito ang produkto ng buhay na namuhay sa ilalim ng kontrol at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang bungang ito ay isang bunga, hindi isang pangkat ng mga bunga. Sa 1 Mga Taga-Corinto 12, inilista ni Pablo ang isang grupo ng mga kaloob at sinasabing ang bawat mananampalataya ay bibigyan ng isa sa mga kaloob ng Espiritu, na nagbahagi sa bawat isa ayon sa kalooban niya (1 Mga Taga-Corinto 12:5-11). Gayunman, sa Galacia, mayroon lamang isang bunga, na natural na lumalago sa puso ng bawat taong naglalakad kasama ang Espiritu.

Ang bunga ng Espiritu ay hindi isang listahan ng mga katangian na maaari nating buuin o pagsumikapan sa ating sariling kapangyarihan. Ito ay bunga na likas na lumalaki at lumalago kapag tayo ay puspos ng Espiritu. Ganito ang hitsura ng isang buhay na banal. Ito ay ang likas na produkto ng isang banal na puso.

Inilista ni Pablo ang 15 gawa ng laman. Inilista niya ang siyam na aspeto ng bunga ng Espiritu:

- Bunga na kaugnay sa Diyos: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan

- Bunga na kaugnay sa kapwa: pagtitiis, kahinahunan, kabutihan
- Bunga n kaugnay sa ating panloob na katangian: pananampalataya, kaamuan, pagpipigil

Ang ugat ng lahat ng mga katangiang ito ay pagmamahal. Ang pagmamahal ang nagbubuklod sa lahat ng bagay sa perpektong pagkakaisa (Colosas 3:14). Ang pagmamahal ay tumutupad sa kautusan at nagbibigay ng lupa kung saan ang bungang ito ay lalaki at lalago.

Manatili sa Paghakbang kasama ang Espiritu

Ang bunga ng Espiritu ay ang likas na pag-unlad ng buhay kapag napuspos tayo ng Espiritu. Ito ang pangunahing diin ni Pablo sa mga taga-Galacia kung saan niya tinutugunan ang mga tao na maaaring subukang "lumago" ang bungang ito sa pamamagitan ng kanilang maingat na pagsunod sa kautusan. Gusto ni Pablo na maunawaan nila na hindi nila makakamtan sa sariling lakas ang bungang ito; ito ay ang bunga ng buhay kasama ng Espiritu.

Ang katotohanang ito ay palaging balanse kay Pablo sa pamamagitan ng isang paalala na ang buhay na banal ay ipinamumuhay ng may intensyon. Ang kabanalan ay hindi aksidente; kailangan nating magsikap tungo sa layunin (Filipos 3:12-14). Sa Colosas, lumilitaw na maraming mga bagong mananampalataya ang nag-iisip na maaari silang magpatuloy sa kanilang lumang pamumuhay. Doon, binigyang diin ni Pablo ang pagsisikap na kabilang sa pamumuhay ng isang buhay na banal. Sa Colosas, isinulat ni Pablo ang tungkol sa pagsusuot ng mga katangian ng buhay na banal. Ipinahihiwatig nito ang patuloy na disiplina na may kaugnayan sa kabanalan:

Bilang mga hinirang ng Diyos, mga banal at minamahal, **magbihis kayo** ng kahabagan, ng kabaitan, ng kababaang-loob, ng kaamuan, at ng katiyagaan. Pagtiisan ninyo ang isa't isa, at kung ang sinuman ay may reklamo laban sa kanino man, magpatawaran kayo sa isa't isa, kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayundin naman ang inyong gawin. At higit sa lahat ng mga bagay na ito ay **magbihis kayo** ng pag-ibig na siyang tali ng kasakdalan. (Colosas 3:12-14).

Sa katulad na paraan, ayaw ni Pablo na ang mga Kristiyano sa Galacia ay ipalagay lamang na ang buhay na banal ay maaaring ipamamuhay nang walang disiplina sa sarili at walang pagsisikap. Sa kanilang reaksyon sa ligalismo, hindi sila dapat maging panatag. Sa Galacia 5:16-25, sinabi ni Pablo,

- "Lumakad kayo ayon sa Espiritu" (talatang 16). Ang paglalakad ay isang pagkilos na nangangailangan ng pagsisikap.
- Kayo'y dapat "pinapatnubayan ng Espiritu" (talatang 18). Upang magabayan, kailangan kong sumunod. Nangangailangan ito ng pagsisikap.

- “Nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu” (talatang 25). Ang pamumuhay ay isang desisyon at pagkilos. Nangangailangan ito ng pagsisikap.
- “Lumakad din tayo sa patnubay ng Espiritu.” (talatang 25). Ito ang pinakamalakas sa apat na pandiwa. Ito ay isang militar na termino na nagmumungkahi sa mga sundalo na nagmamartsa sa isang linya. Ang pagmamartsa alinsunod sa Espiritu ay nangangailangan ng pagsisikap at disiplina.

Bilang mga Kristiyano na napuspos ng Espiritu, hindi natin dapat isipin na tayo ay espirituwal nang ganhap na hindi tayo kailanman maaaring mahulog sa kagustuhan ng laman (Galacia 5:17). Gayunpaman, hindi natin dapat pahintulutan si Satanas na kumbinsihin tayo na hindi tayo magiging malaya sa kontrol ng mga hangarin ng laman **sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu**. Habang patuloy tayong sumusunod sa Espiritu, tayo’y magbubunga ng bunga ng Espiritu sa ating buhay.

► Pagkatapos pag-aralan ang epekto ng araw ng Pentekostes sa unang mga disipulo at pagkatapos suriin ang bunga ng Espiritu, talakayin kung ano ang magiging hitsura ng buhay na puspos ng Espiritu ngayon? Paano dapat makaapekto ang pagiging puspos ng Espiritu sa ating mga pag-uugali, pang-araw-araw na paglakad bilang Kristiyano, at pagsisikap sa ministeryo?

Natagpuan Nila ang Sikreto - Jonathan at Rosalind Goforth

Sina Jonathan at Rosalind Goforth ay mga misyonerong Canadian Presbyterian sa Tsina mula 1888-1933. Sinubukan ni Gng. Goforth na sundin ang halimbawa ni Hesus sa kanyang buhay, ngunit siya ay paulit-ulit na nabigo. Matapos ang 20 taon ng pakikibaka, natutunan ni Rosalind Goforth na ang sikreto sa isang matagumpay na buhay Kristiyano ay sa pamamagitan ng pamumuhay sa atin ng Banal na Espiritu at pagbubunga ng katangian ni Kristo sa ating buhay. Sinabi ni Gng. Goforth na ang kanyang buhay pagkaraan ng panahong ito ay maaring ibuod sa isang salita, “Pamamahinga.”

Habang pinahihintulutan nila ang Banal na Espiritu na kumilos sa kanila, nakita ng mga Goforths ang kamangha-manghang pagkilos ng Diyos. Nag-istuggle si Jonathan Goforth nang maraming buwan upang matutunan ang wikang Tsino. Kapag sinusubukan niyang mangaral sa wikang Tsino, iilang mga tagapakinig lamang ang nakakaunawaan sa kanya. Isang araw habang siya ay nangangaral, bigla siyang nagsimulang mangaral nang malinaw, gamit ang mgasalitang hindi naman niya pangkaraniwang ginagamit. Pagkatapos noon ay nalaman na mayisang grupo ng mga estudyante sa Canada na nanalangin sa araw na iyon para sa kanyang ministeryo. Mula sa araw na iyon, si Jonathan Goforth ay nagkaroon ng matatas na pananalita sa wikang Tsino. Kung ano ang hindi maaaring gawin ni Goforth, ginawa ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng isang lingcod na nagpapasakop.

Pinangunahan ng Diyos sila Goforth sa mga lugar sa Tsina na hindi pa nararating ng ebanghelyo. Libu-libo sumampalataya sa pamamagitan ng ministeryo ng Goforths. Ang susi

sa kanilang tagumpay ay hindi mahusay na kakayahan; ang susi ay ang pamumuhay sa kapuspusan ng Banal na Espiritu.

Sa kanyang libing, ang pastor ng Knox Presbyterian Church ay nagbigay patotoo sa sikreto sa tagumpay ni Jonathan Goforth. "Siya ay isang taong puspos ng kapuspusan ng Diyos-lubusang nagpapasakop at nakatalaga sa Diyos. Nabautismuhan siya sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya ay napuspos ng Espiritu sapagkat iwinaksi na niya ang kanyang sariling kalooban."³⁰

Nauunawaan ni Jonathan at ni Rosalind Goforth ang kahalagahan ng paglakad kasama ang Espiritu araw-araw. Nauunawaan nila ang panalangin ng manunulat ng himno na si Edwin Hatch: "Hingahan mo ako, O Hininga ng Diyos, hanggang ang aking puso'y maging dalisay." Kapag ang ating puso ay dalisay, gugustuhin natin ang nais ng Diyos.

Hingahan mo Ako, Hininga ng Diyos - Edwin Hatch

Hingahan mo ako, O Hininga ng Diyos,
puspusin mo ako ng bagong buhay,
upang mahal in ko ang iyong minamahal,
at gawin kung ano ang iyong gagawin.

Hingahan mo ako, Hininga ng Diyos,
hanggang ang aking puso ay maging dalisay,
hanggang sa piling mo naisin ko ang iyong kalooban,
upang gawin at upang matiis

Aralin 9 sa Isang Pahina

(1) Ang pagiging banal ay upang mamuhay sa kapuspusan ng Banal na Espiritu.

(2) Sa kanyang buhay sa lupa, naglingkod si Hesus sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ipinangako ni Hesus ang parehong kapangyarihang ito sa kanyang mga tagasunod. Dahil sa pangakong iyon, tiniyak niya sa kanyang mga disipulo na "ang pag-alis koay para sa inyong ikabubuti."

(3) Nang ang mga disipulo ay napuspos ng Espiritu Santo noong araw ng Pentekostes, ang kanilang buhay ay nabago. Minarkahan ng tatlong tanda ang bagong aktibidad ng Banal na Espiritu:

- Ang tunog tulad ng isang dagunot ng malakas na hangin ay nagpapahiwatig ng kapangyarihan ng pagdating ng Espiritu.
- Ang pagdating nang mga dilang apoy na dumapo sa bawat isa sa kanila ay kumakatawan sa kadalisayan na nauugnay sa Banal na Espiritu.

³⁰ Hinango mula kay Wesley L. Duewel, *Heroes of the Holy Life* (Grand Rapids: Zondervan, 2002), pgs. 52-64.

- Ang kakayahang magsalita sa ibat'ibang mga wika ay nagbigay kakayahan upang makapagpatotoo sa lahat ng mga bansa ang mga disipulo.

(4) Habang namumuhay ang unang iglesya sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, naranasan nila ang:

- Dagdag na kapangyarihan para sa ministeryo
- Katapangan upang ipahayag ang ebanghelyo
- Katapangan sa harap ng pag-uusig
- Matagumpay na buhay
- Gabay para sa ministeryo
- Pagkakaisa sa pagitan ng mga mananampalataya

(5) Kung paanong naging banal lamang ang mga alagad sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tayo ay banal lamang habang namumuhay tayo sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kung wala ang pagpuspos ng Banal na Espiritu, hindi natin kayang sundin ang halimbawa ni Kristo Hesus. Sa kapangyarihan lamang ng Espiritu kaya tayo nakakapamuhay katulad ng kay Kristo.

(6) Habang namumuhay tayo sa Espiritu, ipapakita ng ating buhay ang bunga ng Espiritu bilang likas na produkto ng isang buhay na banal.

Mga Takdang Aralin sa Aralin 9

(1) Magsulat ng isang liham sa isang kabataang Kristiyano na nagsasabi sa iyo, "Alam ko na ako ay isang Kristiyano, ngunit patuloy akong nakikibaka sa mga makamundong saloobin at mga bahagi kung saan ako mahina sa harap ng tukso." Tulungan ang kabataang Kristiyano na maunawaan ang kahalagahan ng pagiging puspos ng Espiritu.

(2) Simulan ang susunod na sesyon ng klase sa pamamagitan ng pag-sipi sa Galacia 5:22-25.

Aralin 10

Ang Kabanalan ay Pagiging Katulad Ni Kristo

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Makita ang sentralidad ng kabanalan sa mga sulat.
- (2) Magalak sa mga kaloob ng Diyos upang gawin ang kangyang bayan na maging katulad ni Kristo.
- (3) Maunawaan ang balanse sa pagitan ng kung ano na ang ginawa ng Diyos upang gawin tayong banal at kung ano ang patuloy na ginagawa ng Diyos habang nagpapatuloy tayo sa paglago sa kabanalan.
- (4) Mapahalagan ang posibilidad ng isang buhay na patuloy na nagtatagumpay laban sa sinasadyang kasalanan.
- (5) Isaulo ang Filipos 2:1-5.

Ang Pamumuhay na may Pag-iisip ni Kristo

Isang Linggo ng umaga mga 30 taon pagkatapos ng pag-akyat ni Hesus. Isang pangkat ng mga Kristiyano ang nagtitipon para sa pagsamba sa isang pribadong tahanan sa Filipos. Nagagalak sila dahil natanggap nila ang isang liham mula kay Pablo, ang kanilang minamahal na pastor.

Nagsisimulang basahin ng lider ang sulat ni Pablo. Sumulat si Pablo mula sa puso na umaapaw sa kagalakan. Bagaman nasa bilangguan siya sa Mga Taga-Roma, nagagalak siya kay Kristo. Hindi alam ni Pablo kung siya ay palalayain o papatayin, ngunit mayroon siyang kapayapaan. Bakit? "Sapagkat sa ganang akin ang mabuhay ay si Cristo, at ang mamatay ay pakinabang." (Filipos 1:21).

Isang Panalangin para sa Kabanalan

Ako ay hindi na sa aking sarili, kundisa iyo.
Ilagay mo ako sa kung ano ang nais mo,
Ipantaymoako kung kaninomona.
Ilagaymoakosamgagawain,
Ilagay mo ako sa paghihirap.
Hayaan mo akong mga trabaho para sa iyo,
O lumiban para sa iyo,
Idakila para saiyo
O ibaba para saiyo.
Hayaan mo akong mapuno,
Hayaan mo akong maging walang laman.
Hayaan mo akong magkaroon ng lahat ng bagay,
Hayaan mo akong wala kahit ano.
Malaya at buong puso kong ipagkakaloob ang
lahat ng bagay para sa iyong kasiyahan at nais.
At ngayon, O maluwalhati at pinagpalang Diyos,
Ama, Anak at Espiritu Santo, ikaw ay akin, at
ako'y sa iyo.

-John Wesley

Bilang kanilang espirituwal na ama, pinapalakas ni Pablo ang loob ng mga Kristiyanong taga-Filipos na magpatuloy sa kanilang paglago sa pananampalatayang Kristiyano. Nais niyang makita ang mga mananampalataya na nagiging ganap sila bilang mga banal na tao na tinawag ng Diyos. Sinulat si Pablo, "Ang inyo lamang pamumuhay ay maging karapat-dapat sa ebanghelyo ni Cristo" (Filipos 1:27). Mamuhay sa isang paraang karapat-dapat sa ebanghelyo? Pano ito magiging posible?

Ang sagot ni Pablo ay: Mamuhay kayo ng may kaisipan ni Kristo. "Magkaroon kayo sa inyo ng ganitong pag-iisip na na kay Cristo Hesus din naman" (Filipos 2:5). Kung ang mga Kristiyano sa Filipos ay may pag-iisip ni Kristo, sila ay magiging katulad ni Kristo. Ang lihim sa isang banal na buhay ay ang pamumuhay na may kaisipan ni Kristo. Ang kabanalan ay pagiging katulad ni Kristo.

Ang Mensahe ng Mga Sulat: Ang mga Kristiyano ay Dapat Maging Banal

Tinatawag ng Mga Sulat ang mga Kristiyano sa pagiging Banal

Ang bawat Kristiyano ay tinatawag na maging banal. "Pinili tayo ng Diyos kay Kristo bago ang pagkakatatag ng pundasyon ng mundo upang tayo ay maging banal at walang kapintasan sa harapan niya" (Efeso 1:4). Ang walang hanggang layunin ng Diyos sa kaligtasan ay upang gawing tayong banal na bayan. Ito ang layunin para sa lahat ng tagasunod ni Hesus.

Walang Hudyong Kristiyano noong unang siglo ang nagulat na basahin na ang mga Kristiyano ay tinatawag na maging banal. Inuutos ng Diyos ang kabanalan sa Levitico (Levitico 19:2, Levitico 20:7). Alam ng mga Hudyong Kristiyano na inaasahan ng Diyos na maging banal ang kanyang mga mamamayan.

Gayunpaman, lumaki ang mga Hentil na sumasamba sa mga diyos ng pagano na hindi banal. Ang mensahe ng kabanalan ay dayuhan sa mga Hentil. Isinulat ni Pedro sa mga Kristiyanong Hentil na kamakailan lang tinubos mula sa mga walang kabuluhang paraan na minana mula sa kanilang mga ninuno (1 Pedro 1:18). Ang mga taong ito ay mga pagano na walang konsepto ng tunay na katuwiran, ngunit tinawag sila ni Pedro sa isang banal na pamumuhay.

Itinuro ng mga apostol sa mga Hentil na nagbalik-loob kung paano mamuhay ng isang buhay na banal. Positibo nilang itinuro ang mensaheng ito: "Ito ang dapat ninyong gawin." Negatibo nilang itinuro ang mensaheng ito: "Ito ang hindi ninyo dapat gawin."

Apatnapung beses, tinutukoy ng Mga Sulat ang mga mananampalataya bilang "mga banal" na nangangahulugan na "mga binanal." Ang isang pinabanal ay sinuman na nabubuhay katulad ng pagkakatawag ng Diyos sa paraang dapat ipamuhay ng kanyang mga mamamayan. Ang bawat Kristiyano ay tinawag upang maging banal; ang bawat Kristiyano ay tinatawag na isang pinabanal.

Inutusan ng mga apostol ang mga mananampalataya na ipagpatuloy ang kabanalan.

Pinaalalahanan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Corinto na sila ay “templo ng Diyos na buhay” (2 Mga Taga-Corinto 6:16). Ang Templo ay isang banal na lugar ng pagsamba. Dahil tayo ay templo ng Diyos, “Yamang taglay natin ang mga pangakong ito, linisin natin ang ating mga sarili mula sa bawat karumihan ng laman at espiritu, na ginagawang sakdal ang kabanalan sa pagkatakot sa Diyos.” (2 Mga Taga-Corinto 7:1).

Tinatawag ng Diyos ang kanyang bayan upang hubarin na ang lumang pagkatao, na naaayon sa kanilang dating paraan ng pamumuhay at masamang paraan at isuot ang bagong pagkatao (Efeso 4:22-24). Isinulat ni Pablo na si Cristo “Nagbigay ng kanyang sarili alang-alang sa atin, upang tayo’y matubos niya sa lahat ng mga kasamaan, at pakalinin para sa kanyang sarili ang sambayanang pag-aari niya na masigasig sa mabubuting gawa.” (Tito 2:14). Ang sumulat ng Hebreo ay nagturo sa kanyang mga mambabasa na pagsikapan ninyong mamuhay nang may mabuting relasyon sa lahat ng tao, at magpakabanal kayo sapagkat kung hindi banal ang pamumuhay ninyo, hindi ninyo makikita ang Panginoon (Hebreo 12:14). Ang bayan ng Diyos ay tinawag upang maging banal.

Ang mga Kristiyano ay ipinanalangin ng mga apostol na maging banal.

Ipinanalangin ni Pablo na ang bayan ng Diyos ay maging banal.

► Basahin ang 1 Mga Taga Tesalonica 1:2-10. Ilarawan ang mga Kristiyano sa Tesalonica sa simula ng sulat ni Pablo:

Ang mga taong tumanggap ng sulat ni Pablo sa iglesya sa Tesalonica ay tunay na mga Kristiyano. Sila ay kilala sa kanilang pananampalataya, pagmamahal, at pagtataguyod ng kanilang pag-asa. Sila ay mga kapatid na minamahal ng Diyos. Ang ebanghelyo ay dumating sa kanila hindi lamang sa salita, kundi maging sa kapangyarihan at sa Banal na Espiritu at may ganap na pananalig. Natanggap nila ang salita na may labis na kagalakan ng Banal na Espiritu. Sila ay isang halimbawa para sa lahat ng mga mananampalataya sa Macedonia at sa Acaya. Sila ay tumalikod mula sa mga diyos-diyosan upang maglingkod sa tunay at buhay na Diyos.

Sa bagong kapanganakan, sinimulan ng Diyos na gawing banal ang mga ito. Gayunpaman, nanalangin si Pablo:

Pakabalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo. (1 Tesalonica 5:23).

Ang panalangin ito ay mahalaga kay Pablo. Ipinanalangin niya nang taimtim sa araw at gabi, na makasama ulit kayo para maturuan kayo at mapunan namin ang anumang kakulangan sa kanilang pananampalataya (1 Tesalonica 3:10). Ang mga taong ito ay mga tunay na Kristiyano; ngunit alam ni Pablo na ang kabanalan sa kanilang kalooban ay maaari

pang umunlad. Hindi ito nangangahulugan na sila ay maling mga Kristiyano; sila ay pinuri na ni Pablo dahil sa kanilang karanasan bilang Kristiyano.

Walang pagkakamali sa kanilang karanasan bilang Kristiyano, ngunit nalalaman ni Pablo na kailangan nila ng patuloy na paglago. Sila ay pinapaging-banal, nguni't ipinanalangin niya sa Diyos na lubusan silang gawing banal. Ipinanalangin niyang gawin silang banal ng Diyos sa lahat ng aspeto. Idinalangin niya na dalisayin ng Diyos ang kanilang espiritu at kaluluwa at katawan.

Ipinangako ng Mga Sulat na Maaaring Maging Banal ang mga Kristiyano

Nang ipinalangin niya na ang mga taga-Efeso ay maging ganap sa inyo ang katangian ng Diyos, si Pablo ay may pagtitiwala sa Diyos na sasagutin niya ang kanyang panalangin sapagkat siya ay nananalangin "sa kanya na makakagawa ng higit na sagana kaysa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa atin..." (Efeso 3:20). Madalas nating binabanggit ang kasulatang ito kapag nananalangin para sa pisikal o pinanasiyal na pangangailangan, ngunit ang pangungusap sa katunayan ay ibinigay na may kaugnayan sa pinakamataas na espirituwal na layunin na binanggit sa Biblia: ang mapuspos ng lahat ng kapuspusan ng Dios. Ang pagkatawag ng Diyos sa isang banal na puso ay hindi isang imposibleng utos. Ang pagkatawag ng Diyos ay para sa bawat mananampalataya.

Nang manalangin siya para sa mga Kristiyano sa Tesalonica, may pananalig si Pablo na sasagutin ng Diyos ang kanyang panalangin. Sinunod ni Pablo ang kanyang panalangin, "Pakabalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan" sa pangakong ito, "Tapat ang sa inyo'y tumatawag, **na gagawa rin naman nito.**" (1 Tesalonica 5:23-24). Ipinangako ng Mga Sulat na tayo ay **maaaring maging banal.**

Ang Kabanalan ay Pagiging Katulad ni Kristo

Sa Lumang Tipan, ipinahayag ng Diyos ang mensahe ng isang banal na puso at banal na kamay sa pamamagitan ng Mga Utos at mga propeta. Sa buhay ni Hesu-Kristo, nagbigay ang Diyos ng isang perpektong modelo ng pag-ibig. Sa Mga Gawa, ipinakita ng mga unang Kristiyano na posible para sa mga ordinaryong mananampalataya na mamuhay ng isang buhay na banal sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Sa Mga Sulat, ang mensahe ng kabanalan ay inilalapat sa pang-araw-araw na buhay ng mananampalataya.

Ang Kabanalan ay pagiging katulad ni Kristo sa Puso at Isip

Ang Mga Sulat ay nagtuturo na ang kabanalan ay Pagiging Katulad ni Kristo. Ang mga mananampalataya ay dapat maging katulad ni Kristo. Ang pagiging banal ay higit pa sa panlabas na pag-uugali; ang kabanalan ay nagsisimula sa puso. Upang maging banal ay pagiging katulad ni Kristo sa ating mga puso at isipan.

Hindi sinasabi ni Pablo, "Dapat kang *kumilos* tulad ni KristoHesus." Idinagdag pa niya, "Dapat kang *maging* katulad ni KristoHesus." Hindi sapat na gayahin si Kristo sa panglabas; dapat tayong maging katulad niya sa ating pangloob. Ang layunin ng Diyos ay baguhin ang

kanyang mga mamamayan sa larawan ni Kristo. "Sapagkat ang mga nakilala niya nang una pa ay itinalaga naman niya na maging katulad sa larawan ng kanyang Anak" (Mga Taga-Roma 8:29). Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay upang gawin tayong kalarawan ni Kristo. Ito ang kahulugan ng pagiging banal.

Ang isa sa mga nakapagtataakang halimbawa ng ideyang ito ay matatagpuan sa sulat ni Pablo sa mga taga-Corinto. Ang iglesya na ito ay puno ng mga problema, ngunit tinawag sila ni Pablo bilang "mga banal" at tinawag silang mamuhay ng isang buhay na banal. Paano kaya ang grupong ito ng mga di-tapat na mananampalataya, na hihirapang talikuran ang kanilang mga nakaraan bilang mga pagano, ay umaasa na maging banal? Sumagot si Pablo, "Kailanma'y hindi nagkasala si Kristo, ngunit alang-alang sa atin, itinuring siyang makasalanan para sa pamamagitan niya'y maituring tayong matuwid ng Diyos" (2 Corinto 5:21).

Sapagkat si Kristo ay itinuring na makasalanan para sa atin, maaari tayong ituring na "matuwid sa harapan ng Diyos." Sa Lumang Tipan, ang dugo ng mga handog para sa kasalanan ay tinatakpan ang kasalanan ng mga lumalapit sa Diyos ng may pananampalataya. Ngayon, ang dugo ni Kristo ang tumatakip sa mga kasalanan ng mga lumalapit sa Diyos ng may pananampalataya. Ngunit si Pablo ay nangako ng higit pa kaysa sa pagtakip. Hindi lamang tayo "tinakpan;" tayo ay binabago. Sapagkat tayo ay "ipinagkasundo sa Diyos," tayo ay naging "matuwid sa harapan ng Diyos." Isinulat ni Pablo:

Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago. Lahat ng ito ay mula sa Diyos, na tayo'y pinagkasundo niya sa kanyang sarili sa pamamagitan ni Cristo (2 Mga Taga-Corinto 5:17-18).

Si Kristo ay hindi namatay upang takpan ang patuloy nating paghihimagsik laban sa Diyos. Sa pamamagitan ni Kristo, tayo ay isang bagong nilalang. Hindi na tayo mga rebelde; tayo ay mga bagong nilalang na nakipagkasundo sa isang banal na Diyos.

Ang pagbabagong ito ay mas lalong malalim kaysa sa pag-uugali lamang. Nanalangin si Pablo para sa mga taga-Tesalonica:

Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo. (1 Tesalonica 5:23).

Ang "Lubos" ay may daladalang ideya ng pagiging banal sa lahat ng aspeto ng kanilang katangian. Ang talatang ito ay maaaring isinalin na "gawing kayong ganap na banal." Ipinalangin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay mabago sa kanilang "buong espiritu at kaluluwa at katawan." Ipinangako Niya, "Tapat ang sa inyo'y tumatawag, na gagawa rin naman nito." (1 Tesalonica 5:24).

Nakakaapekto ang pagbabagong ito sa lahat ng bahagi ng buhay. Sa Mga Taga Filipos, si Pablo ay nagsulat tungkol sa isang bagong paraan ng pag-iisip. Tinatawag niya itong "pag-

iisip ni Kristo.” Inilarawan ni Pablo ang kusang pagsuko ni Hesus ng kanyang sarili sa kalooban ng Ama. Si Hesus ay “nagpakumbaba siya at naging masunurin sa Diyos hanggang sa kamatayan, maging sa kamatayan sa krus” (Filipos 2:8).

Hindi sinasabi ni Pablo, “Ang kapakumbabaan ni Kristo ay magiging isang mabuting paraan upang mabuhay, ngunit siyempre iyon ay imposible para sa iyo at sa akin na magkaroon ng ganitong saloobin.” Sa halip ay sinabi niya, “Magkaroon kayo sa inyo ng ganitong pag-iisip na na kay Cristo Hesus din naman” (Filipos 2:5). Ang kaisipan ito ay sa iyo; maaari kang maging katulad ni Kristo!

Maaari tayong magkaroon ng kaparehong diwa ng mapagmahal na pagpapasakop na ginagabayan ng pagpapasakop ni Hesus sa kalooban ng Ama. Maaari tayong magkaroon ng isip ni Kristo. Maaari nating tingnan ang buhay sa pamamagitan ng mga mata ni KristoHesus. Hindi ito nangyayari sa pamamagitan ng magagandang resolusyon, kundi sa pamamagitan ng mga nabagong puso. Tayo ay tinawag upang maging katulad ni Kristo hindi sa mga aksyon lamang kundi mula sa puso. Tayo ay tinawag upang magkaroon ng isip katulad ni Kristo.

Ang kabanalan ay pagiging katulad ni Kristo sa Pag-uugali

Ang ilang mga tao ay maaaring tumugon, “Ang aking puso ay katulad ni Kristo, ngunit ang aking mga aksyon ay hindi. Sa loob, ang aking mga motibo ay mabuti ngunit sa labas ay hindi ako namumuhay katulad ni Kristo.” Hindi matatanggap ng mga apostol ang pagkakahati sa pagitan ng ating panloob at panlabas na katangian. Ang ating katangiang panloob ay makikita sa ating panlabas na mga pagkilos. Ang pagiging banal ay nangangahulugang maging katulad ni Kristo sa ating pag-uugali.

Ang mensaheng ito ay nakikita sa kabuuan ng Mga Sulat. Sinabi ni Pablo na ibinigay ni Kristo ang kanyang sarili para sa iglesya upang mapabanal niya siya. Ibinigay ni Kristo ang kanyang sarili upang gawing banal ang kanyang iglesya. Inihahanda niya ang iglesya na maluwalhati “na walang anumang bahid o dungis, upang maging banal at walang kapintasan” (Efeso 5:26-27).

Maaari mo bang isipin ang isang nobya dito sa lupa na nagsasabi sa kanyang asawang lalaki, “Hindi ako magiging tapat sa iyo sa aking katawan; ngunit ang aking puso ay magiging dalisay”? Syempre hindi! Hindi rin maisip ni Pablo ang bride ni Kristo na nagsasabi, “Ang aking puso ay banal, ngunit ang aking mga ginagawa ay hindi banal.” Ang iglesya ay tinawag na maging isang bride na “na walang anumang bahid ng dungis o kulubot.”

Sinulatan ni Pablo ang mga Kristiyano sa Tesalonica. Kasama sa iglesyang ito ang parehong mga Hudyong mananampalataya at mga nagbalikloob mula sa paganong kulto ng Tesalonica. Alam ng mga Hudyong mananampalataya ang Lumang Tipan na nag-uutos na maging banal sa pag-uugali, ngunit ang mga pagano ay nanirahan sa isang kapaligiran na ang sekswal na imoralidad ay normal.

Tinuruan ni Pablo ang mga bagong mananampalataya kung ano ang ibig sabihin ng pamumuhay ng isang buhay na banal. Nanalangin siya na itatag nawa ng Diyos na banal at walang kapintasan ang kanilang puso sa harap ng ating Diyos at Ama (1 Tesalonica 3:13). Ang mga bagong mananampalataya ay dapat maging banal sa kanilang puso at dapat silang maging banal sa kanilang pag-uugali. "Ito ang kalooban ng Diyos, ang iyong pagpapakabanal." Ang pagpapakabanal ay nakakaapekto hindi lamang sa kanilang puso; tinutukoy nito ang kanilang pag-uugali (1 Tesalonica 4:3-6):

- "Na umiwas ka sa seksuwal na imoralidad"
- "Na ang bawat isa sa inyo ay alam kung paano kontrolin ang kanyang sariling katawan sa kabanalan at karangalan, hindi sa pagnanasa ng pita tulad ng mga Hentil na hindi nakakakilala sa Diyos"
- "Nang walang sinumang makalabag at magkamali sa kanyang kapatid."

Ang pagiging banal ay pagkaroon ng isang pusong katulad ng kay Kristo na nagbibigay inspirasyon sa pagkakaroon ng pag-uugali na katulad ng kay Kristo. Ang pagiging banal ay pagiging katulad ni Kristo.

Ang kabanalan ay Pagkakaroon ng Pagmamahal na katulad ng kay Kristo

Ipinapakita ng mga Ebanghelyo na ang kabanalan ay pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa ating kapwa. Ini-ugnay ni Pablo ang pag-uugali na katulad ni Kristo at pagmamahal na katulad ni Kristo. Hinahamon niya ang mga Kristiyano sa Efeso na "tularan ninyo ang Diyos, bilang mga minamahal niyang anak." Paano nila tutularan ang Diyos? Sa pamamagitan ng pamumuhay sa pagmamahal na katulad ni Kristo. "At lumakad kayo sa pag-ibig, gaya ng pag-ibig ni Cristo sa atin at ibinigay ang kanyang sarili para sa atin bilang handog at alay sa Diyos upang maging samyo ng masarap na amoy" (Efeso 5:1-2).

Habang lumalakad sila sa pagmamahal na inaalay ang sarili para sa iba, ipinapakita ng mga Kristiyano ang larawan ng Diyos. Ang pagiging banal ay ang pagmamahal katulad ng pagmamahal ni Kristo. Sa Mga Taga-Roma 14, nagbigay si Pablo ng isang praktikal na pagpapakita ng ganitong pagmamahal na katulad ng kay Kristo. Tinatawag niya ang mga mananampalataya na isakripisyo ang kanilang kalayaan ng budhi para sa kapakanan ng isang mahinang kapatid. Bakit? "Kung dahil sa pagkain ay nasasaktan ang kalooban ng iyong kapatid, hindi ka na lumalakad ayon sa pag-ibig." (Mga Taga-Roma 14:15). Kung ang aking kalayaan ay magpapatid sa isang kapatid, hindi ako lumalakad sa pagmamahal. Isinuko ni Kristo ang kanyang mga karapatan dahil sa kanyang pagmamahal sa atin; tayo ay tinawag upang isuko ang ating mga karapatan dahil sa pagmamahal sa iba. Ito ang pagmamahal na katulad ng kay Kristo.

Ang pinakasikat na paglalahad ni Pablo kung ano ang ibig sabihin ng pagmamahal katulad ng kay Kristo ay ang 1 Mga Taga-Corinto 13. Sa isang iglesya na minarkahan ng dibisyon, makasariling pag-uugaling, paninibugho, at pagmamataas, isinulat ni Pablo:

Ang pag-ibig ay matiisin at magandang-loob; ang pag-ibig ay hindi maiinggitin, o mapagmalaki o hambog; hindi magaspang ang kilos. Hindi nito ipinipilit ang sariling kagustuhan, hindi mayayamutin, hindi nagtatala ng mga pagkakamali. Hindi ito natutuwa sa masamang gawa, kundi natutuwa sa katotohanan. (1 Mga Taga-Corinto 13:4-6).

Sa 1 Juan, binigyang diin ng apostol ang mga praktikal na aspeto ng pagmamahal na katulad ng kay Kristo. Ipinapakita sa 1 Juan kung ano ang hitsura ng pagmamahal na katulad ng kay Kristo.

- Ang pagmamahal ay nangangailangan ng pagsunod. Kung minamahal natin ang Diyos, **sinusunod natin Siya** (1 Juan 2:5; 1 Juan 5:3). Hindi natin maaaring paghiwalayin ang pagmamahal at pagsunod.
- Ang pagmamahal ay nangangailangan ng di pabago-bagong isip. Kung minamahal natin ang Diyos, **hindi natin mamahalin ang mundo**. "Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan." (1 Juan 2:15). Hindi natin maaaring mahalin ng pareho ang Diyos at ang isang mundo na sumasalungat sa Diyos. Ang isang taong banal na may pusong hindi nag-aalinlangan ay mahal na mahal ang Diyos.
- Ang pagmamahal ay nangangailangan ng pakikipag-ugnayan. Kung minamahal natin ang Diyos, **mamahalin natin ang ibang mga Kristiyano**. "Na ang umiibig sa Diyos ay dapat ding umibig sa kanyang kapatid." Sa katunayan, "Kung sinasabi ng sinuman, 'Iniibig ko ang Diyos,' at napopoot sa kanyang kapatid, siya ay sinungaling" (1 Juan 4:20-21). Itinuro ni Juan na imposibleng mahalin ang Diyos habang kinapootan ang iyong kapatid na Kristiyano.

Ano ang bunga ng ganitong pagmamahal na katulad ng kay Kristo? Kumpiyansa sa harap ng Diyos. "Kung tayo'y nag-iibigan sa isa't isa, ang Diyos ay nananatili sa atin, at ang kanyang pag-ibig ay nagiging sakdal sa atin" (1 Juan 4:12). Ang perpektong pagmamahal na ito ay nagbibigay sa atin ng kumpiyansa sa araw ng paghuhukom at nag-aalis ng takot sa kaparusahan. (1 Juan 4:17-18).

Paano natin isasabuhay ang perpektong pagmamahal na ito? "Dito'y naging ganap ang pag-ibig sa atin upang tayo'y magkaroon ng lubos na pagtitiwala sa araw ng paghuhukom; sapagkat kung ano siya, ay gayundin naman tayo sa sanlibutang ito." (1 Juan 4:17). Maaari nating ipakita sa pamamagitan ng ating sarili ang pagmamahal na katulad ng kay Kristo sa pamamagitan lamang ni Kristo na nananahan sa atin.

Ang Buhay ng Kabanalan: Ikaw Ay Banal; Ipagpatuloy Mo ang Kabanalan

Si Jonathan ay may pagnanais na maging isang taong banal. Sa kasamaang palad, ang pagkaka-unawa ni Jonathan tungkol sa kabanalan ay mas nakabatay sa emosyon at

damdamin kaysa sa Banal na Kasulatan. Dahil dito, nagpunta si Jonathan mula sa isang matinding pagtuturo patungo sa iba pang katuruan.

Sa nakaraan, si Jonathan ay madalas na nag-ayuno, nanalangin ng napakahabang oras, at sinubukang disiplinahin ang kanyang sarili sa kabanalan. Sigurado siya na nagiging banal tayo sa pamamagitan ng ating disiplina sa sarili.

Hindi nagtagal ay nawalan ng pag-asa at sumuko si Jonathan. Naging pabaya siya sa mga espirituwal na disiplina at nagsimula nang gumawa ng kasalanan. Nang may magtanong sa kanya tungkol sa isang kasalanan, sumagot si Jonathan, "Namumuhay ako sa biyaya at hindi na kailangan ang disiplina. Gagawin akong banal ng Diyos kapag handa na siya."

Sa ibang pagkakataon, taimtim na nanalangin si Jonathan para sa isang dramatikong espirituwal na regalo. Siya ay nagpasya na ang kabanalan ay tungkol sa mga regalong espirituwal at panlabas na kapangyarihan.

Ang paghahanap ni Jonathan para sa kabanalan ay batay sa emosyon sa halip na sa maingat na pagbasa ng Banal na Kasulatan. Hindi niya pinag-aaralan ang Biblia upang maunawaan kung paano isinasabuhay ang kabanalan sa pang-araw-araw na buhay.

Ang Mga Sulat ay nagtuturo ng mga mahahalagang katotohanan tungkol sa isang buhay na banal. Kapag nakalimutan natin ang mga alituntuning ito, hindi tayo magiging balanse sa ating pagkaunawa sa kabanalan. Ang mga apostol ay sumulat upang ipakita sa atin kung paano isabuhay ang isang buhay na banal kung saan tayo tinawag ng Diyos.

Ikaw ay Ginawang Banal; Ikaw ay Patuloy na Pinapagiging Banal

Nang sumulat si Pablo sa "mga banal," sinasabi niya, "Kayo ay banal." Ang isang pinabanal ay banal na, ngunit sumulat si Pablo sa mga pinabanal, "Kayo ay dapat magpakabanal." Kayo ay banal; ikaw ay dapat magpatuloy na lumago sa kabanalan.

Ang balanseng ito ay makikitang paulit-ulit sa Mga Sulat. Bilang mga mananampalataya, tayo ay banal na, ngunit patuloy tayong lumalago sa kabanalan habang tayo ay lumalakad sa pagsunod sa Diyos.

Ipinakikita ng manunulat ng Hebreo na tayo ay ginawang banal sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo. "At sa pamamagitan ng kalooban niya tayo'y ginawang banal sa pamamagitan ng pag-aalay ng katawan ni Cristo minsan magpakailanman." (Hebreo 10:10). Tayo ay nilinis sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo.

Ang manunulat ay nagpatuloy, "Sapagkat sa pamamagitan ng isang pag-aalay ay kanyang pinasakdal para sa lahat ng panahon ang mga pinababanal." (Hebreo 10:14). Kabilang sa pangungusap na ito ang dalawang salita na may kaugnayan sa tema ng kabanalan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, ginawang sakdal (*teleios*) ni Kristo (*teleios*) ang mga pinabanal (*hagjazo*). Sinasabi sa atin ng talatang ito na:

Tayo ay ginawang banal: "Ay kanyang pinasakdal para sa lahat ng panahon ..."

Si Kristo ay namatay upang tayo ay mapalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Si Hesus ay "pinatay sa labas ng bayan upang malinis niya ang mga tao sa mga kasalanan nila sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo" (Hebreo 13:12). Ang layunin ng Diyos na gawing banal ang kanyang bayan ay natupad sa pamamagitan ng kamatayan ni Hesus. Tayo ay ginawang sakdal.

Tayo ay pinagiging banal: "Ang mga patuloy na pinagiging banal."

Natupad ng kamatayan ni Kristo ang layunin ng Diyos sa pagpapabanal sa lahat ng panahon, ngunit ang paglago natin sa kabanalan ay nagpapatuloy sa buong buhay natin. Ito ay isang patuloy na proseso. Sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo, tayo ay banal; sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo, tayo ay patuloy na pinagiging banal.

Ang sariling patotoo ni Pablo ay nagpapakita ng prinsipyong ito. Sa Filipos 3, isinulat ni Pablo na *hindi pa siya sakdal*, ngunit ilang mga sumunod na talata, tinutukoy niya ang kanyang sarili bilang isa *nang sakdal* ("sa atin na mga malago na sa pananampalataya."). Ang mga naka-bold na salita sa sumusunod na talata ay parehong nagmula sa *teleios*. Ang parehong mga salita ay maaaring isinalin na "ganap."

Hindi sa ito'y aking nakamit na, o ako'y **sakdal** na; kundi nagpapatuloy ako upang iyon ay aking maabot, kung paanong ako ay inabot din ni Cristo Hesus. Kaya nga, tayong nasa **hustong gulang** ay magkaroon ng parehong kaisipan; at kung iba ang inyong iniisip tungkol sa anumang bagay, ito rin ay ipahahayag sa inyo ng Diyos. (Filipos 3:12-15).

Sinabi ni Pablo, "Hindi pa ako sakdal." Ipinagpatuloy Niya, "Para sa atin na inaring sakdal." Hindi pa dumating si Pablo sa layunin; Siya ay patuloy na lumalago sa kabanalan. Sa ganitong diwa, hindi pa siya sakdal. Subalit, ibinubuhos ni Pablo ang kanyang buong lakas patungo sa layunin. Itinalaga niya ang kanyang sarili upang tapusin ang takbuhin. Sa ganitong diwa, si Pablo ay inaring sakdal. Maaaring sabihin ni Pablo na "hindi pa ako sakdal" at "ako ay inaaring sakdal" sa parehong pangungusap.

Upang maging sakdal ay hindi nangangahulugang tayo ay dapat umakyat sa isang hagdan ng mga gawa na makakagawa sa ating sakdal. Sa halip, ito ay nangangahulugang lubos nating sinusuko ang ating buhay sa biyaya ng Diyos. Ito ay tuloy-tuloy na proseso at dahil dito ay may mga panahon na kung saan ay itatama ng Diyos ang ating mga puso patungo sa kanyang direksyon. Ito ay isang proseso na ang ating pagkilos patungo sa kanya ay magpapatuloy sa natitirang bahagi ng ating buhay.³¹

Isipin mo ang isang manlalaro ng football na wasto ang pagsipa ng bola patungo sa goal; ito ay isang perpektong pagsipa. Ang pagsipa ay hindi nagiging sakdal lamang kapag

³¹ Timothy C. Tennent. *The Call to Holiness* (Franklin: Seedbed Publishing), 2014), 54-55

nakarating ito sa butas. Tulad ng pagkilos sa hangin, ang pagsipa ay sakdal na; ito ay nasa landas patungo sa goal. Ito ay sakdal mula sa sandaling sinipa ng manlalaro ang bola.³²

Sa katulad na paraan, si Pablo ay patungo sa pangwakas na layunin. Itinakda niya ang kanyang landas at kumikilos patungo sa layunin na may hindi nag-aalinlangang puso. Wala pa siya sa layunin, ngunit nasa landas siya patungo sa layunin. Hindi pa siya sakdal; siya ay inaaring sakdal.

Bilang mga mananampalataya, tayo ay banal na mga pinabanal na tinanggap ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo, ngunit tayo ay tinawag upang ialay ang ating sarili bilang mga buhay na handog na nagpapatuloy sa paglago sa pamamagitan ng araw-araw na pagsunod at pagsuko (Mga Taga-Roma 12:1). Tayo ay ginawa nang banal; tayo ay patuloy na pinagiging banal.

Kayo ay mga Banal; Kailangang Mamuhay Ka Bilang Banal

Sumulat si Pablo sa mga banal na naninirahan sa Corinto. Ang 1 Mga Taga-Corinto ay naka-address sa mga taong banal, "sa mga ginawang banal kay Cristo Hesus" (1 Mga Taga-Corinto 1:2). Ang 2 Mga Taga-Corinto ay naka-address "sa iglesya ng Diyos na nasa Corinto, kasama ng lahat ng mga banal na nasa buong Acaia" (2 Mga Taga-Corinto 1:1). Sila ay mga banal - ngunit marami pa silang dapat na matutunan tungkol sa pamumuhay bilang mga banal.

Mayroong dalawang paraan kung saan ang mga Kristiyano ay nagkakamali sa pagkaka-unawa sa katotohanang ito. Una, sinasabi ng ilang mga Kristiyano, "Ako ay tinawag bilang isang banal sapagkat nakita ng Diyos ang katuwiran ni Kristo sa halip na ang aking kasalanan. Ang kabanalan ko ay isang 'legal na katha.' Hindi ako magiging banal sa mundong ito, ngunit tinawag naman na ako ng Diyos na banal." Nilinaw ng Mga Taga-Roma 6 na ang sagot na ito ay hindi katanggap-tanggap kay Pablo. Ang mga taong banal ay dapat mamuhay ng isang buhay na banal.

Ikalawa, sinasabi ng ibang mga Kristiyano, "Ako ay isang banal. Hindi ko nagkulang sa ganap na pamantayan ng Diyos. Hindi ako nagsisisi dahil hindi ako nagkakamali. Ako ay isang banal!" Matatag na tinatanggihan ni Pablo ang pagkakamaling ito katulad ng pagtangi niya sa na-unang pagkakamali. Sumulat si Pablo upang turuan ang "mga banal" sa Corinto na mamuhay ng isang buhay na banal. Sila ay kulang sa kaalaman at paglago sa pananampalataya, kaya tinuturuan ni Pablo ang mga banal kung paano mamuhay bilang mga banal. Ang mga taong banal ay dapat mabuhay ng isang buhay na banal.

Ang lungsod ng Corinto ay kilala sa hindi-maka Diyos na pag-uugali ng mga mamamayan nito. Tinatawag ni Pablo ang mga mananampalataya na naninirahan sa masamang lunsod na ito tungo sa isang banal na pag-uugali. Dapat nilang iwasan ang sekswal na imoralidad

³² Illustration adapted from T.A. Noble, *Holy Trinity: Holy People* (Eugene, OR: Cascade Books, 2013), p. 23.

dahil ang kanilang mga katawan ay bahagi ni Kristo (1 Mga Taga-Corinto 6:15). Inililista ni Pablo ang mga pag-uugali na ipinagbabawal sa kaharian ng Diyos:

Huwag kayong padaya! Ang mga mapakiapid, mga sumasamba sa diyus-diyosan, mga mangangalunya, mga binabae, mga nakikiapid sa kapwa lalaki, mga magnanakaw, masasakim, mga maglalasing, mga mapagmura, o ang mga manggagantso ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos. (1 Mga Taga-Corinto 6:9-10).

Pagkatapos ng listahang ito ng mga kasalanan, nagpahayag si Pablo, "At ganyan ang mga ilan sa inyo noon." Si Pablo ay sumusulat sa mga tagapakinig na nagsasagawa ng mga kasalanang ito. Bilang mga mananampalataya, inaasahan ni Pablo na tatalikuran nila ang kanilang dating pamumuhay. Dahil sa kanilang makasalanang nakaraan, paano mamumuhay ang mga taong ito ng isang dalisay na buhay? Ibinigay ni Pablo ang sagot:

Subalit nahugasan na kayo, ginawa na kayong banal, at inaring-ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, at sa Espiritu ng ating Diyos. (1 Mga Taga-Corinto 6:11).

Ang kasalanan sa 1 Mga Taga-Corinto 6:9-10 ay napawalangsala dahil sa pagbabago sa 1 Corinthians 6:11. Ang pagbabagong ito ay hindi lamang isang legal na transaksyon; Hindi iminumungkahi ni Pablo, "ipagpapatuloy ninyo ang kasalanang ito, ngunit ibibilang kayong matuwid ng Diyos kahit na kayo'y nananatiling gumagawa ng masama." Hindi! Sinabi niya, "Ganyan ang ilan sa inyo noon, subalit kayo'y nilinis na sa inyong mga kasalanan." Ang mga Kristiano sa Corinto ay hindi na dapat bumalik sa nakaraan nilang kasalanan. Sinabi ni Pablo, "Kayo'y mga Pinabanal; Kumilos kayo bilang mga pinabanal!" Sila ay hinugasan; sila ay kasamang ipinako; sila ay pinabanal. Sila ay mga pinabanal; sila ay dapat mamuhay bilang pinabanal.

Kapag ang isang kabataang lalaki ay sumali sa hukbong militar, bibigyan siya ng uniporme na nagmamarka sa kanya bilang isang sundalo. Kasabay nito, bibigyan siya ng isang *manwal* na nagbibigay ng *Code ng Pag-uugali* ng Hukbong Militar. Ang uniporme lamang ay hindi sapat; dapat siyang mamuhay ayon sa Code ng Pag-uugali.

Mas matagal na panahon ang kinakailangan upang matutunan ang Code ng Pag-uugali kaysa sa pagsusuot ng uniporme. Ang bagong sundalo ay dapat matutunang mamuhay sa isang pag-uugaling nababagay sa kanyang uniporme. Dapat siyang maging mature bilang isang sundalo. Ang kabataang ito ay kailangang paalalahanan ng maraming beses tungkol sa mga patakaran ng militar. Perpekto ba ang kanyang pagganap? Hindi. Pero, buo ba ang kanyang pangako sa pagiging isang sundalo? Oo. Sa unang araw niya sa hukbong militar, siya ay naging isang sundalo; ngunit siya ay gugugol ng maraming araw upang matutunang mamuhay bilang isang sundalo.

Isipin ang isang kabataang lalaki na nagsasabing, "Gusto kong tawaging isang sundalo, ngunit ayaw kong sundin ang *Code ng Pag-uugali*." Bumili siya ng isang uniporme ng

hukbong militar, ngunit hindi niya ipinamuhay ang *Code ng Pag-uugali*. Siya ba ay isang tunay na sundalo? Hindi. Nagpapanggap lamang siya bilang isang sundalo.

Ang Mga Sulat ay isinulat para sa mga mananampalataya na isinuot na si Kristo. Ngayon ay natututunan nilang mamuhay ng isang buhay na banal. Sa Efeso 4-6, natututunan natin kung ano ang katulad na itsura ng isang buhay na banal sa mga relasyon ng pamilya, sa mga relasyon sa loob ng iglesya, at sa *etika* sa negosyo. Sa Galacia 5, natututuhan natin ang bunga ng isang pamumuhay sa gabay ng Banal na Espiritu. Sa 1 Pedro, natututunan natin kung paano mamuhay nang isang buhay na banal sa harap ng pag-uusig. Kapag binabasa natin si Santiago, matututuhan natin kung paano kontrolin ng isang taong banal ang kanyang dila.

Isinulat ni Pablo sa mga mananampalataya sa Colossas, "Sapagkat kayo'y namatay na, at ang inyong buhay ay natatagong kasama ni Cristo sa Diyos." Ang mga mananampalataya ay namatay sa kasalanan; sila ay buhay kay Kristo. Hindi na sila mga bilanggo ng kasalanan; silay ay mga banal. Ngunit itinuloy ni Pablo, "Patayin ninyo ang anumang makalupa na nasa inyo" (Colosas 3:3, 5). Kayo ay patay na sa kasalanan; patayin na ninyo ang kasalanan. Kayo ay mga banal; dapat kayong mamuhay bilang mga banal.

Sinabi ni Pablo, "Ako ay napako sa krus kasam ni Kristo...."
Hindi niya sinabi, "Nagpasya ako na tularan si Kristo Hesus,"
o, "Pagsusumikapan kong sumunod sa Kanya"—kundi
"Ako ay ibinilang na kasama niya sa kanyang kamatayan."
Oswald Chambers

Ang prinsipyo ay ipinahayag sa simula ng kabanata.

Kung kayo nga'y muling binuhay na kasama ni Cristo, ay hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos. Ituon ninyo ang inyong pag-iisip sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay na nasa ibabaw ng lupa (Colosas 3:1-2).

Sinabi ni Pablo, "Araw-araw, patuloy mo dapat na hanapin ang mga bagay sa langit. Araw-araw, dapat mong ipagpatuloy ang pagtutuo ng iyong isip sa mga bagay patungkol sa Diyos." Ang susi sa isang buhay na banal ay upang ituon ang iyong isip sa mga bagay patungkol sa Diyos. Kayo ay ginawang banal ("binuhay kayong muli kasama ni Kristo"), kaya maging banal ("ituon ang iyong isip sa mga bagay na maka langit").

Ano ang bunga nitong buhay na banal? "Kapag si Cristo na inyong buhay ay nahayag, ay mahahayag nga rin kayo na kasama niya sa kaluwalhatian." (Colosas 3:4). Ang isang buhay na banal ay naghahanda sa iyo na gugulin ang walang hanggang buhay kasama ng Diyos na banal. Si Enoch ay lumakad ng kasama ng Diyos, at siya ay nawala, dahil kinuha siya ng Diyos (Genesis 5:24). Ang banal na lakad kasama ng Diyos sa mundong ito ang naghanda kay Enoch para sa walang-hanggang buhay kasama ng Diyos. Ang isang banal na lakad kasama ng Diyos sa mundong ito ay naghahanda sa atin na lumitaw na kasama si Kristo sa kaluwalhatian.

Ang Mga Sulat ay isinulat sa mga banal. Tayo ay ginawang mga banal sa pamamagitan ng dugo ni KristoHesus. Inalis na natin ang dating pagka-tao at isinusuot ang bagong pagkatao. Ngayon, araw-araw natututo tayo kung ano ang ibig sabihin ng maging banal. Tayo ay binabago araw-araw na maging kalarawan ng Diyos. Perpekto ba ang ating pagganap? Hindi. Ganap ba ang ating pangako sa pagiging banal? Oo. Tayo ay mga banal; natututo tayong mamuhay bilang mga banal.

Ginawa ka ng Diyos na Banal; Kailangan mong Ipagpatuloy ang Kabanalan

Sa Levitico, sinabi ng Diyos, "Italaga ninyo ang inyong mga sarili at kayo'y maging banal" Ito ay isang utos na dapat sundin ng mga tao. Sa sumunod na talata, ipinangako ng Diyos, "Ako ang Panginoon na nagpapabanal sa inyo" (Levitico 20:7-8). Ito ay isang pangako kung ano ang gagawin ng Diyos. Upang maunawaan ang kabanalan, kailangan nating balansehin ang dalawang katotohanan:

1. Ang kabanalan ay regalo mula sa Diyos; Pinagiging banal ng Diyos ang kanyang bayan.
2. Ang kabanalan ay isang utos mula sa Diyos; Inutusan ng Diyos ang kanyang bayan na "ipagpatuloy ang kabanalan."

Ang naaalala lamang ng mga Pariseo, "Dapat mong ipagpatuloy ang kabanalan." Naniniwala sila na maaari silang maging banal sa pamamagitan ng kanilang sariling mga pagsisikap. Tumugon ang Mga Sulat, "Ginagawa kang banal ng Diyos."

Ang ilang mga Kristiyano sa sinaunang iglesya ay nagiging malalang kabaligtaran. Naniniwala sila, "Kung nais ng Diyos na gawin tayong banal, gagawin niya ito. Wala kaming gagawin." Tumugon ang Mga Sulat, "Dapat mong ipagpatuloy ang kabanalan."

Ang parehong pagsuko at pagpapatuloy ay mahalaga sa pagpapakabanal. Ginagawa tayong banal ng Diyos; Dapat nating i-pusue ang kabanalan. Sumusuko tayo sa Diyos at pinahihintulutan siyang baguhin tayo, ngunit pinagsisikap nating makamtan ang nasa hinaharap na nilaan ng Diyos para sa atin (Filipos 3:13). Nauunawaan ni Pablo na ang pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos ay hindi nangangahulugan na hindi na tayo magpapatuloy patungo sa dulo. Pinagkalooban tayo ng kapangyarihan upang ipagpatuloy ang kabanalan *dahil* ginagawa tayong banal ng Diyos.

Noong bata pa ang mga anak ni Stephen , minsan ay binabasa nila nang malakas ang Banal na Kasulatan sa kanilang pagdedebosyon bilang pamilya. Isang araw, ang anak na babae ni Stephen ay dumating sa Filipos 2:12 nang siya na ang babasa. May malaking kasigasigan, isinigaw ni Ruth, "isagawa ninyo ang inyong sariling kaligtasan na may takot at panginginginig!" Siya 'y nalugod sa utos na ito "isagawa ninyo ang inyong sariling kaligtasan." Ngunit ang sumunod na talata ay nagsasabi, "Sapagkat Diyos ang gumagawa sa inyo..." *Ang ating pagkilos* ay nagaganap dahil sa *pagkilos* ng Diyos.

Taliwas sa paniniwala ng maraming mga Kristiyano, ang pagkilos ng Diyos ay naisasakatuparan habang "isinasagawa ninyo ang inyong sariling kaligtasan." Nangangahulugan ba itong nagkakamit tayo ng kabanalan sa pamamagitan ng mga gawa? Talagang hindi! Nagpapatuloy si Pablo, "Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at sa paggawa, para sa kanyang mabuting kalooban" (Filipos 2:13). Ang Diyos ang siyang nagbibigay ng pagnanais ("upang maghangad"); ang Diyos ang siyang nagbibigay lakas sa pagkilos. Kung wala ang Diyos na kumikilos sa atin, ang ating pagkilos ay walang magiging bunga. Hindi natin maaaring gawing banal ang ating sarili, ngunit hindi tayo gagawing banal ng Diyos nang hiwalay sa ating sariling pagsisikap na magkaroon ng kabanalan.

Pinaalalahanan ni Pablo ang mga taga-Corinto ng kamangha-manghang pangako ng Diyos na "at kayo'y magiging aking mga anak na lalaki at babae" (2 Mga Taga-Corinto 6:18). Pagkatapos ay inutusan niya silang mamuhay ng isang buhay na banal. "Mga minamahal, yamang taglay natin ang mga pangakong ito, linisin natin ang ating mga sarili mula sa bawat karumihan ng laman at espiritu, na ginagawang sakdal ang kabanalan sa pagkatakot sa Diyos." (2 Mga Taga-Corinto 7:1). Dahil sa mga pangako ng Diyos, nililinis natin ang ating sarili mula sa lahat ng karumihan. Ang pangako ng Diyos na gagawin tayong banal ay nagbibigay sa atin ng tiwala upang ipagpatuloy ang kabanalan.

Sa kanyang sulat sa mga Kristiyano sa Tesalonica, ipinanalangin ni Pablo na ang Diyos nawa ang magpapatibay sa kanilang "mga puso sa kabanalan upang maging walang kapintasan" (1 Tesalonica 3:13). Ito ay pagkilos ng Diyos. Pagkatapos, sinimulang ituro ni Pablo ang kung paano sila dapat lumakad at magbigay-lugod sa Diyos. Bakit? "Sapagkat ito ang kalooban ng Diyos, ang inyong pagpapakabanal" (1 Tesalonica 4:1, 3). Ang mga Kristiyano sa Tesalonica ay pinagiging banal ng Diyos, kaya dapat nilang ipagpatuloy ang isang buhay na banal.

Ang Galacia ay isinulat sa mga mananampalataya na tinutukso upang bumalik sa kaligtasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan. Ipinalaala sa kanila ni Pablo na sila ay inaaring-ganap, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo at hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan, sapagkat walang sinuman ang maituturing na matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan (Galacia 2:16). Kung ang pagbibigay-katwiran sa pamamagitan ng pananampalataya ay ang wakas ng ebanghelyo, ito ang maaaring perpektong sulat na sabihin ni Pablo, "Kayo ay nabigyang-katwiran sa pamamagitan ng pananampalataya. Ngayon ay maaari kang mabuhay kung ano ang gusto mo at ikaw ay pupunta sa langit. Ang iyong lugar sa langit ay sigurado." Ngunit hindi sinasabi ni Pablo iyon! Sa halip, sabi niya:

At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Hesus ang laman na kasama ang masasamang pagnanasa at mga kahalayan nito. Kung tayo'y nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, lumakad din tayo sa patnubay ng Espiritu. (Galacia 5:24-25).

Ang “magpatuloy sa patnubay” ay nangangahulugang “lumakad ng naayon sa likod ng isang pinuno.” Iminumungkahi ito ng disiplina at pagpipigil sa sarili. Nagmumungkahi ito ng pamumuhay sa pamamagitan ng patnubay ng Espiritu, hindi sa ating sariling mga pagnanasa. Ang mga taga-Galacia ay ginawang banal ng Diyos, ngunit dapat silang magpatuloy na ipagpatuloy ang kabanalan.

Isinulat ng may-akda ng Hebreo na dinidisciplina tayo ng Diyos para sa ating kabutihan, upang makabahagi tayo sa kanyang kabanalan. Napakagandang katotohanan! Ang taong nahulog sa kasalanan ay maaaring makibahagi sa kabanalan ng Diyos. Ito ay hindi isang uri ng mistikal na pakikipag-isa tulad ng paganong kulto. Ito ay isang napaka praktikal na katuruan tungkol sa espirituwal na disiplina. Nagsulat siya tungkol sa “bunga ng pagiging matuwid,” tungkol sa mabuting relasyon sa lahat ng tao, at tungkol sa mga kasalanan tulad ng pagkakagalit at sekswal na imoralidad (Hebreo 12:10-16). Hindi ito mysticism; ito ay normal na Kristiyanismo. Tinawag ng Diyos ang kanyang mga anak na maging banal; Inaasahan niya ang kanyang mga anak na makibahagi sa kanyang kabanalan.

Paano tayo makikibahagi sa kabanalan ng Diyos? Nakikibahagi tayo sa kabanalan ng Diyos kapag tayo ay naging “*nakikibahagi sa makalangit na katangian*”³³ Itinuturo ni Pedro ang parehong kapangyarihan ng Diyos upang gawing tayong katulad niya at sa ating pagsisikap na lumago sa kanyang larawan.

Una, ipinangako ni Pedro na maaari tayong makibahagi sa kabanalan ng Diyos:

Ipinagkaloob sa atin ng kanyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na kailangan sa buhay at pagiging maka-Diyos, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kanya na tumawag sa atin sa kanyang sariling kaluwalhatian at kabutihan. Gayon niya ipinagkaloob sa atin ang kanyang mahahalaga at mga dakilang pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay makatakas kayo sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masamang pagnanasa, at maging kabahagi kayo sa likas ng Diyos. (2 Pedro 1:3-4).

Ginagawa tayong banal ng Diyos. “Ang Kanyang banal na kapangyarihan ay nagbigay sa atin ng lahat ng bagay” na kailangan para sa espirituwal na “buhay at kabanalan.” Ang kabanalan ay hindi isang imposibleng panaginip; Ang Diyos “ay nagbigay sa atin ng kanyang mahalaga at dakilang mga pangako.” Ang isa sa mga pangakong ito ay ang “tayo ay makikibahagi sa banal na katangian ng Diyos.” Ang pangako na tayo ay maaaring maging katulad ng ating Amang nasa langit ay para sa bawat anak ng Diyos. Hindi ito nagagawa sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap; Ang kabanalan ay ang kaloob ng biyaya ng Diyos. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, maaari tayong mamuhay nang naayon sa karakter ng Diyos. Ginagawa tayong banal ng Diyos.

Pagkatapos, nagpatuloy si Pedro:

³³ This material is drawn from Dr. A. Philip Brown, “*Divine Holiness and Sanctifying God: A Proposal*, unpublished paper.

At dahil dito, gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya na tustusan ang inyong pananampalataya ng kabutihan; ang kabutihan ng kaalaman; ang kaalaman ng pagpipigil; ang pagpipigil ng pagtitiis; ang pagtitiis ng pagiging maka-Diyos; at ang pagiging maka-Diyos ng pagmamahal sa kapatid; at ang pagmamahal sa kapatid ng pag-ibig. Sapagkat kung ang mga bagay na ito ay nasa inyo at dumarami, hindi kayo magiging mga walang saysay o mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesu-Cristo. (2 Pedro 1:5-8).

Dahil ang banal na kapangyarihan ng Diyos ay ginawa tayong kabahagi sa banal na katangian niya, kailangan nating "gumawa ng lahat ng pagsisikap" upang lumago sa kabutihan, kaalaman, pagpipigil sa sarili, katatagan, kabanalan, pagmamahal sa kapatid, at pagmamahal. Dahil sa ginawa ng Diyos, dapat nating ipagpatuloy ang kabanalan.

Hindi iminumungkahi ni Pedro na ginagawa nating banal ang ating sarili sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap. Hindi siya nagtuturo ng ligalismo. Hindi tayo nagkakamit ng pabor ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap. Gayunpaman, nais ni Pedro na ating maunawaan na hindi tayo maaaring mamuhay nang isang buhay na banal nang walang disiplina sa sarili.

Patuloy nating ipagpatuloy ang kabanalan dahil sa biyaya ng Diyos. Ang biyaya niya ang nagbibigay kapangyarihan sa ating ipagpatuloy ng buhay na banal. Dahil sa banal na kapangyarihan ng Diyos (mga talata 3-4), "ginagawa natin ang lahat ng pagsisikap" upang lumago (mga talata 5-8). Ang ating pag-pursue sa kabanalan ay hindi ligalismo; ito ay ang natural na pagnanais ng isang nabagong puso. Kung tayo ay tunay na mga anak ng Diyos, gugustuhin nating lumago sa kabanalan. Kung tayo ay tunay na mga anak ng Diyos, nanaisin nating makita ang layunin ng Diyos na matupad sa ating buhay.

Paano Ko Ipapabuhay ang Isang Buhay na Banal? "Hindi ako, kundi si Kristo"

Sa Mga Sulat sa mga Kristiyano sa Filipos, itinuro ni Pablo si Hesus bilang isang halimbawa ng pag-uugali na dapat nilang ipakita. Si Kristo ay "nagpakumbaba siya at naging masunurin sa Diyos hanggang sa kamatayan, maging sa kamatayan sa krus" (Filipos 2:8). Nais ni Pablo na maunawaan ng mga mananampalataya na ang landas para sa mga anak ng Diyos ay ang landas ng kababaang-loob, hindi ang landas ng pagtataas sa sarili. Dapat tayong magkaroon ng pag-iisip ni Kristo.

Gayunpaman, tayo ay maaaring matukso na tumugon, "Siyempre, nabuhay si Hesus ng perpektong buhay. Siya ang Anak ng Diyos. Ngunit hindi iyon nakakatulong sa akin. Hindi ako si Hesus!" Paano natin masusundan ang halimbawa ni Kristo? Itinuro ni Pablo na ang Espiritu ni Kristo ay namumuhay sa mga mananampalataya.

Isinulat ni Pablo sa mga batang Kristiyano, "Ngunit kayo'y wala sa laman, kundi nasa Espiritu, yamang nananatili sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Subalit kung ang sinuma'y walang Espiritu ni Cristo, siya'y hindi sa kanya." (Mga Taga-Roma 8:9). Mamuhay tayo ng isang buhay na banal hindi sa ating sariling lakas kundi sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Ang sariling patotoo ni Pablo ay nagpapakita ng pagbabago. Itinuro ni Pablo ang kanyang buhay bilang isang Pariseo na sinusubukanang matupad ang kinakailangan sa mga kautusan sa pamamagitan ng kanyang sariling kakayanan. Naaalaala niya ang oras kung kailan mayroon siyang pagnanais ngunit wala siyang kakayahang gumawa ng tama. Sinasabi niya, "Ngayo'y hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang nananatili sa akin" (Mga Taga-Roma 7:17). Ang mga pagsisikap ni Pablo na maging matuwid sa pamamagitan ng kanyang sariling lakas ay tiyak na mabibigo.

Pagkatapos makilala si Kristo, ang patotoo ni Pablo ay nagbago mula sa "hindi ako, kundi ang kasalanan" sa "hindi ako, kundi si Kristo" (Galacia 2:20). Si Pablo ay maaaring mabuhay ng isang matagumpay na buhay Kristiyano sapagkat si Kristo ay naninirahan sa kanya.

Hinikayat ni Pablo ang mga taga-Corinto, "Hindi ba ninyo nalalaman na si Jesu-Cristo ay nasa inyo?" (2 Mga Taga-Corinto 13:5). Maaari tayong maging katulad ni Kristo dahil si Kristo ay nabubuhay sa atin. Ang Lutheran theologian na si Dietrich Bonhoeffer ay nagpahayag ng ganito: ang isang Kristiyano ay nangangahulugan na "ang eksaktong espasyo na dating inookupahan ng matandang pagkatao ay sinasakop ngayon ni HesusKristo."³⁴

Si Kristo ay nabubuhay sa atin, o ipahayag ang parehong prinsipyo sa ibang paraan, "Nabubuhay tayo kay Kristo." Isa sa pinakakilalang pananalita ni Pablo ay "kay Kristo." Si Pablo ay gumagamit ng ilang salin ng "kay Kristo," "sa kanya," "para kanino," o "sa Anak" nang higit sa 150 beses sa kanyang mga sulat. Paulit-ulit na itinuturo ni Pablo ang ating lugar kay Kristo bilang lihim sa buhay Kristiyano. Ang pang-araw-araw na tagumpay ay dahil tayo ay kay Kristo.

Ang ating lumang buhay ay namuhay ng katulad "kay Adan," sa ating nahulog at makasalang sarili. Ang ating bagong buhay ay namuhay ng katulad "kay Kristo," sa kapangyarihan ng nabuhay na Panginoon na nagbibigay sa atin ng pang-araw-araw na tagumpay laban sa kasalanan.

- Kay Adan, lumakad tayo sakadiliman; kay Kristo, lumalakad tayo sa liwanag.
- Kay Adan, tayo ay mga alipin ng kasalanan; kay Kristo, tayo ay mga alipin ng katuwiran.
- Kay Adan, nalulugod tayo sa mga kasalanan ng laman; kay Kristo, "kayo'y nagbihis na ng bagong pagkatao, na binabago sa kaalaman ayon sa larawan ng lumalang sa kanya" (Colosas 3:10).

Ang pang-unawang ito ay napakahalaga sa matagumpay na buhay. Kapag nakikita natin ang ating sarili kay Adan ("pinatawad na mga makasalanan" na nabubuhay sa pagkaalipin sa kasalanan), patuloy tayong mahuhulog sa tukso. Kapag nakita natin ang ating sarili kay Kristo ("binagong mga banal" na may kapangyarihan sa pamamagitan ni Kristo),

³⁴ Dietrich Bonhoeffer, *Ethics* (New York: Macmillan, 1965), p 41.

mabubuhay tayo sa tagumpay sa kasalanan. Sinabi ni Pablo sa mga Kristiyano sa Colosas ang lihim sa isang banal na buhay: "Kaya't kung paanong tinanggap ninyo si Cristo Hesus na Panginoon, ay lumakad kayong gayon sa kanya" (Colosas 2:6). Sa paglakad natin kay Kristo, tayo ay ginagawang banal.

Iniiisip ng ilang mga tao na ang pagpapakabanal tulad ng isang bakuna para sa trangkaso na ibinibigay sa iyo ng doktor upang maiwasan ang pagkakasakit. Iniiisip nila na kapag hiniling natin sa Diyos na gawin tayong banal, binibigyan niya tayo ng "banal na bakuna" na pumipigil sa atin na maging makasalanan. Naniniwala sila na pagkatapos ng pagpabanal sa atin ng Diyos, mabubuhay tayo ng isang buhay na banal sa ating sariling lakas.

Hindi ibinigay ng Biblia ang larawang iyon. Sa halip, namumuhay tayo kay Kristo. Tayo ay banal dahil kay Kristo. Tayo ay naligtas dahil kay KristoHesus mula sa batas ng kasalanan at kamatayan (Mga Taga-Roma 8:2). Tayo ay pinagiging banal kay KristoHesus (1 Mga Taga-Corinto 1:2). Hindi tayo ginagawang banal sa pamamagitan ng ating desperadong pagsubok na tularan si Hesus sa ating sariling lakas. Ginagawa tayong banal sa pamamagitan ng pagpapasakop ng ating buhay kay Hesus. Kaya't ang Panginoon ang dapat ipagmalaki ng may ibig magmalaki (1 Mga Taga-Corinto 1:31).

Ipinatotoo ni Pablo:

Ako'y ipinakong kasama ni Cristo at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin, at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na sa akin ay nagmahal, at nagbigay ng kanyang sarili dahil sa akin. (Galacia 2:20).

Ang lihim ng isang buhay na banal ay hindi nakasalalay sa paggaya kay Hesus, kundi sa pagpapasakop sa kabanalan ni Hesus na makikita sa akin.
- Oswald Chambers

Ang patotoo ni Pablo ay maaaring isalin katulad nito: "Ang buhay na aking ipinapamuhay ngayon sa katawan ay ipinamumuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos." Hindi ipinagpaliban ni Pablo ang tawag sa kabanalan hanggang kamatayan. Nagpapatotoo si Pablo na nabubuhay siya sa banal na buhay "ngayon." Paano siya namuhay ng isang buhay na banal? Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos. Nakapamuhay si Pablo ng isang buhay na banal dahil lamang "hindi na ako ang namumuhay, kundi si Kristo na namumuhay sa akin."

Ang mga pananalita ni Pablo ay umaayon sa itinuro ni Hesus sa Juan 15.

Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin at ako'y sa kanya ay siyang nagbubunga ng marami. Sapagkat kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa. (Juan 15:5).

Ang kabanalan ay hindi isang bagay na natatanggap na hiwalay sa ating buhay kay Kristo; Ang kabanalan ay isang pakikipag-ugnayang dapat mapanatili. Tayo ay buhay habang tayo ay nananatiling konektado sa puno ng ubas. Namumuhay tayo ng isang buhay na banal sa

pamamagitan lamang ng ating buhay kay Kristo. Ang isang banal na Diyos ay nananahan sa atin at tayo ay banal habang tayo ay lumalakad kasama niya.

“Sapagkat kayo’y namatay na, at ang inyong buhay ay natatagong kasama ni Cristo sa Diyos.” (Colosas 3:3). Ang isang buhay na banal ay hindi nakakamit sa ating sariling lakas; ang isang buhay na banal ay nakatago sa Diyos kasama ni Kristo. Namumuhay tayo ng isang buhay na banal sa pamamagitan ng pamumuhay bawat araw na may pag-iisip ni Kristo. Habang tayo ay naglalakad kay Kristo, may kapangyarihan tayong mamuhay ng isang buhay na banal sa isang makasalanang mundo. Mayroon tayong kapangyarihan na maging banal sa pang-araw-araw na buhay. Ito ang kahulugan ng pagiging banal

Ang Pagsasabuhay sa Kabanalan: Pamumuhay ng Buhay na Matagumpay

Ang mensahe ng isang buhay na banal ay isang magandang mensahe. Gayunpaman, ang isang doktrina na hindi maaaring mamuhay sa pang-araw-araw ay may maliit na praktikal na halaga. Posible bang mamuhay ng isang buhay na tagumpay laban sa sinasadyang kasalanan o ang mensahe ng isang buhay na banal ay isang panaginip lamang?

Possible ba ang Tagumpay Laban sa Kasalanan?

Ipinangako ni Pablo na kayang-kaya nating pagtagumpayan ito sa tulong ni Kristo na nagmahal sa atin (Mga Taga-Roma 8:37). Tunay na kabilang sa pangakong ito ng isang matagumpay na buhay kay Kristo ay kabilang ang pagtatagumpay sa kapangyarihan ng kasalanan. Kung posible na mamuhay araw-araw ng matagumpay laban sa sinasadyang kasalanan, bakit napakaraming mga Kristiyano ang nabibigo na mamuhay nang matagumpay? Ano ang ilang dahilan ng pagkatalo sa espirituwal?

Tayo ay matatalo kung hindi tayo naniniwala na ang buhay na matagumpay ay posible

May mga Kristiyano ay hindi namumuhay sa isang matagumpay na buhay dahil sila ay kumbinsido na ang isang matagumpay na pamumuhay ay imposible. Narinig nila ang mga pangaral na nagtuturo na dapat tayong patuloy na mahulog sa sinasadyang kasalanan - at sila ay nawalan ng pag-asa sa anumang tagumpay laban sa kasalanan. Kung gusto nating mabuhay ng matagumpay laban sa kasalanan, kailangan nating seryosohin ang panawagan ni Juan: “Ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, upang kayo’y huwag magkasala.” (1 Juan 2:1). Sinulatan ni Juan nang may kumpiyansa ang mga Kristiyano na posible para sa kanila na mamuhay ng isang matagumpay na buhay. Dapat nating tanggapin ang pag-asa na ito ng may pananampalataya upang bigyan tayo ng kumpiyansa sa pagharap sa mga tukso.

Tayo ay matatalo kung magtitiwala tayo sa nakaraang espirituwal na karanasan o katatayuan sa iglesya

Tinitingnan ng ilang mga tao ang buhay na banal bilang isang-beses na karanasan na hindi nangangailangan ng pagpapatuloy ng disiplina o pagsisikap. Naniniwala sila na sa sandaling

pinatotohanan nila, "Nililinis ng Diyos ang aking puso sa pamamagitan ng pananampalataya at ginawa akong dalisay" wala nang dapat pang gawin. Gayunpaman, tulad ng ipinakita ni Pablo, dapat tayong patuloy na "magsikap hanggang wakas." Ang tagumpay laban sa kasalanan ay nangangailangan ng patuloy na disiplina. Dapat kong ipagpatuloy na sabihin ang "hindi" sa kasalanan upang maaari kong sabihin "oo" sa Diyos.

Ang ilang mga pangaral tungkol sa pagtukso kay Hesus ay nagtatapos sa pagtatagumpay ni Hesus sa tukso ni Satanas. Gayunpaman, tinapos ni Lucas ang kuwento sa isang mahalagang pahayag, "Nang matapos na ng diyablo ang lahat ng panunukso, lumayo siya sa kanya hanggang sa isa pang pagkakataon." (Lucas 4:13). Hindi ito ang huling pagkakataon na tinukso si Hesus. Kahit na ang Mga Ebanghelyo ay hindi nagtatala ng mga detalye ng mga tukso sa hinaharap, tinukoy ni Lucas na nagplano si Satanas na muling tutuksuhin si Hesus.

Hindi natin dapat ipagpalagay na matatag tayo sa isang espirituwal na kalagayan kung saan hindi tayo kailanman mahuhulog sa kasalanan. Sa halip, dapat tayong patuloy na magbantay sa ating mga katawan at isipan. Gusto ni Satanas ang pag-atake sa bawat sandaling napapabayaang natin ang ating pagbabantay. Ang buhay na banal ay nangangailangan ng maingat na pagbabantay

Ang mga pastor at pinuno ng iglesia ay maaaring matukso na umasa sa ating pampublikong katayuan para sa espirituwal na tagumpay. Maaari nating isipin na dahil nangangaral tayo ng katotohanan at nadarama ang pag-iingat ng Diyos na hindi tayo maaaring mahulog. Gayunpaman, posible na mangaral sa Linggo at mahulog sa tukso ni Satanas sa Lunes. Hindi tayo dapat magpahinga sa ating mga nakaraang karanasan o sa ating posisyon sa iglesia.

Tayo ay matatalo kung susubukan natin na ipamuhay ang buhay Kristiyano sa ating sariling lakas

Ang isang buhay na matagumpay ay hindi sa ating sariling kapangyarihan kundi sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang buhay na banal ay namumuhay *araw-araw* sa patuloy na kapangyarihan ng Espiritu. Hindi natin maabot ang punto kung saan tayo, sa ating sariling lakas, ay maaaring talunin ang mga tukso ni Satanas. Ipinagmamalaki ni Pedro, "Kahit tumalikod man ang lahat, ako'y hindi... ung kinakailangang mamatay akong kasama mo, hindi kita ipagkakaila." (Marcos 14:29-31). Naniniwala siyang makakaharap siya sa pag-atake ni Satanas sa kanyang sariling lakas. Agad siyang nabigo.

Gayunpaman, habang nabubuhay tayo sa kapangyarihan ng Espiritu, binibigyan niya tayo ng tagumpay sa tukso. Sa parehong paraan na hinarap ni Hesus ang tukso sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, maaari tayong makaharap sa tukso sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Muli, ang mga pastor at pinuno ng iglesia ay maaaring matukso na magtiwala sa ating sariling pagsisikap. Sa pangunguna natin sa pampublikong panalangin, maaari tayong

mabigo na maglaan ng oras na mag-isa kasama ang Diyos. Habang pinag-aaralan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa publiko, nalilimutan nating gumugol ng oras sa pakikinig sa Diyos na personal na nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng kanyang Salita. Hindi natin dapat pahintulutan ang ating mga pagsisikap sa ministeryo na mabawasan ang ating pag-asa sa isang personal na paglakad kasama ng Diyos at ang kapangyarihan ng kanyang Espiritu para sa espirituwal na tagumpay.

Kung Mahuhulog Tayo sa Kasalanan

Tinawag ni Juan ang mga mananampalataya sa isang buhay na matagumpay sa kasalanan. "Mga munti kong anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, upang kayo'y huwag magkasala." (1 Juan 2:1). Posible ang pamumuhay ng walang pagkabigo sa espirtual na buhay. Gayunpaman, si Juan ay nagbigay ng pag-asa sa mga taong nagkakasala, "Ngunit kung may magkasala man, mayroon tayong tagapamagitan sa Ama, siya ay si Hesup-Kristo, ang Matuwid" (1 Juan 2:1). Mahalaga ang balanse na ito - at madalas na hindi pinapansin.

Sa isang panig, may mga binibigyang diin lamang ang unang bahagi ng talatang ito: " Ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, upang kayo'y huwag magkasala." Ipinangangaral nila na maaari at dapat tayong mabuhay nang walang sinasadyang kasalanan. Gayunpaman, wala silang mensahe para sa mga nabigo sa isang sandaling kahinaan.

Sa kabilang dako, maraming nagbibigay diin lamang sa huling bahagi ng talatang ito: "Ngunit kung ang sinuman ay magkasala, tayo ay may Tagapagtanggol sa harap ng Ama, si Jesu-Cristo na siyang matuwid." Ipinapahiwatig nila na ang isang matagumpay na buhay ay imposible at kaya dapat tayong patuloy na mahulog sa kasalanan.

Si Pablo ay nagkaroon ng reaksyon sa pagkabigla. "Mali ito! Oo, ang katuwiran ay nagmumula lamang sa pamamagitan ng pananalig kay Kristo - ngunit hindi tayo iniwan ng Diyos sa makasalanang kalagayan kung saan niya tayo natagpuan. Basahin ang aking patotoo. Ang layunin ko ay 'upang makilala ko siya, at ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay at ang pakikisama sa kanyang mga kahirapan, na ako'y matulad sa kanya sa kanyang kamatayan' Ang layunin ko ay maging katulad ni Kristo. Ang bunga ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya ay *hindi* nagbibigay sa atin ng pahintulot upang mabuhay ng isang makasalanang buhay; ang kaligtasan sa pamamagitan ng

pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan upang maging katulad ni Kristo. Ang mapagmahal na Diyos ay nagbibigay kakayahan sa kanyang mga anak upang mamuhay ng buhay na banal sa pamamagitan ng Espiritung nananahan!” (Filipos 3:10).

► Suriin kung ano ang iyong natutunan tungkol sa kabanalan. Mayroon ka bang larawan ng kagandahan ng kabanalan? Naniniwala ba kayo na ang buhay na banal na ito ay ipinangako ng Diyos sa kanyang bayan?

Posible ba ang isang Buhay na Banal?

Sa kursong ito, nakita natin na iniutos ng Diyos sa kanyang bayan ang kabanalan. Ngunit maraming mga tao na nagbabasa tungkol sa hangarin ng Diyos na lumikha ng isang banal na tao ay tumutugon, “Hindi iyon para sa akin. Hindi ako maaaring maging banal.” Dapat bang mamuhay ang mga Kristiyano sa buhay ng araw-araw na pagkatalo at pagkabigo sa pag-asa? Dapat ba nating ayusin ang pagkabigo ng hindi pagtagumpay na maabot ang pinakamagandang layunin Diyos para sa atin? O maaari nating tamasahin ang dakilang layunin ng Diyos para sa kanyang bayan?

Pinatotohanan ng Salita ng Diyos na posible ang isang buhay na banal.

Mula kay Enoc hanggang sa mga Gentil na nagbalik-loob sa Tesalonica, itinuturo ng Bibliya na posible ang isang banal na buhay.

Sa Levitico at muli sa 1 Pedro, iniutos ng Diyos, “Magpakabanal kayo, sapagkat ako ay banal” (Levitico 19:2; 1 Pedro 1:15-16). Wala namang ibinibigay na utos ang Diyos nang hindi nagbibigay ng mga probisyon para sa pagsunod. Ang Diyos ay isang mapagmahal na Ama na hindi pinahihirapan ang kanyang mga anak dahil sa mga imposibleng utos. Bagaman hindi natin masusunod ang kanyang mga utos sa ating sariling kakayanan, ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan upang sumunod sa mga utos ng Diyos.

Sinabi ni Propesor Bill Ury, “Ang isang utos ay larawan kung sino ang Diyos at isang pangako kung ano ang maaari nating maging.”³⁸ Ang utos, “Ikaw ay magiging banal, sapagkat ako ay banal” ay nagpapakita kung sino ang Diyos; siya ay isang banal na Diyos. Ipinakikita rin ng utos na ito kung ano ang maaari tayong maging; maaari tayong maging banal.

Ipinakita ng mga Kristiyano sa buong kasaysayan na posible ang isang buhay na banal.

Ipinakita ng mga Kristiyano sa bawat henerasyon na ang isang banal na buhay ay pribilehiyo ng mga anak ng Diyos. “Ang mga tao mula sa lahat ng antas ng pamumuhay ay natagpuan ang kagalakan ng pagpapahinga sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Natagpuan nila ang kapayapaang nagmumula sa pagmamahal sa Diyos nang buong puso at pagmamahal sa kanilang kapwa gaya ng kanilang sarili.”

³⁸ Pakikipag-ugnayan sa Email, Hunyo 27, 2016.

Ang ibinigay sa atin ng Diyos na pagkagutom para sa kabanalan ay nagpapatunay na posible ang isang buhay na banal.

Ang bawat mananampalataya ay nagugutom para sa isang mas malapit na kaugnay kasama ng Diyos. Ang mga tunay na Kristiyano ay nagnanais na maging katulad ni Kristo. Ang Diyos ay nagtanim sa puso ng kanyang mga anak ng isang pagkagutom para sa isang mas malalim na relasyon sa kanyang sarili. Makatitiyak tayo na ang isang mapagmahal na Ama sa langit ay hindi ibibigay ang kagutuman nang hindi nagbibigay ng paraan upang masiyahan ang gutom na ito. Ang kabanalan ay ang masayang pribilehiyo ng bawat mananampalataya.

Posible ba sa Iyo ang Banal na Puso?

Maraming taon na ang nakalilipas, mayroong isang mahirap na nangangarap na tumawid sa karagatan sa pamamagitan ng barko. Inipon niya ang kanyang pera sa loob ng maraming taon hanggang sa nakabili siya ng isang tiket. Matapos magbayad para sa tiket, kakaunting pera ang natira sa kanya. Narinig niya ang tungkol sa masasarap na pagkain na inihahain sa mga barko sa karagatan, ngunit alam niya na ang mga pagkain ay magiging mahal. Upang makatipid ng pera, nagdala ang taong ito ng tinapay at keso sa kanyang maleta.

Araw-araw kapag pumupunta ang mga pasahero sa hapag kainan, ang taong ito ay pumupunta sa kanyang silid at kumain ng tinapay at keso. Masaya siyang sumakay sa barko, ngunit madalas niyang nais na masiyahan sa masarap na pagkain sa silid-kainan. Sa huling araw ng paglalakbay, nagpasya ang lalaki na kumain ng isang pagkain sa hapag-kainan. Kinuha niya ang bawat sentimos na mayroon siya, inaasahan na sapat na upang bumili ng isang pagkain. Sa kanyang pagkagulat, tinanong siya ng katiwala, "Nasaan ka? Inihanda namin ang iyong lugar sa hapag kainan sa buong linggo! Ang presyo ng mga pagkain ay kasama sa presyo ng iyong tiket. Nabayaran mo na ang halaga ng pagkain."³⁹

Maraming mga Kristiyano ay tulad ng taong mahirap na ito. Ang kagalakan ng isang buhay na banal, ang kapayapaan ng pamumuhay nang buong pagsuko sa Diyos, at ang tagumpay ng pamumuhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu - lahat ay ibinigay ng kamatayan ni Kristo sa krus. Binayaran ni Kristo ang buong presyo, ngunit nabubuhay tayo na hindi nararanasan ang ating mga pribilehiyo.

Kung ang isang banal na puso ay possible sa bawat mananampalataya, bakit kailangang mabigo ang sinumang Kristiyano na tamasahin ang pribilehiyong ito? Madalas nating pinahihintulutan si Satanas na linlangin tayo upang hindi maunawaan ang turo ng Biblia. Ang mga kasinungalingan ni Satanas ay pumipigil sa atin na tamasahin ang pribilehiyo na nais ng Diyos para sa kanyang mga anak.

³⁹ Ang kuwentong ito ay hinango sa John N. Oswalt, *Called to be Holy* (Nappanee: Evangel Publishing, 1999), 149-150

“Ang Pusong Banal ay Hindi Posible”

Ipinapalagay ng maraming Kristiyano na imposibleng magkaroon ng isang banal na puso. Nabasa nila ang mga utos at pangako ng banal na Kasulatan, ngunit sa palagay nila, “Iyan ay puwede kay Abraham, ngunit hindi ako maaaring maging isang ‘kaibigan ng Diyos.’”

Ang ilan sa nagsasabing, “Ang isang banal na puso ay imposible” ay nagsasalita mula sa masakit na karanasan. Sinubukan nilang mamuhay ng isang buhay na banal - at nabigo. Marahil ay sumunod sila sa mga panlabas na patakaran na nauugnay sa kabanalan; marahil sinubukan nilang kontrolin ang makasalanang mga saloobin at kilos sa pamamagitan ng mahigpit na disiplina sa sarili; marahil ay nagpatotoo pa sila sa isang dalisay na puso. Ngayon, napagpasyahan nila na imposible na maging banal dahil banal ang ating Panginoong Diyos.

Isipin ang isang tao na natutong gumaya ng mga huni ng ibon. Nagsanay siya hanggang sa maaari siyang humuni tulad ng isang ibon. Napakahusay niya na ang isang makaririnig sa kanya ay mag-iisip na may isang ibong kumakanta. Ngunit ang taong ito ay hindi isang ibon! Maaari niyang gayahin ang mga tunog o huni, ngunit hindi niya alam kung ano ang ibig sabihin ng mga tunog. Maaari niyang gayahin ang isang ibon, ngunit hindi niya alam kung ano ang nararamdaman ng isang ibon kapag kumakanta ito. Mayroon siyang mga panlabas na pagkilos; hindi niya naiintindihan ang panloob na katotohanan.

Maraming mga Kristiyano ang natutunan ang wika at maging ang mga aksyon ng isang taong banal. Sinasabi nila ang mga salita, ngunit wala silang karanasan sa kanilang puso. Ipinalit nila ang mga panlabas na pagkilos para sa panloob na katotohanan. Ito ay humantong sa pagkabigo at pagkalito.

Ano ang sagot sa kasinungalingan ni Satanas, “imposible ang isang banal na puso”? Dapat tayong magkaroon ng pananalig sa mga pangako ng Diyos. Dapat tayong maniwala na bibigyan tayo ng ating mapagmahal na Ama ng kakayanang sundin ang kanyang utos.

Oo, ikaw at ako ay mga nilalang na mahuhulog sa kasalanan na hindi kailanman makakamit ang banal na pagiging perpekto ng Diyos. Ngunit inutusan tayo ng Diyos, “Maging banal.” Sa kabila ng ating likas na pagkamakasalanan, mapagkakatiwalaan natin ang isang mabuting Diyos na magbibigay ng biyaya at kapangyarihan na nagbibigay-kakayahan sa atin upang sundin ang kanyang utos.

“Hindi ako gutom para sa isang pusong banal”

Nakalulungkot, ang ilang mga nag-aangking Kristiyano ay hindi nagugutom sa kabanalan. Sinasabi nila na Kristiyano sila, ngunit mayroon silang kaunti o walang pagnanais na lumago sa larawan ni Kristo.

Si Jesse ay nagsasabing siya’y isang Kristiyano, ngunit kaunti lamang ang interes na ipinapakita niya para sa isang buhay na banal. Patuloy siyang nagsasagawa ng mga sinasadyang kasalanan; nabubuhay siya tulad ng pamumuhay bago siya nakakilala kay

Kristo. Sa aming pagbisita, binanggit ni Jesse ang ilang mga tao na mas maingat tungkol sa kung paano sila nabubuhay. Ang kanilang mga saloobin ay mapagmahal; ang kanilang mga aksyon ay nagpapakita ng kanilang pagnanais na kalugdan sila ng Diyos. Mayroon silang mga banal na puso at banal na kamay.

Kinomento ni Jesse ang tungkol sa kanilang pagkagutom sa kabanalan at pagkatapos ay sinabi, "Wala akong pakialam sa pagiging banal. Sinabi sa akin ng aking pastor na kung nagsisi ako para sa aking mga kasalanan at naniwala kay Hesus bilang aking Tagapagligtas, pupunta ako sa langit. Ang pagpunta sa langit ang aking pinapahalagahan. Hindi ko na kailangan ng higit pa doon!"

Ano ang problema ni Jesse? Wala siyang kagutuman para sa kabanalan. Mukhang kaunti lamang ang pagkaunawa ni Jesse sa kahulugan ng pagiging isang Kristiyano. Ang isang taong ipinanganak na muli ay dapat magnais na maging katulad ni Kristo. Ang isang tunay na Kristiyano ay dapat magutom para sa isang banal na puso.

Ano ang sagot kung hindi ka gutom para sa isang banal na puso? Marahil ay totoong isinilang kang muli, ngunit nabigo ka sa mga nakaraang karanasan, nainis ng mga mapagkunwari na nagsasabing banal, o hindi pa nakakita ng mensahe ng isang banal na puso sa Banal na Kasulatan. Kung gayon, hilingin sa Diyos na bigyan ka ng pagkagutom para sa isang banal na puso.

"Sapat ang aking pagiging banal"

Marahil ang pinaka-mapanganib na kasinungalingan na masasabi natin sa ating sarili ay, "Sapat ang aking kabanalan." May mga tao na naniniwala na banal sila dahil sa paraan ng pananamit, pagiging miyembro ng isang iglesya, o isang espirituwal na kaloob na taglay nila. Sa sandali na paniwalaan natin na "Sapat na ang ating kabanalan," wala nang karagdagang paglago sa kabanalan.

Ang isang hindi maikakailang tanda ng isang taong banal ay ang pagnanais na lumago sa kabanalan. Wala akong nakitang mga halimbawa sa Banal na Kasulatan o kasaysayan ng iglesya ng isang banal na nagsasabing, "Sapat na ang aking kabanalan." Mas malalim ang paglago ng isang tao sa pagiging katulad ni Kristo, mas lalo siyang nagugutom para sa higit na paglago.

Ang mga taong lumalakad nang malapit sa Diyos ay nagsasabi, "Masaya ako sa aking paglakad kasama ng Diyos, ngunit nais kong lumakad nang mas malapit na kasama niya!" Ang taong banal ay nagagalak sa pakikisama sa Diyos, ngunit naghahanap pa siya ng higit pang mas malapit na kaugnayan sa Diyos. Nagsasaya sila sa kanilang paglago sa pagiging katulad ng imahen ni Cristo. Ipinanalangin din nila na patuloy silang gawin ng Diyos na higit pang katulad ni Kristo.

Ano ang sagot sa isang mababaw na pagpapahayag ng kabanalan? Kung niloloko mo ang iyong sarili sa isang maling kasiyahan, ang sagot ay ang pagpapakumbaba sa harap ng perpektong kabanalan ng Diyos. Kung nakikita mo ang kanyang perpektong kabanalan,

hindi ka makukuntento sa isang mababaw lamang na pagpapahayag ng kabanalan. Nang makita ni Isaias ang Panginoon na nakaupo sa isang trono, itinaas sa pinakamataas at kataastaasan nakita niya ang kanyang sariling pangangailangan sa kabanalan:

Kahabag-habag ako! Ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruruming labi, at ako'y naninirahan sa gitna ng bayan na may maruruming labi; sapagkat nakita ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo! (Isaias 6:1, 5).

Nang makita ni Isaias ang perpektong kabanalan ng Diyos, nalaman niya ang kanyang sariling pangangailangan para sa kabanalan. Ang lunas para sa mababaw na pagpapahayag ng kabanalan ay isang mas malalim na pagka-unawa sa Diyos. Kapag nakikita natin ang Diyos, nagkakaroon tayo ng higit na kagutuman para sa isang banal na puso. Kung mas nakikita natin ang Diyos, mas gugustuhin nating maging katulad niya.

Ang Landas patungo sa Kabanalan

Paano tayo magiging katulad ni Kristo? Bilang isang mananampalataya na nagnanais na mapuno ng buong kapuspusan ng Diyos, paano mo matatanggap ang napakagandang regalo na ito? Ano ang landas sa isang banal na puso?

Hindi natin kailangang magpakahirap upang mahanap ang landas sa kabanalan sa ating sarili. Ang Salita ng Diyos ay nagpapakita ng landas tungo sa isang buhay na banal.

Paunang Pagpapabanal

Mula sa sandali ng iyong bagong kapanganakan, ang Banal na Espiritu ay naninirahan na sa iyo (Mga Taga-Roma 8:1-2, 9-11). Sa isang iglap, lumipat ka mula sa kadiliman patungo sa liwanag. Mula sa puntong iyon, inilarawan ka ng Bagong Tipan bilang isang santo o isang "taong pinabanal."

Kahit na maaari ka pa ring makibaka sa tukso, binibigyan ka ng Banal na Espiritu araw-araw ng tagumpay laban sa sinasadyang kasalanan. Nakikita ng mga tao sa paligid mo ang pagbabagong-anyo habang nabubuhay ka sa iyong bagong buhay kay Kristo. Magalak ka sa ginawa ng Diyos!

Paglago sa Pagpapabanal

Sa pagsunod mo kay Kristo, binabago ng Banal na Espiritu ang iyong panloob na espiritu. Habang ikaw ay lumalakad sa pamamagitan ng Espiritu, hindi mo na binibigyang-kasiyahan ang mga hinahangad ng laman (Galacia 5:16). Ang mga dating tukso ay nawalan ng hawak sa iyo. Ang pagsunod sa Diyos ay nagdudulot sa iyo ng pangmatagalang kagalakan.

Gayunpaman, nakikita mo ang mga lugar ng pakikibaka. Sinusunod mo ang Diyos, ngunit kung minsan ay may pakikibaka sa pagitan ng mga utos ng Diyos at ng iyong panloob na mga hangarin. May isang pakikibaka sa pagitan ng iniutos ng Diyos at ng iyong makasariling kalooban. Nahihirapan kang mahalín ang Diyos nang lubusan at mahalín ang iyong kapwa. Nalalaman mo na mayroon kang isang "nahahating puso."

Kadalisayan ng Puso

Habang inilalantad ng Diyos ang mga bahagi ng buhay mo na nangangailangan ng mas malalim na paglilinis, magsisimula kang magkaroon ng kagutuman para sa pangako ng 1 Mga Taga Tesalonica 5:23. Sisikapin mong maunawaan ang katotohanan ng panalangin ni Pablo, “Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan” Magsisimula kang magtanong sa Diyos, “Mayroon pa po ba kayong nais gawin sa aking buhay? Maaari ba akong maging dalisay? Ang akin bang mga nasasaloob na mga pagnanais ay maaarig mabago hanggang sa hindi na ako nahihirapang sumunod sa Panginoon ng lubusan?”

Ang mga Kristiano sa buong kasaysayan ay nananalangin na bigyan sila ng Diyos ng isang pusong dalisay. Batay sa 1 Mga Taga Tesalonica 5:23, ang ilang mga tao ay gumamagamit din ng salitang “buong pagpapakabanal” para sa mga karanasan.⁴⁰ Ang iba naman ay tinatawag itong “mas malalim na buhay.” Ang ilan ay tinukoy ito bilang ang kapuspusan ng Espiritu. Ginamit ni John Wesley ang salitang “perpektong pagmamahal.” Anuman ang salitang ginagamit, ito ang likas na pagkauhaw ng isang anak ng Diyos na nagnanais na lumago sa pagkakatulad kay Kristo.

Habang idinadalangin mo ang mas malalim na kaugnayang ito, maaari mong makita ang tatlong bahagi kung saan ka aakayin ng Diyos. Hindi ito ang condemnation na naranasan mo noong hindi ka pa mananampalataya; anak ka na ng Diyos! Sa halip ito ang mga bahagi kung saan tinatawag ka ng Diyos upang magkaroon ng banal na puso.

Tatawagin ka ng Diyos sa lubos na pagsunod

May mga mananampalataya na nakikibaka na magkaroon ng banal na puso dahil patuloy pa silang nakikibaka sa ilang bahagi patungkol sa pagsunod. Hindi tayo makalalakad sa malapit na relasyon sa Diyos kung hindi tayo lalakad nang may pagsunod.

Walang tunay na Kristiyano ang namumuhay sa sinasadyang pagrerebelde laban sa mgautos ng Diyos. Gayunman, maraming Kristiyano ang nakakita ng paraan o dahilan o ikaila (maging sa kanilang sarili) ang ilang bahagi ng kawalang-ingat. Hindi nila kailanman sasabihin, “Diyos, hindi kita susundin,” subali’t sinasabi nila, “Diyos, iniisip ko na hindi ito ganoon kahalaga upang pag-isipan.” Basta hindi na lang nila pinapansin ang ilang bahagi ng pagsuway. Kung nais nating maging bayang banal ayon sa pagkatawag ng Diyos sa kanyang bayan, dapat natin siyang sundin sa *lahat ng bahagi* ng ating buhay.

Bilang mga taong nahulog sa kasalanan, nilililang natin maging ang ating sarili tungkol sa lalim ng ating mga kasalanan. Dahil dito, nanalangin ang sumulat ng Mga Awit:

Siyasatin mo ako, O Diyos, at alamin mo ang aking puso;
subukin mo ako, at alamin mo ang mga pag-iisip ko!
At tingnan mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin,

⁴⁰ Ang “lubos” ay isa pang termino para sa “ganap,” ang salitang ginamit sa 1 Mga Taga Tesalonica 5:23. Hindi ito nangangahulugang “ganap na kahustuhan;” ito’y nangangahulugang ganap na kadalisayan at paglilinis.

at patnubayan mo ako sa daang walang hanggan. (Mga Awit 139:23-24).

Ipinanalangin ng Salmista na siyasatin ng Diyos ang kanyang puso at ipakita ang kalagayan ng kanyang puso. Nalaman niyang hindi natin lubusang kayang unawain ang nilalaman ng ating sariling puso. Ngunit habang tayo ay nagnanais na “mapuspos ng buong kapuspusan ng Diyos,” ipapanalangin nating ipakita ng Diyos ang bawat aspeto ng ating buhay na nanatiling marumi.

Ipinanalangin ni David, “Patawarin mo ako sa mga pagkakamaling di nalalaman.” (Mga Awit 19:12). Alam niyang maaari nating itago ang katotohanan ng kasalanan maging sa ating sarili. Ngunit ang Diyos lamang ang maaaring maglagay ng liwanag sa lihim ng ating mga puso.

Habang hinahangad mong magkaroon ng malinis na puso, matutuklasan mong ipapakita sa iyo ng Diyos ang mga aspeto kung saan ang iyong mga pag-uugali at pagkilos ay hindi sumasalamain sa Kanyang larawan. Dahil nais mong maging katulad ni Cristo, kusang-loob mong aaminin ang mga aspetong ito at susundin ang tawag ng Diyos sa ganap na pagsunod.

Tatawagin ka ng Diyos sa isang Pusong Isinuko

Habang hinahanap mo ang isang dalisay na puso, tinatawag ka ng Diyos na isuko ang bawat aspeto ng iyong buhay sa kanya. Ito ay higit pa sa pagsasabi ng “Hindi” sa panlabas na tukso. Ito ay isang buong paglalaan ng iyong sarili sa Diyos. Ito ay isang buong pagsuko ng iyong kalooban sa kalooban ng Diyos.

Tinawag ni Pablo ang mga Kristiyano sa Mga Taga-Roma upang ibigay ang kanilang sarili bilang isang buhay na handog, banal at katanggap-tanggap sa Diyos (Mga Taga-Roma 12:1). Ito ang mga Kristiyanong namumuhay sa pagsunod sa Diyos, ngunit tinawag sila ni Pablo sa mas malalim na pagsuko sa Diyos. Hinikayat sila ni Pablo na sabihin ang walang hanggang oo sa Diyos. Hinikayat niya sila sa lubos na pagsuko.

Ipinakita ni Oswald Chambers ang kahalagahan ng lubusang pagsuko sa layunin ng Diyos.

Upang maging kaisa ni HesuKristo, ang isang tao ay dapat na maging handa hindi lamang isuko ang kasalanan, kundi pati na rin isuko ang kanyang buong paraan ng pagtingin sa mga bagay. Ang pagiging isinilang na muli ng Espiritu ng Diyos ay nangangahulugan na handa tayong bitiwang ang isang bagay bago natin mahawakan ang ibang bagay?...

Kasama ng bawat hakbang ng prosesong ito, kailangan naming isuko ang ating mga pag-aangkin sa ating mga pansariling karapatan. Handa ba nating isuko ang ating paghawak sa lahat ng ating tinataglay, ating mga hangarin, at lahat ng iba pa sa ating buhay? Handa na ba tayong makilala sa pagkamatay ni HesuKristo?

Ang
pinakamalakingkrisissa
buhayKristiyano ay
ang lubosnapagsusuko
ng atingkalooban.

Oswald Chambers

Kung nahaharap ka sa tanong kung susuko ka ba o hindi, tiyaking magpatuloy sa krisis, isuko ang lahat ng mayroon ka at ang buong ikaw sa kanya. At bibigyan ka ng Diyos ng kakayahang gawin ang lahat ng hinihiling niya sa iyo.⁴¹

Si George Matheson ay isang pastor na Scottish Presbyterian na natagpuan sa kanyang puso ang pagtutol sa kalooban ng Diyos. Gutom siya para sa isang di-nahahating puso na sumuko sa Diyos. Kaya't ipinanalangin niya ang panalanging ito ng pagsuko:

Gawin mo akong bihag, Panginoon, At ako'y magiging malaya. Pilitin mo akong iwan ang aking espada, At ako'y magiging manlulupig. Ako'y lumulubog sa mga hamon ng buhay Kapag sa pagtayo ako'y nag-iisa; Ikulong mo ako sa iyong mga bisig, At magiging malakas ang aking mga kamay.⁴²

Naunawaan ni Matheson na sa lubos na pagsuko, matatagpuan natin ang tagumpay. Kapag ibinigay natin ang ating sarili bilang isang bihag sa Diyos, pinalalaya niya tayo mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Kapag mahina tayo na dapat tayong humawak sa mga bisig ng Diyos, pinalalakas niya tayo. Natatagpuan natin ang ating pinakamalaking tagumpay kapag naabot namin ang punto ng buong pagsuko sa Diyos.

Tatawagin ka ng Diyos upang magtiwala sa kanya sa pananampalataya

Kung sumuko ka nang ganap sa Diyos, mapagkakatiwalaan mo siya na gawin kang banal sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya (Mga Gawa 15:9).

Bilang isang makasalanan, lumapit ka kay Kristo na walang kahit ano. Itinapon mo ang iyong sarili sa kanyang awa. Sa pamamagitan ng pananampalataya, tinanggap mo ang kanyang libreng alok ng kaligtasan, at ginawa ka niyang isang bagong nilalang.

Sa parehong paraan, habang nagugutom ka para sa isang banal na puso, dapat kang lumapit kay Kristo nang may pananampalataya. Ang Diyos na tumawag sa iyo sa kabanalan ay gagawin kang banal. Maaari kang maniwala na ang pangako niya ay para sa iyo. Ang panalangin ni Paul, "Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan" ay maaaring maging katotohanan sa iyong buhay. Maaari mong pagtiwalaan ang mga pangako ng Diyos. "Tapat ang sa inyo'y tumatawag, na gagawa rin naman nito" (1 Tesalonica 5:23-24).

Isaias 6 –Isang Kuwento ng paglilinis

"Banal, banal, banal" ang sigaw ng mga anghel, habang si Isaias ay nanginginig! Kailangang makita ni Isaias ang kanyang sarili bilang "marumi" bago ipagkatiwala sa kanya ng isang banal na Diyos ang kaluluwa ng buong bansa.

⁴¹ Oswald Chambers, My Utmost for His Highest (March 8 entry). Accessed from <https://utmost.org/the-surrendered-life/> on March 28, 2020.

⁴² George Matheson, "Make Me a Captive, Lord," accessed from https://library.timelesstruths.org/music/Make_Me_a_Captive_Lord/ June 1, 2020.

Nang makita ni Isaias ang kanyang sariling puso, siya ay umiyak, "Kahabag-habag ako! Ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruruming labi" Nakita niya ang lalim ng kanyang pagiging makasalan. Subali't hindi siya iniwan ng Diyos sa nakakikilabot na kalagayang ito.

Nang magkagayo'y lumipad papalapit sa akin ang isa sa mga serafin na may baga sa kanyang kamay na kanyang kinuha ng mga sipit mula sa dambana. Inilapat niya ito sa aking bibig, at nagsabi, "Ngayong lumapat ito sa iyong mga labi, ang iyong kasamaan ay naalis na, at ang iyong kasalanan ay pinatawad na." (Isaias 6:6-7)

Ang paglilinis ay madalas na masakit. Naririnig mo ba ang sakit habang idinidikit ng anghel sa mga labi ni Isaias ang nagniningas na baga? Ito ay hindi murang biyaya; ang paglilinis ay may kasamang sakit.

Gayunman, ang kwentong ito ay nagtuturo ng isang kamangha-mangha at nakakalakas ng loob na katotohanan. Kung hahayaan natin siya, gagawin tayong banal ng Diyos. Ang layunin ng Diyos ay hindi pahirapan si Isaias; ang layunin ng Diyos ay linisin si Isaias. Ang layunin ng Diyos para sa kanyang bayan ay *maaaring* maganap. *Maaari* tayong maging malinis.

Patuloy na Paglago sa Kabanalan

Nanalangin si Pablo, "Pakabalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan" Patuloy pa niya, "At ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo." (1 Tesalonica 5:23). Ang inyong paglago sa pagiging kawangis ni Kristo ay magpapatuloy hanggang sa pagdating ng ating Panginoong Hesu-Kristo. Habang ikaw ay lumalakad kasama ng Diyos, ikaw ay magpapatuloy na nababago tungo sa imahen ng Diyos (2 Mga Taga-Corinto 3:18). Ikaw ay lalago sa kabanalan. Magpapatuloy ka sa masayang pagsuko sa kalooban ng Diyos. Lalakad ka sa patuloy at sinasadyang pagsuko sa Diyos.

Isipin ang araw ng iyong kasal. Sa iyong pag-aasawa, gumawa ka ng panghabambuhay na pangako. Hindi mo itinatanong bawat umaga, "Kasal pa ba ako ngayon? May bisa pa ba ang tipan ng kasal?" Ginawa mo ang isang minsanang panghabangbuhay na pangako. Ang tanging paraan na masisira mo ang tipan ay sa pamamagitan ng pagtalikod sa mga panata na ginawa mo sa iyong kasal.

Sa bawat araw ng inyong pagiging mag-asawa, nabubuhay ka ayon sa pangako na ginawa mo sa iyong kasal. Kapag nahaharap sa isang desisyon, pipiliin mong kumilos nang may pagmamahal sa iyong asawa. Ang minsanang pangako ng pagtatalaga ay ipinamumuhay sa pang-araw-araw na buhay.

Sa parehong paraan, ang iyong pagsuko sa Diyos ay isang panghabangbuhay na pagtatalaga ng sarili. Hindi mo kailangang magtanong sa bawat araw, "Nakasuko pa ba ako sa Diyos?" Sa halip, sa bawat araw ay nabubuhay ka ayon sa pangako na ginawa mo nang sumuko ka nang lubusan sa Diyos.

Isang mahusay na mangangaral ng Scottish na si Horatius Bonar, ang sumulat tungkol sa patuloy na paglago bilang isang taong banal.

Ang isang buhay na banal ay binubuo ng maraming maliliit na bagay. Mga maliliit na salita, hindi mabubulaklak na pananalita o pangaral; ang maliliit na gawa, hindi mga himala, o mga labanan, o ang isang dakilang kilos ng kabayanihan o makapangyarihang pagkamartir, ang bumubuo sa tunay na buhay Kristiyano. Ang isang dakilang buhay ay binubuo ng maliliit ng bagay.⁴³

Ito ang pang-araw-araw na buhay ng kabanalan. Namumuhay ka ng isang buhay na banal hindi sa iyong sariling kapangyarihan, ngunit sa kapuspusan ng Banal na Espiritu. Ang isang buhay na banal ay tungkol sa isang relasyon ng hindi nahahating pag-ibig sa Diyos. Ito ay tungkol sa isang pagnanasa sa kanya. Ito ay nagnanais sa kanya nang higit sa lahat. Ang pagnanasang ito ay mag-aakay sa iyo sa isang patuloy na pagpapalalim ng relasyon sa Diyos.

Sa buong kasaysayan ng tao, sinubukan ng tao na mabuhay nang hiwalay at di-umaasa sa Diyos. Tinukso ni Satanas si Eba gamit ang pangakong, "Kayo'y magiging kagaya ng Diyos" (Genesis 3:5). Sa Babel, ang mga tao ay nagpasya na magtayo para sa kanilang sarili ng isang lungsod at isang tore na may tuktok sa kalangitan, at para gumawa ng pangalan para sa kanilang sarili (Genesis 11:4). Sa kanyang pagkamakasarihan, nais ng tao na mamuhay nang hiwalay sa Diyos. Sa kabaligtaran, ang isang buhay na banal ay pamumuhay nang may buong pag-asa sa Diyos.

Ang kabanalan ay pag-aari ng Diyos; ikaw at ako ay banal *lamang* habang tayo ay nabubuhay sa patuloy na pakikipag-ugnay sa kanya. Hindi ka makakaabot sa puntong masasabi mo, "Ako ay banal sa aking sariling lakas." Sa halip, dapat mong sabihin, "Sa araw na ito, binibigyan ako ng Banal na Espiritu ng lakas upang mamuhay ng isang buhay na banal. Ngayon, binabago ako ayon sa kanyang larawan. Ngayon, sinusunod ko ang Diyos ng pusong lubos na nagmamahal sa kanya. Ngayon, minamahal ko ang aking kapwa sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ngayon, ginagawa ako ng Banal na Espiritu kung ano ang pagkatawag sa akin ng Diyos. Ngayon, tinutupad ng Diyos ang kanyang layunin sa akin." Ito ang buhay ng kabanalan.

Sampung Praktikal na Paraan Upang Linangin ang Araw-araw na Buhay ng Kabanalan

Ang isang di-nagbabago, at mabungang buhay na may kabanalan ay nangangailangan ng habambuhay na pagpapalago at pangangalaga.⁴⁴ Ang paglilinis ng puso ay hindi ang wakas ng ating pagsisikap para sa kabanalan. Tayo ay katulad ng mga piloto na naiayon na ang

⁴³ Horatius Bonar, *God's Way of Holiness* (Chicago: Moody Press, 1970), 125-126.

⁴⁴ Ang bahaging ito ay inangkop mula sa isang aralin ni Rev. Timothy Keep.

eroplano sa lalapagan ng eroplano, subali't kakailanganin pa ring gumawa ng maraming pagtutuwid bago pa tuluyang mailapag ang eroplano.

Ang espirituwal na kamatayan sa sarili ng isang Kristiyano ay isang kamatayang nakabubuhay—nagpapatuloy na kamatayan. Ang ating sakripisyo ay isang buhay na sakripisyo—nagpapatuloy na sakripisyo. Ang mga salitang naglalarawan tulad ng “mamatay sa sarili” ay nakaukol lamang sa pagtuturo sa atin ng katotohanang espirituwal, subalit dapat tayong maging maingat na hindi tayo lalayo mula sa Salita ng Diyos. Ang isang dalisay na puso ay hindi siyang dulo ng ating pagsisikap sa kabanalan. Ang pusong dalisay at isang kaloobang isinuko ay magbibigay sa atin ng mas mabuting kakayahan para sa paglalakbay na ito, subali't mayroon tayong buong buhay na lalakbayin!

Ang buhay na puspos ng Espiritu ay isang buhay ng paglago at tuloy-tuloy na pagpapaging-banal. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tayo ay patuloy na binabago mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian (2 Mga Taga-Corinto 3:18). Narito ang praktikal na payo sa mga nagnanais ng lumalalim na buhay na may kabanalan (1 Mga Taga-Corinto 6:11).

(1) Manatiling wasak ang iyong espiritu

Ang isang tunay na buhay na may kabanalan ay may **nagpapatuloy na pagsisisi** (Mateo 6:12) habang nagpapatuloy ang Diyos sa pagsasaayos ng ating mga pangit sa kaanyuan at itumpak iyon sa atin para sa perpektong imahen ni Kristo. Ang paraan upang mapanatili ang ngiti ng Diyos sa ating mga buhay ay ang mabilis na pag-amin sa ating mga kakulangan at lumakad sa liwanag na ibinibigay ng Diyos para sa atin (1 Juan 1:7).

(2) Tanggapin ang pagtutuwid ng Diyos.

Nilinaw ng sumulat ng aklat ng Hebreo na ang **pagtanggap**, sa halip na **pagtanggap**, sa pagtutuwid ng ating Ama sa Langit ang magbibigay sa atin ng pagkakataon na “makibahagi sa kanyang kaluwalhatian (Hebreo 12:10). Walang sinumang natutuwa sa banal pagsaway mula sa Diyos lalo na karaniwan itong nanggagaling o dumadaan sa pamamagitan ng mga ordinaryong tao na sila mismo ay may mga sariling pagkukulang na kailangang ituwid. Ang bawat isa sa atin ay may tendency na isaisantabi ang mga masasakit na pagtutuwid, laluna kung ito'y nagmumula sa isang makasalanang asawa o makasalanang lider espirituwal na inilagay ng Diyos bilang awtoridad na mamamahala sa atin. Subali't ang pagdisiplina ang isa sa pinakamalakas na kasangkapan ng Diyos upang alisin, baguhin at kinisin ang magagaspang na bahagi ngating pagkatao upang mahubog tayo sa imahen ni Kristo.

Kapag dumating tayo sa sandaling hindi na matanggap ang pagtutuwid, maging ito'y mula sa mga taong mas mababaw pa ang kalagayang espirituwal, umalis na tayo sa pataas na landas ng kabanalan.

(3) Iharap ang iyong sarili bilang pang-araw-araw na handog sa Diyos

Ipinaaalala ni Pablo sa atin na dapat nating ihandog an gating mga katawan, kabilang ang lahat nitong mga kagustuhan at naisin, sa Diyos bilang buhay na sakripisyo (Mga Taga-Roma 12:1).. Ang ating mga katawan na sa simula'y naging "mga instrumento para sa kawalang-katwiran" ngayon ay nababago sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos tungo sa pagiging instrumento para sa katuwiran (Mga Taga-Roma 6:13).

Ipinakita ni Pablo ang nagpapatuloy na prosesong ito sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagpapasakop sa Diyos sa isang graphic na larawan ng buhay Kristiyano. Sinabi niya, "Sapagkat kayo'y namatay na, at ang inyong buhay ay natatagong kasama ni Cristo sa Diyos." Nagpatuloy siya sa pag-uutos na "Patayin ninyo ang anumang makalupa na nasa inyo " (Colosas 3:3,5). Gawin ninyo ito at kayo'y makakaranas ng higit at higit pang biyaya.

(4) Pagbulayan ang Kasulatan araw-araw

Ang pagpapaging-banal, at katauhang katulad ni Kristo ay hindi bunga ng isang sandali lamang kundi ito'y bunga ng habambuhay na pagbubulay at pagsunod sa Salita ng Diyos. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad na sila'y nilinis sa pamamagitan ng Salita. "Kayo'y malilinis na sa pamamagitan ng salita na aking sinabi sa inyo." (Juan 15:3). Pagkatapos ipinanalangin ni Hesus na sila'y patuloy na pinapagiging-banal sa pamamagitan ng Salita. "Pabanalin mo sila sa katotohanan; ang salita mo ay katotohanan." (Juan 17:17). Tinutupad ng Diyos ang kanyang dumadalisyay at naglilinis na gawwin sa pamamagitan ng Kanyang Salita na patuloy na sinusunod.

(5) Ibihis ninyo araw-araw si Hesus.

Ang banal na buhay ay tinatanggap sa pamamagitan ng pagbibihis sa ating sarili ng mga ugali at kabutihan ni Kristo. "Kundi isuot ninyo ang Panginoong Jesu-Cristo" (Mga Taga-Roma 13:14). Ang phrase na "isuot" ay nangangahulugang mag-isip tulad ni Hesus, na gayahin ang kanyang espiritu at kumilos nang katulad niya. Araw-araw dapat piliin ng mga mananampalataya na maging katulad ni Hesus sa kanyang banal na pag-ibig, tuwa, kapayapaan, pagpapatawad, kahinahunan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, at pagpipigil sa sarili.

(6) Huwag gumawa ng daan para sa laman

Pagkatapos ibihis si Hesus dapat tayong maging maingat na "huwag gumawa ng daan para sa laman, upang bigyang kasiyahan ang mga pagnanasa nito" (Mga Taga-Roma 13:14). Posible bang muling manaig ang interes na pansarili sa isang pusong puspos ng Banal na Espiritu? Kung hindi ito possible, hindi sana ibinigay ni Pablo ang paalalang ito. Habang tayo ay nabubuhay, dapat nating piliin ang kababaang-loob. Ang bawat lalaki at babaeng kontrolado ng Espiritu ay nakakaalam na ang pagiging maka-Diyos ay napananatili lamang sa pamamagitan ng maingat na paglilinang, patuloy na pagtuon ng atensiyon, at mapagbantay na pananalangin. Kung ang laman ay hindi mananatiling nakapako sa krus, ito'y muling babangon at magbubunga ng pagkatalong espirituwal, tulad ng lalaki mula sa

Africa na hindi mapigil ang mga aso sa pagkagat sa kanyang mga binti dahil lumalakad siya nang may karne sa kanyang bulsa!

(7) Baguhin ang iyong isipan araw-araw.

Ang iyong isipan ang sentrong pinagmumulan ng iyong buhay at ang sekreto ng kanyang pagbabago. Napakalaki ng awtoridad ng iyong isipan sa iyong buhay kaya't ikaw ay mahuhubog ng anumang bagay na pinipili mong pagtuunan ng iyong isipan. Itinuro ni Pablo, "Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito; kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kasiya-siya, at lubos na kalooban ng Diyos." (Mga Taga-Roma 12:2).

(8) Isuot ninyo ang buong baluti ng Diyos

Ang perpektong plano ng Diyos para sa bawat mananampalataya ay ang tayo'y tumayo laban sa mga schemes ng diablo (Efeso 6:11). Magagawa natin ito sa araw-araw na pagsusuot ng baluti ng Diyos—katotohanan, katwiran, kahandaan, pananampalataya, katiyakan ng kaligtasan, at ang Salita ng Diyos. Panatilihin mong nakasuot ang baluti dahil hindi natin kayang talunin ang kaaway kung sa sarili lamang natin!

(9) Magkaroon ng nagpapatuloy na kamalayan sa Banal na Espiritu

Kung nais mong maging banal, kailangan mong anyayahan ang Banal na Espiritu upang puspusin ka at linisin ang bawat bahagi ng iyong buhay: ang iyong sala (ang silid ng iyong buhay panlipunan at paglilibang), ang iyong silid-tulugan (ang silid ng iyong buhay moral at seksuwalidad), ang iyong kusina (ang silid ng iyong mga kagustuhan at mga pagnanasa), ang iyong opisina (ang silid ng iyong mga pagpapasyang pampinansiyal at pangnegosyo). Maraming beses, tayo'y nahihirapang magpakabanal dahil nabibigo tayong malinangang kamalayan sa Banal na sa bawat sandali at buong katapatang hilingin ang "pangako ng Ama", na ikinalulugod na ipagkaloob ni Hesus. Marahil ang pagkatakot ay bahagi ng ating pag-aatubili na humingi. Hindi tayo dapat matakot. Ibinigay ni Hesus ang kamanghamanghang pangakong ito: "Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa langit na magbibigay ng Espiritu Santo sa mga humihingi sa kanya?" (Lucas 11:13).

(10) Mamuhay sa biyaya

Sinabi ni Hesus, "Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin at ako'y sa kanya ay siyang nagbubunga ng marami. Sapagkat kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa." (Juan 15:5). Tayo ay pinagiging-banal dahil tayo ay sa puno ng ubas. Ang puno ng ubas ang siyang nagbubunga. Tayo ay nagiging mas higit na mabunga hindi sa pamamagitan ng pagsisikap na maging mabuti kundi sa pamamagitan ng pagkapit kay Hesus.

Maraming Kristiyano ang nagtitiis ng matinding pag-aalala patungkol sa kanilang paglakad kasama ng Diyos. Ang ilan, na tinuruan na ng pagsasagawa ng malalim na pagsasaliksik sa

kaluluwa, ay masyadong nag-aalala at nag-iisip sa sarili. Anuman ang kanilang antas ng espirituwal na paglago, sila'y natatakot na sila'y patuloy na nabibigo na "makatugon" sa mga hinihingi ng Diyos.

Ang ibang Kristiyano ay naturuan na asahan ang isang espesyal na karanasang emosyonal matapos linisin ng Diyos ang kanilang puso at sila'y pabanalin. Nakatuon sila sa kanilang sarili at sa kanilang sariling emosyon sa halip na sa Diyos. Gayunman, ang Biblia ay nagtuturo na ang kabanalan ay ang bunga ng pananatili kay Kristo. Sa ating paglakad sa Espiritu, sa pananalangin, pagbasa ng Salita, pakikilahok sa Kristiyanong pagsamba at pagsasama-sama, ipinapahayag ang ating mga pagkakamali, at lumalakad sa liwanag, hinuhubog tayo ng Diyos sa imahen ni Kristo. Maaaring hindi natin makita ang malaking pagbabago tulad ng ating inaasahan sa loob ng isang linggo o buwan, subali't kung tayo'y magbabalik-tanaw sa kinalalagyan natin noong isang taon o sa limang taong nakalipas, tiyak na may makikita tayong pagbabago!

Hinihikayat ni Pablo ang bawat mananampalataya na alamin na ang parehong Diyos na nagsimula ng pagpapaging-banal sa atin ay lulubusin ang gawaing ito: "Ako'y panatag sa bagay na ito, na ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa ay siyang magtatapos nito hanggang sa araw ni Jesu-Cristo." (Filipos 1:6).

Ang kabanalan ng puso at buhay ay isang paglalakbay. Ang 10 prinsipyong Bibliikal na ito ang siyang mag-iingat sa inyo sa malalakas na bagyo ng pagsubok at tukso at magpapanatili sa ating nakaayon sa ating makalangit na tahanan.

Natagpuan Mo Ba ang Sikreto?

Sa bawat kabanata ng librong ito, ipinakilala ko ang isang tao mula sa kasaysayan na naging modelo ng isang banal na puso. Ang ilan ay mga kilalang Kristiyano. Ang ilan ay mga hindi gaanong kilalang tao na tahimik na namuhay ng isang buhay na banal.

Ngayon ang iyong oras. Nagugutom ka ba para sa isang banal na puso? Nais mo ba ang pakikipag-ugnayan sa Diyos? Nais mo bang magig kamukha ng iyong Ama sa langit? Maaari kang maging banal.

Nagugutom ka ba sa kapuspusan ng Espiritu? Nais mo bang paglingkuran ang Diyos nang hindi nahahati ang puso? Maaari kang maging 'perpekto tulad ng iyong Ama sa langit ay perpekto.' Maaari mong mahalín ang Diyos at ang iyong kapwa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa iyong buhay.

Ikaw ang pipili! Isusuko mo ba ang iyong sarili nang lubusan sa Diyos? Kung gayon, makakatagpo ka ng masaganang katuparan habang lumalapit ka sa kanya. Malalaman mo ang kagalakan habang hinuhubog ka ng Diyos sa kanyang larawan. Malalaman mo ang kapayapaan ng isang pusong buo para sa Diyos. Maglalakad ka sa pang-araw-araw na tagumpay sa pamamagitan ng kabuuan ng Banal na Espiritu. Sa biyaya ng Diyos, mabubuhay ka ng isang buhay na banal.

Aralin 12 sa Isang Pahina

(1) Ang isang buhay na banal ay posible para sa bawat tunay na anak ng Diyos.

- Itinuturo ng Salita ng Diyos na posible ang isang buhay na banal.
- Ang mga Kristiyano sa buong kasaysayan ay nagpapakita na posible ang isang buhay na banal.
- Ipinapatotoo ng ating pagkauhaw sa kabanalan na ibinigay ng Diyos na ang isang buhay na banal ay posible.

(2) Ipinapakita ng Salita ng Diyos ang landas patungo sa isang buhay na banal.

- Sa sandali ng bagong pagsilang, nagsisimula ang Diyos na gawin tayong banal. Tinatawag natin itong paunang pagpapabanal.
- Habang sinusunod natin si Kristo, lumalago tayo sa pagpapakabanal.
- Gusto ng Diyos na bigyan tayo ng pusong dalisay. Ang pagkakatawag para sa isang dalisay na puso ay may kasamang:
 - Panawagan para sa lubos na pagsunod
 - Panawagan para sa pusong sumusuko
 - Panawagan para sa lubos na pagtitiwala
- Matapos ang karanasan ng buong pagpapakabanal, patuloy tayong lumalago sa imahen ni Kristo.

(3) Ilang paraan na tayo ay maaaring magpatuloy na lumago sa kabanalan sa pang-araw-araw na buhay:

- Manatiling wasak sa espiritu
- Tanggapin ang pagtutuwid ng Diyos
- Iharap sa Diyos araw-araw ang iyong sarili bilang handog
- Magbulayan ang Salita ng Diyos araw-araw
- Ibihis mo araw-araw si Hesus
- Baguhin ang isipan araw-araw
- Isuot ang buong baluti ng Diyos
- Panatilihin ang nagpapatuloy na kamalayan sa Banal na Espiritu
- Mabuhay sa Biyaya

Mga Takdang Aralin sa Aralin 12

(1) Bigkasin ang 1 Mga Taga Tesalonica 5:23-24.

(2) Sa bawat aralin, nagdasal tayo ng isang panalangin para sa kabanalan. Sa pagtatapos ng araling ito, isulat ang iyong sariling panalangin para sa kabanalan. Isulat ang iyong panalangin na humihiling sa Diyos na gabayan ka sa patuloy na paglago sa kanyang larawan. Isuko mo ang iyong sarili nang lubusan sa kanyang kontrol at sa kanyang kalooban sa iyong buhay. Manalangin nang may pananampalataya na ang Diyos na nagligtas sa iyo ay siyang kukumpleto ng kanyang layunin upang mahubog ka sa kanyang larawan.

Huling Proyekto

Mangangaral ka ng tatlong pangaral o magtuturo ng tatlong pag-aaral sa Biblia tungkol sa doktrina at pagsasabuhay ng kabanalan. Dapat mong itala ang mga pangaralg ito upang isumite sa tagapanguna ng klase para sa iyong pangwakas na proyekto. Maghahanda ka ng isang pangaral o pag-aaral sa Biblia sa bawat isa sa mga sumusunod na paksa:

(1) Isang pangaral o pag-aaral sa Biblia sa isang teolohikal na aspeto ng kabanalan. Pumili ng isa:

- Ang Kabanalan sa mga Relasyon
- Ang Kabanalan bilang Larawan ng Diyos na nasa kanyang Bayan
- Ang Kabanalan bilang isang Hiwalay na Buhay
- Ang Kabanalan bilang isang Pusong Hindi Nahahati
- Ang Kabanalan bilang isang Matuwid na Buhay
- Kabanalan bilang Perpektong Pagmamahal
- Ang Kabanalan bilang Kapuspusan ng Banal na Espiritu
- Ang Kabanalan bilang katulad ni Kristo

(2) Isang pangaral o pag-aaral sa Biblia sa isang praktikal na aspeto ng kabanalan. Maaari kang pumili ng isang paksang tinalakay sa kursong ito, o maaari mong piliin ang iyong sariling paksa. Kasama sa mga posibleng paksa:

- Ang Paggugol ng Oras sa Diyos
- Ang Kabanalan at Pagkatao
- Ano ang Kahulugan ng Pagkahiwalay mula sa Mundo?
- Ang Kabalaan at Negosyo
- Ang Kabanalan at Buhay Pamilya
- Mapanatili ang Katagumpayan Laban sa Sinasadyang Kasalanan
- Ang Kabanalan at ang Buhay ng Iglesya

(3) Isang pangangaral o pag-aaral sa Biblia sa isang tauhan sa Biblia na nagpapakita ng kabanalan.

Mga Iminumungkahing Resources

Ang mga aklat na ito ang pangunahing sources para sa mga araling ito. Ang mga ito ay malawakang ginamit sa kabuuan ng mga aralin. Maliban sa mga espesipikong mga salita, ang mga aklat na ito ay hindi binanggit sa mga footnotes.

Brower, Kent E. and Andy Johnson, ed. *Holiness and Ecclesiology in the New Testament*. Grand Rapids: William Eerdmans, 2007.

Brown, A. Philip, II. *Loving God: The Primary Principle of the Christian Life*. Cincinnati: Revivalist Press, 2005.

Cattell, Everett L. *The Spirit of Holiness* (revised edition). Newberg: Barclay Press, 2015.

Greathouse, William M. *Wholeness in Christ*. Kansas City: Beacon Hill Press, 1998.

Kinlaw, Dennis. *The Mind of Christ*. Wilmore: Francis Asbury Press, 1998.

Kinlaw, Dennis. *This Day with the Master*. Grand Rapids: Zondervan, 2010.

Noble, T.A. *Holy Trinity: Holy People*. Eugene: Cascade Books, 2013.

Oswalt, John N. *Called to Be Holy: A Biblical Perspective*. Nappanee: Evangel Publishing House, 1999.

Talaan ng mga Takdang-aralin

Pangalan ng Mag-aaral _____

Inisyal kapag nakumpleto ang bawat takdang-aralin. Ang lahat ng takdang-aralin ay dapat matagumpay na makumpleto upang makatanggap ng sertipiko mula sa *Shepherds Global Classroom*.

Aralin	Sanaysay	Pagmememorya ng Banal na Kasulatan	
1			
2			
3			
4			
5			
6			
7			
8			
9			
10			
11			
12			
Pangwakas na Proyekto			